
IMAN AT ISLAM



Binago ni
Hüseyn Hilmi Işık



IMAN AT ISLAM

Binago ni
Hüseyn Hilmi Işık

www.AskAboutIslam.AI
www.islamicwindows.com
www.askmariam.com
www.mybelovedprophet.com
www.hakikatbooks.com

TALAAN NG NILALAMAN

Bilang ng Pahina:

PAUNANG SALITA 5

PANIMULA 12

IMAN AT ISLAM 19

MGA LUBHANG MAHALAGANG BAHAGI NG ISLAM 23

HALIGI NG IMAN 31

DALAWANG LIHAM NI SHARIFUDDIN MUNIRI 96

MAYROONG Allah AT SIYA AY IISA LAMANG ANG LAHAT NG NILIKHA AY DATING WALA AT MAGIGING WALA DIN 107

"SALAFIYYA" 117

GLOSARYO 136

PAUNANG SALITA

Simulan ang aklat ng Basmala
Pangngalan ng Allah ang pinaka mabisang proteksyon
Kanyang Biyaya ay di masukat ng anomang panukat;
Labis na maawain, mahal niya ang pagpapatawad!

Ang Allahu Ta'ala ay maawain sa lahat ng tao sa balat ng lupa. Lumilikha siya ng mga bagay na labis ang pakinabang at ipinapadala Niya ito sa lahat. Ipinapakita Niya ang landas patungo sa Paraiso. Ginagabayan Niya patungo sa tamang landas ang kung sino man na naisin Niya mula sa mga silang dating umalis mula dito at tinahak ang landas patungong kufr at bid'ah dahil sila'y nalinlang ng kanilang mga sarili, masasamang kaibigan, nakalalason na aklat at media. Sinasaklolo Niya sila mula sa Impyerno. Hindi Niya hinahabagan ng ganito ang mga silang sakim at lumalabag sa mga ipinagbabawal ng Allah. Bagkos ay hinahayaan Niya silang manatili sa landas ng kufr na ito'y mahal at gusto nila. Sa kabilang buhay ay nagpapatawad Siya ng kung sino man ang Kanyang naisin mula sa mga nananmpalatayang nakagawa ng kasalanan sa mundo at patungo na sa Impyerno. Ipinapasok Niya ang mga ito sa Paraiso. Siya lang at walang iba ang lumilikha at patuloy na nililikha ang kung ano ma'ng nais Niya manatili at Siya din ang nagbibigay proteksyon mula sa ano ma'ng takot o lagim. Ipinagkaka tiwala natin ang ating mga sarili sa Sagradong Pangngalan ng Allahu Ta'ala at ninanais nating matamo ang Kanyang tulong sa pag-umpisa ng pagsulat nitong aklat.

Ang lahat ng Hamd[1] ay sa Allahu Ta'ala lamang. Kabutihan at kapayapaan ay nawa'y matamo ng Kanyang Pinakamamahal na si Propeta Muhammad ‘alayhis salaatu wasallam. Nawa'y lahat ng kabutihan ay matamo ng kanyang Ahl al-Bayt at sa bawat isang kasamahan niya na lahat sila ay matutuwid (as-Sahabat al-Kiram).

Libo-libong mahahalagang aklat na ang naisulat patungkol sa mga alituntunin ng relihiyong Islam at mga kautusan nito at mga bawal at madami sa mga ito ang naisalin na sa iba't ibang wika at naipalaganap na sa lahat ng bansa. Sa kabilang dako naman, patuloy ng mga masasama at inutil ang pag atake sa mga batas ng Islam na pawang nagdadala ng biyaya lamang at nagsasanhi sa matiwasay na kaisipan. Ang mga taong

[1] Pagpupuri at pagpapasalamat

ito ay labis na nagsusumikap na babuyin ang batas ng Islam at baguhin ito upang malinlang ang mga Muslim.

Subalit, tayo ay taos-pusong nagpapasalamat dahil halos ano mang dako ng mundo ay may mga iskolar ng Islam na nagsusumikap pa din na ituro at protektahan ang landas na ito. Mga hindi nakakalugdan na mga talumpati at panulat din ang ating nakikita na nagmumula daw - subalit dahil sa hindi nila pagkakaunawa - sa Qur'an al-Karim at Hadith Ash-Sharif ng iilan sa mga taong hindi naman nakapagaral mula sa aklat ng iskolar ng Ahl As–Sunna. Subalit wala din nagawa ang mga talumpating ito at mga panulat sa harap ng napaka tibay ng iman ng ating mga kapatid na Muslim at hindi rin ang mga ito nakaepekto sa kanila ng anuman. Bagkus ay mas lalo lang niya naibunyag ang pagkainutil ng mga nagsalita at nagsulat ng mga ito.

Ang sinoman na magsabing siya ay Muslim at nakikita namang nagsasagawa ng salah kasama ang jama'ah ay dapat tanggapin bilang Muslim. Subalit kung mamaya ay makikita kanyang pagsasalita, pagsusulat, at pag-uugali ay taliwas sa mga alituntunin ng iman na itinuro ng mga iskolar ng Ahl As-Sunna, siya muna ay sasabihan ito ay kabaliktaran ng iman o kaya bid'ah. Uutusan siyang itigil ang ito at magbalik-loob. Kung, dahil sa kitid ng kanyang utak at pagkainutil ay isagot niya na hindi siya titigal at magbabalik-loob, malinaw na siya'y babansagang gumagawa ng bid'ah o kaya'y nakalabas na ng relihiyong Islam. Kahit pa na siya ay patuloy na nagsasagawa ng salah limang beses sa isang araw, maghajj, at kung anu-ano pa'ng iba't ibang uri ng kabutihan ay hindi parin siya makakatakas sa sakunang ito hangga't hindi niya pa hinihinto ang bagay o gawaing nagsasanhi sa kufr at magsagawa ng tawbah. [2] Hindi siya maituturing isang Muslim. Sa pag-aaral tungkol sa mga bagay na nagsasanhi sa kufr, sa ganitong paraan lamang ng isang Muslim mapoprotektahan ang kanyang sarili mula sa pagiging isang kafir. Dapat niya din alamin ang kung sinu-sino man ang mga silang kafir at mga sila hipokritong nagpapanggap na Muslim, lalo na mga silang espiya ng Britanya, at layuan niya ang panganib na dala ng mga ito.

Ang Rasulullaah sallAllahu ta'ala 'alayhi wasallam ay nagsabi sa isang hadith ash-sharif na ang maling pag-unawa, maling pag-iintindi ay kukunun

[2] Ang pagtatawba ay ang pagsisisi mula sa paggawa ng kasalanan at magmakaawa sa Allahu ta'ala upang matamo ang pagpapatawad sa pamamagitan ng pagsabi ng katulad nitong dasal: "Astaghfirullaah al-'adhiim al-ladhii, laa ilaaha illaa Anta Huwal hayy al-qayyuum wa atuubu ilayh." at mangakong hinding hindi na babalikan ang kasalanang kanyang ginawa.

sa Qur'an al-Karim at Hadith ash-Sharif at ito'y magsasanhi sa paglabas pitungpu at dalawang sekta. Ang hadith ash-Sharif na ito ay ipinaliwanag sa loob ng aklat na nagngangalang **al-Beriqa** at **al-Hadiqa**, na nila'y binanggitin sa awtoridad ng (dalawang dakilang aklat ng hadith ash-Sharif na ang mga pangngalan ay) **Bukhari** at **Muslim.** Nararapat na hindi natin paniwalaan ang mga aklat o mga panayam ng bawa't isang kasapi sa mga grupong ito na inihahayag ang kanilang sarili bilang "dakilang iskolar ng Islam" o kaya'y "propesor ng relihiyon", at nararapat na hindi tayo'y mapagmatyag upang hindi mahulog sa mga patibong ng mga magnanakaw ng pananampalataya at paniniwala. Liban sa mga Muslim na walang alam, komunista, freemason, misyonaryong Christiyano, sa isang dako, Wahhabi na sinusuhol ng mga may masasamang balak na British at Hudyong Zyonista naman sa kabila, pare-pareho silang nagsusumikap na iligaw ang mga anak ng Muslim sa pamamagitan makabagong pamamaraan. Nagsusumikap silan'g sirain ng relihiyong Islam at ang Iman sa pamamagitan ng mga kathang-isip na artikulo, sine, teatro, radyo, at telebisyon, (at website). Nagwawaldas sila ng milyun-milyun para lamang sa layunin na ito. Ang mga iskolar ng Islam 'rahimahumullah' naman ay nagbibigay ng mga makabuluhang pagtugon sa kanilang lahat at kanila'y ipinakita ang relihiyong ng Allahu ta'ala at ang daan patungo sa kaligayahan at kaligtasan.

Mula sa mga pagtugon na ito, aming ipinili ang aklat na nagngangalang **I'tiqadnama** na ito'y isinulat ni Mawlana Diya ad-Din Khalid al-Baghdadi al-Uthmani quddisa sirruh, na siya'y isang tanyag na iskolar ng Islam. Ang aklat na **I'tiqadnama** ay dati na'ng naisalin sa wikang Turko ng yumaong si Haji Faizullah Efendi na nagmula sa Kemah, Erzincan, na ito'y kanyang pinangngalanang **Faraid al-Fawaid** at nailimbag sa Egypt noong taong 1312 Hijrah. Ang pagsasaling ito ay ginawang simple sa pamamagitan ng pagpapangalan sa kanya na **Iman at Islam**. Ang unang edisyon nito ay natapos noong taong 1966. Ang aming sariling paliwanag ay nakalagay sa loob ng parisukat na panaklong. Nagpapasalamat kami sa Allahu ta'ala sa paggarantiya ng tatlongpu at isang beses na paglimbag ng aklat na ito sa wikang Ingles. Ang orihinal na bersyon ng aklat na ito, **I'tiqadnama**, ay sa wikang Persyano at matatagpuan sa Silid-Aklatan ng Unibersidad ng Istanbul (Ibnül Emin Mahmûd Kemal Dept. F. 2639).

Nakasulat sa bandang huli ng paksa tungko sa 'ang kasalan ng hindi Muslim' sa aklat na **Durr al-Mukhtar**: "Kapag ang isang batang babae na

Muslim ay may nikah (kontrata ng kasal na ayon sa Islam)[3] at umabot na lamang siya ng pagdadalaga na wala siyang alam sa Islam ay mawawalang bisa ang kanyang kasal [dahil siya'y maituturing bumaliktad sa Islam]. Ang mga katangian ng Allahu ta'ala ay dapat ituro sa kaniya, at dapat niya ulitin ang mga ito at sabihin 'Naniniwala ako sa mga ito.'" Sa pagpapaliwanag ng isyung ito, nabanggit ni Ibn Abidin rahimah-ullaah ta'ala na: "Pag ang babae ay maliit pa, kasapi siya sa relihiyon ng kanyang mga magulang, siya'y isang Muslim. Ngunit pagsapit niya ng pagdadalaga niya ay hindi na siya kasapi sa relihiyon ng kanyang magulang. Sa pagsapit niya ng pagdadalaga, sanhi ng kanyang walang kaalaman sa Islam, siya'y hindi na Muslim. Hangga't hindi niya naaaral at paniniwalaan ang anim na haligi ng Islam, at kung anu-ano man ang kailangang malaman upang maisabuhay ang Islam, hindi na siya magpapatuloy pa bilang isang Muslim kahit bigkasin niya pa ang **Kalimat at-tawhid**, na ito ay ang, 'La ilaaha illAllah Muhammadun Rasulullaah.' Kailangan niya muna maniwala sa anim na haligi na pinapahayag sa 'Amantu bi-llaahi…,' at kailangan niya din sabihin na 'Tinatanggap ko ang mga utos at pagbabawal ng Allahu ta'aala.'" Itong paliwanag ni Ibn Abidin na ito ay pinapakita na ang isang hindi Muslim ay nagiging Muslim sa pagsabi't pagsabi niya ng Kalimat at-tawhid at paniwalaan ang mga kahulugan nito. Subalit, tulad ng ibang Muslim ay kailangan niyang isaulo ang mga salitang ito, kung kaya niya, at alamin ang tiyak na kahulugan ng mga ito: "**Amantu billaahi wa Malaaikatihii wa Kutubihii wa Rasulihii wal-yawm-il-akhirii wa bil-qadari khairihi wa sharrihi minAllahi ta'aala walba'thu ba'd-al-mawt haqqun ash-hadu an laa ilaaha illAllah wa ash-hadu anna Muhammadan 'abduhuu wa Rasuuluhuu."** At kung isa siyang Muslim na lalaki at hindi niya inaral ang anim na haligi na ito at hindi niya nasabi na pinaniniwalaan niya ang mga ito ay magiging kafir siya sa pagsapit niya ng pagbibinata. Pagkatapos (aralin and paniwalaan ang anim na haligi ng Iman at) makamit ang Iman, magiging obligado na sa kanya ang magtanong at alamin ang mga **katuruan ng Islam**, (mga utos ng Islam sa kanya na kung tawagin ay) **farz**, at (ang mga pinagbabawal ng Islam na kung tawagin ay) **haram**, ang pagsasagawa ng pag-abdas, ghusl, kung papaano magsagawa ng salah, at kung paano takpan ang mga awrah. Kung kaniyang tinanong na ang mga ito sa isang tao ay farz (isang utos ng Islam) sa taong iyon na siya'y turuan

[3] Tignan ang ika-12 na kabanata ng ika-5 na pasikulo ng Endless Bliss.

at/o kaya'y tulungan siya na makahanap ng aklat ng patungkol sa tunay na Islam. Kung hindi siya makahanap ng makakaturo sa kanya o kaya makaktulong sa kanya makahanap ng aklat ay magiging farz sa kaniya na maghanap nito. (Ganoon din sa babaeng Muslim.) Siya ay magiging kafir paghindi siya maghanap nito. Magiging 'udhr ang pagiging walang kamalay-malay sa mga responsibilidad niya hangga't makahanap siya, (ibig sabihin, hangga't makahanap siya ng makakaturo sa kanya o kaya'y aklat kung saan maaaral niya ang mga responsibilidad na ito.) (Ang 'udhr ay dispensa na kung saan ay mapapawalang-sala ang isang Muslim sa hindi paggawa ng utos ng Islam.) Ang isang Muslim na hindi ginagawa ang mga farz sa loob ng kanilang tamang oras at/o kaya'y gumagawa ng haram ay mapaparusahan sa loob ng Impyerno. Dahil doon, ang aklat na ito, **Iman at Islam**, ay naglalaman ng detalyadong impormasyon patungkol sa anim na haligi na ito. Bawat Muslim ay dapat basahin ang aklat na to at sikapin na mabasa din ito ng kanyang mga anak at mga kakilala. Ang mga bahagi na awrah ay naipaliwanag sa loob ng ika-apat na pasikulo ng **Endbless Bliss**.

Sa loob na sulating ito, ang mga kahulugan ng mga ayat-i karima ay binibigyan bilang ma'al o kaya'y mga kahulugan na nabanggit ng mga iskolar ng tafsir; dahil ang mga kahulugan ng mga ayat-i karima ay tunay lamang na naintindihan ng Rasulullaah sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam, na siyang nagturo din sa kanyang mga Sahabah. Ang mga iskolar ng Tafsir (kaalaman ng pagpapaliwanag ng Qur'an al-Karim) ay pinaghiwalay ang mga hadith na ito mula sa mga kasinungalingan na gawa-gawa ng mga munafiq, at zindiq na sinusuholan ng mga British, na may masasamang balak at kanilang pinag-aral ng mali patungkol sa relihiyon, at walang sinusunod na Madhhab. Ang mga hadith-i-sharif naman na hindi nila mahanap ay binibigyan nila ng kahulugan ang mga ayat na ito base sa (patakaran at alintuntunin ng) kaalaman ng Tafsir. Ang pag-intindi ng mga taong hindi nakapagaral ng katuruan ng Islam, nakakapagsalita ng Wikang Arabe ngunit walang kaalaman tungkol sa tafsir ay hindi ito matatawag na tafsir (pagpapaliwanag) ng Qur'an. Ito ang dahilan, tulad ng naisaad sa isang hadith-i-sharif: **'Ang isang taong nagbibigay ng pagpapaliwanag ng Qur'an mula lamang sa kanyang sariling pag-intindi ay magiging isang kafir.'** Ang isang talahulunganan ng mga salitang Arabe o kaya'y mga salitang hindi Ingles ay nakalakip.

Nawa'y tayo'y itaguyod ng Allahu ta'ala sa tamang landas na ipinakita sa atin ng mga iskilar ng Ahlussunnah! Nawa'y pangalagaan Niya tayo na hindi tayo maniniwala sa mga walang katotohanan, mapanlinlang at mapanirang kasinoongalingan ng mga kalaban ng Islam, at sa mga silang la-madhhab na sinasamantala ang pangalan na 'dakilang iskolar ng Islam.'

Lahat ng mga aklat na nailimbag sa iba't ibang wika ay ikinakalat sa pamamagitan ng Internet.

Isang Palatandaan: Ang mga misyonaryong Kristiyano ay labis ang pagsusumikap upang ipahayag ang Kristiyanismo, ang Hudyo naman ay nagsusumikap mapalaganap ang kanilang Talmud, ang Hakikat Kitabevi naman ay nagsusumikap upang maipalaganap lang Islamzang mga Mason naman ay nagsusumikap upang sirain ang mga relihiyon. Ang mautak, maalam, at makatwirang tao ay gagamitin ang kanyang utak upang piliin kung ano ang tama. Sa pagsuporta sa kung ano ang tama, nagiging daan ito sa pagtamo ng tao ng kaligayahan sa mundong ito sa kabilang buhay. Ang mga Muslim ay kasalukuyang nababahagi sa tatlo. Ang una ay ang mga tunay na Muslim na dati pa ay sumusunod sa yapak ng mga Sahabah. Sila ang Ahlussunah, o kaya'y Sunni Muslim, o kaya'y **Firqat an-Najiya** na ang ibig sabihin ay mga silang nailigtas ang kanilang mga sarili mula sa Impyerno. Ang ikalawang grupo ay ang mga kalaban ng mga Sahabah. Ang tawag sa kanila ay mga **Shi'a** o kaya'y **Firqa-i-dalla** - ang grupong lumihis. Ang ikatlong grupo naman ay kalaban ng parehong Sunni at Shi'a. Ang tawag sa kanila ay **Wahhabi** o kaya'y **Najdi** na nagmula sa Najd na kung saan dito sila nagsimula. Ang tawag din sa kanila ay **Firqa mal'una** o kaya'y grupong isinumpa. Ito ay dahil l, tulad ng nakasaad sa aming aklat na **Endless Bliss**, at **Rising and Hereafter** na tinatawag na 'kafir' ng mga kasapi ng grupong ito ang mga Muslim. At isinumpa ng ating banal na Propeta ang taong tinatawag na ganoon ang mga Muslim. Itong tatlong kalagayan ng mga Muslim ngayon ay pakana ng mga Hudyo at British.

Kinakailangan ng bawa't Muslim na palagiang bigkasin ang **'Laa ilaaha IllAllah'** para sa tazkiyah ng kanyang nafs na ang ibig sabihin ay paglinis ng kaniyang kamangmangan at kasalanan. Itong dalawa ay katangian talaga ng ating mga sarili. Lagi niya din dpat ulit-ulitin ang **'Astaghfirullah** tasfiya ng kanyang puso. Ito'y upang makaligtas siya mula sa pagkufr at paggawa ng kasalan na pareho'ng sinasakal ang kanyang puso dahil sa patuloy na pagkikinig sa kanyang nafs, mga demonyo,

masasamang kaibigan, o kaya'y nakakapinsalang basahin. Ang paghingi ng duwaa nilang mga sumusunod sa Islam at humihingi ng tawbah mula sa oanilang mga kasalanan ay tatanggapin ng Allahu ta'ala. Kapag ang isang tao ay hindi itinataguyod ng kaniyang pagdarasal ng limang beses isang araw, tumitingin sa mga kababaihang hindi maayos ang pananamit, at sa mga nakalantad na awrat ng iba, kumakain at umiinom ng mga haram inumin o kaya'y kainin, tama lang na sabihing hindi siya sumusunod sa nga alintuntunin ng Islam. Ang kaniyang pagsalah ay hindi tatanggapin.

Gregoryan	Hijri Shamsi	Hijri Kamari
2001	1380	1422

HÜSEYN HÍLMÍ ISIK, Rahmatullaahi 'alayhi

Si Huseyn Hilmi Isik, Rahmatullaahi 'alayhi, ang tagalimbag ng Hakikat Kitabevi Publications, ay ipinanganak sa Eyyub Sultan, Istanbul noong 1329 (A. D. 1911).

Sa loob ng isang daan at apat napu't apat na aklat na kaniyang nailimbag, anim napu ang sa wikang Arabe, dalawmpu at lima sa wikang Persya, labing apat ang sa wikang Turko, at ang mga natira ay nasa Pranses, Aleman, Ingles, Ruso at iba pa'ng wika.

Si Hüseyn Hilmi Isik, Rahmatullaahi 'alayh (tinuruan ni Sayyid Abdulhakim Arwasi, Rahmatullaahi 'alayh, isang dakilang iskolar ng Islam na ganap pagdating sa mga katangian ng Tasawwuf at may kayang gabayan ang mga disipulo sa pamamagitan ng ganap na pamamaraan; nagtataglay ng kabantugan at kaalaman), ay isang may kakayahan at dakilang iskolar ng Islam na nagtataglay ng kakayahang maggabay patungo sa kaligayahan. Siya'y yumao noong gabi ng ika-25 ng Oktubre taong 2001 (ika-8 ng Sha'ban 1422) at ika-26 ng Oktubre taong 2001 (ika-9 ng Sha'ban 1422). Siya'y inilibing sa Eyyub Sultan kung saan siya pinanganak.

PANIMULA

[Para makamit ang isang mapagpala at magandang simula, sinimulan ni Mawlana Khalid Baghdadi quddisa sirruh ang kaniyang aklat sa pagbanggit ng ika-17 na liham ng ika'tlong kabanata ng aklat na **Maktubat** ni al-Imam ar-Rabbani Ahmad al-Faruqi as-Shirhindi[4] 'rahmatullaahi 'alayh'. Isinabi ng Imam-i Rabbani quddisa sirruh sa loob ng liham]:

Sisimulan ko ang liham ko sa pamamagitan ng Basmala. Walang hanggang kaluwalhatian at pasasalamat ay sa Allahu ta'ala na Siyang nagbigay sa atin ng lahat ng klaseng biyaya at karangalan sa dahilang ginawa Niya tayong Muslim at inaangat ang ating balor dahil ginawa tayong umma ng Rasulullaah Muhammad 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' - at ito ang pinaka malaking biyaya.

Nararapat na ating isipin at maintindihan na ang Allahu ta'aala ay Siyang nag-iisang nagbibigay ng biyaya sa lahat. Siya lamang ang lumilkha ng lahat ng bagay. Siya lamang ang nagpapanatili ng buhay ng bawat isang likha. Ang napakabuting katangian ng tao ay kaniyang grasya at biyaya. Ang buhay natin, katinuang isip, lakas, pangdinig, at kakayahang magsalita ay nagmumula lahat sa Kaniya. Siya lamang ang nagpapadala sa atin ng hindi mabilang-bilang na mga biyaya at grasy. Siya din ang sumasaklolo sa mga tao mula sa gulo at kagipitan, tumatanggap ng hinaing nila at nagpapalayo ng kalungkutan at sakuna. Siya lamang ang lumilikha ng mga sustento at ipinapaabot ang mga ito sa atin. Ang Kaniyang biyaya ay napakalawak, hindi Niya ipinuputol ang sustento ng mga taong gumagawa ng kasalanan. Ang pagtago Niya ng kasalanan ay napakalawak, hindi Niya ipinapahiya o kinasusuklaman o kaya'y isinisiwalat ang sikreto ng mga silang patagong hindi sumusunod sa Kanyang kautusan at hindi linalayuan ang Kanyang mga ipinagbabawal. Siya'y napaka mapatawarin, napaka maawain, hindi Siya nagmamadaling parusahan ang sinoman'g karapat-dapat na parusahan at pahirapan. Ikinakalat Niya ang Kaniyang mga biyaya at grasya sa mga silan'g Kaniyang kinaluluguran at sa mga kalaban Niya din. Hindi Niya tinitipid ang sinoman. Ang pinaka dakila, pinaka mahalaga Niyan'g biyaya ay ang paggabay patungo sa tamang landas na ang duluhan ay kaligayahan at kaligtasan. Binabantaan Niya tayo na huwag maligaw ng landas upang maabot natin ang Paraiso at inuutusan Niya tayo na sundan ang yapak ng

[4] Yumao ang Imam-i-Rabbani noong taong 1034 [1624 A.C.]

Kaniyang pinakamamahal na Propeta sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam na'ng sa ganun ay makamit natin anglahat biyaya at kasiyahan'g walang sukdulan sa loob ng Paraiso, at makamit din natin ang Kaniyang parangalan at pagmamahal. Sa madaling salita, ang Allahu ta'ala ay mas litaw pa kaysa sa araw. Kahit ang mga biyaya na dumaan sa iba ay tunay na Siya ang nagpadala. Siya lamang, aking uulitin, ang gumagamit sa iba upang maging tulay upang magpaabot ng biyaya sa pamamagitan ng pagbigay sa kanila ng hangarin, lakas, at tibay. Dahil dito, Siya ay lamang ang pinagmumulan ng lahat ng biyaya na dumadaan sa tao man o lugar. Ang pag-asa sa biyaya ng iba maliban sa Kanya ay parang paghingi ng isang bagay sa katiwala lamang o kaya'y parang paglimos sa mahirap. Ang mangmang at ang may-pinagaralan, ang tanga at ang matalino't masigasig ay alam na alam na ang pinag-uusapan natin dito ay pawang katotohanan lamang at walang halong haka-haka. Hindi na nga ito kailangan pa'ng isipin ng malalim.

Kung sino man ang nagbibigay ng biyaya ay dapat pasalamatan, at galangin. Ibig sabihin, isang tungkulin bilang tao ang magpasalamat sa Allahu ta'ala, ang Siya'ng nagbigay ng mga biyayang ito sa atin. Isang utang na loob, isang tungkulin na utos ng kaalaman. Subalit hindi madali na isagawa ang pagpapasalamat na ito'ng para sa Kanya, dahil ang tao na likha sa wala ay napakahina, mahirap, makasalanan, at madaming pagkukulang. Ang Allahu ta'ala naman ay palaging nandyan at hindi nawawala. Siya'y malayo sa pagkakaroon ng pagkukulang. Ang lahat ng kataasan ay nararapat lamang sa Kanya at wala na'ng iba. Ang tao ay walang kakayahan, kapareho sa Allah, at lapit sa Kanya lamang. Makakayanan ba'ng magsagawa ng pasasalamat ang tao na bagay sa kadakilaan Niya, kung mahihina sila? Napakaraming bagay na itinuturing ng tao na maganda at mahalaga, ngunit ito'y masama at hindi Niya gusto. Ang mga bagay naman na sagrado o kaya ang pagpapasalamat ay maaaring mga pangkaraniwan lamang na hindi gusto na karamihan. At dahil dito, ang tao na may sira sa utak at makitid ang paningin ay hindi mabatid ang mga paraan kung paano magpasalamat at luwalhatiin ang Allahu ta'ala. Hangga't hindi Niya ipakita ang mga paraan kung paano magpasalamat at galangin ang Allahu ta'ala, maaaring ang inaakala niyang pagpupuri at mura pala.

Ang pagpapasalamat na dapat ipakita at ang tungkuli'ng pantao na dapat i-alay sa Allahu ta'ala gamit ang puso, dila at katawan ay

natukoy na ng Allahu ta'ala at naipabatid na sa atin ng Kaniyang mahal na Propeta 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam'! Ang mga tungkuli'ng pantao na itinukoy at ipinag-utos ay **Islam** ang tawag. Isinasagawa ang pagpapasalamat sa Kanya sa paraan na itinuro ng Kaniyang Propet. Ang Allahu ta'ala ay hindi tumatanggap at hindi Niya kinaluluguran ang anumang pagpapasalamat, anumang pagsamba na hindi tugma o kaya'y labas sa pamamaraang inutos dahil madaming bagay ang maaaring isipin ng tao na maganda ngunit taliwas sa Islam at hindi ito kaaya-aya.

Sa madaling salita, sa pagpapasalamat sa Allahu ta'ala, nararapat ng taong matalino na sundan ang yapak ng Hazrat Muhammad 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam'. Ang daan niya ay ang **Islam**. Ang taong sumusunod kay Muhammad 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam'' ay itinuturing **Muslim**. Ang tawag naman sa pagpapasalamat sa Allahu ta'ala na ayon sa yapak ni Muhammad 'alayhis salaaatu wassalaam' ay **'ibada** (pagsamba) ang tawag. Ang katuruan ng Islam ay naibahagi sa dalawa: pananampalataya at agham.

1) Ang mga aral na dapat paniwalaan ng puso ay tinatawag na **Usul-i-din** o kaya'y aral ng **Iman**. Sa madaling salita, ang **iman** ay ang pananampalataya sa anim na haligi na itinuro ni Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam'at ang pagtanggap sa mga utos ng Islam at iwasan ang pagsalita o kaya'y paggamit ng mga palatandaan ng kufr. Nararapat sa bawat Muslim na aralin kung anu-ano ang mga palatandaan'g ito upang kaniyang maiwasan ang paggamit sa kanila. Ang taong may iman ay itinuturing **Muslim**.

2) Ang mga turo na patungkol sa pagsamba na kailangan maisagawa sa pamamagitan ng katawan at diwa, at ang mga kailangan iwasan ng katawan at diwa. Ang mga turo na kailangan maisagawa ay **farz** ang tawag at ang mga kailangan naman iwasan ay **haram** ang tawag. Ang mga turo'ng ito **Furu-i-din, Ahkham-i-islamiyya,** o kaya'y **Mga Turo ng Islam.**

[Ang pagbanggit ng **Kalima-i-tawhid**, at ang pananampalataya sa mga kahulugan nito ay ang pangunahing bagay na kinakailangan'g gawin ng bawat isang tao. Ang Kalima-i-tawhid ay: "**Laa ilaaha illAllah Muhammadun Rasuulullaah,**" at ang ibig sabihin nito ay "Ang Allah ay totoo at nag-iisa lang, at si Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam' ay Kaniyang Propeta." Ang pananampalataya dito ay ang "pagkakaroon

ng iman," at ang "pagiging isang Muslim." Ang taong may iman ay isang **Mu'min** (Nananampalataya) at **Muslim**'. Ngunit ang Iman ay hindi dapat putol-putol. Ibig sabihin, nararapat na iwasan ang mga gawaing nagbubunga ng kufr at ang paggamit sa mga simbolo ng kufr.

Ang Qur'an al-Karim ay Salita ng Allah. Pinadala ng Allahu ta'ala ang Kaniyang Salita kay Muhammad 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' bilang mensahe at ipinadala ito sa pamamagitan ng anghel na si Jibrail (Gabriel) ''alayhis salaam'. Ang wika na ginamit sa loob ng Qur'an al-Karim ay wikang Arabe ngunit ang Allah mismo ang nagpasunod-sunod ng mga salitang mahahanap sa loob nito. Ipinadala ang mga salita ng Qur'an al-Karim bilang ayats o kaya'y letra at salita na pinagsunod-sunod ng Allahu ta'ala. Ang mga kahulugan'g taglay ng mga letra at salitang ito ay ipinaparating ang Kalam-i-ilahi (Salita ng Allahu ta'ala). Ang kabuuhan nga mga letra at salitang ito ay ang **Qur'an al-Karim**. Ang mga kahulugan na nagtataglay ng Kalam-i-ilahi ay Qur'a al-Karim din. Ang aspeto ng Qur'an al-Karim o kaya'y Kalam-i-lahi na ito ay hindi isang nilikha. Ito'y walang hangganang buhay at hindi nawawala, katulad din nga iba'ng mga katangian ng Allahu ta'ala. Bawa't taon ay binibisita ni Jibrail ''alayhis salaam'ang Sugo ng Allah, binabasa ang mga bahagi ng Qur'an al-Karim na dati na'ng naipadala at ibinabasa niya ito sa pagkasunod-sunod na mahahanap sa Lawh-i-Mahfudh[5], at inuulit ito ng ating banal na Propeta pagkatapos ito basahin ng Anghel. Subalit, noong malapit na parangalan ng Pinakamabuting Tao ang Kabilang Buhay sa pamamagitan ng kanyang mabiyayang sarili, binisita siya ng marangal na Anghel na'ng dalawang beses at inulit sa kaniya ang buong Qur'an al-Karim sa bawat pagbisita. Ang ating mahal na Propeta at karamihan ng kaniyang mga Sahabah ay naisapuso ang buong Qur'an al-Karim. Sa taong pinangaralan ng Pinakamamahal ng Allah ang Kabilang Buhay ay ipinulong ni Abu Bakr as-Siddiq, na siyang pinakaunang Khalifa ng Sugo ng Allah, ang mga Sahaba na naisapuso ang Qur'an at inipon din ang mga naisulat na bahagi nito. Pagkatapos ay gumawa siya ng isang lupon at dahil dito nailikom niya ang kabuohan ng Qur'an sa isang aklat. Nang dahil dito nagkaroon ng isang maluwalhating aklat na **Mushaf** ang tawag (isang kopya ng Qur'an al-Karim). Tatlongpu at tatlong libong Sahaba ang nagpulong-pulong at

[5] Paki tignan ang ika-36 na kabanata ng ika'tlong pasikulo ng **Endless Bliss**.

nagkaroon ng kasunduan na ang bawat titik na nasa loob ng Mushaf na ito ay nasa tama at orihinal na lugar nito.

Ang mga salita ni Muhammad 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ay **hadith-i-sharif** ang tawag. Ang mga hadith-i-sharif naman na diretsong nangagaling sa Allahu ta'ala ang kahulugan subalit si Muhammad 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ang nagwika ay **hadith-i-quds** ang tawag. Madaming aklat patungkol sa hadith-i-sharif subalit ang kay **Bukhari** at kay **Muslim** ang pinakakilala sa mga ito.

Sa mga utos ng Allahu ta'ala, ang mga punto na nag-uutos ng pananampalataya sa isang bagay ay **iman** ang tawag. Ang mga punto naman na kailangan isagawa ng katawan ay farz ang tawag. Ang mga pinagbabawal naman ay **haram** ang tawag. Ang farz at haram sa kabuohan nila ay ang **Ahkam-i-Islamiyya**. Ang taong hindi maniwala sa kahit isa sa mga turo ng Islam ang maitututing **kafir** (taong hindi nananampalataya).

Ang ikalawang importanteng aral para sa isang tao ay linisin ang kaniyang puso. Ibig sabihin ng puso ay nabahagi sa dalawa: ang lamang loob na nasa bandang dibdib ay puso ang tawag ng karamihan. Ngunit ang puso sa ganitong kahulugan ay mahahanap din sa mga hayop. Ang ikalawang kahulugan ng puso ay ang hindi nakakita na napapaloob din sa pusong nakikita. Ito ang puso na madalas makita sa loob ng aklat na patungkol sa relihiyon. Ito ang puso na naglalaman ng mga katuruan ng Islam. Ito ang puso na naniniwala o hindi. Ang pusong naniniwala o nananampalataya ay isang malinis na puso. Ang pusong hindi naniniwala ay madumi. Ito'y patay. Pangunahin nating layunin ang linisin ang ating mga puso sa pamamagitan ng pagsikap. Ang pagsamba, lalo na ang pagsagawa ng salah at ang pagbigkas ng (isang espesyal na dasal na ang tawag ay) istighfar, ay nakakalinis ng puso. Ang paggawa naman ng mga haram ay nakakarumi ng puso. Ang ating mahal na Propeta any nagsabi: **"Magparami kayo ng istighfar! Kapag ang istighfar ay madalas bigkasin ng isang Muslim ay poproketahan sila ng Allahu ta'ala mula sa lahat ng sakit at sakuna. Magpapadala din siya ng rizq** (pagkain, sustento) **mula sa mga daluyang hindi nila inaasahan."** Ang ibig sabihin nag istighfar ay ang pagsabi ng **"Astaghfirullaah."** Ang pagtanggap ng hinaing o dasal ay nakabatay sa pagiging Muslim ng nagdasal, pagbabalik loob niya mula sa mga kasalan, at pagsagawa niya ng salah na tuloy-tuloy habang isinasapuso ng kahulugan niya at habang may iman. Ang pagdasal

na nangagaling sa maitim na puso ay hindi tatanggapin (ng Allahu ta'ala). Ang puso ng taong sinasabi ang kaniyang dasal ng tatlong beses at patuloy na isinasagawa ang pagsalah ng limang beses sa isang araw ang nakasimula na sa pagsalita. Ang dasal na wika lamang ng bibig at walang kaugnayan sa puso ay walang saysay.

Ang mga turo ng relihiyon na utos ng relihiyong Islam ay ang mahahanap sa loob ng mga aklat ng mga iskolar ng **Ahl as-sunnat**. May mga ayat-i-karimah at hadith-i-sherif na maliwanag at lantaran ang kahulugan, **nass** ang tawag dito at kabilang ito sa mga katuruan ng Islam na may kaugnayan sa pananampalataya na ito ang mga itinuro sa atin ng mga isklar ng Ahl as-sunnat. Ang taong hindi maniwala sa kahit sa mga ito ay mabibilang na **kafir**. Matatawag naman siyang **munafiq** kung itago niya ang kaniyang kufr. Matatawag naman siyang **zindiq** kung itatago niya ang kaniyang kufr at magpapanggap siyang Muslim upang ilinlang ang ibang Muslim. Subalit, ay kawalang-paniwala na dahil sa hindi pagkaintindi ng nass na hindi ipinaklaro ang ibig sabihin ay hindi nagdudulot ng pagiging kafir ng isang tao. Ngunit ang pag-alis sa tamang landas ng Ahl as-sunnat ay magdadala sa tao patungong Impyerno. Sa kadahilanan ng kaniyang pananampalataya sa mga nass na lantaran ang kahulugan, ang taong ito ay hindi mananatili sa loob ng paruso nang walang hanggan. Siya ay masasaklolo mula sa Impyerno at dadalhin sa Paraiso. Ang mga taong ganito ay mga **kampon ng bid'ah** o kaya mga **grupo ng maling landas**. Mayroong pitongpu at dalawang grupo ng maling landas. Wala sa mga kanilang pagsamba o kaya'y kawang gawa sa kapwa tao ay tatanggapin (ng Allahu ta'ala); ang kanilang kawang gawa ay hindi magdudulot ng kabutihan para sa kanila sa Kabilang Buhay. Ang Muslim naman na tama ang kanilang paniniwala ay ang **Ahl as-sunnat wa-l-jamaat** o kaya **Sunni** na Muslim. Ang mga Sunni na Muslim nabahagi sa apat pagdating sa kung paano isagawa ang kanilang pagsamba ngunit lahat sila ay Muslim ang tingin sa isa't isa na kabilang sa Ahl as-sunnat at sila ay nagmamahalan.[6] Ang taong hindi kabilang sa kahit isa sa apat na mga bahaging ito ay hindi Sunni na Muslim. Ang taong ito na hindi Sunni na Muslim ay kung hindi kafir ay taong bid'ah at ito'y naisulat sa loob nga mga liham na isinulat ni

[6] Ang apat na bahaging ito (o kaya'y Madhhab) ay: 1- Ang Hanafi Madhhab; 2- Ang Shafie Madhhab;
3- Ang Maliki Madhhab: 4- Ang Hanbali Madhhab.

Hadrat Imam Rabbani, lalo na doon sa ika-dalawang daan walumpu't anim na liham sa unang kabanata (ng kaniyang dakilang aklat na **Maktubat),** at mahahanap din sa komentaryo ni **Tahtawi** sa aklat na nagngangalang **Durr-l-mukhtar** sa loob ng kabanatang **Zebayikh** at mahahanap din sa **Al-Besair li-munkir-it-tawassul-i-bi-ahl-il-maqabir,** kabilang na ang mga dokumento at mga tekstong sumusuporta dito. And dalawang aklat ay naisulat sa wikang Arabe. Ang nakahuhuli sa dalawa a isinulat sa Indiya, at nailimbag sa taong 1395 [1975 A.C.]. Ipinarami ng Hakikat Kitabevi ang mga kopyang ng aklat sa Istanbul sa pamamagitan ng prosesong offset.

Kung ang isang taong isinasagawa ang kaniyang pagsamba ayon sa isa sa apat na Madhhab ay magkasala o kaya'y nagkamali sa kaniyang pagsasagawa ng pagsamba, patatawarin siya ng Allahu ta'ala and hinding hindi siya ipapasok sa Impyerno, kung Kaniyang gugustuhin. Maari din siyang parusahan, kung Kaniyang gugustuhin, ngunit siya'y ipapalaya din. Subalit ang mga silang hindi naniniwala sa kahit isa sa mga lantarang alituntunin na dapat paniwalaan sa Islam - mga alituntunin na alam ng nag-aral at ng hindi nag-aral - ay maituturing **kafir** (taong hindi nananampalataya) at makakaranas ng walang katapusang pagpaparusa sa loob ng Impyerno.

Mayroon dalawang klase ng kafir: Ang kafir na mayroong aklat na nanggaling sa langit, at ang kafir na walang sagradong aklat. Kung ang isang taong ipinanganak sa magulang Muslim ay umalis ng Islam, maituturing siyang "**murtadd**" (taksil, tumalikod). Si Ibn 'Abidin 'rahimahullaahu ta'ala' ay nagsabi noong nagsalita siya tungkol sa pag-aasawang (kontratang pangkasal sa Islam) haram (bawal, walang bisa) dahil sa kanilang shirk (pagtatambal sa Allah, kawalang-paniwala). Ang mga taong nakabilang sa isa sa pitumpu't dalawang grupong bid'ah na Muslim at mga silang nagdulot ng pagkawala ng relihiyon ang kanilang bid'ah, "taksil, mulhid, zindiq, sumasamba ng apoy, mga taong tawag ay [Brahmin, Budista,] Batini, Ibahati, Durzi, sumasamba sa anito, mga pilosopo ng sinaunang Griyego, at munafiq, lahat sila ay mga kafir na walang aklat na nanggaling sa langit." Ang mga komunista at Mason din ay mga kafir na walang aklat na nanggaling sa langi. Ang mga Kristiyano at Hudyo na naniniwala sa mga ipinadalang aklat mula sa langit katulad ng **Taurah** at ng **Bibliya** na dinagdagan at binawasan na, sila naman ay mga kafir na mayroong aklat. Kung ang mga taong ito ay magdiyus-diyusan

ang magsamba ng nilikha lamang ay magiging **mushrik** (nagtatambal sa Allah) sila. Ang mga katangian ng Allahu ta'ala na **Sifat-i-thubutiyyah** at **Sifat-i-dhatiyyah** ay **mga katangian ng isang Panginoon (uluhiyyaat).**

Kung ang isang kafir na may aklat na nanggaling sa langit o kaya'y kafir na walang aklat ay pumasok sa Islam, makakatakas sa mula sa pagpunta Impyerno. Siya'y magiging walang kasalanan, dalisay na Muslim. Subalit dapat ay maging Muslim na Sunni. At upang maging isang Muslim na Sunni ay kailangan magbasa at aralin ang aklat ng isinulat ng isa sa mga Iskolar ng Ahl as-Sunnah at iayon ang kaniyang iman, kilos, at salita sa kung anuman ang kaniyang matutunan sa aklat na iyon. Dito sa mundong ibabaw ay makikita ang pagiging Muslim o hindi ng isang tao sa kaniyang malinaw at lantarang salita, at mga kilos na kaniyang ginawa nang walang pumipilit sa kaniya. Nagiging tiyak ang ito sa panghuling hinga kung sumakabilang buhay siya na may iman. Kung ang isang Muslim na gumawa ng malalaking kasalan ay nagbalik-loob, siya'y siguradong mapapatawad at magiging walang kasalanan, dalisay na Muslim. Ipinaliwanag ng detalyado sa mga librong 'ilm al-hal katulad ng aklat na **Iman at Islam** (itong aklat na ito) at sa anim na pasikulo ng **Endless Bliss** kung ano ang tawba at kung papaano isagawa ang ito.]

IMAN AT ISLAM

Sa librong ito, **I'tiqad-nama**, ang hadith-i-sharif ng Propeta sallAllahu 'alayhi wasallam at ipapaliwanag. Aking pagnanais na dahil sa biyaya ng hadith-i-sharif na ito ay maging dalisay ang pananampalataya ng mga Muslim at makakamit nila ang kaligtasan at kaligayahan. Aking pagnanais din na nang dahil dito ay ako, si Khalid na napakarami ng kasalanan ay maliligtas. Naway ang Allahu ta'ala na mayroon akong mabuting paniniwala na wala Siyang kinakailangan na kahit ano at ang kaniyang grasya at biyaya ay napakarami, at maawain Siya sa Kaniyang mga alipin, ay patawarin ang dukhang si Khalid na hindi marami ang baon at marumi ang puso, patawarin ang kaniyang mga maling salita at tanggapin ang kaniyang pagsamba na kulang-kulang. Naway pangalagaan Niya tayo mula sa kasakiman ng mapanlinlang at sinoongaling na satanas [at mula sa panlilinlang ng mali at hindi tamang salitain ng mga kalaban ng Islam] at naway pasayahin Niya tayo! Siya ang pinaka maawain sa mga maawain at pinaka mapagbigay sa mga mapagbigay.

Ang mga iskolar ng Islam ay nagsasabi na bawat **mukallaf** lalaki man o babai na Muslim na nakaabot na ng edad kung saan nakakapagpasya na o kaya'y nagbibinata't nagdadalaga na ay dapat malaman at maniwala sa mga Sifat adh-Dhatiyya[7] at as-Sifat ath-Thubutiyya[8] ng Allahu ta'ala ng mabuti. Ito na ang pangunahiing obligasyon ng bawat isa. Ang hindi pagiging maalam ay hindi dahilan; ito ay kasalanan. Isinulat ni Khalid ibn Ahmad al-Baghdadi ang aklat na ito hindi upang magmataas sa iba at ipakita na mas marunong o upang maging sikat subalit ito ay upang magiwan ng paalala o kaya'y isang paalala at kawang-gawa. Naway tulungan ng Allahu ta'ala ang dukhang si Khalid[9] sa pamamagitan ng Kaniiyang Lakas sa pamamagitan ng diwa ng Kaniyang mabiyayang Propeta! Amin.

Ang lahat ng maliban sa Allahu ta'ala ay **ma-siwa** o kaya'y 'alam (ang nilikha, ang sanlibutan), ang tawag. Ito'y **"kalikasan"** kung tawagin ngayon. Ang lahat ng nilikha ay dating wala. Ang Allahu ta'ala ang Siyang lumikha sa kanilang lahat. Sila ay pawang **mumkin** lamang (na pwedeng mabuhay o mamatay) at **haadith** (na nagkabuhay mula sa wala); na ang ibig sabihin ay maaari silang mabuhay pagkatapos ng kanilang pagka walang buhay, at nabuhay sila pagkatapos ng kanilang walang buhay. Ang hadith-i-sharif, **'Ang Allahu ta'ala buhay na noon nang walang niisang buhay,'** ay ipinagtibay ang ito.

Ang ikalawang katunayan na ipinapakita ang pagiging likha ng buong kalawakan at ng lahat ng bagay ay ang pabago-bago ng katangian ng mga ito. Ang katotohanan ay ang bagay na qadim (mayroong buhay nang walang simula) ay hinding-hindi pwede magbago. Ang Dhat ng Allahu ta'laa (Sarili, Diwa) at mga katangian ay qadim at hinding-hindi magbabago ang mga ito.

---

[7] Ang Allahu ta'ala ay mayroong anim na katangian na ang tawag ay **As-Sifat adh-Dhatiyyab: al-Wujud**, pag-iral; **al-Qidam**, pagkakaroon ng walang simula at ng walang hanggan noon pa; **al-Baqa,** pagkakaroon ng walang katapusan at walang hanggan sa hinaharap; **al-Wahdaniyya,** pagkakaroon ng walang katambal o kaya'y kapantay; **al-Mukhalafatuhu li-l-hawadith**, pagkakaroon ng walang kasingtulad sa lahat ng nilikha at sa anumang aspeto; **Qiyamuhu bi nafsihi**, pagiging husto o kaya'y walang kinakailangan upang mapanatili ang Kaniyang Sarili. Walang sinumang nilikha ang nagtataglay ng mga katangiang anim na ito o kaya'y anumang relasyon dito. Ang mga ito ay sa Allahu ta'ala lamang. May mga iskolar ng Islam na nagsasabi na ang al-Mukhlafatu li-l-hawadith at ang al-Wahdaniyya ay iisa lamang at ang bilang ng as-Sifat adh-Dhatiyya ay lima.

[8] Tignan ang pahina 6, 19, at 33.

[9] Si Khalid-i Baghdadi ay yumao noong taong 1247 [1826 A.C.] sa Damasco

[10] Ang mga pagbabago sa mga nilikha ay hindi pwedeng manggaling sa nakaraang walang sukdulan. Nararapat ay mayroong simula ang buhay nito at nararapat na sila'y nabuo mula sa mga elemento at sangkap na nilikha mula sa wala.

Ang isa pang katunayan na ang buong kalawakan ay mumkin lamang, ibig sabihin ay maaari silang mabuhay mula sa wala, ay ang pagiging haadith, o kaya'y paglikha sa kanila mula sa wala, ng mga nilikha.

Mayroong dalawang may buhay: ang **mumkin** at ang **Waajib**. [11] Kung ang mumkin lang ang nabuhay o kaya'y ang Wajib al-Wujud ay hinidi nabuhay ay walang niisang mababuhay. [12] Sa kadahilanang ito ay hindi pwede ng mumkin mabuhay o kaya'y makakayanan niya mag-isa. Kung walang kapangyarihan ang umepekto sa kanya ay mananatili siya sa pagiging wala at hinding-hindi magkakaroon. At dahil ang mumkin ay hindi kayang ilikha ang kaniyang sarili; natural lang na hindi rin maaari na lumkha siya ng ibang mumkin. Ang iisang makakapaglikha ng mumkin ay ang Wajibul wujud. Ang pagkakaroon ng 'alam ay nagpapakita na mayroon talagang tagapaglikha na lumikha sa kaniya mula sa wala. Ibig sabihin ang iisang Tagapaglikha ng lahat ng mumkin, na Siyang hindi namamatay at

[10] Subalit, ang mga bagay sa loob ng kalawakan ay nagbabago ang pisikal na kalagayan ng mga sangkap nito. Ang mga reaksyong kemikal naman, ang sarili mismo ng mga bagay na ito at kanilang sangkap ang nagbabago. Nakikita natin na ang mga sarili o kaya'y sangkap ng mga bagay ay nagwawakas ang buhay sa isang kalagayan at nagbabago ang mga ito. Sa kasalukuyan, ang mga atomikong pagbabago at mga reaksyong nukleyar, na bago lang natuklasan, at ang mga bagay o kaya elemento mismo at nawawala at nagiging enerhiya.

[11] Ang ibig sabihin ng "Wujud" ay 'pagkabuhay, sarili.' Mayroong tatlong klase ng pagkabuhay. Ang una ay ang **wajib al-wujud**, ang Kinakailangang Buhay. Siya ay palaging buhay. Siya ay hiniding-hindi pa nawawala dati at hinding-hindi Siya mawawala sa hinaharap. Ang Allahu ta'ala lamang ang nag-iisang buhay sa nakaraang walang sukdulan. Alaahu ta'ala lamang ang Wajib al-Wujud. Ang ikalawa naman ay **mumtani' al-wujud** na hindi maaaring mabuhay. Ito'y hinding hindi pwede mabuhay o magkaroon katulad ng sharik al-Bari (katulad ng katambal sa Panginoon). Ang katambal o kaya kasingtulad sa pagiging Panginoon ng Allah ay hinding hindi magkakaroon o kaya'y mangyayari. Ang ikatlo ay ang **mumkin al-wujud** na pweding mabuhay o hindi. Ganoon din ang kalawaka at lahat ng mga nilikha, walang kaibahan. Ang kabaliktaran ng wujud ay **'adam** (walang buhay). Ang lahat ng nilikha ay dating 'adam, dating wala bago nagkabuhay.

[12] Dahil ito'y isang uri ng pagbabago, isang pangyayari, ang magkaroon ng buhay noong dati'y wala at batay sa ating kaalaman patungkol sa pisika ay nararapat na magkaroon ng isang pwersang gagalaw sa isang bagay bago ito magkaroon ng pagbabago. Nararapat din na mauna ang pwersang ito sa sangkap nabago.

qadim (nabuhay na walang simula). Ang ibig sabihin ng 'Wajibul wujud ay mayroon Siyang buhay na hindi ibinigay ng iba subalit ito ay mula sa Kanya mismo, o kaya'y noong-noon pa Siya buhay at hindi Siya nilikha ng sinuman. Kung hindi ito ang kaso ay nararapat na maging isang bagay (mumkin at hadith) na mayroong lumikha sa kanya. Ngunit ito ay taliwas sa paliwanag na ibinigay sa taas. Sa Persya, ang **'Khuda'** (ginagamit bilang pangngalan ng Allah) ay nangangahulugang 'palaging buhay, nabuhay nang walang simula.'

Nakikita natin na ang mga iba't ibang klase ng nilikha ay mayroong napakahusay na istraktura, at taon-taon ay natutuklasan ng siyensa ang mga bagong batas patungkol sa istrakturang ito. Ang Tagapaglikha ng istrakturang ito ay nararapat na maging **Hayy** (Palaging Buhay), **'Alim** (Alam ang lahat), **Qadir** (Makapangyarihan sa lahat), **Murid** (Ang kagustuhan ay nasusunod), **Sami'** (Naririnig ang lahat), **Basir** (Nakikita ang lahat), **Mutakallim** (Siyang nagtataglay ng wika) at **Khaliq** (Tagapaglikha)[13], dahil ang kamatayan, kamangmangan, kahinaan, uto-uto sa iba, pagkabingi, at pagkapipi ay mga pagkukulang, depekto at hindi maaari na ang lumikha sa buong kalawakan at ng nilalaman nito at sinusustentohan ang buhay dito ay magkaroon nga ganitong mga pagkukulang.[14]

Bukod dito, makikita natin sa mga nilikhang bagay ang mga katangiang ganap na nabanggit sa taas. Nilikha Niya ito sa loob ng Kaniyang mga nilalang. Kung ang mga katangiang ito ay hindi matatagpuan sa Kaniya ay paano Niya ito maaaring likhain sa Kaniyang mga nilalang. Kung ganun ay mas hihigit pa sa Kaniya ang Kaniyng mga nilalang.

[13] Ito ang walong Sifat ath-Thubutiyya ng Allahu ta'aala.

[14] Ang bawat nilikha, mula sa atomo hanggang sa bituwin, ay nilikha sa pamamagitan ng pagkalkula at batas. Ang kaayusan sa mga natuklasang batas ng pisika, kimika, astronomiya, byolohiya ay labis na nakakamangha. Kahit si Darwin ay napasabi na parang masisiraan na siya ng ulo noong kaniyang inisip ang kaayusan at pino ng istraktura ng mata. Ang hangin ay halo ng nitro (78%), oksiheno (21%), at mga noble gas (1%). Ito ay halo at hindi pagkabuo. Kung tumaas ang halo ng oksiheno mula sa 21 porsyento ay masusunog niya ang ating mga baga. Kung bumaba naman mula sa 21 porsyento ay hindi niya masusunog ang mga sangkap sa ating dugo at magiging imposible para sa tao man o hayop ang mabuhay dahil dito. Ang 21 porsyentong ito ay hindi nababago kahit saan at kahit pa umulan. At kahit ito lamang ay isang malaking biyaya na. Kahit pa ang disenyo ng mata ay hindi makakakumpara sa hiwagang ito. Sa ganun, maaari bang mangyari na ang lumikha ng lahat ng batas, maseselang kalkulasyon, at pormula na itinuturo bilang kaalamang siyensa ay mayroong pagkukulang sa Kaniyang mga katangian?

Nararapat din na ating idagdag na ang Tagapaglikha ng lahat ng dimensyon ng nilalang ay dapat magkaroon ng lahat ng mga katangiang ganap at superyor at hindi matatagpuan sa Kaniya ang mga katangiang depekto dahil ang siyang may depekto ay hindi maaaring lumikha.

Maliban sa mga makatwirang ebidensyag ito, klarong naipapaliwanag ng mga ayat-i-karimah at mga hadith-i-sharif na tinataglay ng Allahu ta'ala ang mga katangiang ganap. At dahil dito, hindi maaaring magkaroon ng pagdududa hingil dito. Ang pagdududa ay nagdudulot ng pagkawala ng pananampalataya. Ang mga nabanggit na walong katangiang ganap ay **Sifat ath-Thubutiyya** ang tawag at taglay ng Allahu ta'aala ang lahat ng ito. Walang depekto, walang gusot o pagbabago ang mahahanap sa Kaniyang Sarili, Diwa, Katangian, o Gawa. Ang **Sifat adh-Dhatiyya** at ang **Sifat adh-Dhatiyya** ay tinatawag na **Mga Katangian ng Uluhiyyat (**Panginoon). Kapag ang isang tao ay paniwalaan niya na ang isang nilikhang nilalang ay nagtataglay ng mga Katangian ng Uluhiyyat ay maituturing siyang isang **mushrik** (nagtatambal).

MGA LUBHANG MAHALAGANG BAHAGI NG ISLAM

Sa pamamagitan ng tulong ng Allahu ta'ala at lakas na mula sa Kaniya, Siyang nagbibigay ng buhay sa bawat nilalang at nagbibigay ng lahat ng biyaya at regalo at Siyang hindi natutulog, sisimulan na natin ang pagpapaliwanag sa maluwalhating salita ng ating Propeta 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam'.

Ang ating minamahal na nakatataas na si Hadrat 'Umar ibn al-Khattab 'radiyAllahu 'anh, na siyang isang magiting na pinuno ng mga Muslim at isa sa pinaka nakatataas na antas mula sa mga Kasamahan ng Propeta, na siya din'g nakilala sa pagiging matapat ay nagsabi:

"Isang araw na kami, mga mabibilang na numero ng Sahabah, ay nasa harap ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'ala 'alayhi wasallam' at nag-aalay ng serbisyo sa Kaniya."

Ang araw na iyon ay napaka mabiyaya, napaka mahalaga na tila hindi na ito mababalikan pa. Sa araw na iyon, naging karangalan namin na makasama ang Propeta at mangyaring maging malapit sa kaniya, makita ang kaniyang maaliwalas na pagmumukha na siyang maituturing na pagkain ng aming

mga diwa at kaligayan at kaaliwan nito. Upang mas mapaigting pa ang kahalagahan at karangalan ng araw na ito, sinabi ng marangal na Sahabah: "Isang araw na…" Mayroon pa bang mas marangal at mas mahalagang oras kung di ang siyang oras kung saan ika'y palarin na makita ang Anghel na si Gabriyel (Jibril, Arkanghel Gabriyel, 'alayhis salam) sa anyo ng tao, marining ang kaniyang boses at marining sa pamamagitan ng napakaganda at napakaklarong paraan mula sa Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ang kaalaman na lubhang kinakailangan ng tao?

"Sa oras na iyon, mayroong lalaking lumapit sa amin katulad ng pagsikat ng buwan. Ang kaniyang kasuotan ay labis ang pagkaputi at kaniyang buhok ay labis pagkaitim. Hindi mababatid mula sa kaniya ang anumang palatandaan ng paglalakbay katulad ng buhangin at pawis. Wala din sa aming mga Kasamahan ng Propeta 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ang nakakakilala sa kaniya; ibig sabihin hindi siya nabibilang sa mga taong nakita o nakilala namin dati. Umupo siya sa harap ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam'. Inilagay niya ang kaniyang tuhod malapit sa tuhod ng marangal na Propeta."

Ang nilalang na ito, na nasa anyo ng isang tao ay ang anghel na nagngangalang si Jibril. Bagama't nagmumukhang taliwas sa mabubuting asal **adab)** ang kaniyang pag-upo ay mayroong napakamahalagang aralin dito: sa pag-aaral ng kaalamang pangrelihiyon, walang lugar ang pagkamahiyain at ganoon din ang pagmamataas ay hindi pwedeng umiral. Gusto lamang ni Hadrat Jibril na ipakita sa mga Sahaba na nararapat sa bawat isa na magtanong sa mga guro ng walang alinlangan kung mayroon siyang gustong malaman tungkol sa Islam at hindi mahiya dahil hindi maaaring maging mahiyain pagdating sa pag-aaral ng Islam o kaya'y paghiya habang nagtuturo o nag-aaral ng kung ano man ang ating tungkulin sa Allahu ta'ala.

"Ang marangal na taong iyon ay nilagay ang kaniyang kamay sa sagradong tuhod ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam'. Siya'y nagtanong sa Rasulullaah: **'O Sugo ng Allah! Isalaysay mo sa akin kung ang Islam at kung paano maging isang Muslim.'**"

Ang kahulugan ng **'Islam'** sa wikang Arabe ay ang 'pagyuko ng ulo sa pagsuko.' Ipinaliwanag ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' na ang salitang 'islam' ay ang kabuohan ng limang haligi ng Islam na sumusunod:

1. Sinabi ng Rasulullaah sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam na ang pangunahing haligi mula sa limang haligi ng Islam ay **"ang pagbigkas ng Kalimat ash-shahadah":** ibig sabihin ay kailangan sabihin na, **"Ash hadu an laa ilaaha illAllah wa ash-hadu anna Muhammadan 'abduhuu wa rasuuluh."** Sa madaling salita, ang normal na taong umabot na sa edad ng pagbibinata o pagdadalaga at walang kapansanan sa pagsasalita ay dapat magsabi. **"Sa lupa man o sa langit, walang ibang nararapat na sambahin. Ang tunay na dapat sambahin ay ang Allahu ta'aala.** Siya ang Wajibul wujjud. Ang lahat ng klase ng kataasan ay nasa Kaniya. Walang anumang depekto ang mahahanap sa Kaniyang sarili. Siya ay ang **Allah,"** at manampalataya dito ng taos puso. Dapat din sabihin at manampalataya: "Ang pinaka marangal na taong mayroong kutis na rosas ang kulay, maputing mukha na may pula-pula, nakaiibig na mukha, maitim na mata at kilay; mayroong malapad na noo, mabuting asal at pag-uugali; Ang kaniyang anino ay hinding hindi tumama sa lupa at tinawag siyang Arabe dahil sa Makkah siya pinanganak sa pamilyang Hashemi ng Makkah. Ang pangngalan niya ay si **Muhammad ibn 'Abdullaah, at siya'y isang taong alipin ('abd) ng Allahu ta'ala at sugo (Rasul) Niya.."** Ang nanay ng Propeta ay si Hadrat Aminah bint Wahab. Siya ay ipinanganak sa Makkah [sa oras ng liwayway ng Lunes, ika-20 ng Abril, taong 571 A.C.]. Noong umabot siya ng 40 taong gulang sa taong itinawag na 'taon ng Bi'that', ipinaalam na sa kaniya ang pagiging Propeta niya. Pagkatapos ay labing tatlong taon niya inimbitahan patungong Islam ang mga tao ng Makkah. Lumipat siya sa Madinah ayon sa utos ng Allahu ta'aala at mula doon ay ipinakalat niya ang Islam sa iba't ibang lugar. Matapos ang sampung taon pagkatapos ng Hijrah (Hegira) ay pumanaw siya sa Madina sa ika-12 ng Rabi al-Awwal (July, 632).[15]

[15] Ayon sa mga mananalaysay, pumasok sa kweba ang Propeta doon sa bundok ng Sawr noong gabi ng Huwebes, ika-27 ng Safar, 622 A.C., habang siya'y lumipat na mula al-Makkat al-Mukarrama patungong al-Madinat al-Munawwarah. Umalis siya sa kweba noong gabi ng Lunes at pumasok sa Quba, isang pook malapit sa Madina noong gabi ng Lunes ika-8 ng Rabi'ul-awwal (ika-20 ng Septembre sa kalendaryong Gregoryan o ika-7 ng Septembre sa kalendaryong Dyulian. Ang masayang araw na ito ay naging pangunahing araw ng kalendaryong Hijri (Hegiral) – Shamsi (kalendaryong batay sa araw) ng mga Muslim. Ang pangunahing araw ng kalendaryong Hijri Shamsi ng mga Shia ay mas maaga dito ng

2. Ang ikalawa sa limang haligi ng Islam ay **"ang pagsagawa ng** (pagsamba na ang tawag ay) **namaz** (o kaya salah) limang beses sa isang araw, pagtupad sa kaniyang mga kondisyon at paggawa sa kaniyang mga (haligi na ang tawag ay) farzes **tuwing dumarating ang oras ng bawat pagsambang ito."** Fard para sa bawat Muslim ang isagawa ang namaz limang beses sa isang araw, at isagawa ito sa loob ng kaniyang tamang oras, walang labis walang kulang, ang isagawa ito na alam mo na oras na niya gawin. [16] Isang malaking kasalanan ang isagawa ang namaz bago pumasok ang wastong oras nito; ang malubhang kamalian na ito ay madalas nangyayari tuwing gumagait ng maling kalendaryo na mga mangmang ang gumawa nito o mga taong La-madhabi; ang namaz na iyon ay hindi maituturing na sahih (katanggap-tanggap). (Ang mga La-madhabi ay silang ayaw sumunod sa kahit isa sa apat na Madhhab.) Ang pagkakamaling ito ay nagdudulot sa pagsagawa ng isang Muslim sa kaniyang mga sunnat ng tanghaling tapat at ang farz ng panggabing salah sa loob ng (hindi pinahihintulutang) oras na kerahat (o karahat) ang tawag. (Ang mga oras ng kerahat ay ipapaliwanag sa ika-apat na pasikulo ng **Endless Bliss**, at sa pahinang pangloob ng malambot na pangtakip ng aklat na **Miftah-ul-Janna**. Tignan ang pangunahing talababa sa ibaba.) Ang Namz ay kailangang isagawa na mayroong pag-alaga sa kaniyang mga fard, wajib, sunnat at isuko ang puso sa Allahu ta'aala, at isagawa ito bago pa maubos ang nakatakdang oras nito. Tumitingin sa kalwa Itinawag sa loob ng Qur'an al -Karim, itinawag na **'salat'** ang pagsamba. Ang ibig sabihin ng Salat, ay ang pagsamba ng tao, paghingi ng kapatawaran sa pamamagitan ng pagsabi ng istighfar at ang pagkakaroon ng pagmamalasakit at pag-awa mula sa Allahu ta'aala. Sa Islam, ang ibig sabihin ng salat ay ang pagsagawa ng mga nakatakdang gawain, pagbasa ng mga nakatakdang teksto katulad ng makikita sa mga librong 'ilm al-hal'. Ang salat sinisimulan sa pamamagitan ng pagbigkas ng **'Allahu Akbar'** na **'takbir al-iftitah,'** ang tawag. Ito ay pagkatapos ng pag-angat ng dalawang kamay sa may tenga at nagtatapos sa pamamagitan ng paghawak mg kamay sa ilalim ng pusod (sa mga kalalakihan). Ito ay nagtatapos sa pagsabi ng salam habang lumilingon pa kanan ng braso tapos kaliwa ulit sa panghuling pag-upo.

[16] Basahin ang ika-4 na pasikulo ng Endbless Bliss para sa mas malalim ng kaalaman patungkol sa namaz. Tignan din ang libong nagngangalang **Miftah -ul-Janna**. Ang bersyong Ingles ay makikita naman sa **Hakikat Kitabevi**, Istanbul, Turkey.

3. Ang ikatlong haligi ng Islam ay **"ay pagbigay ng zakat ng ating mga ari-arian."** Ang leksikal na ibig sabihin ng zakat ay 'kalinisan, paggunita, at pagiging mabuti at maganda.' Sa Islam, ang **zakat** ay 'para sa tao na mayroong **ari-arian ng zakat** na sobra sa kaniyang pangangailangan at umabot na sa **nisab**, upang kumuha ng eksaktong bilang at ibigay ito sa mga Muslim na nabanggit sa Qur'an al-karim na hindi niya ito isinusumbat.' Ang Zakat ay ibinibigay sa pitong klaseng tao at mayroong apat na uri ng ari-arian ng zakat sa pananaw ng lahat ng apat na Madhhab: ang zakat ng ginto at pilak, ang zakat ng mga bagay na ibebenta, ang zakat ng domestikadong hayop [tupa, kambing, at baka] na ipinapalaya.upang manginain sa damohan ng mahigit sa kalahating taon, at ang zakat ng lahat ng mga mapapakinabagang bagay na nagmumula sa lupa. Ang ikaapat na zakat ay **'ushr** kung tatawagan at ito ay ibinibigay pagkatapos na pagkatapos anihin ang mga pananim. Ang ibang uri ng zakat ay ibinibigay isang taon pagkalipas ng pag-abot nila ng nisab.
4. Ang ikaapat na haligi ng Islam ay **"ang pag-ayuno araw-araw sa buwan ng Ramadhan."** Ang pag-ayuno ay '**sawm'** kung tatawagin**.** Ang ibig sabihin ng sawm ay ang pagprotekta ng sarili mula tatlong bagay [tuwing araw] sa buwan ng Ramadhan dahil ito ay inutos ng Allahu ta'aala: ang pagkain, pag-inom, ay pagsisiping sa asawa. Ang buwan ng Ramadhan ay nagsisimula sa pagkita ng bagong buwan sa (kanluraning dako ng) guhit-tagpuan. Maaari siyang hindi magsimula sa oras na nakasaad sa mga kalendaryo.
5. Ang ikalimang haligi ng Islam ay **"ang pagsagawa, ng taong may lakas, ng hajj** (peregrinasyon) **isang beses sa kanyang buhay."** Ubligado sa taong may lakas na may sapat na pera para magpunta sa lungsod ng Makkah at makabalik sa pamilya at sapat na pera para sa kaniyang pamilya habang siya ay wala ang magtawaf sa Ka'bah, tumayo sa lambak ng 'Arafah, kung walang perwisyo sa daan at mananatiling malusog ang kanyang katawan, isang beses sa kaniyang buhay.

"Pagkarining ng taong ito ng mga sagot ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ay nagsabi siya, **"Ya Rasulullaah! Katotohanan ang iyong mga sinabi."**"

Sinabi ni Hadrat 'Umar 'radhiyAllahu 'anh' na nabigla ang mga Sahabah na naroon sa ginawa ng taong ito na nagtanong at ikinumpirma na tama ang sagot. Ang isang nagtatanong kadalasan ay hindi alam ang sagot ngunit ang

pagsabi ng, “Katotohanan ang iyong mga sinabi,” ay nagpapakita na alam na ng nagtatanong ang kasagutan.

Ang pinaka mataas na antas ng mga haliging nabanggit ay ang pagbigkas ng Kalimat ash-shahada at maniwala sa kahulugan nito. Ang susunod doon ay ang pagsagawa ng namaz. Pagkatapos ay ang pag-ayuno. Hajj ang sunod at panghuli ay ang pagbigay ng zakat. Tiyak na tiyak na ang Kalimat ash-shahada ay ang pinaka mataas. Patungkol sa pagkakasunod ng apat, karamihan ng mga iskolar ng Islam ay pareho ang sa ating nabanggit ang kanilang pananaw. Ang Kalimat ash-shahada ay ang unang naging fard, sa pinaka simula pa ng Islam. Ang namaz na limang beses isang araw ay naging fard noong Gabi ng Mi’raj sa ika-12 na taon ng Bi’that, isang taon at ilang buwang makalipas bago ang Hegira. Ang pag-aayuno naman tuwing Ramadhan ay naging fard sa buwan ng Sha’ban sa ikalawang taon ng Hegira. Ang pagbigay ng zakat ay naging fard sa buwan ng Ramadhan, sa taong naging fard ang pag-aayuno. Ang hajj naman ay naging fard sa ika-9 na taon ng Hegira. [17]

Kung pabulaan, hindi paniwalaan, tanggihan, pagkatuwaan, o kutyain ng isang tao ang kahit isa sa limang haligi na ito ay siya’y magiging kafir, naway protektahan tayo ng Allah! Ganoon din kung hindi niya tanggapin ang kahit anong bagay na pinagkaisahan na at klarong-klarong idineklarang halal (maaari) o kaya’y haram (bawal), o kaya’y sabihing halal ang haram, haram ang halal - siyay’y magiging kafir. Kung ang pabulaan or di gustohin ng tao ang mga aspeto ng katuruan ngIslam na hindi pwedeng hindi malaman i.e. mga katuruanf naririnig at natututunan ng kahit mga ordinaryong tao na nakatira sa mga bansa ng mga Muslim ay magiging kafir din siya. [18] Kung

[17] Detalyadong kaalaman patungkol sa namaz, pag-aayuno, zakat, hajj at Mi’raj ay mahahanap sa ika-4 na pasikulo ng **Endless Bliss**, mula sa ikalawa, ikauna at ikapitong kabanata ng ikalimang pasikulo, at mula sa ika-60 kabanata ng ikatlong pasikulo. Ang ibig sabihin ng Bi’that ay ang pagpadala ng Allahu ta’aala ng Kaniyang anghel na si Hadrat Jibril patungo sa Kaniyang mahal ng Propeta upang sabihin sa kaniya ng siya ang panghuling Propeta. Ang Hegira (Hijrat) ay ang paglipat ng Rasulullaah ‘sallAllahu ‘alayhi wasallam’ mula Makkah patungong Madina.

[18] Ang halimbawa nito ay ang pagkain ng baboy, pag-inom ng alak, pagsugal, ang pagpapakita ng babae ng kaniyang sarili na walang takip ang ulo, buhok, mga kamay, binti, ang pagpapakita ng lalaki ng kaniyang sarili na walang takip ang mga bahagi na nasa gitna ng tuhod at pusod, ay lahat haram. Ibig sabihi ay ipinagbawal ng Allahu ta’aala ang mga ito sa atin. Ang apat na Madhab, na nagpapaliwanag sa atin ng mga utos ang pinagbabawal ng Allahu ta’aalam, ay iba’t iba ang pananaw patungkol sa kung saan umaabot ang awrat ng mga kalalakihan o kaya mga bahagi na dapat takpan sa katawan

ang ordinaryong tao ay hindi nakakaalam ng mga katuruang hindi madalas

ng lalaki at hindi pwede tignan ng iba. Fard para sa bawat Muslim na takpan ang mga bahagi ng katawan na pananaw ng Madhhab na kaniyang nabibilangan. Haram din para sa iba ang tumingin sa katawan ng mga silang hindi nagtakip ng katawan. Nakasulat sa **Kimya-yi Saadet** na haram para sa mga kababaihan at mga dalaga na lumabas ng hindi tinatakpan ang ulo, buhok, kamay, binti, at haram din ang lumabas na nakasuot ng manipis, pinalamutian, masikip at pinabanguhang damit. Ang kanilang mga nanay, tatay, asawa, at kapatid na pinapayagan silang lumabas ng ganito ay mayroon din'g bahagi ng kasalanan at parusa; at ito ay ang masusunog sila sa loob ng Impyerno. Kung sila ay magbalik-loob ay papapatawarin sila at hindi sila susunugin. Gusto ng Allahu ta'aala ang mga silang humuhingi ng kapatawan. Sa ikatlong taon ng Hegira, ang mga kababaihan ay inutusan na huwag magpakita sa mga hindi mahram na lalaki at magsaplot ng sarili. (Tihnan ang ika-8 na kabanta ng ika-apat na pasikulo.

Hindi dapat tayo maniwala sa mga kasinungalingan na ipinakalat ng mga ispiyang British at iniulit-ulit ng kanilang mga naloko at nalinlang na sila'y nagsasabi na ang mga kababaihan noon ay hindi nagtatakip noong hindi pa ipinababa ang ayat ng hijab (ang pagtakip ng kababaihan) at ang kautusang ito daw ay gawa-gawa lang ng mga iskolar (ng kaalamang Islam) ng Fiqh. Kung sabihin ito ng isang tao na siya ay Muslim, kailangan niya malaman kung ay isang bagay na gusto niyang gawin ay kinlulugudan ng Islam. Kung hindi niya ito alam ay kailangan niya alamin ito sa pamamagitan ng pagtanong sa mga iskolar ng Ahl as-Sunnah o kaya sa pagbasa ng mga libro na isinulat ng mga iskolar nito. Kung ang kaniyang gustong gawin ay taliwas sa katuruan ng Islam, hindi siya mapapawalang-sala sa kasalanan o bid'ah na dulot ng gawaing ito. Kailangan niya magtawba na tunay na pagtawba, araw-araw. Kung naisagawa ng ang pagtawba, ang kasalanan o bid'ah (na dulot ng gawaing iyon) ay siguradong mapapatawad. Kung hindi siya magtawba, pagbabayaran niya ito sa mundong ito at sa Impyerno. Ibat-ibang klase ng parusa (na ipapataw sa kaniya) are napag-usapan sa iba't-ibang parte ng aming libro (Basahin din ang ika-10 kabanata ng ika-6 na pasikulo ng **Endless Bliss**.)

Ang iba't-ibang parte ng kalalakihan at kababaihan na kailangang takpan tuwing namaz at sa labas nito ay **'parte ng awrat'** kung tawagin. Kung sabihin ng isang tao na hindi idineklara ng Islam na mayroong mga awrat ay maituturing siyang kafir. May mga parte ng katawan na awrat sa ijma' (pagkaisahan, pinagkasunduan) ng apat na Madhab (ngunit nagkakaiba-iba ang awrat batay sa kasarian). Kung kutyain ng isang tao ang kahalagahan ng pagtakip ng mga parte na kaniyang katawan o kaya kutyain ang kahalagahan ng hindi pagtingin sa nakalantad na awrat ng iba, i.e kung hindi siya nakakaramdam ng anumang takot (na matatamo niya dahil sa paglabag sa ipinagbabawal na ito), siya ay magiging kafir. Sa mga kalalakihan, hindi itinuturing awrat ng Madhab Hanbali ang binti mula sa tagiliran hanggang sa tuhod.

Kung sabihin ng isang tao na "Ako ay Muslim," kailangan niya aralin ang mga haligi ng Islam at ang mga gawain na fard (obligado) at ang mga haram (ipinagbabawal) ayon sa kasunduan ng apat na Madhab at kailangan niya din bigyan ng halaga ang bagay na ito. Ang hindi pagkakaroon ng kaalaman ay hindi katanggap-tanggap na dahilan. Ito ay halos magkapareho sa lantarang kawalang-paniwala. Ang buong katawan ng kababaihan ay awrat maliban sa mukha at kamay ayon sa apat na Madhab. Ganoon din sa mga kababaihan na ipinapakita ang ilang bahagi ng kaniyang awrat habang kinakanta o kaya

naipapakalat o kaya'y mga katuruan ng kailangan niyang malaman - hindi siya kafir (kufr). Subalit ay siya'y makasalanan (fisq).

HALIGI NG IMAN

"Ang marangl na taong ito ay nagtanong ulit, **'Ya RasulAllah! Ano naman ang Iman.'**"

Pagkatapas magtanong patungkol sa Islam at pagkatapos mabigyan ng sagot dito, itinanong naman ng Hadrat Jibril 'alayhissalaam' ang ating Pinuno Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' upang ipaliwanag ang pinakadiwa at katotohanan patungkol sa Iman. Sa leksiko, ang ibig sabihin ng Iman ay 'kilalanin ang isang tao na tunay na pagkilala at maging matapat at ibigay sa kanya ang buong pagtiwala.' Sa Islam, ang ibig sabihin ng Iman at ay ang maniwala sa katotohanang si Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ay Propeta ng Allahu ta'aala; na siya ay Propeta, Ang Sugo na pinili Niya, ang pagbigkas nito na may paniniwala sa loob ng puso; at ang maniwala sa lahat ng ipinahayag nito mula sa Allahu ta'aala malaki man o maliit; at bigkasin ito ng madalas. Ang Habag Niya (rida') at tumakbo patungo sa Kaniyang Kadakilaan (jamal), maging maingat sa Kanyang galit (ghadab) at parusa (jalal). Kinakailangan nating ukitin ang Iman sa ating puso ng maayos tulad ng pag-ukit sa marmol.

Ang Iman at Islam ay magkahintulad lamang. Parehong kinakailangan paniwalaan ang kahulugan ng Kalimat ash-shahadah. Bagama't nagkakaiba

---

ibinabasa (ng malakas ang papuri na) Mawlid sa harap ng mga kalalakihan. Kung ang taon ay ipakita ang kaniyang awrat na hindi naman pinagkasunduan (i.e. hindi siya awrat sa isa sa apat na madhhab) dahil sa pangungutya' ay nakagawa ng napakalaking kasalanan subalit ay hindi siya mabibilang na taong hindi nananampalataya. Ang isang halimbawa nito ay ang pagpapakita ng kalalakihan ng bahagi ng paa sa gitna ng tagiliran at hita (tulad ng nabanggit kanina ay hindi ito awrat sa Madhhab Hanbali subalit awrat siya sa ibang Madhhab.) Fard aralin ang mga katuruan ng Islam na hindi pa alam. Sa pagkaalam-pagkaalam nito ay kinakailangan na magtawba at takpan ang mga parte na awrat, (na hindi mo dati tinatakpan dahil sa hindi mo alam na awrat sila.)

Ang pagsisinungaling, pagchichismis, panunumbat, paninirang puri, pagnanakaw, pangdaraya, pangloloko, pananakit ng damdamin ng iba, panggugulo, paggamit ng ari-arian ng iba ng walang pahintulot, hindi pagbabayad sa manggagawa o tagabitbit, pagrebelde (i.e. paglaban sa batas at sa utos ng gobyerno, at hindi pagbabayad ng buwis ay kasalanan pa din. Ang paggawan nito sa hindi Muslim o kaya sa bansang hindi Muslim ay pareho din haram.

sila sa malaki at sa maliit, at mayroong iba't ibang kahulugang leksiko ay walang pinagkaiba nila sa Islam.

Ang Iman ba ay isang bagay, o halo ito ng iba't ibang bahagi? Kung ito ay halo, ilan ang kaniyang mga bahagi? Ang mga gawain o ibadat[19] ba ang kasama sa Iman o hindi? Habang sinasabi ang "Ako ay may Iman," tama ba na dagdagan ng "inshaAllah" o hindi? Mayroon bang pagkaunti o pagkarami ng Iman? Ang Iman ba ay linikhang bagay? Nasa loob ba ng ating kapangyarihan ang maniwala o naniwala lang ba ang mga may paniniwala dahil sila ay pinilit lamang? Kung mayroong pwersa o pamimilit sa pagpapaniwala, bakit inutusan ang lahat na maniwala? Makakalikom ng madaming oras ang pagpapaliwanag ng mga ito kung iisa-isahin. Dahil doon ay hindi ko ito sasagutin ng paisa-isa dito. Subalit, kinakailangang malaman na sa Madhab Ash'ari at sa Mu'tazila ay hindi ja'iz (nababagay) sa Allahu ta'aala ang mag-utos ng isang bagay na posible pero hindi saklaw ng kakayahan ng tao. Sa pananaw ng Ash'ari, ito ay ja'iz subalit hindi nag-utos ang Allahu ta'aala ng ganito. Ang utusan ang tao na lumipad sa hangin ay isa sa mga halimbawa nito. Sa Iman man o sa ibadat ay hindi nag-utos ang Allahu ta'aala na gumawa ng bagay na hindi nila kayang gawin. Sa kadahilanang ito, ang taong maging baliw o maging ghafil (malimutin, walang kamalay-malay), o kaya tulog, o kaya namatay habang siya ay Muslim ay Muslim pa rin subalit hindi niya natamo ang pagkumpirma.

Hindi natin dapat isipin ang kahulugang leksiko ng Iman sa pag-intindi ng hadith-i-sharif na ito dahil walang niisang ordinaryong tao sa Arabiya na hindi nakakaalam ng kahulugang leksiko nito: 'mapagbigay ng konsiderasyon, totoo, paniwala.' Walang anumang duda na alam din ito ng mga Sahabah al-Kiram radhiyAllahu ta'aala 'anhum ajma'in'; subalit gusto ng Jibril 'alayhissalaam' itanong sa mga Sahabah al-Kiram ang kahulugan ng Iman sa pagtanong kung ano ang kahulugan ng Iman sa relihiyong Islam. At sinabi ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' na ang **Iman** ay ang maniwala sa anim na tiyak na bagay:

1. **"Unang una ay maniwala sa Allahu ta'aala,"** kaniyang sinabi. Ang ibig sabihin ng Iman ay ang magkroon ng taos-pusong paniniwala sa anim na tiyak na bagay sa pamamagitan ng kashf (paghahayag), wijdan (konsensya), pag-unawa ng utak (talino, katwiran) sa isang palatandaan

[19] Gawaing pagsamba

o kaya sa pagtiwala sa isang bantog at katanggap-tanggap na pahayag, at kumpirmahin ang ito sa pamamagitan ng dila.

Ang unang-una sa anim na katotohanan ay ang Allah ang Wajib al-wujud, Totoong Ma'bud (Siyang dapat sambahin), at Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Kailangan walang dudang paniwalaan na Siya lamang ang nag-iisang naglilikha ng lahat [lahat ng bagay, atomo, elemento, molekula, langkapan, sangkap organiko, selula, buhay, kamatayan, bawat pangyayari, bawat reaksyon, lahat ng uri ng kapangyarihan at uri ng enerhiya, galaw, batas, espirito, anghel, at bawat nilikha - buhay man o hindi - mula sa wala at binubuhay niya sila] dito sa mundo at sa kabilang buhay ng walang sangkap, oras at kaparehas at nilikha Niya ito mula sa wala. Kagaya ng paglikha Niya sa lahat ng bagay sa kalawakan [sa isang higlap lang mula sa kanilang dating pagkawala], ganoon Niya [din nililikha ang iba sa kanila sa pamamagitan ng iba at pagdumating na ang Araw ng Paghuhukom] wawalain Niya din ang lahat. Siya ang Tagpaglikha, May-ari, Hari Walang Kapantay ng Buong Sanlibutan. Nararapat na paniwalaan at kilalanin na walang sinomang makakapangibabaw sa Kaniya na maaari Siyang utus-utusan o kaya maging higit na mataas sa Kaniya. Ang lahat ng pagka superyor, lahat ng katangiang ganap ay nasa sa Kaniya lamang. Walang depekto, wala Siyang tinataglay na kakulangan sa katangian. Kaya Niyang gawin ang Kaniyang kagustuhan. At ang Kaniyang gawain ay hindi upang may maidulot na kabutihan para sa Kaniya o para sa iba dahil hindi Siya gumagawa para makakamit ng gantimpala. Sa lahat ng Kaniyang gawain ay mayroong napapalihim na dahilan (hikma), pakinabang, biyaya at gantimpala.

Ang Allahu ta'aala ay hindi obligado gumawa ng ikakabubuti o kaya kapanipakinabang sa Kaniyang mga nilikha at hindi din Siya obligado gantimpalaan ang tao o kaya parusahan sila. Nababagay sa Kaniyang Pagkasuperyor at Kabutihan kung dadalhin Niya sa Paraiso ang mga makasalanan. At nababagay din sa Kaniyang Hustisya kung ipapasok Niya sa Impyerno ang mga silang sumusunod at sumasamba sa Kaniya. Subalit Kaniyang ipinagpasiya at inihayag na ilalagay Niya ang lahat ng Muslim, mga silang sumasamba sa Kaniya, sa Paraiso at biyayaan sila at ipinagpasiya Niya din at inihayag na paparusahan sa Impyerno ng walang humpay ang mga silang kafir hindi naniniwala. Hindi Niya binabago ang Kaniyang pagpasiya. Hindi rin kapanipakinabang sa Kaniya kung lahat ng nilalang ay maniwala at sumamba sa Kaniya, at walang masama ang Kaniyang

matatamo kung ang lahat ng nilalang ay naging kafir, mapang-abuso o kaya sinuway ang Kaniyang utos. Kung may gustohin gawin ang tao ay nililikha Niya ito rin ay sang-ayon sa Kaniyang kagustuhan. Siya lang at wala ng iba ang lumilikha ng bawat kilos ng Kaniyang nilalang na tao at ganoon din sa ibang nilalang. Kung hindi Niya kagustuhan ay walang makakagalaw. Kung hindi dahil sa kagustuhan Niya ay walang pwedeng sumuway o magrebelde sa Kaniya. Nilikha Niya ang kawalang-paniwala at ang kasalanan subalit ay hindi Niya ito kinahahabagan. Walang sinuman ang makakahadlang sa Kaniyang gawain. Walang sinuman ang mayroong lakas o kaya karapatan na magtanong ng dahilan kung bakit Niya ginawa yan o ito o kaya magsalita patungkol sa kung paano Siya dapat gumawa. Siya ang magpapatawad, kung gustohin Niya, ng tao na gumawa ng napakalaking kasalanan at namatay na hindi nakapagtawba, maliban na lamang kung pagtatambal o kaya kufr ang kasalanang ito. Paparusahan Niya ang tao, kung Kaniyang gustohin, kahit napaka liit ng ginawang kasalanan. Kaniya ng inihayag na hinding hindi Niya papatawarin ang mga kafir at mga tiwalag sa Islam at sila'y Kaniyang paparusahan ng walang-humpay.

Paparusahan Niya sa Impyerno ang mga Muslim na sumasamba sa Kaniya ngunit hindi sang-ayon ang kanilang paniniwala (i'tiqad) sa paniniwala ng **Ahl as-Sunnah** at namatay sila na hindi nakapagtawba. Ngunit ang mga Muslim na ito na may **(bid'a)** ay hindi panghabang-buhay sa Impyerno.

Posible (ja'iz) ang makita ang Allahu ta'aala sa pamamagitan ng mata ng mundong ibabaw na ito subalit wala pa ang nakakagawa. Sa Araw ng Paghuhukom ay Siyay'y makikita ng mga kafir at makasalanang Muslim sa Kaniyang Bangis at Jalal, at makikita naman Siya ng mga mababuting Muslim sa Kaniyang Kabaitan at Jamal. Ang mga anghel mga kababaihan din ay makikita Siya. Ang mga kafir ay lugi dahil hindi nila mararanasan ang ito. Mayroong katanggap-tanggap na ulat na nagsasabing pati ang mga jinn ay hindi makakaranas nito. Sa pananaw ng karamihan ng mga 'ulama, "Ang Muslim na mahal ng Allahu ta'aala ay pararangalan sa pamamagitan ng pagkakita sa Kaniyang Kadakilaan bawat umaga at gabi; Ang mga Muslim na mababa ang antas naman ay makakakita sa Kaniya tuwing biyernes, ang kababaihan mabilang na beses kada taon, tulad ng mga piyesta sa mundong ito.[20] Nararapat na paniwalaan na makikita ang Allahu

[20] Ang Hadrat Shaikh 'Abd al-Haqq ad-Dahlawi [yumao sa Delhi noong taong 1052 (1642

ta'aala. Subalit nararapat na hindi natin subukan ilarawan kung paano ito mangyayari; Ang Kaniyang Gawain ay hindi maaabot ng utak ('aql). Hindi ng mga ito katulad ng makamundong bagay. [Hindi sila maaaring sukatin gamit ang pamantayang pisikal o kemikal.] Ang mga konseptong tulad ng direksyon, pagiging magkabilaan o pagiging nakaharap sa isang bagay ay walang anumang koneksyon sa Allahu ta'aala. Siya ay hindi materyal Siya din ay hindi bagay, [hindi rin elemento, haluang metal, o langkapan.] Siya ay hindi mabilang, hini din Siya maaaring sukatin o kalkulahin. Walang anumang pagbabago ang maaaring mangyari sa Kaniya. Siya'y hindi lugar. Wala din Siyang nakaraan o kaya kinabukasan, harap at likod, taas,kanan o kaliwa. Samakatuwid, walang kahit anong tinataglay Niya ang mauunawaan ng tao at walang utak o karunungan ang magiging sapat para dito. At sa ganoon ay hindi maiintindihan ng tao kung paano Siya makikita. Bagamat ang mga salita tulad ng kamay, paa, direksyon, lugar at iba pang halintulad na hindi nababagay sa Allahu ta'aala ay mahahanap sa mga ayat at hadtih, hindi sila ginagamit tulad ng alam natin at paggamit natin ngayon. Ang mga ayat at hadith na ganito ay tinatawag na **mutashabihat**. Obligado tayong maniwala sa kanila ngunit hindi dapat natin subukan intindihin kung ano at paano sila. Pwede din na bigyan sila ng wastong paliwanag (**ta'wil**) na sakto o detalyado; ibig sabihin ay pwede sila bigyan

---

A.C.)] ay nagsulat sa sulatin niyang Persiya na **Takmil-ul-iman**: "Nagsabi ang isang hadith-i-sharif na" '**Makikita ninyo ang inyong Panginoon sa Araw ng Paghuhukom katulad ng pagkita ninyo sa** [kabilugan ng] **buwan sa ika-14** [ng buwan].' Tulad ng pagkilala sa Allahu ta'aala sa mundong ito na may limitation, ganoon din ang pagkakita sa Kaniya sa Kabilang Buhay mayroon ding limitation. Nabanggit ng mga dakilang iskolar katulad nina Abu'l-Hasan al-Ash'ari, al-Imam as-Suyuti at ng al-Imam al-Bayhaqi na pati ang mga anghel ay makikita din Allahu ta'aala sa loob ng Paraiso. Sinabi ni al-Imam al-A'zam Abu Hanifa at ng ibang iskolar na ang mga jinn ay hindi nagtatamo ng thawab at dahil dito ay hindi sila makakapasok sa Paraiso at sinab din nila na ang mga mababuting jinn lang ang maliligtas mula sa Impyerno. Makikita ng kababaihan ang Allahu ta'aala ilang beses sa isang taon katulad ng piyesta sa mundong ito. Ang mga perpektong (kamil) mananampalataya naman ay makikita Siya tuwing umaga at hapon at ang iba pang mananampalataya naman ay makikita Siya bawat araw ng Biyernes. Sa pananaw ng dukhang tulad ko ay nararapat na ang mabuting balita na ito ay masaklaw din ang mga mababuti mula sa kababaihan, anghel, at jinn; nararapat din na ang mga perpekto at maalam mula sa kababaihan tulad ng Fatimt az-Zahra, Khadijat al-Kubra, 'Aishat as-Siddiqah at ang iba pang Dalisay na mga Asawa [ng Propeta], at ang Hadrat Maryam at Hadrat 'Asiya ay bigyan din ng espesyal na pagtrato. Ito din ang pananaw ng al-Imam as-Suyuti."

ng kahulugan na nababagay sa Allahu ta'aala. Halimbawa, ang salitang 'kamay' ay maaaring mangahulugang 'kapangyarihan.'

Nakita ng Muhammad 'sallAllahu 'alayhi wasallam' ang Allahu ta'aala sa Mi'raj. [21] Subalit ang pagkakita na ito ay hindi sa pamamagitan ng mga tulad ng pagkakita natin sa mundong ito. Ang taong magsabi na nakita niya na Allahu ta'aala sa mundong ito ay isang zindiq. Ang pagkakita na naranasan ng mga Awliya' ay hindi tulad ng pagkakita sa mundong ito or pagkakita sa Kabilang Buhay. Sa madaling salita, hindi ito ru'yat ngunit **shuhud** ang kanilang nararanasan, [ibig sabihin, nakikita nila ang mga halimbawa (mithals) sa pamamagitan ng mata ng kanilang mga puso.] May iilang mga Awliya' na nagsabing nakita nila Siya. Subalit, napagkamalian nila ang shuhud na naranasan habang nasa kalagayan na sekr, noong sila'y nawalan ng malay, sa ru'yat. O kaya ang mga salita nilang ito ay may mga ibang kahulugan.

Tanong: "Nabanggit sa taas na posible (jaiz) makita ang Allahu ta'aala sa pamamagitan ng mga mata ng mundong ito. Kung ganoon ay bakit tatawaging zindiq ang tao na nagsabi nangyari ang ito? Kung ang taong magsabi ng ganito ay magiging kafir, paano masasabi na posible ito?"

Kasagutan: Sa kahulugan niyang leksiko, ang ibig sabihin ng jaiz ay 'maaaring mangyari o hindi.' Subalit ayon sa Madhhab ni al-Asha'ari [Abu'l Hasan 'Ali ibn Isma'il, yumao sa Baghdad noong 330 (941 A.C.)], ang ibig sabihin ng pagkaposible ng pagkakita sa Allahu ta'aala ay kaya Niyang likhain sa tao ang ibang klaseng pagkakita kumpara sa pagkakita sa mundong ito na naiiba sa pagkakita sa Kaniya ng malapitan o harap-harapan at naiiba sa pagkakita ng ayon sa mga batas pisikal. Siya ang lumikha sa mundong ito. Halimbawa, kaya Niya, ibig sabihin ay posible, na ipakita ang isang lamok sa Andalusia sa isang bulag na tao sa Tsina at posible din na ipakita Niya ang kahit anong nasa buwan o kaya sa isang bituin sa isang tao sa mundo. Ang ganitong klaseng kapangyarihan ay sa Allahu ta'aala lamang. At saka, ang pagsabi na "Nakita ko Siya sa mundong ito," ay salungat sa ayat al-karima at sa napagsangayunan ng mga 'ulama'. Sa gayon, sinu-sinoman ang maglabas ng ganitong pahayag ay isang mulhid o kaya zindiq. Ikatlo, ang salitang "posible na makita ang Allahu ta'aala sa mundong ito" ay hindi nangangahulugang "posible na makita ang Allahu ta'aala sa lupa sa pamamagitan ng mga batas pisikal."

[21] Suriin ang ika-16 na kabanata ng ikatlog pasikulo ng **Endless Bliss** para sa 'mga sagradong gabi'.

Subalit ang ibig sabihin ng tao na nagsabi na nakita niya ang Allahu ta'aala ay nakita niya Siya tulad ng pagkakita niya sa ibang bagay; ang pagkakita na ito ay hindi posible (ja-iz). Ang tao na gumawa ng ganitong klaseng pahayag na nakakawala ng pananampalataya ay isang **mulhid** o kaya'y **zindiq**. [22] [Pagkatapos ng mga kasagutang ito, sinabi ni Hadrat Mawlana Khalid: "Maging maingat!" At sa ganitong paraan ay iniharap niya ang pansin patungo sa pagkadalisay ng ikalawang sagot.]

Ang pagtakbo ng oras, ng araw at gabi, ay hindi nababagay iugnay sa Allahu ta'aala. Walang anumang pagbabago ang maaaring mangyari sa Kaniya sa kahit anong aspeto at hindi rin pwedeng sabihin na ganito ang Kaniyang kalagayan noon o kaya Siya'y magiging ganoon naman sa hiniaharap. Siya ay hindi sumasanib (hulul) sa kahit ano. [May isang sekta ng Shia na **Nusayriya** ang tawag na naniniwala at nagsasabi na ang Allahu ta'aala ay sumanib kay Hadrat 'Ali. Ang malik paniniwala na ito ay nagsasanhi sa pagiging kafir (taong hindi nananampalataya).] Hindi siya nagiging isa pati sa kahit ano. Wala Siyang katambal, karibal, kahalintulad, kasama, katulong, o gabay. Siya ay walang tatay, nanay, anak na lalaki o babae at asawa. Siya ay saksi sa lahat at saklaw Niya at pinamamahalaan ang lahat. Siya ay malapit pa sa bawat isa kaysa sa malaking ugat nila sa leeg. Subalit, ang pagiging saklaw Niya, pagiging saksi Niya, o kaya pagiging kasama o pagiging malapit ay hindi katuald ng pagkaintindi natin sa mga salitang ito. Ang Kaniyang pagiging malapit ay hindi pwedeng intindihin sa pamamagitan ng kaalaman ng mga iskolar, sa karunungan ng mga siyentipiko, o kaya sa kashf o shuhud ng mga Awliya'. Ang talino ng tao ang hindi kayang abutin ang mga nakatatagong kahulugan nito. Ang Allahu ta'aala ay walang kapares as sarili Niya, at sa mga katangian Niya. Walang anumang pagbabago o kaya'y pagkakaiba ang magaganap sa kahit alin sa kanila.

Ang mga pangngalan ng Allahu ta'aala ay **tawqifi;** ibig sabihin ay pwede natin gamitin ang mga pangngalan Niya na itinuturo ng Islam at hindi maaaring gamitin ang iba pang mga salita. [23] Ang mga pangngalan

[22] Ang mulhid o kaya zindiq ay nagsasabing Muslim siya. Dalisay siya sa kaniyang mga salita; naniniwala talaga siya ng Muslim siya at nasa tamang landas. Subalit ang zindiq ay kalaban ng Islam. Nagpapanggap lamang siyang Muslim upang sirain ang Islam mula sa loob at ilinlang ang mga Muslim.

[23] Halimbawa maaaring tawagin ang Allahu ta'aala bilang "'Alim" ('Ang Nakakaalam ng Lahat'), ngunit hindi natin pwede gamiting ang 'faqih' na nangangahulugang ''Alim (iskolar, isang nag-aral ng mga siyensa ng Islam), dahil hindi ginagamit ng Islam ay

ng Allahu ta'aala ay hindi mabilang. Alam ng lahat na mayroon Siyang isang libo at isang pangngalan, ibig sabihin, inihayag Niya ang isang libo at isang pangngalan Niya sa mga tao. Sa relihiyon ni Muhammad 'alayhis-salaatu wassalaam', siyam na pu at siyam na **Asmaa al-Husna'**, na kung tawagin, ay inihayag.

Mayroong walong katangian ang Allahu ta'aala na **Sifat ath-Thubutiyyah** tawag, sa pananaw ng Madhhab **Maturidyya** at pito naman sa Madhhab **Ash'ariyya.** Ang mga katangiang ito ay hindi mawawala. Sila ay sagrado. Hindi sila katulad ng katangian ng mga nilikhang nilalang. Hindi sila posibleng maunawaan gamit ang talino, pagpalagay,o kaya paghambing sa mga nilalang sa mundo. Binigyan ng Allahu ta'aala ang tao ng mga halimbawa para sa bawat katangian Niya. At sa pagsiyasat ng mga ito ay magkakaroon ng kaunting pag-unawa sa mga katangian ng Allahu ta'aala. Dahil hindi posibleng mawari ng tao ang Allahu ta'aala, ipinagbawal ang isipin o kaya subukan mawari ang Allahu ta'aala. Ang walong Katangian ng Allahu ta'aala ay hindi magkapareho sa Kaniyang Sarili at hindi rin magkaiba dito; Ibig sabihin ay hindi nila ibinubuo ang Kaniyang Sarili at hinidi rin sila magkaiba sa Kaniya. Ang waling katangian na ito ay:

Hayah (Buhay), **'Ilm** (Nakakaalam ng Lahat), **Sam'a** (Pandinig), **Basar** (Paningin), **Qudrah** (Makapangyarihan sa Lahat), **Kalam** (Pagsasalita), **Iradah** (Kagustuhan), at **Takwin** (Pagiging masalimuot). Sa Madhhab ng Ash'ariyya, iisa lang ang Takwin at Qudrah. Ang Mashiy-a at Iradah ay magkapareho din.

Ang bawat isa sa walong Katangian ng Allahu ta'aala ay walang katulad at hindi nagbabago. Walang anumang pagbabago ang nangyayari sa kahit isa kanila. Subalit magkaiba ang kaugnayan nila pagdating sa mga nilikhang nilalang. Ang mga katangian Niya ay iba-iba ang kaugnayan sa mga nilalang at epekto ngunit hindi naaapektohan ang pagiging walang katulad. Ganoon din ang paglikha ng Allahu ta'aala at pagpangalaga sa napakaraming nilalang mula sa paglipol ay hindi nakakaapekto sa pagiging

'faqih' para sa Allahu ta'aala. Ganoon din ay hindi pinahihintulutan na sabihin na 'Ang Diyos' kapalit ng Allah, dahil ang ibig sabihin ng 'god' ay 'rebulto'; "Ang baka ay diyos ng mga Hindu," ang isangi halimbawa na sinasabi. Pinahihintulutan sabihin ang, "Ang Allah ay iisa lamang; walang ibang diyos maliban sa Kaniya." Ang mga salita tulad ng Dieu (Pranses), at Gott (Aleman) ay pwedeng gamitin kapalit ng salitang diyos o rebulto, pero hindi pwede gamiting sa Allah.

iisa Niya. Walang anumang pagbabago ang nangyayari sa Kaniya. Ang lahat ng nilalang ay nangangailangan sa Kaniya sa bawat saglit at sa lahat ng aspeto subalit hinding-hindi Niya kailangan ang kahit sino.

2. Ang ikalawa sa nim ng haligi ng Iman ay **"maniwala sa Kaniyang mga anghel."** Ang mga anghel ay materyal ngunit hindi mabatid (latif), mas hindi pa mabatid kaysa sa anyong hangin ng mga bagay. Sila ay nurani (mula sa liwanag, ispirituwal). Sila ay buhay at may pag-iisip ('aql). Ang mga kasamaang mahahanap sa tao ay hindi mahahanap sa mga anghel. Kaya nila mag-anyo ng kahit ano katulad ng pagpalit anyo ng hangin patungong tubig tapos solido ang kayang maghugis ng kahit ano pag naging solido, ganoon din ang mga anghel kaya din nila mag-anyo ng anyong magaganda. Ang mga anghel ay hindi mga kaluluwa ng mga dakilang tao na yumao na. Ganito ang pag-unawa ng mga Kristiyano sa mga anghel. Hindi sila imateryal tulad ng enerhiya at lakas. May mga sinaunang pilosopo ang nagsabi ng ganito. **Malaika** ang tawag sa kanilang lahat. Ang ibig sabihin ng 'malak' (anghel) ay 'utos', 'sugo' o kaya'y 'puwersa'. Ang mga anghel ay nilikha bago pa nilikha ang ibang animadong bagay. At dahil dito, tayo ay inutusang maniwala sa kanila bago ang paniniwala sa mga panlangit nga aklat, na nauuna sa paniniwala sa mga Propeta at ganito ang pagsunod-sunod ng mga haliging ito sa loob ng Qur'an al-Karim.

Ang paniniwala sa mga anghel ay dapat ganito: ang mga anghel ay nilikha ng Allahu ta'aala. Sila ay hindi Niya katambal, o kaya'y mga anak na babe tulad ng sinasabi ng mga taong hindi nananampalataya at ng mga sumasamba ng mga rebulto. Kinalulugdan ng Allahu ta'aala ang lahat ng mga anghel. Sinusunod nila ang mga utos Niya at hinding hindi sila nagkakasala o kaya'y sumuway sa mga utos. Hindi sila lalake o babae at hindi sila nag-aasawa. May buhay sila, buhay sila. Bagamat mayroong ulat na nagmumula kay Hadrat 'Abdullaah ibn Mas'ud 'radiyAllahu ta'aala 'anh' nag nagsasabing nagkaanak ang iilan sa mga anghel na sila'y pinagmulan ng Satanas at ng mga jinn; nakasulat sa mga libro ang kanilang detalyadong paliwanag. Noong inihayag ng Allahu ta'aala na maglilikha Siya ng tao, nagtanong ang mga anghel, "Ya Rabbi! Maglilikha ka ba ng mga nilalang na sisira sa mundo at maglalaganap ng dugo dito?" Ang ganitong mga tanong na **dhella** ang tawag na nagmumula sa mga anghel ay hindi binabago ang kanilang pagiging inosente.

Sa lahat ng mga nilalang, ang mga anghel ang pinaka marami. Walang sinuman ang nakakaalam ng kanilang eksaktong bilang maliban sa Allahu ta'aala. Walang puwang sa kalawakan kung saan hindi nagdadasal doon ang mga anghel. Bawat lugar sa kalangitan ay naglalaman ng mga anghel na naka ruku' (nakayuko' katulad ng sa salah) o nasa sajda (pagpatirapa). Sa kalangitan, sa mundong ibabaw, sa damuhan, sa mga bituin, sa bawat animado at hindi animadong nilalang, sa bawat patak ng ulan, bawat dahon, atomo, molekula, sa bawat reaksyon, galaw, at sa lahat ng bagay ay mayroong tungkulin dito ang mga anghel. Isinasagawa nila ang mga utos ng Allahu ta'aala kahit saan. Sila ay mga intermediyaryo sa gitna ng Allahu ta'aala at mga nilalang. Ang iba sa kanila ay mga puno ng ibang mga anghel. Ang iba naman ay mga sugo patungo sa mga Propeta ng mga tao. Ang iba ay nagdadala ng mabubuting isipan na **"ilham"** (inspirasyon) ang tawag, patungo sa puso ng tao. Ang iba naman ay walang anumang kamalayan tungkol sa lahat ng tao o nilalang at nawalan na ng malay pagkatapos masdan ang Kadakilaan ng Allahu ta'aala. Ang bawat isa sa mga anghel na ito ay nakalugar sa eksaktong lugar at hindi maaaring umalis. Ang ibang mga anghel ay mayroong dalawang pikpik, ang iba apat o mas marami pa. [24]

Ang mga anghel na nakadestino sa Paraiso ay nananatili sa Paraiso. Ang puno nila ay si **Ridwan**. Ang mga anghel naman na nakadestino sa Impyerno, ang mga **Zabanis**, ay isinasagawa ang mga tungkulin nila sa Impyerno. Hindi sila nasasaktan ng apoy ng Impyerno katulad ng mga isda na hindi napeperwisyo ng dagat. Mayroong labing siyam na Zabanis at ang puno nila ay si **Malik**.

Sa bawat tao ay mayroong apat na anghel na isinusulat ang lahat kanilang mabuti at masasamang gawain. Ang dalawa sa kanila ay dumarating sa gabi

[24] Katulad ng pagkakaiba ng pikpik ng mga ibon sa pikpik ng eroplano, mayroon silang sariling istraktura at nag-iiba sa pikpik ng iba, ay ganoon din ang pikpik ng mga anghel may sariling istraktura din. Pagnaririnig natin ang pangngalan ng isang bagay na hindi pa natin nakikita o kaya'y hindi natin alam iniisip natin agad na magkapareho sila sa mga bagay na alam natin, isang malinaw na kamalian. Naniniwala tayo na mayroong pikpik ang mga anghel ngunit hindi natin batid kung paano ang anyo nito. Ang mga larawan ng mga maypikpik ng mga kababaihan sa mga simbahan, pahayagan, sine kung saan ganito ang paglarawan sa mga anghel, lahat ay mali. Ang Muslim ay hindi dapat gumawa ng ganitong klaseng mga larawan. Hindi natin dapat tanggapin na katotohanan ang mga hindi makatotohanang larawan na iginuhit ng hindi Muslim at hindi dapat tayo maniwala sa mga ating mga kalaban.

at yung natirang dalawa naman ay dumadating sa araw. Ang tawag sa kanila ay **kiraman katibin** o kaya'y mga anghel ng **hafaza**. Mayroong isang ulat mula sa mga iskolar na nagsasabi na ang mga anghel ng hafaza ay magkaiba sa kiraman katibin. Ang anghel sa bandang kanan ay mas nakatataas ang rango sa may banang kaliwa at isinusulat niy ang mga mababuting gawa. Ang nasa bandang kaliwa naman ay isinusulat ang mga gawaing masama. Mayroon ding mga anghel na naatasang parusahan ang mga taong hindi nananampalataya at mga makasalanang Muslim sa loob ng kanilang mga libingan at mayroon ding mga anghel na magtatanong din sa loob ng libingan. Ang mga anghel na magtatanong ay sina **Munkar** at **Nakir.** Ang mga anghel na magtatanong sa mga Muslim ay **mubashshir** at **bashir**,

Ang mga anghel ay mayroong pangkat-pangkat. Ang pinaka mataas sa mga anghel ay ang apat na punong anghel. Ang pinaka una sa kanila ay si **Jibrail** 'alayhis salaam'. Ang tungklin niya ang ihatid ang **wahy** sa mga Propeta at ipaalam sa kanila ang mga kautusan at mga pinagbabawal. Ang ikalawang punong anghel ay si **Israfil** 'alayhis salaam' na naatasang ihipan ang panghuling trumpeta na **Sur** kung tawagin. Iihipan niya ang Sur ng dalawang beses. Sa unang ihip ay mamamatay ang lahat ng buhay maliban sa Allahu ta'aala. [25] Sa ikalawang ihip naman ay mababuhay ang lahat. Ang ikatlong punong anghel ay si **Mikhail** 'alayhis salaam'. Tungkulin niya ang gumawa pagkamura, pagkamahal, pagkakulang, pagkarami [balanseng ekonimiko, upang magbigay ginhawa at alwan.] at igalaw ang bawat bagay. Ang ikaapat ng punong anghel ay si **'Azrail** 'alayhis salaam', na siyang kumukuha sa mga kaluluwa ng tao [jan pag sa wikang Persiya at 'ruh' pag sa wikang Arabe]. Maliban sa apat na ito ay mayroong apat na nakatataas na antas ng anghel: apat na anghel na **Hamalat al-'Arsh**, na magiging walo ang bilang sa Araw ng Pagbangon; mga anghel na malapit sa Panginoon na **muqarrabun** ang tawg; pinuno ng mga anghel na nagpaparusa na **karubiyun** ang tawag; mga anghel ng Habag na **ruhaniyun** ang tawag. Lahat ng mga anghel na ito na mataas ang antas ay mas mataas ang antas kays sa lahat ng tao maliban sa mga Propeta 'alayhimus salawaatu wattslimat'. Ang sulaha' at Awliya' sa mga Muslim ay mas mataas pa kaysa sa mga pangkaraniwang anghel at ang mga pangkaraniwang anghel naman ay mas mataas kaysa sa mga pangkaraniwang Muslim, ibig sabihin ay mga

[25] Tignan ang libritong pinangngalanang **The Rising ang the Hereafter** na matatagpuan sa **Hakikat Kitabevi** sa istanbul, Turkey.

silang masuwayin at makasalanan. Ang mga taong hindi nananampalataya naman ay mas masahol pa sa lahat ng nilalang.

Sa unang pagtunog ng Sur ay mamamatay ang lahat ng anghel maliban lamang sa mga Hamalat al-'Arsh at ang apat na punong anghel. Pagkatapos ay ang mga Hamalat al-'Arsh naman ang mamamatay kasunod ng apat na punong anghel. Sa ikalawang pagtunog ng Sur naman ay mabubuhay ang lahat ng anghel. Ang Hamalat al-'Arsh at ang apat na punong anghel ay mabubuhay bago pa ang ikalawang pagtunog ng Sur. Namatay ang mga anghel pagkatapos mamatay ng lahat ng ibang nilalang dahil sila ay nilikha bago pa ang lahat.

3. Ang ikatlo sa anim na haligi ng Iman ay **"maniwala sa mga Aklat na ipinadala ng Allahu ta'aala."** Ipinadala Niya ang mga Aklat na ito sa iilang Propeta sa pamamagitan ng pagbasa ng anghel sa kanila. Sa iba naman ay ipinadala Niya ito na nakaukit sa tablet, at sa iba naman ay ipinaparinig sa kanila na hindi idinadaan sa anghel. Ang lahat ng mga Aklat na ito ay Salita ng Allahu ta'aala (Kalaam-Allah). Sila ay walang simula, mayroon na noong dati pa at mananatili sa walang hanggan.Hindi sila nilikha at hindi sila mga salitang gawa-gawa ng mga anghel o kaya salita ng mga Propeta. Ang Salita ng Allahu ta'aala ay hindi parang wika na nasusulat, isinasaisip at sinasalita. Subalit ito'y makikita sa pagsusulat, sa salita at sa utak. Wala siyang titik o tunog. Hindi kayang unawaan ng tao kung paano ang Allahu ta'aala at ang Kaniyang mga Katangian subalit kaya nilang basahin ang Salita, isaisip at isulat ito. Nagiging hadith ito, isang nilikhang bagay, kapag narito sa atin. Ibig sabihin ay may dalawang aspeto ang Salita ng Allahu ta'aala. Pag ito ay nasa tao, hadith[26] siya at isang nilikhang bagay. Kapang ito'y tignan bilang Salita ng Allah ay nagiging walang hanggan (qadim).

Ang lahat ng Aklat na ipinadala ng Allahu ta'aala ay makatotohanan at tama. Walang anumang kasinungalingan o kamalian ang mahahanap sa kanila. Ang isang ulat ng mga iskolar na nagsasabing jaiz (posible, maaari, pwede) sa Kaniya na patawarin (ang iba sa Kaniyang alipin) kahit na idineklara Niya na paparusahan Niya (sila) ay dapat ay dahil sa malawak ang sakop ng pagpapatawad at mga sitwasyon nito na hindi maaabutan ng

[26] Ang ibig sabihin ng 'hadith' ay ang yaong wala pa noong una bago pa siya nilikha ng Allahu ta'aala at ang yaong mahihinto ang pagkakaroon kung kailan naisin ng Allahu ta'aala.

ating mga isipan, o kaya'y dahil nakadepende ito sa Kaniyang Kagustuhan at Pagpili. O kaya ang ulat na ito ay nagpapahayag lamang ng pag-asa na ipagpapaliban Niya ang parusang karapat-dapat sa alipin. Bakit naman magiging kasinungalingan ang pahayag na nagbabanta ng parusa at pagpapahirap kung hindi naman ito nagsasaad na mayroon talagang paparusahan? Bagama't hindi jaiz sa Allahu ta'aala na pagkaitan ang isang biyaya na Kaniyang pinangakong ibigay, jaiz sa Kaniya na hindi magparusa. Hindi lang dalisay ang itong paliwanag, bagkus ay pinagtitibay ito sa mga ayat-i-karimah.

Nararapat na ipaliwanag ang mga ayat-i-karima at hadith-i-sharif gamit ang kanilang mga leksikong kahulugan hangga't walang problema o kaya'y kahirapan dito. Hindi maaaring magbigay ng ibang kahulugan na kapareho ng kanilang kahulugang leksiko. [27] Ang mga ayat-i-karimah na **mutashabihat** na kung tawagin ay mayroong hindi klaro, malalim na mga kahulugan. Ang Allahu ta'aala lamang ang nakakaalam at iilang mga piling nakatataas na nabiyayaan ng al-'ilm al-ladunni ang nakakaintindi sa mga kahulugang ito sa abot na pinahintulutan sa kanila. Walang iba ang nakakaintindi sa mga ito. Dahil di to ay nararapat sa atin na maniwala na ang mga ayat na mutashabihat ay Salita ng Allahu ta'aala, at nararapat na hindi natin isipin ng malalim ang mga kahulugan nito. Ang mga iskolar sa Madhhab Ash'ari ay nagsabi na pinahihintulutan ipaliwanag (ta'wil) ang mga ganitong ayat, sa madaling sabi o kaya'y detalyado. Ang ibig sabihin ng '**ta'wil'** ay 'pagpili, mula sa mga kahulugan ng isang salita, ng hindi pagkaraniwan.' Halimbawa, sa ayat na, **"Ang Kamay ng Allah ay nakatataas sa kanila."** na Salita ng Allahu ta'aala, ay dapat natin sabihin, "Ako ay naniniwala sa lahat ng ibig sabihin ng Allahu ta'aala dito." Mainam na ating sabihin, "Hindi ko mabatid ang kahulugan nito. Ang Allahu ta'aala lamang ang nakakaalam." O kaya'y sabihin natin na, "Ang kaalaman ng Allahu ta'aala ay hindi parang kaalaman natin. Ang Kaniyang Kagustuhan ay hindi katulad ng kagustuhan natin. Ganoon din ang Kamay ng Allahu ta'aala ay hindi katulad ng kamay ng Kaniyang nilikha na tao."

[27] Ang Qur'an al-karim at ang mga hadith-i-sharif ay nasa wika ng Quraish at dayalekto nila. Subalit ang mga salita ay dapat intindihin gamit ang paggamit sa kanila sa Hijaz labing tatlong daang taon na ang nakalilipas. Hindi tama na isalin sila gamit ang mga kahulugang ng kapanhunang ito na dulot ng pagbabago sa pagdaan ng mga siglo.

Sa mga Aklat na ipinadala ng Allahu ta'aala, mayroon Siyang mga pinalitan (naskh), sa pagbigkas nito o kaya sa mga kahulugan ng ibang ayat-i-karimah, o kaya parehong ito. Ang Qur'an al-karim ay pinalitan ang lahat ng mga Aklat at winalang bisa ang mga batas nito. Hinding-hindi magkakaroon ng anumang kamalian, dagdag, nakalimutan o nawawalang bahagi sa loob ng Qur'an al-karim hanggang sa pag gunaw ng mundo, at hinding-hindi ito makakalimutan. Ang lahat ng kaalaman patungkol sa nakaraan at kinabukasan ay nasa loob ng Qur'an al-karim. Dahil dito, siya'y mas nakatataas na antas at mas mahalaga kaysa sa ibang Aklat. Ang pinakadakilang mu'jizah ng Rasulullaah 'sallAllahu 'alayhi wasallam' ay ang Qur'an al-karim. Kung ang lahat ng tao at jinn ay magtipon-tipon at subukang magsalita katulad ng nasa loob ng pinaka maiksing Surah ng Qur'an al-karim ay hindi nila makakayanang gawin ito. Kahit ang mga mahuhusay magsalita, mga makata ng Arabya ay nagtipon at nagsikap ng sobra ngunit sila'y nabigo sa paggawa ng kaparehas sa tatlong maiksing ayat. Hindi nila nakayanang sumalungat sa Qur'an al-karim. Sila'y natulala at hindi makaimik. Ginagawa ng Allahu ta'aala ang mga kalaban ng Islam na mahina at walang kakayanan sa harap ng Qur'an al-karim. Ang husay ng salita ng Qur'an al-karim ay mas mataas sa kakayanan ng tao. Ang tao ay hindi kayang magsalita katulad nito. Ang mga ayat-i-karima sa Qur'an al-karim ay malayo sa mga tula, prosa, o kaya tulang rima ng tao. Ganoon pa man ay ipinahayag siya sa tiktik ng wika na ginagamit ng mga makata at mahuhusay magsalitang mga tao sa Arabya.

Isang daan at apat na langiting Aklat ang ipinadala sa atin: alam natin na sampung suhuf (pangmaramihan ng 'sahifa', maliit na aklat) ay ipinadala kay Adam 'alayhissalaam', limampung suhuf kay Shis (Seth) 'alayhissalaam', tatlumpong suhuf kay Idris 'alayhissalaam' at sampung suhuf kay Ibrahim 'alayhissalaam'; ang **Tawrat** (Torah) ay ipinadala kay Musa (Moses) 'alayhissalaam', ang **Zabur** naman kay Dawud 'alayhissalaam', ang **Injil** (Latin 'Evengelium') kay 'Isa (Jesus) 'alayhissalaam at ang **Qur'an al-karim** naman kay Muhammad 'alayhissalaatu wassalaam'.

Kapag gustuhin ng tao na ipag-utos ipagbawal ang isang bagay, magtanong tungkol sa isang bagay, o kaya'y magbigay balita ay dapat iniisip niya muna ito at ayusin niya sa loob ng kaniyng utak. Ang mga kahulugang nasa loob ng isip ay "**kalam nafs"** na kung tawagin at hindi ito kayang sabihin sa Arabe, Persya o kaya'y Ingles. Ang kanilang pagbigkas

sa iba't ibang wika ay hindi nakakabago sa kanilang mga kahulugan. Ang mga salitang nagpapahayag sa mga kahulugang ito ay **"kalam lafzi"** na kung tawagin. Ang kalam lafzi ay maaaring ipahayag sa iba't ibang wika. Sa madaling salita, ang kalam nafsi ng tao ay dalisay, di magbabago, katangi-tangi ng katangian na nasa loob ng kanilang may-ari nito katulad ng kaalaman, kagustuhan, pag-intidi, atbp., at ang kalam lafzi naman ay mga letrang nakagrupo na nagpapahayag ng kalam nafsi at lumalabas sa bibig ng tao na nagbibigkas sa kanila at umaabot sa pandinig. Ganoon din, walang simula, walang pagwawakas ang salita ng Allahu ta'aala, hindi tahimik at hindi nilikha ang salita na nasa Kaniyang Sarili. Ito ay isang katangian na naiiba sa Sifat adh-Dhatiyya at sa Sifat ath-Thubutiyyah ng Allahu ta'aala sulad ng Kaalaman at Kagustuhan.

Ang Katangian na Kalam (Pagsasalita, Salita) ay hinding-hindi nagbabago at ito'y dalisay. Hindi siya letra o tunog. Hindi siya maaaring ikategorya bilang utos, pagbabawal, istorya o kaya'y bilang Arabe, Persya, Hebreo, Turko o Siryan. Hindi siya nag-aanyo na tulad ng mga ito at hindi ito posibleng isulat. Hindi nito kailangan ang mga sangkap o instrumento tulad ng talino, taynga o dila. Ganoon pa man ay naiintindihan ito sa pamamagitan ng mga ito bilang walang kapares sa iba pang nilalang na alam natin; maaari din siyang ikwento sa pamamagitan ng anumang naising wika. Sa ganoon ay kung ipinahayag ito sa wikang Arabe ay Qur'an al-karim ang tawag sa kaniya. Kung sa Hebreo naman ay Tawrat.. Kung sa Siryan naman ay Injil naman. [Nakasulat sa librong nagngangalang **Sharh al-maqasid**[28] na kung sa Griyego ito ay ang Injil at kung sa Siryan naman ay Zabur.]

Ang Kalam al-ilahiyya (Ang Salita ng Allahu ta'aala) ay nagkukwento ng iba't ibang mga paksa; kung ulat tungkol pangyayari na nangyari na o hindi pan nagyayari ay **khabar** (pagsasalaysay) ang tawag; kung hindi ganito ay **insha'**. Kung mayroon siyang pinapahayag ng bagay na dapat gawin **amr** (pag-uutos). Kung nagsasaad ng pagbabawal ay **nahy** (pagbabawal) ang tawag. Subalit walang anumang pagbabago o pagdagdag ang nangyayari sa Kalam an-nafsi. Kung ito'y sa wikang Arabe ay Qur'an al-karim ang tawag. Ang **wahy** na ipinadala sa pamamgitan ng tula, pwedeng isulat, marinig at isinasapuso ay matatawag na siyang **Kalam al-lafzi** o kaya'y Qur'an al-karim din. At dahil ipinapahiwatig ng Kalam al-lafzi ang Kalam an-nafsi ay maaari siyang tawagin na Kalam al-ilahiyyah

[28] Isinulat ni Sa'd as-Din at-Taftazani na yumao sa Samarkand noon 792 A.H. [1389 A.C.]

o kaya'y Katangian ng Panginoon. Bagama't ang Salita ay iisa lang ang moda, maaari siyang mabahagi at maputol-putol sa madami pagdating sa tao. At katulad ng kabuohan nito ay Qur'an al-karim ang tawag ganoon din sa mga bahagi maaari din tawagin na Qur'an al-karim.

Ang mga iskor ng tamang landas ay nagkakaisa sa pagsabi na ang Kalam an-nafsi ay hindi nilikhang bagay at ito ay qadim (walang simula). Walang ganitong pagkakaisa pagdating sa kung hadith ba o qadim ang Kalam al-lafzi. May mga naniniwala na ang Kalam al-lafzi ay hadith na nagbanta na mas mainam na hindi na sabihin na ito ay hadith upang hindi magkaroon ng maling akala na ang Kalam an-nafsi ang tinutukoy na hadith. Ito ang pinaka magandang naisabi sa paksang ito. Kapag ang utak ng tao ay nakakarining ng isang bagay na nagpapahiwatig ng ibang bagay ay maiisip niya kaagad ang ibang bagay na ito. Tuwing maring ang isang iskolar ng tamang landas na magsabi na ang Qur'an al-karim ay hadith ay dapat natin maunawaan na ang tinutukoy niya dito ay ang tunog at titik na ating binibigkas gamit ang bibig. Ang mga iskolar ng tamang landas ay nagkakaisa na ang parehong Kalam an-nafsi at ang Kalam al-lafzi ay Salita ng Allahu ta'aala. Bagama't may iilan sa mga iskolar ang naniniwalang talinghaga ito, lahat sila ay nagkakaisa na ito ay Salita ng Panginoon. Ang ibig sabihin ng pagiging Salita ng Allah ng Kalam an-nafsi ay ito'y Katangian ng Pagsasalita ng Allahu ta'aala at ang ibig sabihin naman ng pagiging Salita ng Allah ng Kalam al-lafzi ay ito'y nilikha ng Allahu ta'aala.

Question: "Sa naisulat sa taas ay maaaring nating maunawaan ang walang simulang Salita ng Allahu ta'aala ay hindi maaaring marinig. Ang ibig sabihin ng taong magsabi na, 'Narinig ko ang Salita ng Allah,' ay 'Narinig ko ang mga tunog at titik na nabigkas' o kaya'y 'Naintindihan ko ang walang simulang Kalam an-nafsi sa pamamagitan ng mga salitang ito.' Ang lahat ng mga Propeta, at ang lahat ng tao, ay nakakarinig dito sa pamamagitan ng dalawang paraan. Ano ang dahilan ng paggugunita kay Moises 'alayhissalaam' bilang Kalim-Allah (siyang kinausap ng Allahu ta'aala)?"

Answerb: Narinig ng Moises 'alayhissalaam' ang Walang Simulang Salita ng hindi sa titik o tunog, sa paraan na naiiba sa 'Adat al-Ilahiyya (batas ng pagsanhi). Narinig niya ito sa paraan na hindi maaaring ipaliwanag, tulad ng hindi maunawaan din ang pagkakita sa Allahu ta'aala sa Paraiso. Wala nang ibang tao ang nakarinig sa ganitong paraan.O kaya'y narinig niya ang Salita ng Allahu ta'aala bilang tunog na hindi lamang sa pamamagitan ng

kaniyang taynga ngunit pati narin sa bawat atomo ng kaniyang katawan at nagmumula sa lahat ng direksyon. O kaya'y narinig niya ito mula sa direksyon lamang ng puno ngunit hindi ito sa tunog o sa paggalaw ng hangin o sa pamamagitan ng ibang paraan. At dahil narinig niya ito sa isa mga tatlong paraang nabanggit ay ginunita siya sa pangngalang **'Kalim-Allah'**. Si Muhmmad 'alayhis salaatu wassalaam' ay narinig din ang Salita ng Panginoon sa ganitong paraan noong Gabi ng Mi'raj. Ganito din ang pagdinig ng Jibril 'alayhissalaam' sa tuwing tinatanggap niya ang wahy.

4. Ang ika-apat sa anim na haligi ng Iman ay ang **"maniwala sa mga Propeta ng Allahu ta'aala,"** na ipinadala upang madatnan ng tao ang daan na Kaniyang kinalulugdan at upang gabayin sila sa tamang landas. Sa leksiko, ang ibig sabihin ng 'rusul' (pangmaramihan ng rasul) ay ang mga 'taong ipinadala, sugo.' Sa Islam, ang ibig sabihin ng **'rasul'** ay 'kagalang-galang, respetadong tao na mayroong pagkatao, asal, kaalaman at talino na mas mataas kaysa sa lahat ng tao sa kapanahunan niya, at walang niisang masamang katangian sa kaniyang pagkatao at wala ding kinasusukalaman na katangian.' Ang mga Propeta ay mayroong katangian na **'Ismah**; ibig sabihin ay hindi sila nakakagawa ng kahit anong kasalanan, malaki man o maliit, bago pa man o pagkatapos nila nabalitaan tungkol sa kanilang nubuwwa (pagiging propeta, pagiging sugo). [29] Pagkatapos nila nabalitaan tungkol sa kanilang nubuwwa at hanggang napag-alaman na ang kanilang nubuwwa at kumalat na sa tao ay wala silang anumang depekto tulad ng pagkabulag, pagkabingi, atbp. Nararapat na paniwalaan na ang bawat Propeta ay mayroong pitong katangian: **Amaana** (magpagkatiwalaan), **Sidq** (dedikasyon), **Tabligh** (pagpapahiwatig), **'Adaalah** (makatarungan), **'Ismah** (proteksyon mula sa pagsasala), **Fataana** (sukdulan ng talino), **Amn al-'azl** (proteksyon mula sa pagkawala ng nubuwwa).

Ang Propeta na nagdala ng bagong relihiyon, (ibig sabihin ay bagong batas) ay **"Rasul"** (Sugo) ang tawag. Ang Propeta na hindi nagdala ng bagong relihiyon ngunit naghalina sa tao patungo sa dating relihiyon ay

[29] Mayroong mga hindi naniniwala, na patagong sumusubok na sirain ang Islam, na nagsasabi na, "Bago siya naging Propeta, si Muhammad 'alayhis salatu wassalaam' ay nag-alay ng mga hayop sa mga rebulto," at ginagamit ang mga libro ng mga la-madhhabi bilang ebidensya. Ang mga linya sa taas ay nagpapakita na ang mga salita nila ay pawang kasinungalingan.

"Nabi" ang tawag. [30] Sa pagpapahayag ng mga alituntunin at sa paghalina sa tao patungo sa relihiyon ng Allahu ta'aala ay walang pinagkaiba sa Rasul at sa Nabi. Nararapat na ating paniwalaan na ang lahat ng mga Propeta, at walang eksepsyon, ay mayroong dedikasyon at hindi nagsisinungaling. Ang siyang hindi naniniwala sa kahit isa kanila ay hindi naniniwala sa lahat.

Ang nubuwwa ay hindi maaaring matamo sa pamamagitan ng matinding pagtrabaho, sa pagtiis ng gutom at kahirapan, o kaya'y sa pagdadasal ng sobra-sobra. Ito ay matatamo lamang sa biyaya ng Allah at Kaniyang kagustuhan. Ang mga relihiyon ay ipinadala sa pamamagitan ng mga Propeta upang matamo ng tao ang maayos at makabuluhang pamumuhay sa mundong ito at sa susunod, at upang mapalayo sila sa mga nakakapinsalang gawain at upang matamo nila ang kaligtasan, gabay, kapayapaan, at kaligayahan. Bagama't marami silang kaaway at kinutya at pinahirapan ng sobra ang mga Propeta ay hinding-hindi nila kinatatakutan ang kanilang mga kaaway at hindi sila nagpakita ng anumang pagdadalawang isip sa pagpahayag sa tao ng mga utos ng Allahu ta'aala na patungkol sa mga haligi ng paniniwala at mga gawaing pangrelihiyon. Sinuportahan ng Allahu ta'aala ang Kaniyang mga Propeta sa pamamagita ng mu'jiza upang ipakita na sila'y may dedikasyon at hindi nagsisinungaling. Walang niisang nakalaban sa kanilang mga mu'jiza. Ang mga taong sumusunod sa isang piliing Propeta ay kaniyang **umma**. At sa Araw ng Paghuhukom, ang mga Propeta ay pahihintulutang mamagitan para sa kanilang mga umma, lalo na para sa mga silang labis na nakasala, at ang kanilang pamamagitan ay tatanggapin. Ang Allahu ta'aala ay pahihintulutan din ang mga 'ulama', sulaha' at awliya' mula sa kanilang umma na mamagitan at tatanggapin ang kanilang pamamagitan. Ang mga Propeta 'alayhimus salawaatu wattasliimaat' ay buhay sa kanilang mga libingan na mayroong klaseng buhay na hindi natin kayang malaman; ang lupa ay hindi niya kinakain ang kanilang mabiyayang katawan upang mabulok ito. Sa dahil dito, sinabi sa isang hadith-i-sharif: **"Ang mga Propeta ay nagsasalah at naghahajj sa kanilang mga libingan."**[31]

[30] Ang 'rasul' ay isinalin din bilang 'Propeta' sa teksto

[31] Sa Arabya ngayon, mayroong mga tinatawag na **Wahhabi**. Hindi sila naniniwala sa mga ganitong hadith-i-sharif. Tinatawag nila ang mga tunay na Muslim na niniwala sa mga hadith-i-sharif na ito na "taong hindi nananampalataya". Hindi sila nagiging kafir dahil lamang sa maling pag-intindi sa mga ayat-i-karima at sa hadith-i-sharif na mayroong hindi klaro at may madaming kahulugan; sila ay naging mga tao na bid'a. Labis nila nasasaktan

Sa pagtulog ng mabiyayang mata ng isang Propeta ay gising na gising naman ang puso nito. Ang lahat ng mga Propeta ‘alayhim-us-salaam’ ay pantay-pantay sa pagsagawa ng kanilang mga tungkulin bilang mga Propeta at sa pagtaglay ng mga katangiang perpekto ng nubuwwa (pagkapropeta). Ang mga nabanggit na pitong katangian ay mahahanap sa kanilang lahat at walang niisang Propeta ang inalis mula sa pagiging propeta niya. Ngunit ang mga Awliya’ ay maaaring maalis mula sa Wilaya. Ang mga Propeta ay mga tao at hindi jinn o kaya’y anghel, at itong dalawa ay hinding-hindi maaaring maging propeta para sa mga tao o kaya’y makamit ang antas ng mga Propeta. Ang mga Propeta ay mayroong pagsuperyor at mga parangal na naiiba sa isa’t isa. Halimbawa, ang umma ng isang Propeta ay maaaring maging mas malaki ang bilang, o kaya’y mas madaming tao sa bayan kung saan ipinadala ang isang Propeta kumpara sa isang Propeta o sa ibang mga Propeta, o kaya’y pinarangalan siya ng mga biyaya at grasya na mas superyor o kaya’y mas marami at panghabang buhay ang kaniyang mga mu’jiza; ang Propeta ng Huling Panahon, si Muhammad ‘alayhis salaatu wassalaam’, ay mas mataas kaysa sa ibang mga Propeta. Ang mga Propeta na binansagan na ‘Ulul ‘azm’ ay mas mataas sa iba at ang mga Rasul ay mas mataas ang antas kaysa sa mga Nabi na hindi Rasul.

Ang bilang ng mga Propeta ‘alayhim-us-salaam’ ay hindi natin batid. Ngunit alam ng nakararami na ang bilang nila ay higit pa sa 124,000 libo. 313 o kaya’y 315 mula dito ay mga Rasul; ang mga **Ulu-l-‘azm** ay sina: **Adam, Nuh** (Noah)**, Ibrahim** (Abraham)**, Musa** (Moises)**, ‘Isa** (Hesus)**, Muhammad Mustafa** ‘alayhi wa ‘alayhim afdauls salaati wassalaam’.

---

ang mga Muslim. Ang grupo ng Wahhabi ay sinimulan ng isang taong nagngangalang Muhammad bin ‘Abd-ul-Wahhab na mula sa bayan ng Najd. Si Hempher, isang ispiya ng British ay nilinlang siya sa pamamagitan ng mga ideyang heretiko ni Ahmad ibn Taymiyya (yumao noong 728 [1328 A.C.], Damasco). Ito ay kumala sa mga Turko at sa lahat ng sulok ng mundo sa pamamagitan ng mga libro ng isang taga-Ehiptong nagngangalang Muhammad ‘Abduh (yumao noong 1323 [1905 A.C.]). Ang mga iskolar ng **Ahl as-Sunnah** ay pinatunayan sa loob ng daang-daang libro nila na ang mga Wahhabi ay hindi taga-sunod sa isang ikalimang madhhab at na sila ay mga heretiko na tumatahak sa isang maling landas. Ang mga detalyadong kaalaman ay mahahanap sa **Endless Bliss,** sa **Confessions of a British Spy,** at sa **Advice for the Muslim.** Nawa’y protektahan ng Allahu ta’aala ang mga kabataang relihiyoso mula sa paniniwalang heretiko ng Wahhabi, at nawa’y hindi Niya tayo ilihis mula sa tamang landas ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna, na labis ang papuri sa kanila sa iba’t-ibang hadith-i-sharif! Amin.

Ang mga sumusunod na tatlumput tatlo na Propeta ay kilala ng nakararami: **Adam , Idris , Shith (o Shis) , Nuh , Hud , Salih , Ibrahim , Lut , Ismail, Ishaq , Ya'qub , Yusuf , Ayyub , Shu'aib , Musa , Harun , Khidr , Yusha' ibn Nun , Ilyas , Alyasa' , Dhu-l-kifli , Sham'un , Ismail , Yunus ibn Matta , Dawud, Sulayman, Luqman, Zakariyya, Yahya, 'Uzair, 'Isa ibn Mariam, Dhu'l Qarnain, and Muhammad 'alayhi wa 'alayhim afdalus salati wassalaam'.**

Dawamput walo lang mula sa nabangit ay nabanggit sa Qur'an al-Karim. Si Shith, Khidr, Yusha, at Sham'un at Ismail ay hindi nabanggit. Sa dalawmput walo, hindi mabatid kung sina Dhu-l Qarnayn, Luqman at Uzair ba ay mga Propeta o hindi. Naisulat sa tatlumput anim na liham ng ikalawang kabanata ng **Maktubat-i-Ma'thumiyya** na mayroong katanggap-tanggap na ulat nagsasabing Propeta si Khidr 'alayhis salaam'. At naisulat din sa ika-108 na liham: "Na madalas nagpapakita ang Khidr 'alayhis salaam' sa anyong tao at gumagawa na mga bagay-bagay ay patunay na siya'y buhay. Binigyan ng Allahu ta'aala ang kaniyang kaluluwa, tulad din ng ibang mga Propeta at Wali, ng abilidad na magpakita gamit ang anyong tao. Ngunit ang pagkakita sa kanila ay hindi nagpapatunay na sila'y buhay." Si Dhu-l-kifli 'alayhissalaam' ay tinawag din na sa pangngalang Harqil, at mayroong sabi na katulad din siya nina Ilyas, Idris o kaya Zakariyya.

Si Ibrahim 'alayhissalaam' ay ang Khlil-Allah, dahil walang pagmamahal sa nilikhang bagay at mayroon lamang pagmamahal sa Allah ang matatagpuan sa kaniyang puso. Si Musa 'alayhissalaam' ay ang Kalim-Allah dahil nakausap niya ang Allahu ta'aala. Si 'Isa 'alayhissalaam' ay ang Kalimat-Allah dahil wala siyang tatay at ipinanganak lamang sa pamamagitan ng al-Kalimat al-Ilahiyya (ang Salita ng Panginoon) 'Magkaroon!'. Dagdag pa dito ay ang pagturo niya ng salita ng Allahu ta'aala na puno ng Aral ng Panginoon at ibinalita niya ito sa taynga ng mga tao.

Si **Muhammad** 'alayhis salaatu wassalaam', ang dahilan kung bakit linikha ang lahat ng nilalang at ang pinaka mataas ang antas, ang pinaka dakila, at ang pinaka marangal sa lahat ng tao ay ang Habib-Allah. At dahil dito, ang mga salita tulad ng 'nadaig' o 'natalo' ay hindi maaaring sabihin tungkol sa kaniya. Sa Araw ng Pagkabangon, babangon siya sa kaniyang libingan bago pa makabangon ang iba, mauuna siyang pupunta sa lugar ng Paglilitis at mauuna siyang papasok sa Paraiso. Bagama't ang mga magagandang katangian sa kaniyang pag-uugali ay hindi maaaring bilangin, at walang pangtaong lakas

ang makakayanang bilangin ang mga ito, papalamutian natin ang ating aklat sa pamamagitan ng pagsulat ng iilan sa mga ito:

Isa sa kaniyang mga himala ay ang pag-angat niya sa **Mi'raj**: habang siya'y na sa kama sa al-Makkah al-Mukarrama, siya ay ginising at ang sagrado niyang katawan ay dinala sa Mosque ng Aqsa sa Jerusalem (Quds), at pagkatapos ay sa langit, at pagkatapos ng ika pitong langit ay idinala siya sa mga lugar na itinalaga ng Allahu ta'aala. Dapat natin paniwalaan ang Mi'raj sa ganitong paraan. [32] Kung anu-ano ang mga nangyari noong Mi'raj ay nakasulat ng detalyado sa iba't ibang mahahalagang libro lalo na ang **Shifa'-i-sharif.** [33] Siya at si Jibril 'alayhissalaam' ay naglakbay mula sa Makkah papunta ng **Sidrat al-Muntaha**, isang puno sa ika-anim at ika-pitong langit. Walang anu-ano ma'ng kaalaman ang nakakabatid kung ano ang matatagpuan paglagpas nito at walang anumang paglakbay. Sa Sidra, nakita ng Rasulullaah 'alayhis salaatu wassalaam' ang Jibril 'alayhissalaam' sa tunay nitong anyo kasama ang kaniyng anim na daang pakpak. Si Jibril 'alayhissalaam' ay namalagi sa Sidra. Mula Makkah hanggang Jerusalem, at hanggang sa ika-pitong langit ay dinala ang Rasulullaah 'alayhis salaatu wassalaam' sa **Burraaq**, isang puti, napakabilis, walang kasarian at mahiwagang hayop na mula sa Paraiso. Maliit pa ito sa mola ngunit malaki pa sa asno. Tumatapak ito sa maaabot ng kaniyang mga paa. Sa Mosque ng Aqsa, nagsalah ng sabay-sabay ang Rasulullaah 'alayhis salaatu wassalaam' at ang iba pang mga Propeta na kung saan siya ay nag naging imam. May nagsasabing panggabing salah ito at mayroon din nagsasabing pang-umaga. Ang mga kaluluwa ng mga Propeta ay naroroon sa kanilang pangtaong anyo. Mula sa Jerusalem hanggang sa ika-pitong langit ay siya'y pinataas sa isang higlap sa pamamagitan ng isang akyatang nagngangalang **Mi'raj**. Sa daan papunta doon ay nagpila-pila ang mga anghel sa kanan at sa kaliwa at siya'y ginunita at binati. Sa bawat langit ay ipinahayag ng Jibril 'alayhissalaam' ang kay gandang balita na pagdating ng Rasulullaah 'alayhis salaatu wassalaam'. Sa loob ng bawat langit naman ay mayroon

[32] Ang mga heretikong Ismai'li at mga kalaban ng Islam na nagpapanggap bilang iskolar ng Islam ay sinusubukang ilinlang ang mga kabataan sa pamamagitan ng pagsabi at pagsulat na ang Mi'raj ay hindi isang pisikal na pag-ahon ngunit ito'y isang ispiritwal na kalagayan lamang (hal). Dapat ay hindi natin bilihin ang mga ganitong mapanira ng libro, dapat ay hindi natin silang hayaan na tayo'y ilinlang.

[33] Qadi 'Iyad al-Maliki, ang tagasulat ng **Shifa'**. Yumao sa Morocco noong taong 544 [1150 A.C.]

siyang nakikita at nababati na Propeta. Sa Sidra ay marami siyang nakitang nakakamanghang bagay, ang mga biyaya sa Paraiso at mga parusa sa loob ng Impyerno. Hindi niya tinignan ang mga biyaya sa Paraiso dahil sa labis niyang kagustuhan at kagalakan makita ang Jamal ng Allahu ta'aala. Paglagpas ng Sidra ay mag-isa na siyang tumuloy sa kaniyang paglalakby habang siya'y napapaligiran ng nur (liwanag). Narinig niya ang tunog ng paggalaw ng mga panuat ng mga anghel. Dumaan siya sa pitumput na libong kurtina kung saan ang distansya ng bawat kurtina ay parang isang daan na limang daang taong tatahakin. Pagkatapos nito ay linakbay niya papuntang Kursi habang nakasakay sa **Rafraf**, isang higaang mas maliwanag pa sa araw, hanggang umabot siya sa 'Arsh. Lumagpas siya sa 'Arsh, sa labas ng lugar na sakop ng oras, puwang at bagay hanggang umabot sa lugar kung saan ipaparinig sa kaniya ang Salita ng Allahu ta'aala.

Nakita niya ang Allahu ta'aala sa paraang hindi mabatid o kaya'y maipaliwanag, tulad ng pagkakita natin sa Allahu ta'aala sa kabilang buhay na paraang hindi sakop ng oras at puwang. Kinausap niya ang Allahu ta'aala hindi sa pamamagitan ng titik o tunog. Ginunita niya ang Allahu ta'aala, linuwalhati at binati Siya. Siya ay binigyan ng hindi mabilang na dami ng biyaya at parangal. Siya at ng kaniyang Umma (ang mga Muslim) ay inutusan na magsagawa ng namaz limampung beses sa isang araw. Subalit ang numerong ito ay paunti-unting binawasan na'ng dahil kay Nabi Musa 'alayhissalaam'. Noong hindi pa ganito, ang namaz ay isinasagawa sa umaga lamang,hapon, at gabi. Pagkatapos ng napakahabang paglalakbay, at pagkatapos matamo ang mga gantimpala at biyaya, at pagkatapos makakita at makarinig ng napakaraming mga nakakamanghang bagay ay siya'y naroon na ulit sa kaniyang higaang hindi pa nawala ang kainitan. Ang aming naisulat sa may itaas ay hango mula sa mga ayats at mga hadith. Hindi obligado sa atin na maniwala sa lahat ng ito. Subalit, dahil mga iskolar ng Ahl as-Sunna ang nagpahayag ng mga ito ay ikalalayo ng isang tao mula sa Ahl as-Sunna kung tanggihan niya ang mga ito. At ang siyang hindi maniwala sa kahit isang ayat o hadith ay makakalabas sa Islam.

Mangyari na ating banggitin ang iilan sa mga hindi mabilang-bilang na ebidensyang nagpapakita na si Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam' ay ang Pinakadakila (Sayyid al-Anbiya') mula sa mga Propeta 'alayhimus salawaat wattaslimaat'.

Sa Araw ng Paghuhukom lahat ng mga Propeta ay sisilong sa lilim nga kaniyang bandila. Inutusan ng Allahu ta'aala ang lahat ng Propeta 'alayhimus salaam' na kung sila'y buhay pa sa kapanahunan ni Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam', na siyang pinakapili sa lahat ng Kaniyang nilikha, ay maniwala sila sa kaniya at maging kaniyang alalay. At saka, ang lahat ng Propeta ay nagbilin din nga ganito sa kanilang mga tao bago sila nalagutan ng hininga.

Si Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam' ay ang **Khatam al-anbiya'** (ang Kahulihulihang Propeta); wala nang iba pang Propeta ang susunod sa kaniya. Ang kaniyang mabiyayang kaluluwa ay nilikha bago pa nilikha ang kaluluwa ng ibang Propeta. Ang istasyon ng nubuwwa ay unang ibinigay sa kaniya. Nakompleto ang nubuwwa noong pinarangalan niya ang mundong ito sa kaniyang pagdating. At sa pagtungo ng mundo sa kaniyang huling panahon, sa panahon ng Hadrat al-Mahdi, baba ang 'Isa 'alayhis salaam' mula sa langit patungo sa Damasco upang sumali sa Ummah ni Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam' at ituro ang Islam sa mundo.

[Ang mga heretikong tinatawag na **Qadiani** o **Ahmadi** na binuo ng mga British sa India noong taong hijri 1296 [1880 A.C.], ay nagpakakalat din ng mga kasinungalingan tungkol kay 'Isa 'alayhis salaam'. Bagama't pinapahayag nilang Muslim siya, sinisikap nilang sirain ang Islam mula sa loob. Mayroon nang isang fatwang ipinahayag na nagsasaad na hindi sila mga Muslim.

Isa pang grupong heretiko, na binubuo ng mga zindiqs, na lumitaw sa India ay ang grupong nagngangalang **Jama'at at-Tablighiyya**. [34] Ang sekta nila ang unang binuo noong 1345 [1926 A.C.], ng isang mangmang na si Ilyas. Iginiit niya na ang mga Muslim ay "lumihis na mula sa tamang landas" at iginiit niya na mayroon siyang panagininp na kung saan binigyan siya ng sagradong kautusan na "iligtas sila mula sa pagkaligaw." Sinabi lamang niya ang kaniyang napagaralan mula sa mga aklat na isinulat ng kaniyang mga guro na sina Nezir Huseyn, Rashid Ahmad Kankuhi at si Khalil Ahmad Seharanpuri na mga heretiko din. Ang diskarte na kanilang ginagamit upang ilinlang ang mga Muslim ay "ang pagpapaalala palagi tungkol sa kahalagahan ng salah at jama'ah. Ang katotohanan ay ni isang salah ng heretiko ay tatanggapin dahil hindi sila kasama sa grupo ng **Ahl**

[34] Mangyaring basahin ng ikatlumput-anim na kabanata ng ikalawang pasikulo ng **Endless Bliss.**

as-sunnah. Ang pinakaunang bagay na dapat gawin ng mga taong ito ay ang magbasa ng mga aklat na isinulat ng mga tunay na iskolar ng Islam, linisin ang kanilang sarili mula sa mga paniniwalang heretiko, at maging tunay na Muslim. Ang mga tao na sinasadyang magbigay ng hindi tamang pag-intindi sa mga ayat ng Qur'an al-Karim na tago ang tunay na kahulugan ay **kampon ng bid'ah** o kaya'y **heretiko**. At ang mga kalaban ng Islam na binigyan nila ang mga ganitong ayats ng kahulugan na ayon sa kanilang mapanlinlang at ideyang heretiko ay **zindiq** ang tawag. Sa paggawa nila ng ganito ay sinusubukan ng mga taong ito na baguhin ang Qur'an al-Karim at ang Islam. Ang tunay na dakilang kalaban na gumagawa at sumusuporta sa mga ideyang heretiko na ito ay ang mga British na gumagastos ng bilyon bilyon para sa mga kasuklam-suklm na layunin na ito. Ang mga kasapi sa **Tabligh-i-jama'at** na pawang walang alam at walang kamalay malay na instrumento na nahulog sa patibong na inilaan ng mga kafir na British, sila ay sukdulan ang pagsikap upang malinlang an mga Muslim sa pamamagitan ng pagtawag sa kanilang sarili na **Sunni**, sa pagsagawa ng kanilang pangaraw-araw na salah at sa pagsisinungaling. Ang mga taong ito ay katulad ng pugad ng stork na nasa itaas ng minarete at dadanasin nila ang walang kamatayang apoy sa pinakamalalim na mga bambang ng Impyerno. Nakasuot ng malaking turban, pagpapahaba ng

bigote, pagsusuot ng kanilang mahahabang damit na jubba ang tawag, pagbabasa ng mga banal na ayat-i-karima at pagsinungaling ay isa sa kanilang mga diskarte na ginagamit ng mga taong ito sa kanilang masamang programa upang ilinlang ang mga Muslim. Subalit, ang isang hadith-i-sharif ay ganitong-ganito any pagsabi: **"InnAllaha la yanzuru ila suwarikum wa siyabikum wa lakin yanzuru ila qulubikum wa niyyatikum,"** na ang ibig sabihin ay: "Ang Allahu ta'aala ay hindi tumitingin sa inyong anyo at mga damit, subalit sa inyong mga puso at intensyon." Isang distich:

Kad-du buland dared, dester para, para

Chun ashiyani laklak, ber kalla-i-minara

Dahil ang mga taong ito ay hindi makasagot sa mga aklat na inilathala ng **Hakikat Kitabevi** at nagpapatunay na ang mga mangmang na ito ay mga sinungaling. Sinasabi nila na " ang mga aklat ng Hakikat Kitabevi ay mali at heretiko. Wag basahin ang mga aklat na ito." Ang pinaka halatang simtomas na ginagamit upang matagpuan ang mga heretiko at zindiq –

mga kalaban ng Islam – ay ang pagpapalayo ng mga taong ito sa mga tao mula sa pagbasa ng aklat na nagpapahayag ng katuruan ng mga dakilang personalidad mula sa Ahl as-Sunnah sa pamamagitan ng pagdidikit sa kanila at ang ideyang heretiko. Ang aming aklat (na sa wikang Turko) na **Faideli Bilger** (Kapaki-pakinabang na Kaalaman) ay inuusisa ang mga pinsalang ipinasapit ng mga taong ito sa Islam at inilalathala ang mga kasagutan ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah sa kanila. [35]

Si Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam' ay ang may pinakamataas na antas sa mga Propeta at siya ay ang habag ng Allahu ta'aala sa Kaniyang mga nilalang. Labing walong 'alam (mundo ng mga nilalang) ang tumatanggap ng benepisyo mula sa kaniyang karagatan ng biyaya. Batay sa pinagkaisahan (ng mga iskolar ng Islam), siya ang Propeta ng lahat ng tao at jinn. Madami din (mula sa mga iskolar) ang nagsabi na siya ay Propeta ng mga anghel, pananim, hayop, at sa lahat ng bagay. Ang ibang Propeta ay ipinadala sa eksaktong tribo sa eksaktong bansa, ang Rasulullaah 'alayhis salaatu wassalaam' ay ang Propeta ng kalawakan at lahat ng nilalang na may buhay at wala. Ang Allahu ta'aala ay itinawag ang ibang Propeta sa pamamagitan ng kanilang mga pangngalan. Subalit si Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam', ay pinarangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa kaniya na "O aking Propeta(Rasul)!" Ibinigay sa kaniya ang mga himalang ibinigay sa ibang Propeta. Ang Allahu ta'aala ay binigyan siya ng mas maraming biyaya at pinarangalan siya ng mas maraming himala kumpara sa kahit sino mula sa Kaniyang mga Propeta. Ginawa siyang mas mataas ang antas sa lahat ng Propeta kasama na ang di mabilang ng mga parangal at pangingibabaw: nabiyak ang buwan sa dalawa noong nagsinyales siya gamit ang kaniyang sagradong daliri; ang mga bato na nasa kaniyang palad ay binanggit ang Pangngalan ng Allah; binabati siya ng mga puno sa pamamagitan ng pagsabi, "O Rasulullaah"; ang tuyong troso na Hannana ang tawag ay umiyak dahil hindi siya natatabihan ng Rasulullah 'alayhis salaatu wassalaam'; umagos mula sa pagitan ng kaniyang daliri ang malinis na tubig; ang mataas na antas ng **al-Maqam al-Mahmud, ash-Shafa'at al-Kubra, al-Hawd, al-Kawthar, al-Wasila,** at **al-Fadila** ay ipinangako sa kaniya sa Kabilang-buhay; natamo niya ang parangal ng pagkakita sa Jamal

[35] Mangyaring tingnan ang aming ibang nailathala sa wikang Inggles lalo na ang **The Sunni Path, Endless Bliss,** ang anim na pasikulo nito, **Belief and Islam,** at **Documents of the Right Word.**

ng Allahu ta'aala bago siya papasok sa Paraiso; nasa kaniya ang pinaka magandang asal sa buong mundo, ang pinaka perpektong paniniwala, kaalaman, kabaitan, pasensya, pagiging mapasalamat, zuhd[36], kalinisang-puri, pagiging makatarungan, kabayanihan, pagiging mahiyain, tapang, pagiging mahinhin, karunungan, kagandahang asal, pagiging matulungin, pagiging maawain, at napakarami pang ibang parangal at marangal na katangian. Walang iba maliban sa Allahu ta'aala ang nakakabatid sa dami ng himalang ibinigay sa kaniya. Ipinawalang-bisa ng relihiyon niya ang ibang relihiyon na nauna dito[37]. Ang kaniyang relihiyon ang pinakamaganda at pinakamataas ang antas sa lahat ng relihiyon. Ang kaniyang Umma ang pinaka mataas na antas sa lahat ng ibang umma. Ang mga Awliya' ng kaniyang umma ay mas marangal pa kaysa sa Awliya' ng ibang umma.

Sa mga Awliya' ng Umma ni Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam', ang pinaka nararapat maging kaniyang (pinaka-unang) Khalifa (caliph) ay si **Abu Bakr as-Siddiq** 'radiyAllahu ta'aala 'anhu', na siyang pinaka kinalulugdan ng mga Awliya' at ng mga imam at ang pinaka nararapat maging caliph kumpara sa iba. Pagkatapos ng mga Propeta, sa kaniya ang pinaka mataas na antas at pinakamabuting tao na nabuhay. Siya ang unang nakatamo ng antas at parangal ng caliphate. Bilang pabor at biyaya mula sa Allahu ta'aala, hindi siya sumamba ng rebulto kahit noong wala pa ang Islam. Siya protektado mula sa depekto ng kawalang-paniwala at ng heretika. [38]

Pagkasunod sa kaniya, ang pinakamabuting tao ay ang ikalawang Khalifa ng Rasulullaah 'alayhis salaatu wassalaam' na si **'Umar ibn al-Khattab** 'radiyAllahu ta'aala 'anhu', na siyang ipinili ng Allahu ta'aala na maging kaibigan ng Kaniyang Pinakamamahal na Propeta.

Pagkasunod sa kaniya, ang pinakamabuting tao ay ang ikatlong Khalifa ng Rasulullaah 'alayhi salaatu wassalaam' na si Dhu-n-Nurain **'Uthman ibn 'Affaan** 'radiyAllahu ta'aala 'anh, isang kayaman na puno

[36] Pagtatalikod mula sa makamundong kagustuhan at kasiyhan.

[37] (Ibig sabihin, siya na ang huling relihiyon.)

[38] Maaari na ngayong intindihin mula sa salitang ito tungkol kay Abu Bakr as-Siddiq 'radiyAllahu ta'aala 'anh' kung gaano kahina at kamangmang ang mga tao na iniisip o isinusulat na ang Rasulullaah 'alayhis salaatu wassalaam' ay sumasamba sa rebulto bago siya naging Propeta.

ng pabor, biyaya, modelo ng pagiging mahiyain, paniniwala, at ispiritwal na kaalaman.

Pagkasunod sa kaniya, ang pinakamabuti mula sa tao ay ang ika-apat na khalifa ng Rasulullaah ‘alayhis salaatu wassalaam’ na si **‘Ali ibn Abi Talib** ‘radiyAllahu ‘anh’, may ari ng mahihiwagang katangiang nakatataas at siyang tinatawag na Leon ng Allahu ta’aala.

Si Hadrat **Hasan ibn ‘Ali** ‘radiyAllahu ‘anhuma’[39] ay naging Khalifa pagkatapos niya. Ang tatlumput na taon ng caliphate na nabanggit sa hadith ash-sharif ay ikinumpleto niya. Pagkatapos niya, ang pinakamabuting nilalang ay si Hadrat **Husayn ibn ‘Ali** ‘radiyAllahu ‘anhuma’, ang ilaw ng mata ng Rasulullaah ‘alayhis salaatu wassalaam’.

Ang mga katangiang nakatataas na ito ay nakabase sa pagtamo nila ng mas mataas na thawab; paglisan ng kanilang bansa at mahal sa buhay para sa Islam; pagiging Muslim mas nauna pa kaysa sa iba; pakikibagay sa Rasulullaah ‘alayhis salaatu wassalaam’ hanggang sa sukdulan ng kakayanan; pag-alay ng kanilang sarili sa kaniyang sunna; pagsikap upang maipahayag ang kaniyng relihiyon; at pagsugpo ng kawalan ng paniniwala, fitna, at katiwalian.

Si Hadrat ‘Ali ‘radiyAllahu ‘anh’ ay niyakap ang Islam bago pa ang lahat, maliban kay Hadrat Abu Bakr ‘radiyAllahu ‘anh’. Kahit na siya’y bata pa, walang ari-arian at nakatira sa tahanan ng Rasulullaah ‘alayhis salaatu wassalaam’ at sinisilbihan siya. Dahil dito ay ang kaniyang pagyakap sa Islam ay hindi nagsanhi ng pagyakap ng Islam ng mga walang paniniwala sa Islam, at sundin ang kaniyang yapak o kaya’y matalo. Sa kabilang palad, ang pagyakap ng Islam ng tatlong naunang Khalifa ay nagpalakas sa Islam. Bagama’t si Hadrat ‘Ali at ang kaniyang mga anak na lalaki ‘radiyAllahu ‘anhum’ ang pinakamalapit na kamaganak ng Rasulullaah ‘alayhis salaatu wassalaam’ at kadugo ng Rasulullaah ay masasabing mas mataas ang kanilang antas kaysa sa Hadrat Abu Bakr at Hadrat ‘Umar, hindi ito kalamangan sa lahat ng aspeto at hindi ito nakatulong sa kanila upang malampasan sa lahat ng aspeto ang mga dakilang taong ito. Ito ay kahalintulad ng pagturo ni Khidir ‘alayhis salaam’ ng isang bagay kay Musa ‘alayhis salaam’. [40]

[39] Si Hasan ibn ‘Ali ay nilason at namatay dahil dito sa Madina-i-Munawwara noong 669 A.C.

[40] Kung ang dugo ay ang pawang basehan ng kataasan ng antas ay si Hadrat ‘Abbas’ ang mas mataas dapat kung ganoon kaysa sa Hadrat ‘Ali. Bukod dito, si Abu Talib at si Abu

Si Hadrat **Fatima** ay mas mataas ang antas kaysa kay Hadrat **Khadija** at kay Hadrat **'Aisha** 'radiyAllahu ta'aala 'anhunna' dahil mas malapit siya Propeta pagdating sa dugo. Subalit ang isang tipo ng kalamangan ay hindi nagpapahayag ng kalamangan sa lahat ng aspeto. Base sa maaaring maintindihan sa isang hadith ash-Sharif, ang tatlong ito at si Hadrat **Mariam** at ang asawa ng Paro na si Hadrat **Asiya** ay ang limang pinaka mataas na antas mula sa kababaihan ng mundong ito. Ang hadith ash-Sharif na nagsasabing, **"Si Fatima ay ang pinakamataas sa mga kababaihan ng Paraiso, at ang Hasan at Husayn ay ang pinakamataas sa mga kabataan ng Paraiso,"** at tumutukoy lamang sa isang klaseng respeto.

Ang sumunod na pinaka mataas ang antas mula sa Sahabat al-Kiram (Kasamahan ng Propeta) ay ang **'Asharatul Mubashshar',** ang sampung taong pinarangalan ng magandang balita na pagpasok sa Paraiso. Pagkatapos nila, ang pinakamataas na antas ay ang 313 na Muslim na sumali sa Sagradong Giyera na ang Badr. Sumunod ay ang 700 na matatapang na Muslim na sumali sa Sagradong Giyera ng Uhud. Pagkatapos nila ay ang **Bai'at-ar-Ridwan,** ng 1400 na Muslim na isinumpa ang kanilang katapatan sa Rasulullaah sa ilalim ng puno.

Ang Sahabah al-Kiram 'radiyAllahu 'anhum ajmain ay nagbuwis ng kanilang buhay at ari-arian para sa Rasulullaah 'sallAllahu 'alayhi wasallam' at tinulungan siya. Nararapat (wajib) sa atin ang bigkasin ang pangngalan na kahit sinoman sa kanila na may paggalang at pagmamahal. Hinding-hindi pinahihintulutan na magsalita ng ikasisira ng kanilang kadakilaan. Erehe ang bigkasin ang pangngalan nila ng walang paggalang.

Ang siyang mahal ang Rasulullaah 'alayhis salaatu wassalaam' ay dapat mahalin din ang lahat ng kaniyang Sahaba (Kasama). May hadith-i-sharif nagsasabi: **"Sinoman ang mahal ang aking Sahaba ay mahal sila dahil mahal nila ako. Sinoman ang hindi sila mahal ay hindi din ako mahal. Sinoman ang saktan sila ay sinaktan din ako. Sinoman ang saktan ako ay sinubukan niya din saktan ang Allahu ta'aala. At ang taong subukang saktan ang Allah ay makakatanggp ng parusa."** Sa isang hadith naman, ay nagsabi siya: **"Kapag gustohin ng Allahu ta'aala biyayaan ang isang kasapi sa Umma ko, nilalagyan Niya ang kaniyang puso ng pagmamahal para sa aking Sahaba, at mahal na mahal niya ang mga ito."**

Lahab na magkapareho ang dugo sa lahat ng aspeto ay hindi man lang pinarangalan at pinataas ang antas sa pagiging pinaka mababang Mananampalataya.

Sa gayon, hindi dapat isipin na nagaway-away ang mga Sahabat at-kiram para lamang maging Khalifa o kaya'y palugurin ang kanilang masasamang isip o pawiin ang kanilang pangkatawan nilang kagustuhan. Pagkahipokrito na nagdadala patungong pinsala ang magsalita ng masama patungkol sa kanila dahil sa pakahuluganang ito dahil ang pag-iinggit, pagnanasa sa katayuan, at paghangad ng matindi sa mundo ay naiwaksi sa kanilang mga puso sa kadahilanan ng pag-upo nila sa harap ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' at pagdinig ng kaniyang marangal na salita. Sila ay itinuwid at naging malaya sa kasakiman, ambisyon, pagkimkim ng sama ng loob at kasamaan ng katangian; sila ay lubos na nilinis. Kung isasaalang-alang na ang isang taong nanatili sa kinaroroonan ng isang Wali mula sa Umma ng Dinadakilang Propeta ay makakakuha ng benepisyo mula sa kagandahang asal ng Wali at iba pang magagandang katangian nito at nagiging dalisay siya mula sa pangkamunduhang ambisyon, paano sumasabit sa kaisipan ng iba na ang mga Sahaba ng Propeta – ating mga pinuno – na nag-alay ng pagmamahal sa Rasulullaah na mas higit pa sa pagmamahal ng sinoman patungo sa Rasulullaah at sinakripisyo ang kanilang ari-arian at buhay, iniwan ang kanilang bansa para sa kaniya at gustong-gusto nila makasama siya – at ang makasama siya ay pagkain ng kaluluwa – ay hindi malinis mula sa kasamaang asal, hindi dalisay ang kanilang mga nafs at nagaway-away dahil sa mala-bangkay na mundong ito na pansamantala lamang? Ang mga dakilang tao na ito ay tunay na mas dalisay pa kaysa sa sinoman. Hindi tama na ihambing ang mga hindi pagkakasundo, at ang paglalaban sa pagitan nila sa mga bagay-bagay sa pagitan natin, mga taong puno ng poot, at hindi din tama na sabihin na sila ay naglaban para pawiin ang kanilang masama, pangkatawan at makamunduhang kagustuhan. Hindi maaaring magtamo ng ganitong malalaswang isipan patungo sa mga Sahabat al-Kiram. Ang taong magsasalita laban sa kanila ay dapat itanim sa kaniyang isip na ang pagpapakita ng pagkakasalungat patungo sa Sahabat al-Kiram ay pagpapakita din nga pagkakasalungat sa Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhis wasallam', at ang pagsasalita ng masama tungkol sa kanila ay pagsasalita ng masama tungkol sa kaniya na siyang nagturo at nagsanay sa kanila. Sa kadahilanang ito, ang mga dakila ng Islam ay naghatol na ang kawalan ng respeto at maayos na opinyon sa mga Sahabat al-Kiram ay – sa katotohanan ay – pagtanggi sa Sugo ng Allah. Ang mga digmaan ng "Jamal"

(Kamelyo) at “Siffin” ay hindi maaaring gawing rason upang siraan sila. Dahil sa pangrelihiyong kadahilanan ay walang sinoman sa mga Sahaba na humarap kay Hadrat ‘Ali sa mga digmaang iyon ay masama; sa katotohanan ay nararapat silang gantimpalaan sa Araw ng Paghuhukom. May isang hadith-i-sharif na nagsabi: **“Isang gantimpala ay ibibigay sa mujtahid na nagkamali, dalawa o kaya sampu naman ang para sa nakatama. Ang isa sa dalawang gantimpala ay para paggamit ng ijtihad at ang isa pa ay para sa paghanap ng katotohanan.”** Ang hindi pagkakasundo ang paglaban sa pagitan ng mga dakilang personalidad ng Islam ay hindi dahil sa katigasan ng ulo o poot ngunit ito ay dahil sa [pagkakaiba] ng kanilang ijtihad at bunga ng kanilang kagustuhan na gawin kung ano ang inutos ng Islam. Bawat isa sa mga Sahabat al-Kiram ay mujtahid.[41]

Isang fard para sa bawat mujtahid ang kumilos ayon sa bunga nga kaniyang sariling ijtihad kahit pa hindi sangayon ang kaniyang ijtihad sa mujtahid na mas mataas ang antas sa kaniya. Hindi siya pinahihintulutang sumang-ayon lang sa ijtihad ng iba. Si ABu Yusuf at Muhammad ash-Shaibani, mga disipulo ng al-Imam al-A’zam Abu Hanifa Nu’man ibn Thabit (yumao sa Baghdad noong 150 A.H. [767]), at Abu Sawr at Isma’il al-Muzani, mga disipulo ng Imam Muhammad ibn Idris Ash-Shafi’i, (yumao sa Ehipto noong 204 A.H. [820]) ay hindi nagkasundo sa kanilang mga guro sa madaming aspeto at sa mga ibang bagay na idineklara ng kanilang guro bialng **‘haram’** (hindi pinahihintulutan) ay dineklara nilang **‘halal’** (pinahihintulutan), at sa mga iilang bagay na sinabi ng kanilang mga guro na ‘halal’ sinabi nilang ‘haram.’ Hindi sila maaaring akusahan na nagsala o kaya’y masasama dahil dito. Walang sinoman ang nagsabi ng ganito dahil sila ay mujtahid tulad ng kanilang mga guro.

Totoo na si Hadrat ‘Ali ‘radiyAllahu ta’aala ‘anh’ ay mas mataas ang antas at mas maalam kaysa kay Hadrat Mu’awiya at Hadrat ‘Amr ibn al-‘As ‘radiyAllahu ta’aala ‘anhuma’. Marami siyang mas mataas na katangian na magbubukod sa kaniya sa kanila at ang kaniyang ijtihad ay mas mahusay at mapino kaysa sa kanilang ijtihad. Ngunit, dahil lahat ng Sahabat al-Kiram ay mujtahid, hindi pinahihintulutan ang dalawang iyon na sumang-ayon lamang sa ijtihad ng dakilang pinuno ng relihiyon na ito. Kinakailangan talaga nila na kumilos batay sa kanilang ijtihad.

[41] Halimbawa, nabanggit sa hadith ash-Sharif, sa ika-298 na pahina ng **al-Hadiqa** na si ‘Amr ibn al-‘As ‘radiyAllahu ‘anh’ ay isang mujtahid.

Tanong: "Sa digmaan ng 'Jamal' at 'Siffin', maraming Sahabat al-Kiram mula sa Muhajirun at Ansar ay lumahok, at sumunod kay Hadrat 'Ali. Bagama't lahat sila ay mujthid, itinuring nilang wajib ang sumunod sa kanya. Ito ay nagpapakita na wajib din para sa mujtahid ang sumunod kay Hadrat 'Ali. Kinailangan nilang sumunod sa kaniya kahit pa hindi sang-ayon ang kanilang ijtihad sa kaniyang ijtihad, hindi ba?"

Sagot: Ang mga Muslim na sumunod kay Hadrat 'Ali at lumaban sa kaniyang panig ay sumama sa kaniya hindi dahil sinusunod nila ang kaniyang ijtihad subalit ito ay dahil sang-ayon din ang kanilang ijtihad sa kaniyang ijtihad at ipinakita na wajib ang sumunod kay Imam 'Ali. Ganoon din ang ijtihad ng maraming dakilang Sahabah ng Propeta, hindi sumang-ayon sa ijtihad ni Hadrat 'Ali at napagtantuhan nilang wajib sa kanila na lumaban sa kaniya. Ang ijtihad ng mga as-Sahabat al-Kiram noon ay humayag sa tatlong paraan: Naintindihan ng iba sa kanila na tama si Hadrat 'Ali at nararapat sa kanila ang sumunod kay Hadrat 'Ali; para sa isang grupo naman, tama ang ijtihad ng mga silang lumaban kay Hadrat 'Ali at wajib na sa kanila ang sumunod sa mga lumaban kay Hadrat 'Ali at labanan din siya; ang ikatlong grupo naman ay nagsabi na nararapat na hindi sumunod sa anumang panig at nararapat na hindi lumaban at ayon sa ijtihad nila hindi maaaring sumali sa digmaang ito. Ang tatlong grupon na ito ay walang dudang tama at nararapat na gantimpalaan sa Kabilang Buhay.

Tanong: "Ang sagot [sa itaas] ay nagpapakita na ang mga silang lumaban kay Hadrat 'Ali 'radiyAllahu ta'aala 'anh' ay tama din. Sa kabilang dako naman, ang mga iskolar ng Ahl as-Sunnah ay nagsabi na tama si Hadrat 'Ali at mali ang kaniyang mga katunggali, at sila'y mapapatawad dahil mayroon silang 'udhr, at nagtamo din sila ng gantimpala. Ano ng maaaring masabi tungkol dito?"

Sagot: Si Al-Imam ash-Shafi'i at 'Umar ibn 'Abd al-'Aziz, dalawang dakilang personalidad sa Islam, ay nagsabi hindi maaaring gamitin ang salitang 'mali' tungkol sa mga Sahabat al-Kiram. Dahil dito, naisbi na: "Bawal ang sabihin na 'mali' ang mga nakatataas." Hindi maaari sa mas nakabababa na gumamit ng mga salitang tulad ng, "Tama ang kaniyang ginawa," "Mali ang kaniyang ginawa," "Sang-ayon kami," o kaya'y "Hindi kami sang-ayon," para sa mga mas nakatataas sa kanila. Tulad ng hindi tayo binahiran ng Allahu ta'aala ng dugo ng mga dakilang personalidad na ito,

ganoon din dapat natin pangalagaan ang ating mga dila mula sa pagsalita ng mga salitang tulad ng ‘makatarungan’ o kaya’y ‘hindi makatarungan.’ Ang mga malalim na iskolar na inaral ang mga ebidensya at pangyayari at nagsabi na tama si Imam ‘Ali at mali ang kaniyang mga katunggali ay sila mismo ang mali, sa katotohanan, ang tunay na ibig nilang sabihin ay kung nagkaroon ng oportunidad si Hadrat ‘Ali na kausapin ang mga sila sa kabila ay gagabayan niya sila na gamitin ang kanilang ijtihad na sang-ayon sa kaniyang ijtihad. Sa katotohan ay, si Hadrat Zubail ibn ‘Awwaam ay kalaban ni Hadrat ‘Ali sa Giyera ng ‘Jamal’ ngunit pagkatapos niya aralin ang mga impormasyon ay pinalitan niya ang kaniyang ijtihad at tumigil sa pag-away. Ang mga salita ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna na nagsasabi na pinahihintulutan ang pagkakamali ay dapat tanggapin ng ganoon lang. At hindi pinahihintulutan na sabihing si Hadrat ‘Ali at ang mga silang sumama sa kaniya ay nasa tamang landas at ang ibang mga Sahaba ng Propeta na nasa kabilang grupo kasama ang ating ina na si ‘Aaishat as-Siddiqa ay nasa maling landas.

Ang mga digmaan sa pagitan ng mga Sahabat al-Kiram ay bunga ng pagkakaiba ng ijtihad sa mga sanga ng Ahkaam ash-Shar’iyya (mga batas ng Islam). Hindi sila nagkaroon ng hindi pagkakasundo sa haligi ng Islam. Ngayon, may mga taong nagsasalita ng masama at malaswa tungkol sa mga dakilang personalidad ng Islam katulad nina Hadrat Mu’awiya at ‘Amr ibn al-‘Aas ‘radiyAllahu ta’aala ‘anhuma’. Hindi nila batid na ang Rasulullaah ‘sallAllahu ta’aala ‘alayhi wasallam’ ang kanilang sinisiraan at minamaliit sa pagsira ng puri ng mga Sahabat al-Kiram. Nakasulat sa **Shifa ash-Sharif** na nagsabi si Imam Malik ibn Anas: “Ang tao na minumura at sinisira ang puri ni Mu’awiya[42] at ‘Amr ibn al-‘Aas[43] ay tunay na nagmamay-ari ng mga salitang sinasabi niya sa tungkol sa kanila. Nararapat na parusahan ng malubha ang mga silang nagsasalita at nagsusulat laban sa kanila at hindi nagpapakita ng respeto.” Nawa’y punuin ng Allahu ta’aala ang ating mga puso ng pagmamahal para sa Kaniyang Mahal na Sahaba! Hindi munafiq o masasamang tao ngunit banal na Muslim na may takot sa Allah ang nagmamahal sa mga nakalalamang na mga iyon.

[Ang mga taong batid ang kahalagahan at kadakilaan ng mga Sahaba ng Rasulullaah ‘sallAllahu ta’ala ‘alayhi wasallam’ at minamahal at nirerespeto

[42] Si Hadrat Mu’awiya ibn Abi Sufyan ay yumao sa Damascus noong taong 60 A.H. [680 A.C.]

[43] Si ‘Amr ibn al-‘Aas ay yumao sa Ehipto noong taong 43 A.H. [663 A.C.]

silang lahat at sumusunod sa kanila ay **Ahl as-Sunna.** Ang mga sila naman na kunwari lamang na mahal ang ilan sa kanila, kinasusuklaman ang iba at dahil dito ay sinisiraan ang karamihan, at hindi sumusunod sa kanila ay mga **Shia.** Maraming Shia sa Iran, India at ‘Iraq. Walang sa Turkey. Ang ilan sa kanila, upang malinlang ang mga ‘Alawi na Muslim sa Turkey ay binanasagan ang sarili nila na **‘Alawi,** na ang ibig sabihin ay mga Muslim na mahal si Hadrat ‘Ali. Ang pagmamahal sa isang tao ay nangangahulugan na susunod ka sa yapak niya. Mahal niya ang lahat ng Sahaba ng Propeta. Siya ay tagapayo ng Khalifa Hadrat ‘Umar, ang ikalawang Khalifa, na siyang ipinagkakatiwala ang kaniya mga problema sa kaniya. Ipinaasawa niya ang kaniyang anak ni Hadrat Fatima na siya Umm Kulthum kay Hadrat ‘Umar. Sa isang khutba, sinabi niya na tungkol kay Hadrat Mu’awiya: “Mga kapatid natin na may hindi pagkakasundo sa atin. Subalit hindi sila mga taong hindi nananampalataya o kaya’y mga makasalanan. Ang kanilang ijtihad ang nag-udyok sa kanila na kumilos na ganoon.” Noong si Hadrat Talha ‘radiyAllahu ta’aala ‘anh’, na kasama sa mga lumaban sa kaniya, ay naging martir, siya mismo ang nag-alis ng buhangin sa kaniyang mukha at nag-imam sa salah na isinagawa pagkatapos niya namatay. Idineklara ng Allahu ta’aala na: **“Ang mga nananampalataya ay magkakapatid.”** Sa huling ayat-i-karima ng Surat al-Fat-h Kaniyang idineklara na: **“Ang mga Sahaba ng Propeta ay mahal ang isa’t isa.”** Ang hindi magmahal na kahit isa sa mga Sahaba ng Propeta, o kaya’y mas malala pa, ang magtamo ng poot sa kaniya ay pagtanggi sa Qur’an al-Karim. Ang mga iskolar ng Ahl as-Sunnah ay batid na batid ang kataasan ng antas ng mga Sahabat al-Kiram ‘radiyAllahu ta’aala ‘anhum ajma’in’ ayon sa tamang pag-intindi nito at inutusan ang mga Muslim na mahalin silang lahat at sa ganoon ay niligtas nila ang mga Muslim mula sa kapahamakan.

Ang mga tao na galit at poot sa ating mga pinuno na sina Hadrat ‘Ali ‘radiyAllahu ta’aala ‘anh’ at kaniyang mga anak at inapo, mga pinakamamahal ng mga Muslim na Sunni, ay mga **Khariji** (Khawarij. Ngayon **Yazidi** ang tawag sa kanila. Napakatinding galit ang kanilang mga pinaniniwalaan na wala na halos ugnayan nila sa Islam na natitira.

Ang mga **Wahhabi** naman, habang pinapahayag ang kanilang mahal para sa lahat ng Sahabat al-Kiram ay hindi naman sumusunod sa yapak ng mga marang na taong yaon ngunit sarili nilang paniniwalang erehe ang dinidikit sa mga Sahaba. Hindi nila gusto ang mga iskolar ng Ahl as-Sunnah,

mga dakilang sufi at ‘Alawi, at sinisiraan nila ang puri ng lahat ng mga ito. Ang tingin nila sa mga taong hindi katulad nila ang mga ‘sumasamba sa rebulto’ at sinasabi nila na halal na sa kanila ang kunin ang buhay at ari-arian ng mga taong ito. Dahil dito ay sila’y nagiging **Ibahi**. Mali at ereheng kahulugan ang nakakatas nila mula sa Qur’an al-Karim at hadith ash-Sharif. Binabaliwala nila ang mga adillat ash-Shar’iyya at ang karamihan ng hadith ash-Sharif. Ang mga dakilang iskolar ng apat na Madhhab ay nagsulat ng maraming aklat na nagpapatunay gamit mga dokumento na ang mga silang mayroong hindi pagkakasundo sa Ahl as-Sunna ay mga heretiko at nagdudulot ng malaking kapahamakan sa Islam.[44]

Si Ayyub Sabri Pasha ‘rahimahullaahu ta’aala’ ay nagsabi: “Ang Wahhabismo ay lumitaw sa pamamagitan ng isang madugo, mapagpapahirap, at nakakapangilabot na himagsikan sa Peninsulang Arabe noong 1205 A.H. [1791 A.D]” Si Muhammad ‘Abduh ng Ehipto ay isa sa mga taong sinubukang ikalat ang Wahhabismo at ang anti-madhhabismo sa pamamagitan ng kaniyang mga aklat sa buong mundo. Sa panahon the Union and Progress Party, ang mga aklat ni ‘Abduh ay isinalin sa Turko at inalok sa mga kabataan bilang “mga sulatin ng dakilang iskolar ng Islam, ang dalisay na matalino, ang bantog na repormador ‘Abduh.” Subalit, lantarang inilathala ni ‘Abduh na hinahangaan niya si Jamal ad-Din al-Afghani (yumao noong 1314 A.H. [1897 A.D]) na isang mason at pinuno ng Cairo Masonic Lodge. Mga kalaban ng Islam na nagaabang upang mabura ang (tunay na daan

[44] Para mas detalyadong impormasyon, mangyaring basahin ang aming mga aklat sa Ingles tulad ng **Advice for the Muslim** at ang anim na pasikulo ng **Endless Bliss,** at ang **al-Minhat al-Wahbiyya fi-r-raddi-l-Wahhabiyya**, **at-Tawassuli bi-n-Nabi wa jahalat-l-Wahhabiyyin** at **Sabil-un-Najat** na sa wikang Arabe at ang **Seyf al-Abrar** na sa wikang Persya. Ang mga aklat na ito at ang mga mahahalagang aklat na isinulat bilang kawalang-paniwala sa mga ahl al-bida’ ay inilathala ng Hakikat Kitabevi sa Istanbul. Parehon sa **Radd al-Muhtar**, na isinulat ni Muhammad Emin Ibni ‘Abidin na yumao sa Damascus noong 1252 A.H. [1836 A.D] (ikalawang bolyum, ang kabanata tungkol sa “Baghi”) at sa Turko **Ni’met-i-Islam** (ang kabanata ng “Nikah”), malinaw na nakasulat na ang mga Wahhabi ay Ibahi. Si Eyyub Sabri Pasha [yumao noong 1306 A.H. (1890 A.C.)], Rear-Admiral sa panahon ni Sultan ‘Abd al-Hamid Khan II, sa sulatin niyang Turko **Mi’rat al-Haramain** at **Tarikh-i Wahhabiyyun**, at Ahmed Cevdet Pasha, sa ikapitong bolyum ng kaniyang nasa Turkong **Ottoman History**, ay nagbibigay ng detalyadong kaalaman tungkol sa Wahhabi. Si Yusuf an-Nebhani din, sa aklat niyang Arabe **Shawahid al-Haqq** (ikatlong ed. Cairo, 1385/1965), ay may mahabang kawalang-paniwala labang sa mga Wahhabi at kay Ibn Taymiyya. Limampung pahina mula sa kaniyang aklat ay inilathala sa aklat na Arabeng nagngangalang **‘Ulama-al-Muslimin wa Wahhabiyyun** (Istanbul, 1972).

na) Ahl as-Sunna at sa ganoon ay mapuksa ang Islam sa pamamagitan ng pagbabaklas ng kampeonato ng Islam, patagong pagbuhay ng apoy ng fitna sa pamamagitan ng pagkunwari nila bilang mga taong relihiyoso. Si ‘Abduh ay pinuri ng sobra-sobra. Ang mga dakilang iskolar naman ng Ahl as-Sunnah, ang mga a’immat al-madhahib, ay idineklarang mga mangmang. Ang mga pangngalan nila ay hindi na binibigkas. Ngunit ang mga dalisay at magiting na inapo ng ating mga ninuno na sinakripisyo ang kanilang buhay para sa Rasulullaah ‘sallAllahu ta’aala ‘alayhi wasallam’ at Islam, mga anak ng mga marangal ng martir, ay hinding hindi nagpadala sa propaganda, at anunsyo na milyun-milyong pound ang ginastos para dito. Sila ay hindi man lang nakinig o kaya’y kinilala ang mga kunwaring ‘bayani ng Islam.’ Pinangalagaan ng Allahu ta’aala ang mga anak ng mga martir mula sa mga karumal-dumal na mga atakeng ito. Ngayon, ang mga isinaling aklat the mga la-madhhabi na tao tulad ni Mawdudi[45], Sayyid Qutb[46], ang grupo ng Tabligh-i-Jama’at at Hamidullah ay inaalok sa mga kabataan. Ang mga ito’y naglalaman ng mga ideyang hindi katanggap-tanggap sa mga iskolar ng Ahl as-Sunnah at pinupuri ito ng sobra-sobra gamit ang sandamak na paglathala. Nararapat na tayo’y palaging alerto at maingat. Nawa’y pukawin ng Allahu ta’aala ang mga Muslim mula sa pagiging walang kamalay-malay sa pamamagitan ng biyaya ng Kaniyang Pinakamamahal na Propeta Muhammad ‘alayhis salaatu wassalaam’! Nawa’y pangalagaan Niya tayo upang hindi tayo malinlang ng mga kasinungalingan at paninirang-puri ng ating mga kalaban! Amin. Huwag nating ilinlang ang ating sarili sasagawa ng pagdarasal lamang! Ang magdasal na hindi sumunod sa ‘Aadat al-Ilahiyya (Batas ng Panginoon) ng Allahu ta’aala, hindi pagtrabaho o kaya’y hindi paghawak sa mga kaparaanan nito ay pawang paghingi lamng ng himala mula sa Allahu ta’aala. Ang Muslim ay dapat parehong magtrabaho at magdasal. Dapat natin muna panghawakan ang mga kaparaanan bago tayo magdasal. Ang unang paraan upang makatakas mula sa hindi pagpapaniwala ay ang pag-aral at pagturo. Sa katotohanan ay nararapat (fard) at pangunahing tungkulin ng lalake at babae ay ang ralin ang mga haligi ng Ahl as-Sunnah, ang mga kautusan ng Islam at mga pinagbabawalan nito. Ngayon ay madali nalang aralin ang mga ito dahil mayroon nang kalayaang sumulat ang maglathala ng mga tunay na

[45] Si Mawdudi ay ang tagapagtatag ng asosasyon sa India na nagngangalang Jama’atul Islamiyya. Namatay si noong taong 1399.

[46] Si Sayyid Qutb ay hinatulan ng kamatayan si Ehipto noong taong 1386 [1966 A.C.]

aklat Islamiko. Nararapat sa bawat Muslim na suportahan ang Gobyerno na siyang nagbigay ng ganitong kalayaan sa mga Muslim.

Ang mga taong hindi inaral ang mga haligi at katuruan (‘ilm al-Hal) ng Ahl as-Sunnah at ituro ang mga ito sa kanilang mga anak ay lantad sa peligro na lumihis mula sa Islam at mahulog sa kailaliman ng kawalang-paniwala. Ang mga dasal ng mga ganitong tao ay hindi katanggap-tanggap. Sa ganoon ay paano na lamang nila pangangalagaan ang kanilang mga sarili mula sa kawalang-paniwala? Ang Rasulullaah ‘sallAllahu ta’aala ‘alayhi wasallam’ ay nagsabi: **“Mayroong Islam kung saan mayroong kaalaman. Walang Islam kung saan walang kaalaman.”** Tulad ng importansya ng pagkain at pag-inom upang hindi mamatay ng gutom, ganoon din ang importansya ng pag-aral ng relihiyon upang hindi malinlang ng mga taong hindi naniniwala at upang hindi maging taong hindi naniniwala. Ang mga ninuno natin ay madalas magtipon-tipon upang magbasa ng mga aklat na ‘ilm al-hal ang dahil dito ay nanatiling mga Muslim at natamasa ang Islam. Hinarap nila ang ilaw ng kaligayahan na ito tungo sa atin. Upang tayo’y manatiling Muslim at upang hindi mabihag ang ating mga anak ng mga kalaban na mula sa loob at labas, ang una at pinaka importanteng pangontra ay ang magbasa at intindihin ang mga aklat na ‘ilm al-hal na isinulat ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah. Ang mga magulng na gusto nila mantiling Muslim ang kanilang mga anak ay dapat silang ipadala sa isang guro at tiyakin na matututo sila magbasa ng Qur’an al-Karim. Halina’t magbasa, mag-aral at turuan ang ating mga anak at turuan din ang mga silang nasa poder natin habang mayroon pang pagkakataon. Magiging mahirap o kaya’y imposible na sa kanila kapag sila’y pumasok na sa paaralan. Wala nang saysay ang pagsisisi kapag nagsimula na ang (degeneration). Dapat ay hindi tayo maniwala sa mga kalaban ng Islam, sa mga mapanlinlang at puno ng kasinungalingan nilang mga aklat, dyaryo, magasin, TV, at mga programa sa radyo, cine at website. Isinulat ni Ibn ‘Abidin ‘rahimahullaahu ta’aala’ sa ikatlong bolyum [ng **Radd al-Muhtar**] na ang mga taong patagong hindi nananampalataya na nagpapanggap na Muslim kahit wala naman talaga silang pinaniniwalaan na relihiyon at nagtuturo ng mga bagay na nagdudulot ng kawalan ng paniniwala sa paraang aakalaing katuruan ito ng Islam at sinisikap iligaw ang mga Muslim at dalhin sila palabas ng Islam ay mga **zindiq.**

Tanong: “Sinabi ng isang nakabasa ng mapanlinlang nilang aklat:

‘Dapat natin basahin ang mga paliwanag (tafsir) ng Qur’an al-Karim dahil ang ipagkatiwala lamang ang pag-aral ng relihiyon at ng Qur’an al-Karim sa mga iskolar ng relihiyon.ay isang isipan na delikado at nakaka tindig balahibo. Ang Qur’an al-Karim ay hindi nagsabi na “O kayong mga Iskolar ng Relihiyon.” Bagkus ay, “O kayong mga Muslim” at “O kayong mga tao.” Dahil dito, nararapat sa bawat Muslim na intindihin ang Qur’an al-Karim na sila lang mag-isa at hindi niya dapat asahan ang tungkuling ito sa iba.’”

“Gusto ng taong ito na basahin ng madla ang mga aklat ukol sa tafsir at hadith. Hindi niya gusto na basahin ng iba ang mga aklat tungkol sas kalam, fiqh, at ‘ilm al-hal na isinulat ng mga Iskolar ng Islam at mga dakilang iskolar ng Ahl as-Sunna. Ang paglathala ng Chief of Office of Relgious Affairs sa aklat ni Rashid Rida[47] na nagngangalang **Islamda Birlik ve Fikh Mezhebleri** (publication no. 157; 1394/1974) ay nagpalito lalo sa mga magbabasa. Sa iba’t ibang pahina, lalo na sa “Sixth Dialogue” ganito ang nakasaad:

‘Sila’y [muqallid, isang tagasunod sa isa sa apat na Madhhab] nagpuri sa mga mujtahid imam na para bang propeta sila. Mas ginusto pa nga nila ang mga salita ng isang opinyon ng mujtahid na taliwas sa hadith ng Propeta kaysa sa hadith. Sabi nila, ang hadih hinding-hindi pwede mapawalang-bisa (naskh) dahil magkakaroon ng iba pang hadith sa pananaw ng imam nila. Sa pagkilos batay sa salita ng mga taong iyon na maaaring nagkamali sa kanilang pag-intindi at hindi alam ang bagay na ito, at pagtabi ng hadith ng Propeta, na siyang hindi nagkakamali, ang mga muqallid na ito ay sumasalungat din sa mga mujtahid. Sumasalungat pa nga sila sa Qur’an dahil sa ginagawa nila. Sinasabi nila na walang iba kundi mujtahid imam ang makakaintindi sa Qur’an. Ang mga ganitong salita na nagmumula sa mga faqih at ibang muqallid ay nagpapakita na nakuha nila ang ito mula sa mga Hudyo ang Kristiyano. Ang katotohanan ay mas madali intindihin ang Qur’an at ang mg hadith kaysa sa intindihin ang mga aklat na isinulat ng mga dalubhasa sa fiqh. Ang mga tao na natuto ng mga salitang Arabe at ng gramatika ay hindi mahihirapan sa pag-intindi ng Qur’an at mga hadith. Sino sa balat ng lupa ang kayang ipagkaila na kaya ng Allah ipaliwanag ng klaro ng Kaniyang relihiyon? Sino ang kayang itanggi ang katotohanan na ang Rasulullaah ay mas maalam pa sa kahit kanino pagdating sa pagintindi ang ibig sabihin ng Allah at mas

[47] Si Rashid Rida ay disipulo ni Muhammad Abduh. Siya’y namatay noong 1354 A.H. [1935 A.C.]

kayang ipaliwanag ito kaysa sa iba? Ang sabihin ng isang Muslim na kulang ang pagpapaliwanag ng Propeta ay nangangahulugang hindi niya nagawa ng maayos ang kaniyang tungkulin na magpahiwatig (tabligh). Kung ang karamihan ng tao ay hindi nagawang intindihin ang Qur'an at ang Sunnah, hindi ng Allah ipapataw sa lahat ng tao ang mga patakaran sa Aklat at Sunna. Nararapat na alamin kung ano ang pinapaniwalaan kasama na ang mga ebidensiya nito. Hindi tinatanggap ng Allah ang taqlid (pagsunod sa isang Madhhab) at Siya'y nagsabi na ang kanilang [ang mga muqallid] pagsunod-sunod sa kanilang mga tatay at lolo ay hindi mapatatawad. Ipinapakita ng mga Ayat na ang taqlid ay hinding-hindi tinatanggap ng Allah. Mas madali intindihin ang bahagi ng relihiyon na tungkol sa furu' mula sa kaniyang dalil (dokumento, pinagmulan) kaysa sa intindihin ang bahagi ng relihiyon na tungkol sa paniwala (usul, iman). Pinaparatangan ang mahirap, ngunit hindi Niya pinaratangan ang madali? Maituturing na mahirap ang pagbunot ng halimbawa mula sa mga sitwasyong madalang at sa ganoon ay magiging katanggap-tanggap ang pagkakaroon ng walang kaalaman dito at ang hindi pagsasabuhay nito. Ang mga dalubhasa sa Fiqh ay nag-imbento ng iilang mga suliranin. Gumawa sila ng mga patakaran for sa mga ito. Sinubukan nila magpakilala ng mga tulad ng ra'y, qiyas jali, at qiyas khafi bilang tagapatunay nito. Ang mga ito ay plinano na upang umagos sa burol ng 'ibadat, na siyang imposible na matuto sa pamamagitan ng isip. Sa ganoon ay pinalobo nila ang religion ng ilang beses. Dinala nila ang mga Muslim patungong kahirapan. Hindi ko tinatanggi ang qiyas; aking sinasabi na walang qiyas sa burol ng 'ibadat. Ang Iman at 'ibadat ay nakompleto na sa panahon ng Propeta. Walang sinuman ang makakadagdag dito. Pinagbawalan ng mga mujtahid imam ang tao na gumaya-gaya (taqlid) at ginawa nilang bawal ang taqlid.'

"Ang paksang ito, na kinuha sa libro na nilathala ng Chief Office of Religious Affairs, tulad ng lahat ng aklat na la-madhhabi, ay nagbabawal sa pagsunod sa mga imam ng apat na Madhhab. Inuutusan niya na ang lahat na aralin ang tafsir at hadith. Ano ang masasabi tungkol dito?"

Sagot: Kung ang mga paksang isinulat ng taong la madhhabi ay babasahin natin ng maigi, madali lang makita na sinusubukan lang nila ilinlang ang mga Muslim sa pamamagitan ng pagpaganda nila sa kanilang mga ideyang erehe at separatistang pananaw gamit ang mga hindi katanggap-tanggap na

linyahan ng pagdadahilan at ng mga kasinungalingan. Ang mga ignorante, iniisip na nakabase sa kaalaman ang kasulatan naaayon sa balangkas ng lohika at pagiisip ay maaaring malinlang subalit ang maalam at masigasig na tao ay hinding-hinde mahuhulog sa kanilang mga patibong.

Upang mabalaan ang kabataan mula sa peligro ng hindi pagsunod sa madhhab or kaya'y anti-Sunnismo, na siyang tumutulak sa mga Muslim papunta sa panghabang-buhay na pagkawasak, ang mga iskolar ng Islam 'rahimahumullaahu ta'aala ay nagsulat ng libo-libung mapagpapakinabangang aklat sa loob ng labing apat na libong siglo. Ang sumusunod ay isang pagsasalin na isang paksa na mula sa aklat na **Hujjat-Allahi 'ala-l-'alamin** ni Yusuf an-Nabhani [yumao sa Beirut noong 1350 A.H. (1932 A.C.)] bilang sagot sa katanungan sa taas:

"Hindi lahat ng tao ay kayang bumunot ng ahkam (patakaran, konklusyon) mula sa Qur'an al-Karim. At dahil kahit mga mujtahid imam mismo ay hindi kayang bunutin lahat ng mga patakaran na mula sa Qur'an al-Karim, ipinaliwanag ng Rasulullaah sallAllahu 'alayhi wasallam ang mga patakaran sa Qur'an al-Karim sa pamamagitan ng kaniyang hadith-i-sharif. At dahil siya lamang tagapagpaliwanag ng kabuohan ng Qur'an al-Karim, ganoon din ang mga hadith-i-sharif mga as-Sahabat al-kiram lamang at mujtahid imam ang makakaintindi at makakapaliwanag nito. Upang maunawaan nila ang mga ito, biniyayaan ng Allahu ta'aala ang Kaniyang mga mujtahid imam ng kaalamang siyensya at kaalaman sa relihiyon, pangunawang malakas, masigasig na pananaw, napakatalas na pagiisip, at marami pang ibang katangiang nakapalalamang. At sa unahan ng lahat ng mg katangiang ito ay ang taqwa. Pagkatapos nito ay dumating ang Sagradong Liwanag sa kanilang mga puso. Sa tulong ng mga katangiang ito, naintindihan ng ating mga mujtahid imam ang gusto ng Allahu ta'aala at Rasulullaah ipahiwatig sa kanilang mga salita, at, sa mga bagay na hindi maunawaan, ay ipinakita [ang mga solusyon para] sa kanila sa pamamagitan ng qiyas. Bawat isa sa apat na a-immat al-madhhahib ay ipinahiwatig na hindi sila nagsasalita base sa kanilang sariling pananaw at kanilang sinabi sa kanilang mga disipulo na: 'Kapag mayroon kayong makita na hadith na sahih, iwanan ninyo ang aking pananaw at sundin ninyo ang hadith ng Rasulullaah!' Ang mga tao na sinabihan ng ating mga a-immat al-madhhahib ng ganito ay mga dakilang iskolar din mujtahid din katulad nila. Ang mga iskolar na ito ay ang mga mujtahid ng tarjih

na alam ang mga ebidensiya kung saan ibinase ng (mga pinuno ng) apat na Madhhab ang kanilang ijtihad. Pinag-aralan nila ang mga ebidensiyang at mga tagapagsalaysay ng mga hadith kung saan ibinase ng pinuno ng Madhhab ang kaniyang ijtihad at pinag-aralan din nila ang mga bagong sahih hadith na kanilang natuklasan at sinuri nila kung saan sa mga ito ang huling sinabi at sinuri din nila ang marami pang ibang mga baryante at ganoon nila naintindihan alin sa mga ito ang karapat-dapat (tarjih). O kaya, ang mujtahid imam [ang imam al-madhhab] ay nagpasya sa isang suliranin (mas-ala) sa pamamagitan ng qiyas dahil hindi niya alam ang hadith na ebidensya [o lulutas] dito, at ang kaniyang mga disipulo, noong nahanap nila ang hadith-i-sharif na ito ay iba ang hatol. Subalit, sa paggamit ng ganitong ijtihad, ang mga disipulo ay hindi lumampas sa mga alituntunin na ginamit ng imam. Ang mga mujtahid mufti na sumunod sa kanila ay nagbigay din ng fatwa sa ganitong paraan. Base sa lahat ng naintindihan natin mula sa naisulat dito, ang mga Muslim na sumusunod sa apat na a-immat al-madhhahib, at ang mga mujtahid na natuto ng kanilang madhhab ay sumusunod lamang sa batas ng Allahu ta'aala at ng Kaniyang Sugo. Naintindihan ng mga mujtahid na ito ang mga batas na matatagpuan sa Qur'an al-Karim at hadith ash-sharif, na hindi naintindihan ng iba, at itinuro nila ang kanilang naintindihan. Ang mga Muslim ay isinabuhay ang mga naintindihan ng mga mujtahid at ipinahayag nila mula sa Nass, ang Aklat at ang Sunnag. Dahil, ipinahayag ng Allahu ta'aala sa kaniyang ika-43 na ayat karima ng Surat an-Nahl: **"Itanong mo sa mga nakakaalam, kung hindi mo alam."**[48]

[48] Ipinapakita ng ayat na ito na hindi lahat ng tao ay nakakaintindi ng Aklat ang ng Sunnah. Inuutusan niya ang mga taong hindi nakakaintindi na huwag subukan intindihin ang Qur'an al-Karim at hadith ash-sharif subalit ay aralin nila ito sa pamamagitan ng pagtanong sa mga taong nakaintindi na dito. Kung ang lahat ay nakaintindi na ng Qur'an al-Karim at hadith ash-sharif ng maayos ay hindi na sisibol ang 72 na grupo na herertoko. Ang lahat ng tao na naging dahilan sa pagsibol ng mga grupong ito ay mga taong malilim ang kaalaman ngunit walang niisa sa kanila ang maayos ang pag-intindi sa mga kahulugang matatagpuan sa Qur'an al-Karim at hadith ash-sharif. At sa hindi nila pag-unawa dito,lumihis sila mula sa tamang landas at nagdulot ng kapahamakan sa milyung-milyong Muslim. Ang iba sa kanila ay labis ang pagbigay ng maling kahulugan sa mga ayat at hadith hanggang sa puntong labis na ang pagka-erehe na natatawag na nila ang mga Muslim ng tamang landas na 'taong hindii nanampalataya' at 'sumasamba ng rebulto'. Sa aklat na nagngangalang **Kashf ash-Shubuhat**, na naislin sa Turko at ipinuslit patungong Turkey, sinabi dito na mubah (pwede) patayin at kunin ang ari-arian ng mga Muslim na paniniwala ng Ahl as-Sunnah ang pinapanghawakan.

"Sa Umma lang ng Kaniyang Mahal na Propeta 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ibinigay ng Allahu ta'aala ang biyaya ng pagijtihad ng a-immat al-madhhahib at pagpatayo nila ng kanilang mga Madhhab, at na magtipon-tipon dito sa mga Madhhab na ito. Sa kabilang dako naman, nilikha ng Allahu ta'aala ang mga imam ng i'tiqad[49] at pinigilan ang mga heretiko, zindiq, mulhid at mga tao na dumihan ang kaalaman ng i'tiqad, at nilikha niy din ang mga Imam ng Madhhab upang protektahan ang Kaniyang relihiyon. At dahil hindi matatagpuan ang biyayang ito sa Kristiyanismo at Judismo, nadumihan ang kanilang mga relihiyon at ginawang laruan.

"Ayon sa pinagkaisahan ng mga iskolar ng Islam wala nang magiging malalim na iskolar, na kayang magijtihad, apat na daang taon pagkalipas ng pagpanaw ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam'. Ang taong magsabi na kinakailangan na gamitin ang ijtihad ngayon ay kung hindi baliw ay walang alam sa Islam. Noong nagsabi ang dakilang iskolar na si Jalal ad-Din as-Suyuti 'Abd ar-Rahmad 'rahimahullaahu ta'aala' (yumao noong 911 A.H. [1505 A.C.], Ehipto) na naabot niya na ang antas ng ijtihad, binanggit sa kaniya ng ibang iskolar sa kapanahunan ang tungkol sa isang katanungan na dalawa ang sagot na ibinigay at tinanong siya kung alin sa dalawa ang mas mapananaligan. Hindi niya sila masagot. Sinabi niya na masyado siyang abala sa ibang bagay upang bigyan ng oras ang ito. Subalit ang pinagawa sa kaniya ay ang gumamit ng ijtihad sa isang fatwa – ang pinakamababang antas ng ijtihad. Kung ating nakikita na kahit ang isang malalim na iskolar tulad ni as-Suyuti ay umiwas sa paggamit ng ijtihad sa isang fatwa, ano nalang kaya ang ating itatawag sa mga silang pinipilit ang tao na gumamit ng lubos (mutlaq) na ijtihad kung hindi mga baliw o kaya'y ignorante sa ispirtwal? Sinabi ni al-Imam al-Ghazali[50] 'rahimahullaahu ta'aala' sa loob ng kaniyang aklat na **Ihya 'Ulum ad-Din** na walang mujtahid sa kaniyang panahon.

"Kung ang isang Muslim na hindi mujtahid ay nakatuklas ng isang sahih hadith at naging hindi panatag sa paggawa ng isang bagay ayon sa paraang itinuro ng imam ng kaniyang Madhhab dahil ang paraan ng imam ng kaniyang Madhhab ay salungat sa hadith, ay dapat niyang hanapin sa loob ng apat na Madhhab ang isang mujtahid na naaayon ang kaniyang ijtihad sa hadith na iyon at gawin niya ang ito sa paraan ng Madhhab na kaanib

[49] Alituntunin ng paniniwala; alituntunin ng kredo.

[50] Si Imam Muhammad Ghazali ay yumao sa cuidad ng Tus noong 505 A.H. [1111 A.C.]

ng mujtahid na ito. Ang dakilang iskolar na si al-Imam Yahya an-Nawawi ‘rahimahullaahu ta’aala’ (yumao noong 676 A.H. [1277 A.C.], Damasco) ay ipinaliwanag ito ng detalyado sa kaniyang **Rawdat at-Talibin**. Dahil, hindi pinahihintulutan sa mga taong hindi naabot ang antas ng ijtihad na humugot ng batas mula sa Nass, ang Aklat at ang Sunna. Ngayon, may mga ignoranteng tao na iginigiit na naabot na daw nila ang antas ng lubos na ijtihad, na kaya nilang humugot ng batas mula sa Nass at hindi nila na kailangan sumunod sa isa sa apat na Madhhab, at tinatalikuran nila ang Madhhab na taon na nilang sinusunod. Sinusubukan nilang pabulaanan ang mga Madhhab gamit ang kanilang di makatwiran na lohika. Naglalabas sila ng mga salitang ignorante at puno ng kabobohan tulad ng, ‘Kami ay hindi susunod sa pananaw ng isang taong relihiyoso na ignorante din tulad namin.’ Dahil nalinlang sila ng Satanas and naudyok ng kanilang mga nafs, sila’y nagmamalaki. Hindi nila mabatid na sa pagsabi ng ganito ay ipinapahalata lamang nila, hindi ang kanilang kalamangan ngunit ang kanilang kabobohan at baho. Mayroon din tayong makikita mula sa kanila na mga ignoranteng heretiko na nagsasabi at nagsusulat na ang lahat ng tao ay dapat magbasa at humugot ng batas mula sa mga aklat ng tafsir at [ang **Sahih** ni] al-Bukhari. O aking kapatid na Muslim! Tunay na dapat mong iwasan ang pagkakaibigan sa mga tangang ito at huwag mong isipin na relihiyosong tao ang mga ito! Panghawakan mo ang Madhhab ng iyong imam! Ikaw ay malayang pumili saan sa apat na Madhhab ang gusto mong sundin. Subalit hindi pwedeng ipunin ang mga palugid (rukhsa) ng mga Madhhab sa pamamagitan ng pag-isa sa kanila na ang tawag ay **‘talfiq’.**[51]

“Ang Muslim na nakakabasa at nakakaintindi ng hadith-i-sharif ng maayos ay dapat aralin ang mga hadith-i-sharif na ebidensiya ng pananaw ng kaniyang Madhhab, sundin ang mga gawaing mabuti at iwasan ang mga ipinagbabawal ng mga hadith-i-sharif, aralin ang kadakilaan at halaga ng relihiyong Islam, ang pagiging ganap ng Rasulullaah ‘sallAllahu ta’aala

[51] ‘**Talfiq**’ ay ang ‘pagsagawa ng isang gawain sa pamamagitan ng paghalo-halo sa mga madadaling aspeto ng mga (apat na) Madhhab sa paraang hindi ito magiging katanggap-tanggap sa kahit isa sa kanila. Pagkatapos ng isang tao isagawa ang isang akto ng Islam ayon sa isa sa apat na Madhhab at katanggap-tanggap ito sa Madhhab na iyon ay ang anumang mga dagdag na kondisyon na galing sa natitirang tatlong Madhhab na kaniyang itutupad dahil sa pananaw niya ang magiging mas sahih at katanggap-tanggap ito sa ibang Madhhab ay **‘taqwa’** ang tawag. At ito’y nagbubunga ng maraming thawab, (gantimpala sa Kabilang Buhay.)

‘alayhi wasallam’, ang mga Pangngalan at Katangian ng Allahu ta’aala, ang buhay ng Rasulullaah, kaniyang mga katangian, hiwaga, ang kaayusan ng mundong ito at ng susunod dito, kasama na ang Pagbangon, Paglilitis, ang Paraiso at ang Impyerno, ang mga anghel, jinn, mga comunidad na nakalipas, mga Propeta at kanilang mga makalangit na aklat, ang mga kalamangan na naaayon lamang sa Rasulullaah at sa Qur’an al-Karim, ang talambuhay ng kaniyang Aal (malapit na kamag-anak) at ng kaniyang mga Kasamahan, ang mga palatandaan ng Huling Araw, at iba’t iba pang mga impormasyon tungkol sa mundong ito at sa susunod. Ang lahat ng impormasyon na tungkol sa mundong ito at sa susunod ay naipon na sa hadith-i-sharif ng Rasulullaah.

“Kapag naintidihan ang mga naisulat natin dito, magiging malinaw kung gaano ka-ignorante ang mga silang nagsasabi na ang mga batas ng Islam na hindi galing sa hadith ay walang silbi. Sa dinami-rami ng impormasyon na mahahanap sa hadith, ang mga hadith na nagtuturo ng ‘ibaadat at mu’aamalat ay kaunti lamang. Ayon sa iilang iskolar, mayroong mahigit na limang daan; [pagkasama ang mga nauulit ay mahigit na tatlong libo.] Hindi kapanipaniwala na mayroon sa apat na a-immat al-madhhab ay hindi nakarinig ng isang hadith na sahih sa mga hadith na ito. Ang bawat hadith na sahih ay ginamit bilang ebidensiya ng isa sa apat na a-immat al-madhhab. Ang Muslim na naniniwala na mayroong isang bagay sa kaniyang Madhhab ay hindi sang-ayon sa isang sahih hadith ay dapat sumunod sa ibang Madhhab na ginamit ang hadith na iyon bilang basehan ng ijtihad sa suliraning nabanggit. Maaaring narinig ng imam na mas sariling Madhhab ang hadith na ito subalit mas pinaboran ang ibang hadith na sa kaniyang pananaw ay mas malapit sa pagiging sahih, o [nasabi ng Propeta] mas nakahuhuli ang petsa, at sa ganoon ay nawalan ng bisa ang unang hadith, o kaya dahil sa ibang rason na alam ng mga mujtahid ay hindi niya ginamit ang unang hadith bilang ebidensiya. Mainam sa isang Muslim na niintindihang sahih ang unang hadith na iwanan ang ijtihad ng kaniyang sariling Madhhab na hindi naaayon sa hadith na ito at sundan ang hadith. Ngunit dapat niya gayahin ang ibang Madhhab na gumamit sa hadith na ito sa kanilang ijtihad para sa nasabing suliranin. Dahil, ang imam ng ikalawang Madhhab na iyon ay batid ang mga ebidensiya ng mga batas (ahkam) na iyon na hindi alam ng taong iyon at nakita na walang pumipigil sa pag-akto sa hadith na ito. Ganun pa man, pinahihintulutan siyang aksyonan ang suliraning iyon na ayon sa

kaniyang Madhhab dahil walang pagdududa na ang imam na may sariling Madhhab ay sumandal sa isang ebidensiyang sahih sa kaniyang ijtihad. Pinapaumahin ng Islam ang muqallid na hindi alam ang ebidensiyang ito. Wala sa mga imam ng apat ng Madhhab ang lumabag sa Aklat at Sunnah sa kanilang ijtihad. Ang kanilang mga Madhhab ay mga paliwanag ng Aklat at Sunna. Pinaliwanag nila para sa mga Muslim ang mga kahulugan at batas sa loob ng Aklat at Sunnah. Pinaliwanag nila ito sa paraan na maiintindihan ng mga Muslim at isinulat nila ito loob ng mga libro. Ang gawaing ito ng mga a-immat al-madhhahib 'rahimahumullaahu ta'ala' ay isang napakalaking serbisyo para Islam na hindi kayang gawin ng pawang kapangyarihan ng tao lamang kung hindi sila tinulungan ng Allahu ta'aala. [Ang pagkakaroon ng mga Madhhab na ito ay isa mga pinaka perpektong ebidensiya na ang Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ang Tunay na Propeta at ang Islam ay ang Tunay na Relihiyon.

"Ang pinagkaibahan ng mga ijtihad ng ating a-immat al-madhhahib ay sa mga bagay na tungkol sa furu' ad-din o mga paksa ng Fiqh. Walang anumang pagkakaiba sa isa't-isa pagdating sa usul ad-din o sa kaalamang patungkol sa i'tiqad o iman. Hindi din sila nagkakaiba sa isa't-isa pagdating sa mga aspeto ng furu' na kasama sa mga aspeto ng relihiyon na kailangan talaga malaman at kinuha sa mga hadith na ang kanilang paksa ay naipalaganap sa pamamagitan ng tawatur. Sila ay nagkakaiba lang sa mga kaunting aspeto ng kaalaman na tungkol sa furu' ad-din. Ang mga pagkakaibang ito ay lumitaw nang dahil sa pagkakaiba ng kanilang pag-intindi sa pagiging katanggap-tanggap ng mga ebidensya ng mga paksang ito. At ang kaunting pagkakaibang ito ay awa [ng Allahu ta'aala] sa Umma; pinapayagan (jaiz) sa Muslim na sumunod sa kahit anong Madhhab na gusto nila at madali sa kanila. Nabanggit ito ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' bilang magandang balita at ito na nga ay nagyari tulad ng kaniyang pagsabi.

"Hindi pinahihintulutan ang gumamit ng ijtihad sa kaalaman ng **i'tiqad**, sa mga kaalaman na tiyak na dapat paniwalaan. Nagdadala ito patungo sa pagkawala sa landas at sa erehe. Ito'y isang malaking kasalanan. Isa lamang ang tamang landas pagdating paksa na tungkol sa i'tiqad: **ahl as-Sunnah wal Jama'ah**. Ang pagkakaiba na awa ng Allah na binanggit sa hadith ash-sharif ay pagkakaiba sa furu' o ahkam.

"Sa isang suliranin kung saan ang hukom ng apat na Madhhab ay nagkakaiba sa isa't isa, isang pananaw lamang ang tama. Ang mga silang naayon ang kilos nila sa tamang pananaw na ito ay mayroong dalawang gantimpala at ang mga silang naayon ang kanilang kilos sa isa sa mga hindi tamang pananaw ay mayroong isang gantimpala. Na ang Madhhab ay awa' ay nakikita sa pagpapahintulot na iwan ang isang Madhhab at sumunod sa ibang Madhhab. Ngunit hindi pinahihintulutan na sumunod sa anumang Madhhab maliban nalang sa apat na kasapi sa Ahl as-Sunna, kahit pa Madhhab ng Sahabat al-Kiram dahil hindi naisulat ang kanilang Madhhab at nakalimutan na. Ngayon ay wala nang posibilidad ang pagsunod ng kahit anong Madhhab maliban sa apat na alam natin. Naiulat din ng Imam Abu Bakr Ahmad ar-Razi [rahimahullaahu ta'aala, yumao noong 370 A.H. (980)] na nagkaisang nagpahayag dati ang mga iskolar ng Islam na hindi na pinahihintulutan ang diretsahang pagsunod sa as-Sahabat al-Kiram. Hinihikayat ko na ang mga silang gusto lalo pang intindihin ang kalamangan ng mga Madhhab, na binuo ng mga mujtahid, lalo na ang apat na a-immat al-madhahib, kung paano hindi lumagpas ang kanilang mga Madhhab sa Qur'an at Sunnah at kung paano ang mga batas na kanilang nakuha sa pamamagitan ng ijma' at qiyas ay hindi nila sariling opinyon gunit ay kinuha lamang mula Qur'an at Sunnah, ay basahin ang mga librong **Al-Mizan al-Kubra** at **Al-Mizan al-Khidriyya** ng Imam 'Abd al-Wahhab ash-Sha'rani (rahimahullaahu ta'aala)."[52]

Hindi tama na sabihin, "Ang Qur'an al-Karim ay hindi nagsabi na 'iskolar ng relihiyon.'" Maraming iba't ibang ayat na papuri sa mga iskolar ('ulama') at kaalaman ('ilm). Si Hadrat 'Abd al-Ghani an-Nablusi [yumao noong 1143 A.H. (1731)] ay nagsulat sa kaniyang **Al-Hadiqa**: "Ang ikapitong ayat ng Surat al-Anbiya' ay nagsabi: **'Itanong mo sa mga tao ng dhikr ang hindi mo pa nalalaman.'** Ang ibig sabihin ng 'dhikr' ay 'kaalaman'. Ang ayat-i-karima na ito ay nag-uutos sa tao na mayroong hindi alam na maghanap ng mga iskolar at matuto mula sa kanila." Nabanggit sa ikapitong ayat-i-karima ng Surat al-Aal 'Imran: **"Mga**

[52] Yusuf an-Nabhani, **Hujjat-Allahi álal álamin**, p.771. Ang nabanggit sa itaas, na isinalin mula sa orihinal nitong Arabe, ay hindi naglalaman na kahit anong dagdag na salita mula sa nagsalin na, tulad ng gawi sa iba pa nating libro, nagdagdag mula sa ibang libro na nasa panaklong tulad dito, upang hindi mailitio sila sa isinalin na teksto. Ang orihinal na Arabe ng nabanggit sa itaas na mula sa **Hujjat-Allahi álal álamin** ay ipinarami gamit ang offset.

silang may kaalaman lamang ang nakakaintindi sa mga kahulugan ng mga hindi klaro na ayat."; sa ika-18 na ayat-i-karima ng nasabing Surah: **"Pawang mga may kaalaman ang nakakabatid sa pagiging buhay at walang kapareho"**; sa ika-81 na ayat-i-karina naman ng Surat al-Qasas: **"Ang mga silang may kaalaman ay nagsabi sa kanila, 'Mga walang hiya kayo! Ang gantimpala ng Allahu ta'aala na ibibigay sa mga nananampalataya at gumagawa ng mabuti ay mas mabuti pa sa anumang makamunduhang bagay'"**: sa ika-56 na ayat-i-karima ng Surat Rum: **"Ang mga silang may kaalaman at pananampalataya ay magsasabi, 'Katotohanan, ito na ang Araw ng Pagkabangon na inyong tinatanggi noong sa mundo pa'"**; sa ika-108 na ayat-i-karima ng Surat Isra: **"Ang may silang nakakaalam ay, sa tuwing maririning ang al-Qur'an l-Karim, luluhod at magsasabi, 'Walang anumang pagkukulang sa aming Panginoon na siyang hindi tumatalikod sa pangako'";** sa ik-54 na ayat ng Surat al-Hajj: **"Ang mga silang may kaalaman ay nakakaintindi na ang al-Qur'an al-Karim ay Salita ng Allah";** sa ika-50 na ayat-i-karima ng Surat Ankabut: **"Ang al-Qur'an al-Karim ay pumirme sa puso ng mga silang may kaalaman"**; sa ika-6 n ayat-i-karima ng Surat Sabat': **"Ang mga silang may kaalaman, alam nila ang al-Qur'an al-Karim ay Salita ng Allah at daan upang matamo ang pagmamahal ng Allahu ta'aala"**; sa ika-11 na ayat-i-karima ng Surat al-Mujadala: **"Matataas na estado ay ibibigay sa mga nakaka-alam sa loob ng Paraiso"**; sa ika-27 na ayat-i-karima ng Surat al-Fatir: **"Pawang mga may kaalaman lamang ang may takot sa Allahu ta'aala"**: sa ika-14 na ayat-i-karima ng Surat al-Hujurat: **"Ang pinaka mahalaga sa inyo ay ang mga silang matindi ang takot sa Allahu ta'aala."** Idineklara sa mga hadith na nabanggit sa ika-365 na pahina ng nasabing aklat: **"Ang Allahu ta'aala at ang mga anghel, ang mga nilikhang bagay ay nananalangin para sa siyang nagtuturo sa tao kung ano ang tama; Sa araw ng paghuhukom, mga Propeta muna, tapos mga iskolar at pagkatapos mga martir naman ay mamamagitan'; O mga tao! Alamin niyo na ang kaalaman ay maaaring matamo sa pamamagitan ng pagdinig sa iskolar'; 'Aralin niyo ang katuruan ng Islam! Ang pag-aral ng katuruan ng Islam ay isang 'ibadah. Ang guro at ang mag-aaral ng katuruan ng Islam ay gagantimpalaan ng gantimpala ng jihad. Ang pagturo ng katuruan ng Islam ay parang pagbigay ng sadaqa. Ang**

pag-aral ng katuruan ng Islam mula sa isang iskolar ay parang pagtayo sa salah ng hating-gabi.'" Si Tahir Buhari[53], may-akda ng aklat fatwa na nagngangalang **Khulasa**, ay nagsabi: "Ang pagbasa ng aklat fiqhi ay nagbubunga ng mas marami pang gantimpala kumpara sa pagsagawa ng salah sa gabi. Ito ay dahil fard ang aralin ang mga fard at haram mula [sa mga 'alim o kaya sa] mga aklat. Ang pagbasa ng aklat fiqhi upang isagawa ang natutunan o kaya'y ituro ito sa iba ay mas mainam pa salat at-Tasbih. Nabanggit sa isang hadith ash-sharif: **'Ang pag-aral ng katuruan ng Islam ay nagbubunga ng mas marami pang gantimpala kaysa sa lahat ng gawaing sunnah, dahil ito'y kapanipakinabang para sa sarili at para sa mga silang tuturuan; Ang taong nag-aral upang makaturo sa iba ay gagantimpalaan ng parang mga Siddiq.** Ang katuruan ng Islam ay maaari lamang matutunn mula sa isang guro at sa libro. Ang mga taong nagsasabi na ang mga aklat tungkol sa Islam at mga gabay ay hindi kinakailangan ay mga sinungaling o kaya'y mga zindiq. Nililinlang nila ang mga Muslim at dinadala sila sa pagkasira. Ang kaalaman sa loob ng mga aklat ay hango mula sa Qur'an al-Karim at mga hadith-i-sharif." Ang pagsalin na mula sa **Hadiqa**[54] ay nagtatapos dito.

Ipinadala ng Allahu ta'aala ang Kaniyang Sugo 'alayhis salaatu wassalaam' upang kaniyang ipabatid at ituro ang Qur'an al-Karim. Inaral ng mga Sahabat al-Kiram ang kaalaaman na matatagpuan sa loob ng Qur'an al-Karim mula sa Rasulullaah. Natutunan naman ng mga iskolar ng Islam ang ito mula sa mga Sahabat al-Kiram at natutunan naman ng lahat ng Muslim ng ito mula sa mg iskolar ng Islam at kanilang mga libro. Ipinahayag sa ibang hadith ash-sharif: **'Ang katuruan ng Islam ay isang kaayamanan. Ang susu niya ay ang pagtanong at pag-aral": "Aralin at ituro ang katuruan ng Islam!" "Sa katotohanan ay lahat ng bagay ay may pinagmulan. Ang pinagmulan ng taqwa ay mga puso ng mga 'arif." "Ang pag-turo ng katuruan ng Islam ay isang paraang upang mabayaran ang kasalanan."**

Si Al-Imam Ar-Rabbani 'rahmatullaahi ta'aala 'alayhi' ay nagsulat sa ika-193 na liham ng unang bolyum ng kaniyanag aklat na **Maktubat:**

[53] Si Tahir Buhari ay yumao noong 542 A.H. [1147 A.C.]

[54] Ang may-akda ng aklat na Hadiqa ay yumao noong 1143 A.H. [1731 A.C.]

"Ang toang mukallaf (nasa edad ng pagkabinaata/dalaga at tamang pag-iisip) ay unang-una dapat ayusin ang kaniyang imanm kaniyang pananampalataya. Ibig sabihin ay aralin ang kaalaman tungkol sa i'tiqad (haligi ng pananananampalataya) tuld ng pagsulat dito ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah wa'l Jamaa'ah at i-ayon ang kaniyang panininwala sa kanilang mga tinuturo. Nawa'y gantimpalaan ng Allahu ta'aala ng marami ang dakilang taong iyon para kanilang mga ginawa. Amin.

Ang kaligtasan mula sa parusa sa Kabilang-buhay ay nakabatay lamang sa pag-aral at pananampalataya sa katuruan ng Islam na ganap na naintindihan ng mga dakilang taong ito. [Ang mga taong sumusunod sa kanilang landas ay tinatawag na **Sunni**.] Naipahayag s isang hadith sharif na isang grupo lamang ang ligtas mula sa Impiyerno at sila ang mga Muslim na sumusunod sa yapak ng mga iskolar na ito. Ang ganap na Muslim na sumusunod sa landas ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' at sa landas ng kaniyang mga Sahabah 'radiyAllahu ta'aala 'anhum' ay ang mga Muslim na ito lamang. Ang tama at mahalagang katuruan na mula sa Qur'an al-Karim at hdith ash-sharif ay ang katuruan na nakuha ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna mula sa Qur'an al-Karim at hadith ash-sharif. Dahil ang bawat isang taong heretiko sa relihiyon na nagdadala ng pangngalang Muslim ay iginigiit na ang kaniyang sariling paniniwalang erehe ay kinuha sa Qur'an al-Karim at hadith ash-sharif. Ang bawat isang taong nagdadala ng maling paniniwala at erehe ay nagsasabi na inaayon nila ang kanilang sarili sa Qur'an at Sunna. Tulad ng ating napansin, hindi lahat ng naiintindihan ng tao mula sa Qur'an al-Karim at hadith ash-sharif ay tama.

Sa pag-intindi ng wsting paniniwala ng Ahl as-Sunna, ang aklat sa wikang Persiya na **Al-Mu'tamad**, na isinulat ni Hadrat Tur Pushti[55], isang dakilang iskolar ng Islam, at ipinapaliwanag dito ang tunay na paniniwala ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna ay labis na mahalaga. Madali itong intindihin. Inilathala ito ng Hakikat Kitabevi (tindahan ng libro) noong 1410 A.H. [1989 A.C.].

Pagkatapos nating iayon ang ting paniniwla s wastong katuruan, dapat nating aralin at sundin ang mga halal, haram, fard, wajib, sunna, mandub, at makruh mula sa mga aklat Fiqhi na isinulat ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna. Hindi dapat nating basahin ang mga aklat na erehe na inilathala ng

[55] Fadlullaah bin Hasan Tur Pushti, isang iskolar ng Hanafi Fiqh, ay yumao noong 661 A.H. (1263 A.C.)

mga ignoranteng tao na hindi nakaka-intindi sa mga dakilang iskolar na ito. Ang mga Muslim na may paniniwla na hindi sang-ayon sa paniniwala ng Ahl as-Sunna ay hindi makaka-iwas sa pagpasok sa Impyerno sa Kabilang-buhay – nawa'y ligtasin tayo ng Allahu ta'aala! Kung ang isang Muslim na mayroong tamamng paniniwala ay may pagkukulang sa pagsamba, maaari pa rin siyang patawarin ng Allahu ta'aala kahit hindi siya magtawba. Kung hindi man siya patawarin ay makakalabas lang din siya mula sa Impyerno pagkatapos ng parusa. Ang pinaka-importante ay ng ayusin ang ating paniniwala. Si Khawaja 'Ubaidullaah al-Ahrar [qaddasAllahu ta'aala sirruhul 'aziz, yumao noong 895 A.H. (1490 A.C.) sa Samarkand] ay nagsabi: 'Kung ako'y binigyan ng lahat ng kashf at lahat ng karamat ngunit wala sa akin ang paniniwala ng Ahl as-Sunna ay itituring ko din'g lugi ang aking sarili. Kung naman ay wala akong kashf o kaya'y karamat at madami din'g sala ngunit biniyayaaan lamang ng paniniwala sa Ahl as-Sunna ay hindi ako manghihinayang.'

"Ngayon, ang mga tao ng India ay labis na napinsala. Umaatake ang mga kalaban ng Islam mula sa lahat ng direksyon. Isang barya na binigay bilang serbisyo sa Islam ngayon ay mas malaki pa ang thawab kaysa sa libu-libong baryng ibinigay sa ibang panahon. Ang pinaka dakilang tulong sa Islam ay ng kunin ang mga aklat ng Ahl as-Sunna, na nagtuturo ng Iman at Islam, at ipamahagi ito sa mga tagabaryo at sa mga kabataan. Ang taong nabigyan ng ganitong kayamanan ay dapat magsaya at pasalamatan ang Allahu ta'aala ng husto; siya ay labis na maswerte, labis na mapalad. Palaging mabuti ang magsilbi sa Islam. Ngunit sa panahon na kagaya nito kung saan mahina ang Islam, kung saan marami na ang mga programa upang sirain ang Islam sa pamamagitan ng kasinungalingan at paninirang-puri, isang mas mabuting gawain ang ipalaganap ang paniniwala ng Ahl as-Sunna. Ang Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ay nagsabi sa kaniyang mga Sahabah**: 'Kayo'y nabubuhay sa panahon na kung saan kung susundin ninyo ang siyam sa sampung kautusan ng Allahu ta'aala at kaniyang mga pinagbabawal at isa lang ang inyong sinuway ay masisira kayo. Paparusahan kayo! Ngunit pagkatapos ng panahon niyo ay may darating na panahon kung saan ang mga taong isa sampu lang ang susundin mula pinag-uutos sa pinagbabawal ay maliligtas.'** [Ang mga impormasyong ito ay nakasulat sa **Mushkatul Masabih**, bolyum 1, ika-179 na artikulo at sa **Tirmizi, Kitab al-Fitan**, ika-79 na artikulo.]

itong kasalukuyang ito ang tinutukoy ng hadith ash-ashraif na ito. Nararapat na labanan ang mga hindi nananampalataya, upang malaman kung sino ang umaatake sa Islam at suklaman ang mga ito. [56] Upang ipalaganap ang mga aklat at salita ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna ay hindi kinakailangan na tayo'y maging tao na may karamat o kaya'y isang iskolar. Ang bawat Muslim ay dapat magsikap upang magawa ito. Hindi maaaring palampasin ang oportunidad. Sa Araw ng Paghuhukom ay tatanungin kung bakit sila hindi nagsilbi sa Islam. Ang mga silang ayaw ipalaganap ang mga libong nagtuturo ng Islam ay ng mg silang hindi tumutulong sa mga tao o kaya'y institusyon na nagpapalaganap ng mga katuruan ng Islam ay mapaparusahan ng matindi. Ang pangangatwiran at pagdadahilan ay hindi tatanggapin. Bagama't ang mga Propeta 'alayhimus salaam' ay ang pinakamataas ang antas at pinaka mainam na mga tao ay hinding-hindi nila iniinda ang kanilang pagiging komportable. Sa pagpapalaganap ng relihiyon ng Allahu ta'aala ang daan patungo sa walang-hanggang kasiyahan ay nagsikap sila araw-gabi. Sa mga silang humingi ng milagro ay kanilang sinabihan na **Allahu ta'aala ang tagapag-likha ng milagro at ang kanilang trabaho lamang ay ang ipalaganap ang relihiyon ng Allahu ta'aala**. Sa pagkilos nila para sa layuning ito, tinulungan sila ng Allahu ta'aala at lumikha ng mga milagro para sa kanila. Tayo din dapat ay magpalaganap ng mga libro at salita ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah 'rahimahumullaahu ta'aala' at sabihan ang kabataan at ating mga kaibigan tungkol sa kasamaan ng mga hindi nananampalataya at ibunyag din ang kasinungalingan ng mga kalaban at ng mga silang naninira at umaapi sa mga Muslim.[57] Ang mga taong hindi nagtatrabaho para sa layuning ito sa pamamagitan ng kayamanan, kapangyarihanm at propesyon ay hindi makakatakas sa parusa. Habang nagtatrabaho para sa layuning ito, ang mararanasang kahirapan at pang-

[56] Ang jihad sa pamamagitan ng puwersa (jihad qatli) ay gawain ng Estado, ng kaniyang hukbo. Ang pagjihad ng isang Muslim ay ang pagsagawa nila, bilang sundalo, ng tungkulang ibinigay sa kanila ng Estado. Ang pagiging mas mainam ng jihad qawli, na kung saan salita ang ginagamit at pagsusulat kaysa sa jihad qatli ay nakasulat din sa ika-65 na liham.

[57] Ang pagsabi sa kanila ay hindi maituturing na paninirang-puri bagkus ay al-amru bi-l-ma'ruf. Ang bawat Muslim ay dapat alamin ang paniniwala ng Ahl as-Sunna at ituro ito sa mga taong malalapit sa kaniya. Ang mga aklat, magasin at sulatin na nagpapaliwanag ng mga salita ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna ay dapat bilhin at ipadala sa kabataan at kaibigan. Dapat tayo magsikap na mabasa nila ang mga ito. Ang mga aklat din na nagbubunyag ng tunay na layunin ng mga kalaban ng Islam ay dapat din ipagkalat.

aapi ay dapat tanggapin bilang dakilang kasiyahan at isang malaking pakinabang. Ang mga Propeta 'alayhimussalaam', habang ipinapalaganap ang katuruan ng Allahu ta'aala sa mga tao, ay nakaranas ng mga atake mula sa mga mangmang at walang dangal. Sila ay labis naapi. Kahit si Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam', ang Pinakamahal ng Allah, na siyang pinili na maging pinaka dakila sa mga dakilang tao, ay nagsabi: **'Walang nang ibang Propeta na nakaranas ng pang-aapi tulad ko.'**"

Ang mga iskolar ng Ahl as-Sunna na nagpakita sa lahat ng Muslim sa mundo ng tamang landas at ginabayan tayo sa pag-aral ng relihiyon ni Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam' nang walang halong pagbabago o interpolasyon ay ang mga iskolar ng apat na Madhab na nakaabot sa antas ng ijtihad. Apat sa kanila ang pinaka tanyag. Ang una sa kanila ay si al-Imam al-A'zam **Abu Hanifa Nu'man ibn Thabit** 'rahimahullaahu ta'aala'. Siya ang isa sa pinaka dakilang iskolar ng Islam. Siya'y naging pinuno ng Ahl as-Sunna. Ang kaniyang talambuhay ay nakasulat sa loob ng mga aklat na Turko **Seadet-i Ebediyye** at **Faideli Bilgiler**.[58] Pinanganak siya sa Kufa noong 80 A.H. [699 A.C.] at naging martir sa Baghdad noong 150 A.H. [767 A.C.].

Ang ikalawa ay ang dakilang iskolar na si Imam **Malik ibn Anas** 'rahimahullaahu ta'aala'. Sinabi ni Ibn 'Abidin na siya'y nabuhay ng walunmput-siyam na taong gulang. Ang kaniyang lolo ay si Malik ibn Abi 'Amir.

Ang ikatlo ay si Imam **Muhammad ibn Idris ash-Shafi'i** 'rahimahullaahu ta'aala', na siyang kinamamanghaan ng lahat ng iskolar ng Islam.

Siya'y pinanganak noong 150 A.H. [767 A.D] sa Ghazza, Palestine, at yumao sa Ehipto noong 204 A.H. [820 A.D].

Ang ikaapat naman ay si Imam **Ahmad ibn Hanbal** 'rahimahullaahu ta'aala' na pinanganak sa Baghdad noong 164 A.H. [780 A.D] at pumanaw din doon noong 241 A.H. [855 A.C.]. Siya ang panghuling piyesa sa gusali ng Islam.

Ngayon, ang taong hindi sumunod sa isa sa apat na dakilang Ima na ito ay nasa malaking peligro. Siya ay nasa loob ng erehe. Maliban sa apat na ito ay mayroong ding ibang iskolar ng Ahl as-Sunna na nagtaglay ng matutuwid na madhhab. Subalit dahil sa paglipas ng panahon ay nakalimutan

[58] Sa unang kabanata din ng **The Sunni Path** at sa ikalima at ika-anim na kabanata ng unang pasikulo ng **Endless Bliss**.

ang kanilang mga madhhab at hindi na maisalba sa pamamagitan ng pagsulat sa libro. Halimbawa, ang pitong dakilang iskolar ng Madina na binansagang **al-Fuqaha' as-sab'a** at si **'Umar ibn 'Abd al-'Aziz, Sufyan ibn 'Uyayna,**[59] **Ishaq ibn Rahuyah, Dawud at-Ta'i, 'Amir ibn Sharahil ash-Sha'bi, Layth ibn Sa'd, A'mash, Muhammad ibn Jarir at-Tabari, Sufyan ath-Thawri** (yumao sa Basra noong 161 A.H. [778 A.C.]) at **'Abd ar-Rahman Awza'i** 'rahimahumullaahu ta'aala' ay kabilang sa kanila.

Ang lahat ng Sahabat al-Kiram 'radiyAllahu ta'aala 'anhum ajma'in' ay tunay na "bituin" ng gabay. Sinuman sa kanila ay sapat na upang gabayan ang buong mundo sa tamang landas. Sila ay mga mujtahid, mayroong sariling madhhab. Karamihan ng kanilang mga madhhab ay nagkakapareho. Subalit, dahil hindi naipon sa aklat ang kanilang mga madhhab ay hindi posible para sa atin na sumunod sa kanila. Ang mga **Madhhab** ng apat na Imam, ibig sabihin ang kanilang mga katuruan tungkol sa mga bagay na dapat paniwalaan o dapat gawin ay inipon ng kanilang mga disipulo at ipinaliwanag. Ito'y inipon sa loob ng mga aklat. Ngayon, ang lahat ng Muslim ay dapat kasapi sa Madhhab ng isa sa apat na Imam na nabanggit sa itaas at isabuhay at i-ayon ang kanilang 'ibadat ayon sa Madhhab na iyon.[60]

Sa mga disipulo ng apat na Imam na ito, dalawang iskolar ang nakaabot ng pinaka mataas na antas sa larangan ng pagpapalaganap ng katuruan ng iman. Sa ganoon ay mayroong dalawang **Madhhab** ng i'tiqad o kaya'y **iman**. Ang tamang paniniwala na ayon sa Qur'an al-Karim at hadith ash-Sharif ay ang paniniwalang naaayon sa ipinahayag ng dalawang Imam na ito nagpalaganap ng paniniwala ng Ahl as-Sunnah sa mundo, ang Grupong Mliligtas. Ang isa sa kanila ay si **Abu'l Hasan 'Ali al-Ash'ari** 'rahimahullaahu ta'aala' na pinanganak sa Basra noong 226 A.H. [879 A.C.] at yumao sa Baghdad noong 330 A.H. [941 A.C.].

Ang isa naman ay si **Abu Mansur al-Maturidi** 'rahimahullaahu ta'aala' na yumaon sa Samarkand noong 333 A.H. [944 A.C.]. Sa paniniwala, ang bawat Muslim ay dapat sumunod sa isa sa dalawang dakilang Imam na ito.

[59] Si Sufyan ibn 'Uyaynah ay yumao sa ciudad ng Makkah noong 198 A.H. [813 A.C.].

[60] Ang taong ayaw sumunod sa isa sa apat na Madhhab ay hindi kasama sa Ahl as-Sunna.

Ang daan (turuq) ng mga Awliya' ay matuwid. Niisang grado man ay hindi sila lumihis sa Islam.[61] Ang mga Awliya' ay nagtataglay ng karamat. Ang lahat ng karamat nila ay matuwid at totoo. Si Al-Imam 'Abdullaah al-Yafi'i (yumaon sa Makkah noong 768 A.H. [1367 A.C.] ay nagsabi: "Ang karamat ng Gawth ath-Thaqalayn Mawlana 'Abdul Qadir al-Jilani 'qaddasAllahu ta'aala sirruhul 'aziz'[62] ay napag-alaman ng napakarami na hindi pwedeng pagdudahan ang mga ito dahil ang **tawatur** (ang pagiging sobrang laganap) ay isang sanad (dikumentrayong ebidensiya)."

Hindi maaaring tawagin, sa pamamagitan ng paggaya sa ibang tao, ang isang taong nagsasalah na "hindi nananampalataya" maliban na lang kung ang kaniyang kawalang-paniwala ay mula sa kaniyang sariling bibig, lantad at walang darura (matinding pangangailangan o kaya'y may pagpipilit), ng salita o kaya'y kaniyang paggamit ng isang bagay na nagdudulot sa kaniyang paglabas sa Islam. Hindi natin siya pwedeng sumpain hanggat tayo'y sigurado na siya'y namatay bilang isang taong hindi nananampalataya. At dahil dito, mas mabuting hindi sumpain si Yazid.

5. Ang ikalima sa anim na haligi ng iman ay **"ang maniwala sa Huling Araw (al-Yawm al-Aakhir)."** Nagsisimula ito sa araw na pagkamatay at nagtatapos sa katapusan ng pagkagunaw ng mundo. Ang dahilan kung bakit siya tinawag na "Huling Araw" ay dahil wala nang gabi na kasunod nito o kaya'y dahil dumarating siya pagkatapos ng munndo. Ang "Araw" na nabanggit sa hadith ash-sharif ay hindi katulad ng araw at gabi na ating alam. Isang takdang oras ang ibig sabihin nito. Hindi ipinaalam kung kailan igaganap ang pagkagunaw ng mundo. Walang sinuman ang makakatantiya nito. Subalit, binigyan ng pangsin ng ating Propeta 'sallAllahu ta'aala

[61] Sa bawat siglo ay mayroong mga sinungaling at heretiko na nagsamantala ng relihiyon bilang daan patungo sa makamunduhang benepisyo at nagpakilalang Wali, murshid o kaya'y taong may-antas sa relihiyon. Sa kasalukuyan, mayroon pa ring mga masasamang tao sa bawat propesyon, sa bawat sanga ng sining, at sa bawat pwesto sa gobyerno. Sa tuwing may nakikita tayong mga taong naghahanap ng kanilang benepisyo at ligaya sa paghihirap ng iba, isang kawalang-katarungan o kaya'y kamangmangan ang idamay ang lahat ng sining at tao na nakakasalamuha ng mga ito. Makakatulong ito sa mga sepratista. Sa ganitong dahilan, ang pagkakaroon ng mga tao ng relhiyon na heretiko at mangmang, nagpapangganp na kasapi ng turuq (mga grupo, landas) ay hindi dapat maging dahilang upang ating pagsalitaan ng masama ang mga iskolar ng Islam o kaya'y mga dakilang tao ng Tasawwuf na ang kanilang marangal na serbisyo ay makikita sa kasaysayan. Dapat nating mapagtanto na ang mga taong naninira ng kanilang puri ay pawang hindi makatarungan.

[62] Si 'Abdulqadir Geylani ay yumao sa Baghdad noong 561 A.H. [1161 A.C.].

‘alayhi wasallam’ ang iilan sa mga senyales nito o mga mangyayari bago mangyari ito: Si Hadrat al-Mahdi[63] ay darating; Si ‘Isa ‘alayhis salaam’ ay bababa sa Damasco mula sa langit; Ang ad-Dajjal[64] ay lalabas; mga taong Ya’juj at Ma’juj[65] ay ilalagay ang buong mundo sa kaguluhan; ang araw ay sisikat sa kanluran; magkakaroon ng mga napakatinding lindol; makakalimutan ang kaalaman ng relihiyon; ang bisyo at kasamaan ay dadami; hindi relihiyoso, malaswa, at sinungaling na tao ay magiging mga pinuno; Ang mga kautusan ng Allahu ta’aala ay ipagbabawal; ang haram ay gagawin kahit saan; may lalabas na apoy mula sa Yemen; ang mga karagatan at kabundukan ay mahahati-hati; ang araw at buwan ay didilim; ang mga karagatan ay maghahalo-halo, kukulo at matutuyo.

Ang Muslim na gumawa ng kasalanan ay isang **fasiq**. Ang fasiq at mga taon hindi nananampalataya ay paparusahan (‘adhaab) sa loob ng kanilang mga libingan. Ang mga alituntuning ito ay dapat paniwalaan. Pagkatapos ng paglibing ay babalik ang lahat ng namatay sa isang klaseng buhay na hindi natin alam at masisiyahan sa biyaya o kaya’y dadanas ng parusa. Tulad nang nabanggit sa hadith ash-sharif, ang dalawang anghel

[63] Ang Hadrat al-Mahdi ay isang inapo ng ating banal na Propeta Muhammad ‘alayhis salaatu wassalaam’. Ang kaniyang pangngalan ay Muhammad at pangngalan ng kaniyang ama ay ‘Abdullaah. Pamumunuan niya ang mga Muslim, palalakasin niya ang Islam, at ipapalaganap niya ito kahit saan. Magkikita sila ng ‘Isa ‘alayhis salaatu wassalaam’, at sama-sama nilang kakalabanin at papatayin ang ad-Dajjal. Sa kaniyang panahon ay maninirahan ang mga Muslim kahit saan at mamumuhay ng maginhawa at walang kahirapan.

[64] Ang ad-Dajjal (na Antikristo na kung tawagin ng mga Kristiyano, at tatawagin ding Masih dahil siya’y magiging tanyag kahit saan) ay isang anak ng Hudyo mula sa Khurasan, sa hilaga ng Iran, na kalaban ng Islam na may-hawak sa hindi mabilang na numero ng sundalo. Papatayin niya ang mga Muslim at magdadala ng kahirapan at gulo sa Gitnang Silangan. At pagkatapos ng pagdanak ng maraming dugo, siya’y papatayin ng Hadrat al-Mahdi. Nakasulat ito, kasama ang mga batayan, sa **Mukhtasaru Tadhkirat al-Qurtubi** ni ‘Abd al-Wahhaab ash-Sha’rani (ikalawang ed. Istanbul, 1302) na ang pangngalan ng ad-Dajjal ay Ibn as-Sayyad.

[65] Nakasulat sa loob ng Qur’an al-Karim na ang Ya’juj wa Ma’juj (Gog and Magog) ay dalawang masasamang grupo ng tao na ikinulong sa likod ng isang pader at magkakalat sa buong mundo sa huling araw ng mundo. Kung isasaalang-alang na ang arkeolohiyang pananaliksik ay nakakahanap ng mga ciudad sa ilalim ng lupa at fossil na galing sa dagat sa tuktok ng kabundukan, ang pader na ito ay hindi pa kailangang matuklasan ngayon; maaaring isipin na tulad ng libu-libong milyon ng tao ngayon ay nagmula sa dalawang tao lamang, ang dalawang grupo na ito ay lalaganap sa mundo at magpaparami mula sa kaunting tao, kahit hindi pa nalalaman ang kanilang lugar ngayon.

na **Munkar** at **Nakir**, na magmumukhang katakot-takot na tao, ay dadalo sa kaniyang libingan at siya'y tatanungin. Ang mga katanungan sa loob ng libingan ay tungkol sa iilang mga alituntunin ng iman, sa pananaw ng iilang iskolar, o kaya'y sa kabuuan ng iman, sa pananaw ng iba. Sa kadahilanang ito, nararapat nating turuan ang ating mga anak tungkol sa mga kasagutan ng sumusunod na katanungan: Sino ang iyong Panginoon (Allah)? Ano ang iyong relihiyon? Kaninong umma (sa kaninong komunidad ng Propeta) ka kasapi? Ano ang [pangngalan] ng iyong Banal na Aklat? Ano ang iyong qibla? Ano ang mga Madhhab mo sa iman at sa 'ibadat (or 'amal)? Nakasulat sa aklat na **Tadhirat al-Qurtubi**[66] na ang mga silang hindi Sunni ay hindi makakasagot ng tama. Ang mga libingan ng mga silang nagbigay ng wastong kasagutan ay luluwag at bubuksan sila ng isang bintana patungong Paraiso. Bawat umaga at gabi ay makikita nila ang kanilang mga pwesto sa loob ng Paraiso, at bibiyayaan sila ng mga anghel at bibigyan ng mababuting balita. Ang siya namang hindi makasagot ng tama ay bubugbugin gamit ang isang masong yari sa bakal nang napakatindi na maririnig ng lahat ng nilalang maliban sa tao at jinn ang kaniyang pagsigaw. Ang kaniyang libingan ay magiging napakasikip na mararamdaman niya na parang nagkakabuhol na ang kaniyang mga buto. Mayroon ding isang butas patungong Impyerno at makikita niya ang kaniyang pwesto sa Impyerno bawat umaga at gabi. Siya'y paparusahan ng napakatindi sa loob ng libingan hanggang sa Araw ng Pagkabangon.

Nararapat na maniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Pagkatapos mabulok ng laman at buto ay ito'y magiging lupa ang hangin at ito'y maghahalo-halo ulit; ang mga kaluluwa ay papasok sa mga katawan nila at babangon ang lahat mula sa kanilang mga libingan. Sa ganoon, ang panahong ito ay tinatawag na Araw ng Qiyamah (Pagkabangon).[67]

[66] Si Muhammad Qurtubi Maliki, ang may-akda ng aklat na **Tadhkirat al-Qurtubi** ay yumaon noong 671 A.H. [1272 A.C.]. Mangyarin tignan ang pahinang dumaan.

[67] Ang mga pananim ay kumukuha ng carbon dioxide mula sa hangin, tubig, mga asin (sangkap mineral) mula sa lupa at pinagsasama sila upang makabuo ng sangkap organiko, ang sangkap ng ating mga lamang-loob. Napag-alaman na ngayon na ang isang reaksyong kemikal na taon bago mangyari ay nangyayari sa loob ng segundo lamang kung mayroon katalista. Ganoon din, bubuuhin ng Allahu ta'aala ang tubig, carbon dioxide, mga sangkap mineral sa loob ng mga libingan at lilikha ng mga sangkap organiko at buhay na lamang-loob sa isang higlap lamang. Ang Mukhbir-i-Sadiq (Ang Makatotohanang Mamahayag, Ang Propeta) ay nagsabi na sa ganitong paraan tayo mapupunta sa kabilang buhay. Mangyaring tignan ang aming aklat na nagngngalang

Ang lahat ng nilalang may-buhay ay magtitipon-tipon sa lugar na **Mahshar** ang tawag. Ang mga aklat ng gawain ay lilipad patungo sa kanilang mga may-ari. Ang Makapangyarihang Allah, ang Tagapaglikha ng mundo, kalangitan, mga bituin, at lahat ng bagay ay ang magpapatupad nito. Ang Sugo ng Allahu ta'aala 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ay nagsabi na mangyayari ang mga kaganapang ito. Walang duda na ang kaniyang sinabi ay totoo. Ang lahat ng ito ay walang dudang mangyayari.

Ang mga aklat ng gawain ng mga banal (salih) at mababuting tao ay ibibigay sa kanang kamay at ang mga silang makasalanan (fasiq) at masasamang tao ay bibigyan sa likod o sa kaliwa. Ang bawat gawain, mabuti man o masama, malaki man o maliit, ginawang palihim o sa hayagan ay isasama sa aklat na iyon. Kahit ang mga gawain na hindi batid ng anghel na kiram katibin ay ibubunyag ng pagtestigo ng mga organo ng tao at ng Allahu ta'aala, na siyang alam ang lahat, at magkakaroon ng paglilitis at pag-ayos ng mga kuwenta sa bawat gawain. Sa Araw ng Paghuhukom, ang bawat gawaing tago ay ibubunyag kung gustuhin ng Allahu ta'aala. Ang mga anghel ay tatanungin tungkol sa gawain nila sa mundo at sa kalangitan, mga Propeta 'alayhimus salaam' tungkol sa kung paano nila pinahayag ang mga utos ng Allahu ta'aala at Kaniyang relihiyon sa mga tao, at mga tao tungkol sa kung paano nila inayon ang kanilang sarili sa mga Propeta, kung paano nila ginampanan ang mga mga responsibilidad ng ibinigay sa kanila, at kung paano nila pinangalagaan ang karapatan ng bawat isa. Sa Araw ng Paghuhukom, ang mga taong mayroong iman at maganda ang gawain at moralidad ay gagantimpalaan at bibiyayaan at ang mga taong nag-aasal ng masama at masasama ang gawain ay paparusahan ng matindi.

Ang Allahu ta'aala, sa pamamagitan ng Kaniyang pagiging makatarungan ay magpaparusa ng iilang Muslim dahil sa kanilang maliliit na kasalanan at magpapatawad siya, dahil sa Kaniyang Habag, ng maliliit at malalaking kasalanan ng ibang mga Muslim na kaniyang pipiliin. Maliban sa kawalang-paniwala (kufr) at pagtatambal (shirk), papatawarin Niya ang lahat ng kasalanan kung Kaniyang nanaisin. Papatawarin Niya ang lahat ng kasalalan kung Kaniyang gugustuhin at magpaparusa Siya ng maliit na kasalalan kung Kaniyang gugustuhin. Ipinahayag niya na hinding-hindi Niya papatawarin ang kawalang-paniwala at ang pagtatambal. Ang mga taong hindi naniniwala may aklat mula sa langit man sila o wala, ibig

The Rising and the Hereafter.

sabihin mga taong hindi naniniwala na si Muhammad ‘alayhis salaatu wassalam’ ay ng Propeta ng lahat ng tao at sumasalungat sa kahit isa sa mga batas [utos at pagbabawa] na kaniyang ipinahayag ay walang dudang ilalagay sa loob ng Impyerno at paparusahan magpakailanman.

Sa Araw ng Paghuhukomm, magkakaroon ng **Mizan** (‘timbangan’), malayo sa ating mga nakita, para timbangin ang mga gawain at asal. Ito’y napakalaki. Ang isa sa kaniyang timbangan ay kayang ay kayang dalhin ang mundo at kalangitan. Ang timbangan para sa mababuting gawain ay maliwanag at nasa bandang kanan ng ‘Arsh kung saan ang Paraiso at ang timbangan para sa mga kasalanan ay maitim at nasa bandang kaliwa ng ‘Arsh kung saan ang Impyerno. Ang mga kilos, salita, isipan at sulyap sa mundo ay magkakaroon ng anyo doon, ang mababuting gawain ay mag-aanyong maliwanag at ang mga kasalanan ay mag-aanyong maitim at kasuklam-suklam ay titimbangin sa timbangang ito na hindi tulad ng mga makamunduhang timbangan; naiulat na ang timbangan na mas mabigat ay aakyat at ang mas magaan ay bababa. Ayon sa iilang iskolar magkakaroon ng iba’t ibang klase ng timbangan. At marami pang iba ang nagsabi na: “Hindi klarong pinakita sa Islam kung paano at kung ilan ang mga timbangan at dahil doon ay mas mabuti pa hindi na ito isipin.”[68]

Magkakaroon ng tulay na **Sirat** ang tawag, na ilalagay sa itaas ng Impyerno ayon sa utos ng Allahu ta’aala. Ang lahat ay uutusang tumawid sa tulay na ito. Sa araw na iyon, ang lahat ng Propeta ay mananalangin: “O Allah! Bigyan mo kami ng kaligtasan!” Ang mga taong nakatakdang pumunta sa Paraiso ay walang hirap na makakatawid ng tulay at maaabot ang Paraiso. Ang iilan sa kanila ay tatawid na kasing bilis ng kidlat, ang iba kasing bilis ng hangin, at ang iba parang kabayong tumatakbo. Ang Tulay na Sirat ay mas manipis pa sa isang buhok at matalas pa sa espada. Ang pag-ayon mo sa Islam sa mundong ito ay ganoon din; ang wastong pag-ayon mo ng iyong sarili sa Islam ay parang pagtawid sa Sirat. Ang silang tiniis ang hirap ng sagupaan pati ng kagustuhang pangkatawan (ang nafs) dito ay madaling makakatawid ng Sirat doon. Ang silang hindi sumunod sa Islam dahil sa nafs ay mahihirapan sa pagtawid ng Sirat. Dahil dito, tinawag ng Allahu ta’aala ang tamang landas, na itinuro ng Islam, na **“Sirat al-Mustaqim.”** Ang pagkakapareho ng mga pangngalan ay nagpapakita na ang manatili sa loob

[68] Sa madaling salita, walang saysay ang bumuo ng letrato ng timbang o kaya mga timbangan sa loob ng iyong utak.

ng landas ng Islam ay parang pagtawid ng Sirat. Ang silang karapat-dapat sa Impyerno ay mahuhulog sa Sirat papuntang Impyerno.

Magkakaroon ng isang anyong tubig na **Hawd al-Kawthat** ang tawag na nakareserba para sa ating pinunong si Muhammad Mustafa 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam'. Ito'y malawak parang isang buwang lakbay. Ang kaniyang tubig ay mas maputi pa sa gatas, at ang amoy kasing bango ng musk. Ang mga basong pag-iinuman na nakapalibot sa kaniya ay mas madami pa sa mga bituin. Ang taong uminom ng tubig nito ay hinding hindi na uuhawin ulit kahit pa kung siya'y nasa loob ng Impyerno.

Dapat nating paniwalaan na magkakaroon ng **shafa'a** (intercession). Ang mga Propeta, Wali, mababuting Muslim, mga anghel, at ang iba pang mga pinahintulutan ng Allah na mamagitan ay mamamagitan para sa patawaran ng mga maliliit at karumdumal na kasalanan ng mga Musim na namatay na hindi nakahingi ng kapatawaran at ang kanilang pamamagitan ay tatanggapin. [Ang ating Propeta 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ay nagsabi: **"Mamamagitan ako para sa mga silang kasama sa Ummah ko nagkasala ng malaki."**] Sa kabilang buhay, ang shafa'a ay mababahagi sa lima:

Unang-una, ang mga makasalanan, napapagod na sa umpukan ng tao, at sa paghintay ng matagal sa lugar ng Paglilitis, ay iiyak at hihingilin na dumating na agad-agad ang Paghuhukom. Mayroong shafa'a para dito.

Ikalawa, mayroong shafa'a na magpapadali ng paglilitis at magpapabilis nito.

Ikatlo, mayroong shafa'a para sa mga makasalanan na Muslim upang sila'y hindi mahulog sa Sirat papuntang Impyerno at upang maligtas sila mula sa parusa ng Impyerno.

Ikaapat, mayroong shafa'a para sa pag-alis ng mga Muslim na gumawa ng mabibigat na kasalanan.

Ikalima, mayroong shafa'a para sa pagtaas pa lalo ng rango ng isang Muslim sa loob ng Hardin ng Paraiso na kung saan, bagama't mayroong hindi mabilang na dami ng mga biyayang at walang hangganang pamamalagi, mayroong walong grado at ang grado ng bawat tao ay kaugnay ng antas ng kaniyang iman at kaniyang gawain.

Ang Paraiso at Impyerno ay kasalukuyang nariyan na. Ang Paraiso ay nasa ibabaw ng pitong palapag ng langit. Ang Impyerno naman ay nasa

ibaba ng lahat. Mayroong walong Hardin ng Paraiso at pitong Impyerno. Ang Paraiso ay mas malaki pa mundo, sa araw, at sa kalangitan, at ang Impyerno naman ay mas malaki pa sa araw.

6. Ang panghuli sa anim na haligi ng iman ay **"ang maniwala sa qadar, na ang mabuti (khair) at masama (sharr) ay galing sa Allahu ta'aala."** Ang mabuti at masama, benepisyo at pinsala, kita at kalugian na dumarating sa tao ay lahat dahil sa Kagustuhan ng Allahu ta'aala. Ang ibig sabihin ng 'Qadar' ay 'ang pagsukat ng dami; pagpasya, kaayusan, pagkarami at pagkalaki.' Ang Kagustuhan ng Allah, na walang mula't walang hanggan, para sa pagkakaroon ng isang bagay ay **qadar** (predestinasyon). Ang (pagkakataon ng) pangyayari ng qadar, ang bagay na ginusto, ay **qada'** ang tawag. Ang qada' at qadar ay mapagpalit din. Nang alinsunod, ang ibig sabihin ng **qada'** ay ang predestinasyon ng Allahu ta'aala sa walang mula't walang hanggan ng mga bagay na nalikha na at ang ililikha pa mula sa walang mula't walang hanggan ng nakaraan patungo sa walang hanggan ng hinaharap, at ibig sabihin ng **qadar** ay ang (pagkakataon ng) paglikha ng kahit ano na naaayon sa qada', walang labis walang kulang. Sa walang mula't walang hanggan ng nakaraan, alam ng Allahu ta'aala ang lahat ng mangyayari. Ang kaalaman Niyang ito ay ang **qada' at qadar**. Tinawag ito ng mga sinaunang pilosopo na Greko bilang al-'inayar al-azaliya (ang walang mula't walang hanggang biyaya). Ang lahat ng nilikha ay nagkaroon mula sa qada'. Ganoon din ang paglikha ng mga bagay ayon sa Kaniyang kaalaman sa nakaraang walang mula't walang hanggan ay qada' at qadar. Sa paniniwala sa qadar, dapat nating alamin na walang duda at maniwala na kung mayroong ginusto ang Allahu ta'aala sa walang mula't walang hanggan na lumikha ng isang bagay ay walang dudang dapat ito magkaroon sa eksaktong-eksakto sa Kaniyang ginusto, walang labis walang kulang; ang pagkawala ng mga bagay na Kaniyang ginustong ilikha o kaya'y pagkakaroon ng bagay na Kaniyang ginustong hindi ilikha ay imposible.

Ang lahat ng hayop, pananim, walang kaluluwang bagay [mga matatag, likido, gas, bituin, molekyul, atomo, elektron, electromagnetic wave, bawat galaw ng bawat nilalang, pangyayaring pisikal, kemikal, reaksyong nukleyar, ugnayan ng enerhiya, pangkatawang pangyayari sa loob ng mga nilalang may-kaluluwa] pagkakaroon at hindi pagkakaroon ng anuman, mabuti at masamang gawain ng tao, kanilang kaparusahan sa mundong ito at sa kabilang buhay, at ang lahat ay nasa Kaalaman na ng Allahu ta'aala

noong walang mula't walang hanggan pa. Alam niya ang lahat ng ito noong walang mula't walang hanggan pa. Ang lahat ng mabuti at masamang gawain ng tao, ang kanilang paniniwala o kawalang-paniwala sa Islam, ang lahat ng kanilang kilos, ginawa man ito ayon sa kanilang kagustuhan o hindi, ay nilikha ng Allahu ta'aala. Siya lamang ang lumilikha at ginagawa ang lahat ng pangyayari sa pamamagitan ng sabab (sanhi, kaparaanan, mamamagitan). Nililikha Niya ang lahat ayon sa kaparaanan.

Halimbawa, ang apoy ay nakakasunog. Ngunit ang katotohanan ay Allahu ta'aala ang Siyang lumilikha ng pagsunog. Ang apoy ay walang kinalaman sa pagsunog. Ngunit ang Kaniyang Gawi ay kung walang malalapitan na bagay ang apoy ay hindi Siya lilikha ng pagsunog.[69] Ang Allahu ta'aala lamang ang Siyang nagsusunog. Kaya Niya rin magsunog nang walang apoy ngunit ang Gawi Niya ay ang pagkakaroon ng sunog na dulot ng apoy. Kung hindi Niya gustuhin na magsunog, Pinagbabawalan niya ang pagsunog kahit pa mayroong apoy. Hindi Niya sinunug si Abraham 'alayhissalaam' sa apoy; dahil labis Niya siyang mahal ay sinuspindi

[69] Ang apoy ay hindi gumagawa ng kahit ano maliban sa pagpa-init hanggang umabot sa temperatura ng pagliyab. Hindi apoy ang naghahalo ng karbon at hydrogen sa oxygen ng mga sangkapg organiko at hindi din ito ang nagbibigay lakas sa mga elektron upang gumalaw. Ang mga silang hindi nakakabatid ng katotohanan ay nag-aakala ng gawain ito ng apoy. Hindi apoy, hindi oxygen, hindi init, hindi paggalaw ng elektron, ang nagsusunog o kaya'y lumilikha ng reaksyong pagsunog na ito. Tanging Allahu ta'aala lamang ang Siyang nagsusunog nito. Nilikha Niya ang bawat isa bilang kaparaanan ng pagsunog. Ang taong kulang ng kaalaman ay mag-aakala na ang apoy ay nakakasunog. Ang isang bata na nakapagtapos ng elementarya ay hindi maniniwala sa sabi na "ang apoy ang nakakasunog." Bagkus ang kaniyang sasabihin ay "ang hangin ang nakakasunog." Ang taong nakapagtapos ng junior highschool ay hindi tatanggapin ang pahayagang ito. Ang sasabihin niya, "ang oxygen sa hangin ang nakakasunog." Ang tao namang nakapagtapos ng highschool ay magsasabi na ang pagsunog ay hindi tangi sa oxygen ngunit ang anumang elemento na humahalina ng elektron ay nakakasunog. Ang estudyante sa unibersidad naman ay isasaalang-alang ang enerhiya at materya. Mapapansin na lalong dumarami ang kaalaman ng tao ay papalapit siya ng papalapit sa looban ng materya at mapagtatanto na napakarami ng sanhi sa likod ng mga bagay na itinuturing na sanhi. Ang mga Propeta 'alayhimus salaam', na nasa pinakamataas na antas ng kaalaman at siyensa at mayroong kakayanan na makita ang realidad ng lahat, at ang mga iskolar ng Islam na sumusunod sa yapak nila at nakatamasa ng kaunti mula sa kaalaman nila, ay nagsasabi na ang bawat isang bagay na pinaniniwalaang masusunog o kaya'y nakabubuo ngayon ay isang mahina at walang kuwentang kaparaanan na linagay lamang pilang mamamagitan ng Tunay na Tagapaglikha.

Niya ang Kaniyang Gawi.[70] [Katotohanan ay lumilikha din Siya ng mga bagay na tumitigil sa pagsunog ng apoy. Ang mga kimiko ay matagal nang naghahanap sa mga bagay na ito.]

Kung gustuhin ng Allahu ta'aala, kaya Niyang ilikha ang lahat ng bagay nang walang kaparaanan, tulad ng pagsunog na walang apoy, pagpapalusog sa atin nang walang pagkain, paglipad na walang eroplano, at pagdinig ng malayong distansya na walang radyo. Ngunit biniyayaan Niya ang tao sa paglikha ng lahat na may kaparaanan. Ginusto Niyang lumikha ng natatanging bagay sa pamamgitan ng natatanging tagapamagitan. Ginawa Niya ang Kaniyang gawain sa ilalim ng tagapamagitan. Itinago Niya ang Kaniyang Kapangyarihan sa likod ng mga tagapamagitan. Ang siyang gustuhin na mayroon Siyang ilikha ay dapat panghawakan ang kaparaanan nito upang ito'y matamasa.[71]

Kung hindi ng Allahu ta'aala nilikha ang Kaniyang Gawa sa pamamagitan ng tagapamagitan ay hindi na mangangailangan ng kahit sino pa ang lahat; ang lahat ay ihihingi na ang lahat diretso sa Allahu ta'aala at hindi pahihintulutan pumunta sa iba; hindi magkakaroon ng relasyong panlipunan sa pagitan ng mga tao tulad ng pinuno at nasasakupan, foreman at trabahador, estudyante at guro, at iba pa, at sa ganoon ay magiging magulo ang mundong ito at ang kabilang buhay at mawawalan ng pagkakaiba ang maganda sa pangit, mabuti sa masama, masunurin at masuwayin.

Kung ginusto ng Allahu ta'aala ay ililikha Niyaang Kaniyang Gawi sa ibang paraan at sa ganoon ay ililikha Niya ang lahat ayon dito.

[70] Katotohanan ay lumilikha din Siya ng mga bagay na tumitigil sa pagsunog ng apoy. Ang mga kimiko ay matagal nang naghahanap sa mga bagay na ito.

[71] Ang siyang gusto ilawan ang lampara ay gagamit ng posporo; ang gusto kumatas ng mantika mula sa olibo ay gagamit ng pangpisa at pangdikdik; ang may sakit sa ulo ay iinom ng aspirin; ang gusto makapasok sa Paraiso at makatamasa ng hindi mabilang na pabor ay iaayon ang sarili sa Islam; ang siyang bumaril sa kaniyang sarili gamit ang baril o kaya'y uminom ng lason ay mamamatay; ang uminom ng tubig habang lubos na pagpawis ay hihina ang kalusugan; ang gumawa ng kasalan at mawalan ng iman ay papasok sa Impyerno. Anuman ang tagamagitan na gamitin ng tao ay makukuha niya ang bagay na nilikha ang tagapamagitan para dito. Ang magbasa ng aklat Islamiko ay matututo, magugustuhan, at magiging Muslim. Ang siyang manirahan sa lugar ng mga hindi relihiyoso at makinig sa kung ano ang sinasabi nila ay magiging mangmang sa Islam. Karamihan ng mga mangmang sa Islam ay nagiging taong walang pananampalataya. Kapag sumakay ang tao sa isang sasakyan, mapupunta siya kung saan ito papunta.

Halimbara, kung ginusto Niya ay ilalagay Niya ang mga taong walang pananampalataya, mga silang adik sa kaaliwan ng mundo, mga silang nanakit ng iba at mapanlinlang, sa Paraiso at ilalagay Niya ang mga banal, nananampalataya, at mapagkawanggawa, sa Impyerno. Ngunit ang mga ayat at hadith ay nagpapakita na hindi ito ang Kanyang kagustuhan.

Siya ang tanging lumilikha ng opsyonal, o kaya'y kusang-loob at hindi kusa at saka mga paggalaw ng tao. Nilikha Niya ang **ikhtiyar** (opsyon), at **irada** (kagustuhan) sa Kaniyang mga alipin para sa paglikha Niya ng kanilang kilos na opsyonal o kusang-loob at ginawa Niya ang opsyon at kagustuhan na ito bilang kaparaanan sa paglikha ng kanilang mga kilos. Kung gustuhin ng tao na gumawa ng isang bagay, ililikha ng Allahu ta'aala ang kilos na ito kung gugustuhin Niya. Kung hindi gustuhin ng tao at hindi din gustuhin ng Allahu ta'aala ay hindi Niya ililikha. Ang paglikha ng Allahu ta'aala ay hindi lang ayon sa kagustuhan ng tao, lumilkha din Siya kung gustuhin Niya. Ang paglikha ng Allahu ta'aala ng mga kilos opsyonal ng tao ay katulad lang ng pagdikit ng apoy sa isang bagay ay lumilikha Siya ng pagsunog ng bagay na iyon at kung hindi naman madikitan ng apoy ay hindi Siya lilikha ng pagsunog. Kapag ang kutsilyo at tumama sa isang bagay, lumilikha Siya ng pagputol. Hindi kutsilyo ang nagpuputol ngunit Siya lamang ang pumuputol. Nilikha Niya ang kutsilyo bilang kaparaanan ng pagputol. Sa ibang salita, nililikha Niya ang kilos opsyonal ng tao bilang sanhi (sabab) upang piliin, mas gustohuin, at naisin niya ang mga kilos na ito. Ngunit ang paggalaw sa kalikasan ay hindi nakabatay sa kilos ng tao ngunit ay nililikha sa pamamagitan ng ibang sanhi kung saan Allahu ta'aala lamang ang nagnanais. Walang ibang tagapaglikha maliban sa Kaniya, ang tanging lumilkha sa bawat paggalaw ng lahat, ng mga araw, tinga, tulo, cell, mikrobyo, at atomo, ang kanilang sangkap at katangian. Ngunit may pagkakaiba sa pagitan ng galaw ng mga bagay na walang kaluluwa at sa kilos opsyonal, kusang-loob ng tao at ng hayop; kapag ang tao o hayop ay pumili, mas gustohin at naisin ang isang kilos, at kapag kagusutuhan Niya din ito, ay pinapakilos Niya siya o ito na kumilos at nililikha Niya ang kaniyang kilos ang kilos nito. Ang pagkilos ng tao ay wala sa kamay ng tao. Bagkus ay hindi niya rin alam kung paano siya kumikilos.[72] Walang opsyon sa paggalaw ng mga walang kaluluwa. Ang Allahu ta'aala ay

[72] Ang kaniyang pagkilos ay sanhi ng napakaraming pisikal at kemikal na pangyayari.

lumilikha ng pagsunog kapag dumikit ang apoy sa isang bagay at hindi ito dahil kagustuhan o pagpili ng apoy na magsunog.[73]

Ang kilos opsyonal ng tao ay nangyayari pagkatapos ng dalawang bagay. Unang una, ang pagpili ng puso, kagustuhan at kapangyarihan ay kasama. At dahil dito, ang kilos ng tao ay **kasb** (pagtatamo) kung tawagin, isang katangian ng tao. Ikalawa, mangyayari na ang paglikha ng Allahu ta'aala. Ang mga utos, pinagbabawal, gantimpala, at parusa ng Allahu ta'aala ay lahat dahil sa kasb na ibinigay sa tao. Sa siyamnaput-anim na ayat ng **Surat as-Saffat**, sinabi Niya **"Nilikha kayo ng Allah at ang inyong mga gawain."** Ang ayat na ito ay hindi lang nagpapakita ng pagkakaroon ng kasb o kaya ang pagpili ng puso at **iradtul juz'iyya** (pagkakaroon ng sariling kagustuhan) sa kilos ng tao at sa hindi pagkakaroon ng anumang pagpipilit – dahil dito, [ang mga kilos na nakatali sa tao at] maaaring sabihin na "kilos ng tao" tulad na ating pagsabi ng "Si Ali ay nakatama at nakabasag" - bagkus ay nagpapakita din na ang lahat ay nilikha na may qada' at qadar.

Upang ilikha ang kilos ng tao, unang-una ay dapat gustuhin at naisin ito ng puso. Ang tao ay nagnanais ng mga bagay na nasa loob ng kaniyang kakayanan. Ang pagnanais o kagustuhan na ito ay ang **kasb** (pagtatamo). Ang yumaong 'Amidi ay nagsabi na ang kasb ay nagsanhi at nagkaroon ng epekto sa paglikha ng mga kilos. Ngunit, hindi maling sabihin na ang kasb ay walang anumang epekto sa paglikha ng kahit isang kilos opsyonal dahil ang kilos na ninais ng tao at ang nilikha ay hindi nagkakaiba. Sa ganoon, ang tao ay hindi maaaring gumawa ng kahit anong gusto niya; ang mga bagay na hindi niya gusto ay posible din mangyari. Kung ang tao ay ginawa ang lahat ng kaniyang kagustuhan at kung ang anumang hindi niya ginusto ay hindi

[73] Ang Allahu ta'aala din ay nagnanais at lumilikha ng mabubuti at makabuluhang kagustuhan ng kaniyang alipin na Kaniyang mahal at kinaaawaan. Pawang mga mamahal na alipin lamang ang gumagawa palagi ng mabubuti at makabuluhang gawain. Napakaraming bagay ang kanilang pinagsisisihan na hindi nagawa ngunit kung iisipin nila at malaman na ang gawaing iyon ay hindi nilikha dahil kung ito'y nilikha ay makakasama, hinding-hindi sila manghihinayang. Bagkus ay matutuwa sila dito at magpapasalamat sa Allah, na Siyang nagpasya noong walang mula't walang hanggan na Kaniyang ililikha ang kilos opsyonal o kusang-loob ng mga tao pagkatapos ng puso nila gustohin at naisin ito ay; Ginusto Niya ito. Kung hindi Niya ito kagustuhan noong walang mula't walang hanggan ay ililikha niya parin kahit pa ang ating kilos opsyonal ng pwersahan, hindi kusa, nang hindi natin ito naisin. Ang Kaniyang paglikha ng ating opsyonal na kilos pagkatapos natin ito naisin ay dahil Kagusutuhan Niya it noong walang mula't walang hanggan. Sa ganoon, ang tanging kadahilanan ay ang Kaniyang Kagustuhan.

mangyari ay hindi na siya tao at mag-aangkin na siya ng pagka-Panginoon. Ang Allahu ta'aala ay nagpakita ng awa at nagpabor sa Kaniyang mga alipin na tao at binigyan sila ng kapangyarihan at enerhiya na kailangan nila upang itupad ang Kaniyang mga inutos at pinagbabawal. Halimbawa, ang tao na malusog at mayroong kayamanan upang isagawa ang hajj isang beses sa kaniyang buhay; nakakapag-ayuno (tuwing araw ng) isang buwan kada taon sa tuwing nakikita niya ang bagong buwan ng buwan ng Ramadhan sa langit; nakapagdasal siya limang beses sa isang araw, fard namaz; siyang mayroong maraming pera o ari-arian bilang nisab ay kayang magbayad ng 1/40 nito bilang ginto o pilak sa mga Muslim bilang zakat isang taong Hijri mula sa pag-abot ng pera niya o ari-arian sa nisab.[74] Sa ganoon, ang tao ay ginagawa ang kaniyang kilos opsyonal kung gusto niya ito at hindi niya ginagawa ang ito kung hindi niya gusto. Ang kadakilaan ng Allahu ta'aala ay makikita din dito. Dahil ang mga mangmang at tanga ay hindi kayang maintindihan ang kaalaman ng qada' at qadar, hindi sila naniniwala sa mga sinabi ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna at pinagdududahan ang kakayanan at ang opsyon ng tao. Iniisip nila na ang tao ay walang kakayanan at pinupwersa sa kaniyang mga kilos opsyonal. At sa pagkita nila sa tao na minsan ay hindi nakakapagpasya, nagsasalita sila ng masama tungkol sa (mga Muslim na) Ahl as-Sunna. Ang maling pananaw na ito ay nagpapakita ng sila ay mayroong sariling kagustuhan at opsyon.

Ang abilidad na gumawa at hindi gumawa ng isang kilos ay kabilang **qudra** (kapangyarihan). Ang pagpasya, pagpili na gumawa o hindi gumawa ng isang kilos ay **ikhtiyar** (opsyon). Ang pagnais na gumawa ng isang bagay na ginusto ay **irada** (kagustuhan). (Ang inklinasyon) Upang tumanggap ng isang bagay o kaya'y hindi pagtanggi ng ito ay **rida'** (pagsang-ayon). Kapag ang kapangyarihan at ang kagustuhan ay magsama kung saan ang 'kagustuhan' ay sakto sa pagkakaroon ng isang bagay ay mangyayari ang **Khalq** (Paglikha). Kung sila ay magsama na hindi sakto sa pagkakaroon ng isang bagay ay **kasb** (pagtatamo) ang tawag. Ang sinumang magpasya ay hindi tagapaglikha. Ganoon din ang lahat na ginusto ay hindi ibig sabihing pinahintulutan sila. Ang Allahu ta'aala ay tinatawag na Khaliq (Tagapaglikha)

[74] Mangyaring tignan ang ikaapat at ikalimang pasikulo ng **Endless Bliss** at pati narin ang aklat na nagngangalang **Miftahul Janna** (Ang Daan Patungong Paraiso) para sa detalye tungkol sa mga gawaing pagsambang ito.

at Mukhtar (Siyang mayroong Kagustuhan), at ang tao ay tinatawag kasib (siyang nagtatamo ng kasb) at muktar (siyang mayroong kagustuhan).

Ang Allahu ta'aala ay nagnanais at naglilikha ng 'ibadah (gawaing pagsamba) at kasalanan ng Kaniyang mga alipin. Subalit gusto Niya ang 'ibadah at kinasusuklaman ang kasalanan. Ang lahat ay nagkakaroon dahil sa Kaniyang Kagustuhan at Paglikha. Sa ika-102 na ayat ng Surat al-An'am, idineklara Niya: **"Walang ibang panginoon maliban sa Kaniya. Siya lamang ang Tagapaglikha ng lahat."**

Ang (grupo na) **Mu'tazila**, dahil hindi nila kayang makita ang pinagkaibahan ng kagustuhan at pahintulot ay nahilo at nagsabi: "Ang tao lang mismo ang lumilikha ng kilos na kaniyang gusto." Pinabulaanan nila ang qada' at qadar. Ang Jabriyya ay mas nahihilo; hindi nila maintindihan na maaaring magkaroon ng opsyon nang walang paglikha. Inisip nila na walang opsyon ang tao, inihambing nila siya sa isang bato at kahoy. Ang sabi nila – nawa'y iligtas tayo ng Allahu ta'aala mula sa erehe iyon! –: "Ang tao ay hindi makasalanan. Ang Allah, Siya ang gumagawa ng lahat ng kasalanan na nagawa." Kung walang pagpili at opsyon sa tao at kung ang Allahu ta'aala ay nagsanhi ng kasamaan at kasalanan nang pwersahan tulad ng sinabi ng mga miyembro ng Jabriyya, walang pagkakaiba sa mga galaw ng taong itinapon mula sa bundok na nakatali ang kamay at sa galaw ng taong lumalakad pa baba habang nagmamasid na kapaligiran. Katotohanan ay, ang nauna ay ipinilit na gumulong pababa at ang nahuli naman ay bumaba ayon sa kaniyang kagustuhan at pagpipili. Ang mga taong hindi makita ang pinagkaiba ng dalawang ito ay mga bulag na pinapabulaan din ang mga aayat. Para sa kanila, ang mga utos ng Allahu ta'aala at mga pinagbabawal ay walang kabuluhan at wala sa lugar. Ang maniwala na ang tao mismo ang naglilikha ng kaniyang kagustuhan, tulad ng paniniwala ng grupong Mu'tazila at Qadiriyya (patalismo) ay pawang pagpapabula sa ayat-i-karima na nagsasabing, **"Ang Allahu ta'aala lamang ang nagiisang Tagapaglikha ng lahat."** at ang pagtatambal ng tao sa Allahu ta'aala.

Ang mga Shia, tulad ng Mu'tazila, ay nagsasabing tao lang mismo ang naglilikha ng kaniyang kagustuhan. Bilang pagpapatibay dito ay sinasabi nila na ang asno ay hindi tumatawid ng sapa-sapaan kahit na ito'y sira-sira. Hindi man lang nila iniisip na kung gustuhin ng tao gumawa na isang bagay, at hindi kagustuhan ng Allahu ta'aala na mangyari ito, ang dalawang kagustuhan na ito ay hindi maaaring magsabay ang mga ito:

Kung magkatotoo ang kagustuhan ng Allahu ta'aala ay nangangahulugang mali ang argumento ng Mu'tazila dahil ang tao ay hindi nakakalikha o nakakagawa ng kung ano man ang kaniyang kagustuhan. At kung mangyari ang lahat kagustuhan ng tao, tulad ng kanilang sinasabi, mangangahulugang mahina at hindi matagumpay ang Allahu ta'aala. Ang Allahu ta'aala ay hindi mahina. Ang tanging nangyayari lamang ay Kaniyang kagustuhan. Siya lamang ang naglilikha ng lahat. Yan ang Allahu ta'aala. Kasuklams-suklam ang sabihin at isulat ang mga kathang tulad ng, "Tao ang lumikha nito," "Tayo ang naglikha ng iyon," o kaya'y "Sila ang lumikha ng iyon."[75] Isang pagiging walang galang sa Allahu ta'aala. Ito ay nagsasanhi sa pagkawala ng pananampalataya.[76]

---

[75] Tulad ng pagpaliwanag sa itaas, ang mga kilos ng tao na opsyonal ay nangyayari sa pamamagitan ng napakaraming pangyayarin pisikal, kemikal, at pisyolohikal na hindi nakabatay sa kaniyang kagustuhan at hindi niya man lang batid. Ang isang may-utak na siyentista na nakabatid ng nakatagong kahulugan na ito ay mahihiyang magsabi na, "Aking ginawa," o kaya'y magsabi na, "Aking nilikha," tungkol sa kilos niyang opsyonal. Makakaranas siya ng pagpapakumbaba sa Allahu ta'aala. Ang taong kaunti lang ang kaalaaman, ang pagunawa at pagpapakumababa ay hindi nahihiyang magsabi ng kahit ano kahi saan pa man. Ang Allahu ta'aala ay may awa sa lahat ng tao sa buong mundo. Lumilikha siya ng anuman ang kanilang pangangailangan at ipinapadala ito sa lahat. Inaabisuhan Niya sila ng klaro kung ano ang kailangan gawin upang manirahan sa mundo ng mapayapa at masaya, at matamo ang walang hanggang kaligayahan ng Kabilang Buhay. Ginagabayan Niya sa tamang landas kung sino man ang Kaniyang gustong gabayan mula sa mga silang lumihis sa tamang landas at sumunod sa daan patungong kufr (kawalan ng paniniwala), erehe dulot ng pangloloko na dahil sa kanilang nafs (kagustuhan ng tao), masasamang kaibigan, nakakapinsalang mga aklat, at medya. Hinihila Niya sila patungo sa tamang landas. Hindi Niya binibigay ang biyayang ito sa mga silang masasaa at lumalabag sa mga iniuukol. Hinahayaan Niya silang manalagi sa bana ng kufr kung saan sila'y nagpahulog at nagustuhan at ninais.

[76] Ang pagsasalin ng aklat na **I'tiqad-nama'** ay nagtatapos dito. Si Haji Fayzullah Efendi na gumawa ng pagsasaling ito ay mula sa Kamah, isang barrio ng Erzincan . Siya'y nagturo sa barrio ng Soke (sa Turkey) nang ilang taon at yumao noong 1323 [1905 A.C.]. Si Mawlana Khalid-i-Baghdadi 'Uthmani 'quddisa sirruh', ang may-akda ng aklat ay ipinanganak sa taong hijra na 1192 sa ciudad ng Shahrazur na nasa hilaga ng Baghdad at yumao sa Damascus noong 1242 [1826 A.C.]. Siya'y tinawag na 'Uthmani dahil nagmula siya sa angkan ni Hadrat 'Uthman-i Zinnurayn 'radiyAllahu 'anh'. Habang tinturuan niya ang kaniyang kapatid na si Mawlana Mahmud Sahib tungkol sa ikalawang hadith sa aklat na **Hadith-i Arbain** ni Imam-i Nawawi, ang kilalang **Hadith-i-Jibril**, ay hiniling ni Mawlana Mahmud Sahib ang kaniyang nakatatandang kapatid na sumulat ng paliwanag tungkol sa hadith-i-sharif na ito. Si Mawlana Khalid, 'rahmatullaahi 'alayh', ay tinanggap ang hiling na ito upang mapanatag ang maaliwalas na puso ng kaniyang kapatid at ipinaliwanag ang hadith-i-sharif na ito sa wikang Persiya.

DALAWANG LIHAM NI SHARIFUDDIN MUNIRI ‘rahmatullaahi ta’aala’

Si Sharifuddin Ahmad ibn Yahya Muniri (yumao noong 782 A.H./1380), isa sa mga dakilang iskolar ng Islam na nag-aral sa India ay nagsulat sa ika-18 niyang liham sa aklat niyang Persiya na **Maktubat.**[77]

“Karamihan ng tao ay nagkakamali sa pagtugon nila sa mga pagdududa at ilusyon. May mga taong ganito na makati ang isip na nagsasabi: *‘Ang Allahu ta’aala ay hindi nangangailangan ng ating ‘ibadat (pagsamba). Ang ating ‘ibadat ay hindi nakakapakinabang sa kaniya. Walang nababago sa Kaniyang Kadakilaan kung sambahin man siya ng tao o suwayin. Ang mga taong gumagawa ng ‘ibadat ay napapasok lamang sa gulo at nag-aabala ng kanilang sarili sa wala.’* Ang ganitong pag-iisip ay mali; ang mga taong hindi maalam sa Islam ay nagsasabi lamang ng ganito dahil iniisip nila na ang ‘ibadat ay inutos gawin dahil ito ay kapakipakinabang sa Allahu ta’aala. Ito ay napakamaling paniniwala at hinihilo niya lamang ang pagkakaiba ng imposible sa posible. Ang anumang ‘ibadah na ginagawa ng sinuman ay kapakipakinabang lamang sa kaniyang sarili. Ang Allahu ta’aala ay malinaw na nagdeklara sa ika-18 na ayat ng Surat Fatir tungkol dito. Ang taong nagdadala ng maling kaisipang ito ay parang baliw na pinayuhan ng doctor na magdiyeta ngunit hindi nagdiyeta at sa halip nagsabi: ‘Hindi makakapinsala sa doktor kung ako’y hindi magdiyeta.’ Tama ang kaniyang sinabi na hindi ito makakapinsala sa doktor. Ngunit ito’y makakapinsala sa kaniya. Ang doktor ay nagpayo na magdiyeta siya hindi dahil ito’y makakabuti sa doktor ngunit upang magamot ang sakit ng pasyente. Kung kaniyang susundin ang payo ng doktor ay gagaling siya.

[77] Mayroong 100 na liham sa koleksyong ito, (**Maktubat**). Nilikom siya noong 741 [1339 A.C.] at inilimbag sa India noong 1329 [1911]. Mayroong copyang manuskrito sa Aklatang Suleymaniyye sa Istanbul. Ang **Irshad as-salikin** at **Ma’din al-ma’ani** ay dalawa sa kaniyang mahalagang sulatin. Si Ghulam ‘Ali ‘Abdullaah ad-Dahlawi ‘rahimahullaahu ta’aala’, isang dakilang iskolar ng Ahl as-Sunnah na yumao sa taong 1240 A.H. [1824], ay inirekomenda ang **Maktubat** ni Ahmad ibn Yahya Muniri ‘rahimahullaahu ta’aala’ sa kaniyang ika-99 na liham at nagsabi na labis ito nakatulong sa paglilinis ng nags. Si Sheref ad-Din Ahmad ibn Yahya Muniri ‘rahimahullaahu ta’aala’ ay namalagi sa Bihar, India, kung saan napaparoon din ang kaniyang libingan. Ang Munir ay isang barrio sa Bihar. Ang kaniyang detalyadong talambuhay ay nakasulat sa Persiyang aklat ni Shah ‘Abd al-Haqq ad-Dahlawi na nagngangalang **Akhbar al-Akhyar** na inilambag sa Deoband, India, noong 1332 [1914 A.C.] at isinalin sa Lahore, Pakistan.

Kung hindi naman ay siya'y mamamatay at hindi ito makakapinsala ng anuman sa doktor.

"May mga taong makati ang utak na kailanman ay hindi gumawa ng kahit anong 'ibadah; at hindi sila tumigil sa paggawa ng mga pinagbabawal (haram). Ibig sabihin ay hindi nila sinusunod ang Islam. Sinasabi nila, *'Ang Allahu ay Karim at Maawain. Labis Niya kinakaawaan ang mga alipin Niyang tao. Ang Kaniyang pagpapatawad ay walang katapusan. Hindi Siya magpaparusa ng kahit sino.'* Oo, tama ang una nilang pahayag ngunit mali naman sa panghuli. Ang Demonyo ay naglilinlang at nagliligaw sa kanila patungo sa pagsuway. Ang taong may katwiran ay hindi malilinlang ng Demonyo. Ang Allahu ta'aala ay hindi Karim at Maawain ngunit Siya'y magpaparusa ng marahas at napakasakit. Napagmamasdan natin na binibigyan Niya ng mahirap na buhay na puino ng gulo ang ibang tao. Linalagay Niya rin na walang alinlangan ang ibang alipin sa pagdurusa dito sa mundo. Bagama't Siya'y labis na Maawain at Razzaq (Taga-Sustento), hindi Siya magbibigay ng kahit isang butil ng tinapay hangga't mapagdaanan ang pagdurusa ng agrikultura at pagtatanim. Bagama't Siya ang nagbubuhay sa lahat, hindi Niya hahayaan mabuhay ang isang tao kung hindi ito kakain at iinom. Hindi Siya manggagamot ng taong may-sakit na hindi uminom ng gamot. Lumikha Siya ng mga kaparaanan para sa lahat ng makamunduhang biyaya. Mayroong dalawang klase ng medisina: medisinang Materyal, at medisinang spiritwal. Ang sipirtwal na medisinang nakakagamot ng kahit anumang uri ng sakit ay ang pagbigay ng kawanggawa at pagsamba. Ang dalawang kilalang hadith-i-sharif na ito ay nagsabi: **"Gamotin niyo ang inyong mga may-sakit sa pamamagitan ng pagbigay ng kawanggawa!"** at **"Ang medisinang makakagamot ng anumang sakit ay pagpagsabi ng (isang pagsusumamong nagngangalang) istighfar."**[78] nang palagi. Mayroong napakaraming medisinang materyal. Nangangailangan ng karanasan upang makilala ang mga ito. Ang madalas na paggamit ng ispiritwal na medisina ay makakatulong sa tao na makahanap ng materyal na medisina. Ganoon din ang pagtamo

[78] (Ang pagsusumamong tinatawag na) istighfar ay ganito ang pagsabi: "Astaghfirullaah al-'azeem al-lazee la ilaha illa Huwal Hayyul Qayyuma wa atubu ilayh." Nararapat ay bigkasin ito nang madalas. Ang maiksi niya ay ang pagsabi ng, "Astaghfirullaah," ay sapat na sa oras ng pagkamadaliang pangangailangan.

ng biyaya sa kabilang buhay. Ginawa Niyang nakamamatay na lason sa kaluluwa ang kawalan ng paniniwala at kamangmangan. At ang katamaran ay nakakadulot ng sakit sa kaluluwa. Kung ang medisina ay hindi gamitin, ang kaluluwa ay magkakasakit at mamamatay. Ang kaisa-isahang medisina para sa kawalan ng paniniwala at kamangmangan ay ang kaalaman at karunungan. At ang medisina sa katamaran ay ang pagsagawa ng salah at iba't ibang klase ng 'ibadat. Sa mudong ito, kung ang tao ay lumunok ng lason at pagkatapos ay magsasabi, '*Ang Allah ay Mahagabin, at pangangalagaan Niya ako mula sa pinsala ng lason,'* siya'y magkakasakit at mamamatay. Kung ang taong mayroong sakit nag pagtatae-tae ay uminom ng langis ng castor [o kung ang isang may sakit na diabetes ay kumain ng asukal o pagkaing puno ng almirol], lala ang kalagayan niya. Dahil ang katawan ng tao ay maselan, napakarami ng mga bagay na kailagan nito, [tulad ng pagkain, damit ang tirahan.] May kahirapan ang paghanap dito at ihanda upang ito'y gamitin. Ang isang nakahihiwalay na puwersang tinatawag na **nafs** ay nilikha sa loob ng katangian ng tao upang ang pagkayod (upang makahanap at ihanda ang mga labis na kinakailangang bagay) ay maisasagawa nang madali at komportable. Ang mga hayop ay hindi nangangailangan ng puwersang ito na ilikha sa loob nila. Ang nafs ay nagnanasang makamit ang mga pangkatawanang pangangailangan. Natutuwa ito sa paggawa ng mga bagay na ito nang malabisan. Ang ganitong pagnanaasa ay tinatawag na shahwa (pagnanasa). Ang pagpapasaya an ng shahwa na sobra sa kinakailagan at sa paraang labas sa pagbabantay ng utak ay magdudulot ng pinsala sa ating puso, katawan, at sa iba, at ito'y makasalanan. Mangyaring tingnan ang huling bahagi ng ika-13 na kabanta ng unang pasikulo ng **Endless Bliss**!

"Ang iba pang grupo ng mga mali ang pagiisip ay sumasailalim ng **riyada** sa pamamagitan ng pagpapagutom na ang layunin ay pagbubura ng kanilang pagnanasa (shahwa), galit (ghadab), at pangkatawanang pagnanasa, ito'y hindi pinahihintulutan ng Islam. Iniisip nila na inuutos ng Islam ang pagbura ng mga ito. At pagkatapos nila magtiis ng gutom nang napaka tagal ay makikita nila na ang kanilang mga pagnanasang masama ay hindi pa rin nawala, at sa ganoon ay sasabihin nila na ang Islam ay nag-uutos ng isa bagay na hindi maaaring gawin. Sinasabi nila na *'ang kautusan ng Islam ay hindi posibleng magawa. Hindi kaya ng*

tao na burahin ang mga gawi na matatagpuan sa kaniyang katangian. Ang paghakbang patungo sa pagbura ng mga ito ay parang pagpapaputi sa isang taong may kulay. Ang subukang isagawa ang isang bagay na imposible ay pagsasayang lamang sa buhay.' Nag-iisip sila at kumikilos patungo sa maling direksyon. Subalit, ang kanilang pagsabi na ang Islam ay naguutos nito ay pawang kamangmangan lamang at kabobohan dahil ang Islam ay hindi nag-uutos ng pagbura sa mga katangian ng tao tulad ng galit at pagnanasa. Ang ganitong salita ay pagsisinungaling hingil sa Islam. Kung totoo ngang inutos to ng Islam, si Muhammad 'alayhissalaatu wassalam', ang pinuno ng Islam ay hindi magkakaroon ng mga katangiang ito. Katotohanan ay siya'y nagsabi: **'Tunay na ako'y tao lamang. Tulad ng sinuman, ako'y magagalit din.'** Oras oras ay siya'y makikitang galit. Ang kaniyang galit ay pawang para sa Allahu ta'aala lamang. Pinuri ng Allahu ta'aala ang mga taong **'siyang nakakapigil ng galit'** sa Qur'aan al-karim. Hindi ang mga taong hindi nagagalit ang Kaniyang pinupuri. A salita ng mga mali ang pag-iisip na nararapat na burahin ng tao ang kaniyang pagnanasa ay walang basehan. Ang pag-asawa ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wa sallam' ng siyam na babae 'radiyAllahu ta'aala 'anhunna' ay klarong-klarong pinapakita ang pagiging mali ng salita ng taong ito. Kung ang tao ay mawalan ng pagnanasa, kailangan niyang makuha ulit ito sa pamamagitan ng medisina. Ganoon din sa paggalit; ang isang lalaki ay kayang magprotekta ng kaniyang asawa at anak sa pamamagitan ng kaniyang katangian na paggalit. Siya'y lumalaban (jihad) sa mga kalaban ng Islam sa tulong ng katangiang ito. Dulot ng pagnanasa ang pagkakaroon ng anak at sa ganoon ay siya'y mababanggit ng marangal at tanyag. Ang mga ganitong bagay ay kinalulugdan at pinupuri ng Islam.

"Ang Islam ay nag-uutos na huwag burahin ang pagnanasa at galit ngunit ay pamahalaanan ang dalawang at gamitin sila sa itinakda ng Islam. Ito'y maihahambing sa pangangailangan ng kabalyero at ng mangangaso na hindi iwanan ang kaniyang kabayo o aso ngunit turunan ito upang sila'y mapagsilbihan. Sa ibang salita, ang pagnanasa at galit ay parang aso ng mangangaso at kabayo ng kabalyero. Kung wala ang dalawang ito, ang biyaya ng kabilang buhay ay hindi mahanap. Ngunit ang pagtamo ng benepisyo mula kanila ay nangangailangan ng pagsasanay at paggamit sa kanila ayon sa Islam. Kung sila'y hindi sinanay ay magiging mapanglabis

at lalabagin nila ang limitasyon ng Islam. At ang bagay na ito ay posible para sa kahit sinuman.[79] Hindi kalinangan ang paggamit ng kapangyarihang atomiko o kaya'y gumawa ng mga bagay-bagay tulad ng eroplanong jet. Ngunit kalinangan ang paggamit sa kanila upang silbihan ang sangkatauhan. At iyon naman ay makakamit lamang sa pagsunod sa Islam.

"Ang ika-apat naman na grupo ng mga masama ang isip; nililinlang nila ang kanilang sarili sa pagsabi na, *'Ang lahat ay itinakda na noong walang mula't walang hanggang nakaraan. Bago pa ipinanganak ang isang bata ay itinakda na kung ito'y magiging* ***sa'id*** *(karapatdapat sa Paraiso) o kaya'y* ***shaqi*** *(karapatdapat sa Impyerno). Hindi na ito mababago kailanman. At dahil dito, wala nang saysay ang magsamba pa.'* Ganito din ang mga sinabi ng mga as-Sahabat al-kiram noong ipinahayag ng Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' na ang qada' at qadar ay hindi magbabago at na ang lahat ay itinakda na noong walang mula't walang hanggan: 'Umasa nalang tayo sa itinakda noong walang mula't walang hanggan at hindi magsagawa ng anumang pagsamba.' Ngunit ang sagot ng Rasulullaah: **'Magsagawa kayo ng pagsamba! Magiging madali sa sinuman ang anuman nakatakda sa kaniya noong walang mula't walang hanggan!'** Ibig sabihin ay kung sino man ang itinakdang maging sa'id noong walang mula't walang hanggan ay makakagawa ng kung anoman ang gawain ng sa'id. At sa ganoon, maiintindihan na ang katunayan ng taong itinakdang maging sa'id noong walang mula't walang hanggan ay nagsasagawa ng 'ibadat at ang mga silang itinakdang maging shaqi ay sinusuway Siya ay katulad ng katunayan na ang taong itinakda noong walang mula't walang hanggan na mamuhay ng malusog ay kumakain at umiinom ng gamot at ang mga silang itinakdang maging sakitin at mamatay at hindi kumakain at umiinom ng gamot. Ang mga taong itinakdang mamatay dulot ng gutom at sakit ay hindi makikinabang sa pagkain o medisina. Ang mga daan upang makapaghanapbuhay ay bukas para sa taong itinakdang maging mayaman. Ang taong itinakdang mamatay sa silangan ay matatagpuan na ang mga daan patungong kanluran ay sarado. Tulad ng inulat tungkol kay 'Azrail 'alayhissalaam' noong binistia niya ang [Propetang si] Sulayman 'alayhissalaam' at tinignan niya ng mabuti ang isa sa mga taong nakaupo roon. Natakot ang lalakeng sa mabalasik na tingin ng anghel. Noong wala na si 'Azrail 'alayhissalaam', nagmaka-awa siya kay Sulayman 'alayhissalaam' na utusan ang hangin na dalhin siya patungo sa isang bansa sa kanluran upang siya'y makatakas mula kay 'Azrail 'alayhissalaam'. Noong

[79] Mangyaring basahin ang ika-26 na kabanata ng ika-anim na pasikulo ng **Endless Bliss.**

bumalik si ‘Azrail ‘alayhissalaam’, tinanong siya ni Sulayman ‘alayhissalaam’ kung bakit niya tinignan ng mabuti ang mukha ng lalakeng iyon. Sinabi ni ‘Azrail ‘alayhissalaam’, ‘Inutusan akong kunin ang kaniyang kaluluwa sa isang bayan sa kanluran sa loob ng isang oras. Ngunit noong nakita ko siyang kasa-kasama mo, hindi ko napigilang tumingin sa kaniya dahil sa labis na pagtataka. Pagkatapos ay pumunta na ako sa kanluran upang isagawa ang utos at nakita ko siya doon at binawian ng buhay.’[80] Tulad ng makikita, natakot ang lalake kay ‘Azrail ‘alayhissalaam’ upang maganap ang itinakda sa walang mula’t walang hanggan at sumang-ayon si Sulayman ‘alayhissalaam’; ang itinakda sa walang mula’t walang hanggan ay nangyari sa pamamagitan ng pagkasunod-sunod na dahilan. Gayon din, ang taong itinakdang maging sa’id noong walang mula’t walang hanggan ay magtatamo ng bahagi mula sa iman at pag-ayos ng masasamang kinagawiran sa pamamagitan ng pagsailalim ng pagsasanay. Ang ika-125 na ayat ng Surah al-An’am ay nagpahiwatig: **‘Ang Allahu ta’aala ay naglalagay ng Islam sa loob ng puso ng alipin na gusto Niyang gabayan patungo sa tamang landas.’** Ang taong shaqi noong walang mula’t walang hanggan, ibig sabihin ay itinakda siya ay binigyan ng ideya, ‘Wala nang saysay ang pagsagawa ng ‘ibadat. Ito’y itinakda na noong walang mula’t walang hanggan kung ang tao’y magiging sa’id of shaqi.’ Hindi siya gumawa ng ‘ibadat dahil sa ideyang ito. Ang kaniyang hindi paggawa ng ‘ibadat dahil dito ay nagpapakita na siya’y itinakda na maging shaqi noong walang mula’t walang hanggan pa. Gayon din, ang taong itinakda ang kaniyang pagiging mangmang noong walang mula’t walang hanggan ay binigyan ng ideya, ‘Ang lahat ay itinakda na noong walang mula’t walang hanggan. Ang pagbasa o pag-aral ay hindi makakabenepisyo sa taong itinakda na maging mangmang. At sa ganoon ay siya’y hindi nag-aral o natuto ng kahit ano. Nanatili siyang mangmang. Kung itinakda sa isang tao na magsaka at umani ng masagana ay bibigyan siya ng pagkakataong mag-araro ng kaniyang bukid at magtanim ng mga butil. Gayon din ang silang itinakdang maging sa’id noong walang mula’t walang hanggan ay magkakaroon ng iman at magsasamba at ang mga silang itinakdang maging shaqi ay magpapabulaan at susuway. Mga mangmang na hindi kayang umintindi ay magsasabi, ‘Ano ang kaugnayan ng iman at ‘ibadat sa pagiging sa’id noong walang mula’t walang hanggan, o kaya’y kaugnayan ng kawalang-paniwala at pagsuway sa pagiging shaqi? Gamit ang kanilang mahinang pag-unawa ay sinusubukan nilang intindihin ang ugnayang

[80] Ang kwentong ito detalyadong isinalaysay sa **Mathnawi** ni Jalal ad-Din Rumi na siyang yumao sa Konya noong 672 A.H. [1273 A.C.]

ito at lutasin ang lahat gamit ang kanilang pang-unawa. Ngunit ang pang-unawa ng tao ay limitado at isang katangahan o kabobohan ang subukan intindihin ang mga bagay-bagay na hindi maaabot ng lohika gamit ang lohika. Ang mga silang ganito ang pag-iisip ay dapat hatulan ng pagiging bobo. Si 'Isa 'alayhissalaam' ay nagsabi: 'Hindi mahirap para sa akin gawing nakakakita ang taong pinaganak na bulag o kaya naman ang pagbuhay ng patay. Ngunit hindi ko nakayanang ipaliwanag ang katotohanan sa isang mangmang.' Ang Allahu ta'aala na mayroong Walang Katapusang kaalaman at karunungan (Hikma) ay pinapataas ang ranggo ng iba sa mga Kaniyang alipin hanggang ito'y umabot sa antas ng mga anghel o kaya'y sa mas mataas pa na ranggo. At ang iba naman ay ibinababa niya papunta sa ranggo ng mga aso o kaya'y mga baboy."

Si Hadrat Sharif ad-Din Ahmad ibn Yahya Muniri ay nagsabi sa kaniyang ika-76 na liham:

"Ang **'sa'aadah'** ay nangangahulugang 'karapatdapat sa Paraiso.' Ang **'shaqaawah'** naman ay nangangahulugang 'karapatdapat sa Impyerno.' Ang sa'aadah at shaqaawah ay katulad ng dalawang bodega ng Allahu ta'aala. Ang susi sa unang bodega ay pagsunod at 'ibadah. Ang susi naman sa ikalawang bodega ay paggawa ng kasalanan. Itinakda ng Allahu ta'aala noong walang mula't walang hanggan kung ang isang tao ay magiging sa'id o shaqi. [Tinatawag nating tadhana.] Ang taong tinawag sa'id noong walang mula't walang hanggan ay binigyan ng susi ng sa'aadah sa mundong ito, at sumusunod siya sa Allahu ta'aala. At ang taong shaqi noong walang mula't walang hanggan ay binigyan ng susi ng shaqaawah sa mundong ito, at palagi siya gumagawa ng kasalanan. Sa munding ito, maiitindihan ng lahat kung siya'y sa'id o kaya'y shaqi base sa susing nasa kaniyang kamay. Ang mga iskolar ng relihiyon na kabilang buhay ang iniisip ay maiitindihan mula dito kung ang isang tao ay sa'id o kaya'y shaqi. Ngunit ang taong may katungkulan sa relihiyon at adik sa munding ito ay hindi alam ang ito. Ang lahat ng dangal o biyaya ay nasa pagsunod at pagsamba sa Allahu ta'aala. At ang lahat kasamaan at gulo ay nagmumula sa paggawa ng kasalanan. Ang gulo at kasawian ay darating sa sinuman bunga ng paggawa ng kasalanan. At kaginhawaan at kaalwanan ay darating bunga ng pagsunod.[81] Mayroong

[81] Ito ang Sagradong Batas ng Allahu ta'aala. Walang sinuman ang makakabago nito. Dapat nating hindi isipin ang isang bagay na mukhang madali at matamis para ating nafs bilang sa'aadah. Dapat din natin isipin ang mga bagay na mukhang mahirap at mapait sa nafs bilang shaqaawah o kasawian.

isang lalakeng inilaan ang kaniyang buhay sa pagsamba at paggawa ng ‘ibadat nang maraming taon sa Mosque ng Aqsa’ sa Jerusalem; noong kinaligtaan niya lang ang isang sajda (pagpapatirapa) dahil hindi niya natutunan ang mga kondisyon ng pagsamba at ang ikhlas, marami ang nawala sa kaniya hanggang siya’y napinsala ng lubusan. Subalit, dahil ang aso ng As-hab al-Kahf ay naglakad ng ilang hakbang sa likuran ng mga siddiq ay pinataas ang kaniyang ranggo na sobrang taas hindi na siya binaba pa kahit pa siya’y marumi. Ang katotohanang ito ay labis na nakakamangha; ang mga tao ng kaalaman ay ilang siglo nang hindi pa nalulutas ang misteryong ito. Ang pang-unawa ng tao ay hindi kayang maabot ang Dunong ng Panginoon na natago dito. Sinabi ng Allahu ta’aala kay Adam ‘alayhissalaam’ na huwag kumain ng wheat, ngunit hinayaan Niyang kumain siya nito dahil alam Niya noong walang mula’t walang hanggan na kakainin niya ito; Inutusan Niya ang Satanas na pagpatirapa sa harap ni Adam ‘alayhissalaam’, ngunit ginusto Niya na hindi siya magpatirapa; Sinabi Niya na dapat natin Siyang hanapin ngunit hindi Niya ito ginusto para sa mga taong walang ikhlas. [Sa mga bagay na ito] ang mga manlalakbay sa Daan ng Panginoon ay kinailangan akuhin ang kanilang kahinaan sa pag-intindi ng matalisik na bagay na ito at hindi na nagsabi ng kung anu-ano. Kung gayun ay bakit pa tayo magsasalita pa? Hindi Niya kailangan ng paniniwala o kaya’y pagsamba ng mga tao at hindi rin makakapinsala sa kaniya ang kawalang-paniwala o kaya’y paggawa ng kasalanan. Hinding-hindi Niya kinakailangan ang Kaniyang mga nilikha. Ginawa Niya ang kaalaman bilang pagpapalayo ng kawalang-paniwala at ginawa Niya ang kamangmangan bilang daan sa paggawa ng kasalanan. Ang paniniwala at pagsunod ay nagmumula sa kaalaman at ang kawalang-paniwala at kasalanan ay nagmumula sa kamangmangan. Ang pagsunod ay hindi dapat makaligtaan kahit pa mukha itong mabigat! At ang pagkasala ay dapat iwasan kahit mukha pa itong magaan! Ang mga iskolar ng Islam ay nagbigay ng tatlong bagay na nagtatamo ng tatlong bagay: ang pagsunod ay nagtatamo ng Rida’ (Habag) ng Allahu ta’aala; ang pagkasala ay nagtatamo ng Ghadab (Galit) Niya; ang iman naman ay nagdudulot sa pagtamo ng dangal at dignidad. Dahil dito, nararapat na iwasan natin ang paggawa ng kahit maliit na kasalanan; maaaring nasa kasalanan na ito ang Galit ng Allahu ta’aala. Dapat nating iturin ang bawat Mananampalataya na mas mabuti sa ating sarili. Maaaring isa siyang alipin na mahal na mahal ng Allahu ta’aala. Ang tadhana ng bawat tao, na itinakda noong walang mula’t

walang hanggan, ay hinding-hindi na mababago. Kung gustohin ng Allahu ta'aala ay papatawarin Niya ang isang taong palaging nagkakasala at hindi inoobserbahan ang Kaniyang mga utos. Noong nagtanong ang mga anghel, **'Ya Rabbi! Maglilikha ba Kayo ng mga nilalang na yaong maghahasik ng lagim sa mundo at magdadanak ng dugo?"** Hindi Niya sinabi na hindi sila maghahasik ng lagim, ngunit sinabi Niya: **'Alam ko kung ano ang hindi niyo alam.'** Ang ibig sabhihn Niya ay: 'Ako'y gumagawa ng karapat-dapat mula sa (bagay) na hindi karapat-dapat. Ako'y nakakapalapit ng mga silang malalayo. Ako'y nakakaparangal ng (bagay) na mula sa (bagay) na mababa. Hinuhusgahan niyo sila batay sa gawain nila ngunit tinitingnan Ko ang kanilang puso. Isinasaalang-alang niyo ang inyong hindi pagsasala; tinitiwala nila ang kanilang sarili sa Aking Awa. Tulad ng kagustuhan ko sa inyong pagka-inosente gayun din ay gusto Kong magpatawad ng kasalanan ng mga Muslim. Hindi niyo malalaman ang Aking alam. Pinahihintulutan Kong maabot nila ang aking walang hangganang biyaya at kahalingan sila ng Aking walang sukdulang pabor.'"

Dito natin wawakasan ang ating pagsalin mula sa ika-76 na liham.

Si Sharafuddin Ahmad ibn Yahya Muniri 'rahimahullaahu ta'aala 'alayhi' ay yumao noong 732 A.H. [1380 A.C.]. Nanirahan siya sa ciudad ng Bihar, India. Ang kaniyang libingan ay naroon din. Ang Munir ay isa sa mga pangngalan ng mga barrio sa lalawigan ng ciudad ng Bihar. Ang kaniyang talambuhay ay detalyadong naisulat sa librong **Akhbarul Akhyarb** ni Shah 'Abdullaah Dahlawi 'rahimahullaahu ta'aala 'alayhi'. Ang librong ito ay nasa wikang Persya at inilathala sa ciudad ng Diobend, India, noong 1332 A.H. [1914 A.C.], at pagkatapos ay sa Lahor, Pakistan. Ang mga librong iyon, **Irshadus Salikin**, **Ma'dinul Ma'aani**, at **Maktubat** ay labis na mahalaga. Si Ghulam 'Ali 'Abdullaah Dahlawi 'rahimahullaahu ta'aala 'alayhi',[82] sa sa mga dakilang iskolar ng Ahl as-Sunnah, ay nagpayong basahin ang aklat ni Ahmad ibn Yahya Muniri na **Maktubat** at nagsabi sa ika-99 niyang liham na ito'y napaka epektibo sa pagplinis ng puso.

[Si Imam Rabbani 'rahmatullaahu 'alayh' ay nagsalita ng ganito sa isa sa mga liham niya: "Ang mga kautusan ng Allahu ta'aala ay tinatawag na mga **fard**, at ang Kaniyang mga pinagbabawal ay mga **haram**. Ang (mga gawain, salita, at asal) na hindi fard o haram at itinaguyod (ng Islam) na

[82] Si 'Abdullaah Dahlawi ay yumaon sa Delhi noong 1240 A.H. (1824 A.C.).

libre ay tinatawag na **mubah**. **Pagsasamba** ang tawag sa pagsagawa ng mga fard, pag-iwas sa mga haram, at paggawa ng mga mubah upang matamo ang habag ng Allahu ta'aala o kaya'y Kaniyang Biyaya. Ang pagiging sahih at maqbul ng isang gawain pagsamba, ibig sabihin pagiging tama at kaibig-ibig sa Allahu ta'aala, ay nakabatay sa **'ilm** (kaalaman), ibig sabihin sa pag-aral ng mga kondisyon ng tamang paggawa nito, sa **'amal'** o kaya'y pagsagawa nito ayon sa mga nakatalagang kondisyon, at pagsagawa nito na mayroong **ikhlas**. At ang paggawa ng isang bagay na may ikhlas ay nangangahulugang gawin ito na para lamang sa pagtamo ng biyaya at pagmamahal ng Allahu ta'aala at dahil lamang ito'y inutos Niya, na hindi isinasaalang-alang ang mga makamunduhang kabutihan tulad pera, tungkulan, at kasikatan. Ang 'ilm (kaalaman) ay nakukuha mula sa pagbasa ng libro ng Fiqh sa ilalim ng pangngasiwa ng isang magaling na guro ng relihiyon, at ang ikhlas naman ay nakukuha sa pag-obserba ng mga salita at asal ng isang Wali at pagbasa ng kaniyang mga libro sa siyensa ng Tasawwuf. Ang kaalaman ng Islam ay binubuo ng dalawang bahagi; kaalamang pangrelihiyon, at kaalamang agham. Fard o kaya'y nararapat na matutunan sila sa abot ng pangangailangan. Halimbawa, fard ang malaman ang pamamaraan at iba't-ibang paggamit ng medisinang iinumin at kung ilang dosis ang kailangan o kaya'y para naman sa taong nangangailangan gumamit ng isang gadyet elektriko ay malaman ang kinakailangan ng kaalaman tungkol sa elektrisidad. Kung hindi ay isang karumal-dumal na kamatayan ang maaaring sapitin.

"Kung ang Muslim na kinakaligtaan ang kaniyang tungkulin tungo sa pagsamba dahil sa katamaran o masamang kaibigan ay mamatay na hindi nakapagtawba, kahit naniniwala siya sa mga fard at haram, paparusahan siya sa apoy ng Impyerno hangga't sa karapat-dapat sa kaniya dulot ng kaniyang kasalanan. Ang taong hindi nag-aaral ng fard o kaya'y hindi nagbibigay ng importansya sa mga ito kahit may kaalaman pa siya hingil dito, at kinaliligtaan ang mga ito nang walang nararamdamang kaba o kaya'y takot sa Allahu ta'aala ay lalabas sa hanay ng Islam at magiging taong walang pananampalataya. Siya ay isasailalim sa apoy ng Impyerno nang walang hanggan. Ang patakarang ito ay ipapataw din sa mga gumagawa ng mga haram.

"Kung ang isang tao ay hindi natuto ng kaalaman tungkol sa isang gawaing pagsamba at sa ganoon ay walang kamuwang-muwang sa mga kondisyong inilathala para sa pagiging katanggap-tanggap nito, ang pagsamba isanagawa niya ay hindi magiging sahih (katanggap-tanggap)

kahit pa ito isanagawa ng mayroong ikhlas. Isasailalim siya sa apoy ng Impyerno na para bang hindi niya isanagawa ang pagsambang ito. Ang pagsamba ng isang tao na nakakaalam ng mga kondisyong inilathala at tinutupad niya ang mga ito ay magiging sahih at ililigtas siya nito mula sa Impyerno. Ngunit kung hindi niya ito ginawa na mayroon ikhlas ay hindi tatanggapin ang kaniyang pagsamba at kahit pa ang ibang pagsamba niya ang hindi rin tatanggapin. Hindi siya makakatamo ng thawab (gantimpala sa Kabilang Buhay) para sa dito. Nagpahayag ang Allahu ta'aala na hindi Siya matutuwa sa pagsambang ito o kaya ang ibang mabubuti at mapagkawanggawa na gawain. Ang pagsamba na isanagawa na walang 'ilm at ikhlas ay hindi makakabuti. Hindi nito mapapangalagaan ang isang tao mula sa hindi paniniwala, pagiging makasalanan, at parusa. Mayroon nang iilang ipokritang mananampalataya ang nasaksihang namatay bilang taong walang pananampalataya. Ang pagsambang isanagawa na mayroong 'ilm at ikhlas ay magpoprotekta sa mananampalataya mula sa hindi paniniwala, at pagiging makasalanan at gagawin siyang 'aziz (labis na pinaparangalan) sa munding ito. Ukol sa buhay niya sa Kabilang-Buhay, ipinangako ng Allahu ta'aala sa ika-9 na ayat-i-karima ng Surah al-Maidah at saka sa Sura Wa-l-'asr na ililigtas Niya siya mula sa parusa sa loob ng Impyerno. Ang Allahu ta'aala ay totoo sa Kaniyang mga pangako. Palagi niyang tinutupad ang Kaniyang mga pangako."]

Ang Allahu ta'aala ay kinukuha ang kaniyang paghihiganti sa pamamagitan ng Kaniyang alipin.

Para sa mga silang walang 'ilm-i-ladunni' ito'y ginawa ng alipin.

Ang lahat ng bagay ay pagmamay-ari ng Tagapaglikha ginawa sa pamamagitan ng alipin.

Kahit dayami ay hindi gagalaw kung walang pahintulot ng Panginoon.

MAYROONG Allah AT SIYA AY IISA LAMANG ANG LAHAT NG NILIKHA AY DATING WALA AT MAGIGING WALA DIN

Nakikilala natin ang mga bagay sa ating paligid sa pamamagitan ng ating mga bahaging-pandama. Ang bagay na nakaka-apekto sa ating mga bahaging-pandama ay tinatawag na **nilalang** o kaya'y **nilikha** Ang mga epekto ng mga nilikha sa ating limang pandama ay tinatawag na **aspeto** o kaya'y **katangian**, na siyang dahilan upang sila'y maibukod mula sa isa't-isa. Ang ilaw, tunog, tubig, hangin at materyal na salamin, lahat ay mga nilikha; lahat sila ay may pagkakaroon. Ang mga nilalang na mayroong laki, bigat, at dami, sa ibang salita, may nasasakop na patlang, lahat ay tinatawag na **sangkap** o kaya'y **materya**. Ang mga sangkap ay nakikilala sa pamamagitan ng kanilang mga aspeto o katangian. Ang hangin, tubig, bato, at salamin, ang bawat isa sa kanila ay sangkap. Ang ilaw at tunog ay hindi sangkap dahil hindi sila sumasakop ng patlang at wala silang bigat. Ang bawat nilakang ay nagtataglay ng **enerhiya** o kaya'y **kapangyarihan**; ibig sabihin ay mayroong silang kakayahan na gumawa. Ang bawat sangkap ay maaaring mag-anyo ng tatlo: solid, liquid, at gas. Ang mga sangkap na solid ay mayroong hugis. Ang liquid at gas na sangkap ay kinukuha ang anyo ng anumang kinalalagyan nila at wala silang natatanging hugis. Ang pagkakaroon ng hugis ng sangkap ay tinatawag na **bagay**. Karamihan ng sangkap ay mga bagay. Halimbawa, ang susi, perdible, sipit, pala at pako ay iba't-ibang klase ng bagay na mayroong iba't-ibang hugis. Ngunit maaaring silang mula sa iisang bagay, tulad ng bakal. Mayroong dalawang klase ng sangkap: elemento at langkapan.

Ang pagbabago ay palaging dinadanas ng bawat bagay. Halimbawa, maaari siyang gumalaw o kaya'y ibahin ang kaniyang pinaroroonan o maging malaki o maliit. Ang kaniyang kulay ay maaari ding magbago. Maaari itong magkasakit o mamatay, kung ito'y nilalang na may buhay. Ang mga pagbabagong ito ay tinatawag na **pangyayari**. Walang pagbabago ang nagaganap sa materya kung walang nagpapabago dito. Ang pangyayari na hindi nagkakaroon ng pagbabago sa sangkap ng materya ay tinatawag na **pangyayaring pisikal**. Ang pagpunit na isang piraso ng papel ay isang pangyayaring pisikal. Mayroon dapat kapangyarihan na mag-aapekto sa sangkap upang magkaroon ng isang pangyayaring pisikal. Ang mga

pangyayari na nagbabago ng sangkap o buod ng sangkap ay tinatawag na **pangyayaring kemikal**. Kapag ang isang pirasong papel ay masunog at maging abo, isang pangyayaring kemikal ay nagaganap. Ang isang sangkap ay kailangang maapektuhan ng isa pang sangkap upang magkaroon ng isang pangyayaring kemikal sa sangkap na iyon. Kapag ang dalawa o mas marami pang sangkap ay makipag-unayan at magkaroon ng pangyayaring kemikal sa bawat isa, ito'y tinatawag na **reaksyong kemikal**.

Ang reaksyong kemikal sa pagitan ng mga sangkap, ibig sabihin ay ang pag-apekto nila sa isa't-isa, ay nagaganap sa kanilang pinakamaliit na bahagi na tinatawag na **atomo**. Ang bawat bagay ay nabubuo ng tumpok-tumpok ng atomo. Bagama't ang istraktura ng mga atomo ay magkakapareho, ang kanilang laki at bigat ay nagkakaiba. Sa gayon, mayroong isang daan at limang klaseng atomo na alam natin ngayon. Kahit ang pinakamalaking atomo ay napakaliit na hindi kayang makita gamit ang pinakamalakas na mikroskopyo. Kapag ang magkakaparehong atomo ay nagsasama bumubuo sila ng isang **elemento**. At dahil mayroong isang daan at limang klase ng atomo, mayroon ding isang daan at limang elemento. Ang iron, sulphur, mercury, oxygen at carbon ay mga **langkapan**. Mayroong daan-daang libo ng langkapan. Ang tubig, alcohol, asin at apog ay mga langkapan. Ang mga langkapan ay nabubuo ng pag-isa ng dalawang o mas marami pang elemento o atomo.

Ang lahat ng bagay tulad ng mga bundok, karagatan, lahat ng pananim at hayop ay binubuo ng isang daan at limang elemento. Ang haligi ng lahat ng sangkapg may-buhay at walang buhay ay ang isang daan at limang elemento. Ang lahat ng sangkap ay nabubuo sa pagsanib ng isa o mas marami pa mula sa isang daan at limang elemento na ito. Ang hangin, lupa, tubig, init, ilaw, kuryente, at mga mikrobyo ay nagpapahiwalay o kaya'y nagdudulot ng pagsanib ng mga sangkap sa isa't-isa. "**Walang pagbabago ay nangyayari kapag walang dumudulot dito.**" Sa mga pagbabagong ito, ang mga atomo, ang mga bahagi ng elemento, ay lumilipat mula sa isang sangkap papunta sa isa o kaya'y umalis sa isang sangkap at maging malaya. Nakikita natin ang pagkawala ng mga bagay ngunit dahil hinuhusgahan lang natin ang panlabas nila ay nagkakamali tayo dahil ang panlabas na "pagkawala" o "paglitaw" na ito ay pawang pagbago patungo sa ibang sangkap; ang pagkawala ng isang bagay tulad ng bangkay sa libingan ay isang pagbabago patungo sa ibang bagong

sangkap tulad ng tubig, hangin at lupa. Kapag ang mga bagong sangkap na nabubuo dahil sa isang pagbabago ay hindi nakaka-apekto ng ating bahaging-pandama, hindi natin mapapansin ang kanilang pagbuo. Sa kadahilanang ito, sinasabi natin na nawala ang dating bagay kahit na ito'y nabago lamang. Nakikita din natin na ang katangian ng bawat isa sa isang daan at limang elemento ay nababago at mayroong nagaganap na pangyayarin pisikal at kemikal sa bawat elemento. Kapag ang elemento ay nagsasanib pati isa pa (o iba) sa langkapan, ito'y nag-iionize, ibig sabihin ay nawawala o nadadagdagan ito ng mga elektron at dahil dito nababago ang iba't-ibang mga pisikal at kemikal na katangian ng elementong ito. Ang atomo ng bawat elemento ay binubuo ng nucleus at iilang dami ng mga maliliit na tinga na tinatawag na mga **elektron.** Ang nucleus ay nasa gitna ng atomo. Ang mga nucleus ng mga atomo ng lahat ng elemento maliban sa hydrogen ay binubuo ng maliliit na tinga na tinatawag na mga **proton** at kargado ng positibong kuryento, at **neutron**, na hindi nagdadala ng kuryente. Ang elektron ay ang tinga na may negatibong kuryente na umiikot sa nucleus. Ang mga elektron ay hindi umiikot sa kanilang iniikutan sa bawat saglit; binabago nila ang kanilang iniikutan.

Dahil sa mga **radioactive** na elemento, mayroong ebidensiya na mayroong din mga pagbabago na nagaganap na tinatawag na fission sa loob ng mga nuclei ng mga atomo. At saka, sa loob ng mga nuclear na fission ang isang elemento ay naiiba at nagiging ibang klaseng elemento; at mayroong mga kimpal ng materya ang nawawala at nagiging enerhiya, at ang pagbabagong ito ay binalangkas ng pisikong Hudyo na si Einstein (namatay noong 1375 A.H. [1955]). Gayon din, tulad ng mga langkapan, ang mga elemento ay nagbabago din at maaaring maging ibang klaseng elemento.

Ang bawat sangkap, buhay man o patay, ay nagbabago, tulad ng pagkawala ng matanda at pagsilang ng mga bata. Ang bawat nilalang na mayroong buhay, tanim man o hayop na nabubuhay ngayon ay dating walang buhay, at mayroong ibang nilalang na may buhay. At sa hinaharap, wala sa mga nilalang na buhay ngayon ang matitira, ang ibang nilalang na may buhay naman ang isisilang. Ganoon din sa mga nilikhang walang buhay. Ang lahat ng nilalang na may buhay at mga nilikhang walang buhay tulad ng elementong iron at mga langkapang bato at butot, at lahat ng mga tinga ay palaging nakakaranas ng pagbabago, ang mga nauna ay

nawawala at ang mga bago ang isinisilang. Kapag ang mga katangian ng sangkap na isinilang at sangkap na nawala ay magkakapareho, ang tao, na walang kakayahang mapansin ang pagkakaibang ito, ay iisipin na ang sangkap na iyon ay hindi nawawala. Ang isang halimbawa nito ay makikita sa pelikula, kung saan ang iba't ibang larawan ay nagpapakita sa mata ayon sa natatanging maiksing agwat; ngunit, dahil walang kakayahang mapansin ito, ang mga nanonood ay iisiping gumagalaw ang larawang ito sa screen. Kapag ang isang pirasong papel ay nasusunog at nagiging abo, sinasabi natin na ang papel ay nawala at nagkaroon ng abo dahil napapansin natin ang pagbabagong ito. Kapag ang yelo ay natutunaw, sinasabi natin na nawala ang yelo at nagkaroon ng tubig.

Nakasulat sa simula ng librong **Sharh al-'Aqa'id:** "Dahil ang lahat ng nilalang ay simbolo ng pagkakaroon ng Allahu ta'aala, ang lahat ng nilikha ay tinawag na **'alam**. At saka ang bawat klase ng nilalang na magkakapareho ay tinatawag na 'alam, halimbawa na dito ang 'alam ng mga tao, ang 'alam ng mga anghel, ang 'alam ng mga hayop, at 'alam ng mga nilikhang walang buhay. O kaya'y ang bawat bagay ay tinatawag na 'alam."

Nakasulat sa ika-441 na pahina ng librong **Sharh al-Mawaqif**:[83] "Ang 'alam ay **hadith**, ibig sabhin ang lahat ng nilalang ay nilikha. Sa ibang salita, nabuhay sila pagkatapos na kanilang pagiging wala. [At aming naipaliwanag na sa itaas na ang mga nilikha bagay ay palaging mabubuo sa mula sa isa't isa.] Ang materya, at mga katangian ng mga sangkap ay hadith. Sa paksang ito, mayroong apat na paniniwala:

1) Ayon sa mga Muslim, Hudyo, Kristiyano, at mga sumasamba sa apoy (mga Magian), ang materya at mga katangian ng mga sangkap ay hadith.
2) Ayon kay Aristotle, at mga pilosopong sumusunod sa kaniya, ang materya at mga katangian ay walang mula't walang hanggan.

[83] [1] Si Sayyid Sharif Ali Jurjani, ang may-akda ng aklat na **Sharh-I Mawaqif**, ay yumao sa Shiraz noong 816 [1413 A.C.]. Ang aklat mismo ay sharh (komentaryo) sa **Mawaqif** na isinulat ni Qadi Ádud Ábdur-Rahman bin Ahmad Álauddin Iji 'rahmatullaahi álayh'(700 A.H., Ij, Shiraz – 756 A.H. [1354 A.C.]). Sumulat siya ng pina-iksing bersyon ng kaniyang aklat at ipinangalang ito na **Jawahir**, at gumawa si Shams-ad-Din Fenari 'rahmatullaahi álayh' (751 A.H. – 834 [1431 A.C.]) ng komentaryo sa pinaiksing bersyon.

Sinabi nila na hindi sila isinilang mula sa wala at ang kanilang pagkakaroon ay walang mula't walang hanggan. Ang makabagong kimika ay nagpabula na ng argumentong ito. Ang taong maniwala o magsabi ng ganito ay lalabas mula sa Islam at magiging taong hindi naniniwala. At saka, si Ibn Sina[84] (Avicenna) at Muhammad Farabi (yumao sa Damasco noong 339 A.H. [950]) ay nagsabi din ng ganito.

3) Ayon sa mga pilosopong nauna kay Aristotle, ang materya ay walang mula't walang hanggan ngunit ang mga katangian ay hadith. Ngayon, karamihan ng mga siyentista ay ganito ang paniniwala.

4) Walang sinuman ang nagsabi na ang materya ay hadith at ang mga katangian ay walang mula't walang hanggan. Hindi si Calinos nakapagpasya sa kahit ano sa apat na uring ito."

Ang mga Muslim ay pinapatunayan na ang materya at ang kaniyang mga katangian ay hadith sa pamamagitan ng iilang paraan. Ang unang paraan ay nakabase sa katotohanang palaging nababago ang materya at lahat ng kaniyang mga tinga. Ang isang bagay na nagbabago ay hindi maaaring maging walang mula't walang hanggal; nararapat na ito'y maging hadith, dahil ang proseso ng pagsilang ng bawat sangkap mula sa nauna dito ay hindi maaaring lumayo at umabot pa hanggang sa nakaraang walang mula't walang hanggan. Ang mga pagbabagong ito ay dapat magkaroon ng simula, ibig sabihin, dapat mayroon pang naunang sangkap na nilikha mula sa wala. Kung walang sangkap na nilikha mula sa wala, ibig sabihin, kung ang proseso ng pagkakasunod na kung saan ang isang sangkap ay nagmula sa isang sangkap na nauna dito hanggang umabot sa nakaraang walang mula't walang hanggan, hindi magkakaroon ng simula ang mga sangkap na isinisilang mula sa isa't isa, at hindi magkakaroon ng anumang sangkap ngayon. Ang kasalukuyang pagkakaroon ng mga sangkap at ang kanilang pagsilang mula sa isa't isa ay nagpapakita na sila'y dumami na lamang mula sa mga naunang sangkap na nilikha mula sa wala.

At saka, ang batong nahulog mula sa langit ay hindi pwedeng sabihin na ito nagmula sa kawalang-hangganan, walang hangganang puwang (kawalang-hanggan) o oras (walang mula't walang hanggan), dahil

[84] Ibni Sina Husain, yumao noong 428 A.H. [1037 A.C.].

ang mga salitang ito ay tumutukoy sa 'hindi pagkakaroon ng simula o hangganan.' Sa madaling salita, ang pagmumula sa kawalang-hangganan ay nangangahulugang pagmumula sa wala, at isang bagay na sinasabing nagmula sa kawalang-hangganan ay hindi dapat dumating pa. Pawang kamangmangan at kahibangan ang magsabi na, "Nagmula ito sa kawalang-hangganan." Ganun din, ang pagdami ng tao mula sa isa't isa ay hindi maaaring magmula sa walang mula't walang hanggan. Dapat ay dumami sila mula sa unang tao na nilikha mula sa wala. Kung hindi nagkaroon ng unang tao na nilikha mula sa wala at ang magdami ng tao mula sa isa't isa ay nagmula pa sa walang mula't walang hanggan, walang tao ang mabubuhay ngayon. Ganito din sa lahat ng nilalang. Kamangmangan at hinda katanggap-tanggap sa lohika at siyensiya ang magsabi, "Tulad ng pagkaroon, ganoon din mawawala. Walang unang sangkap na nilikha mula sa wala." tungko sa mga sangkap o nilalang na nagmula sa isa't isa. Ang pagbabago ay hindi nangangahulugang pagiging walang mula't walang hanggan, ngunit ito'y nagpapakita ng pagkalikha mula sa wala; ibig sabihin, hindi nito pinapakita ang katangian ng pagiging **Wajib al-Wujud** ngunit ang pagiging **mumkin al-wujud.**

Tanong: "Ang Tagapaglikha ng 'alam Mismo at ang Kaniyang mga Katangian ay walang mula't walang hanggan. Dahil ang Kaniyang katangian ng 'Paglikha' ay walang mula't walang hanggan, hindi ba't ganoon din ang 'alam dapat walang mula't walang hanggan din?"

Sagot: Palagi nating napagmamasdan ang katotohanan na ang Tagapaglikha, na Siyang walang mula't walang hanggan, ay binabago ang mga sangkap at tinga sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan; ibig sabihin ay sinisira Niya ang mga ito at pagkatapos ay lumilikha ng mga bagong papalit dito. Ang Walang Mula't Walang Hanggan na Tagapaglikha ay lumilikha kung kailan man Niya ninanais; ibig sabihin ay palagi Siyang lumilikha ng mga sangkap mula sa isa't isa. Sa Kaniyang paglikha ng bawat 'alam, bawat sangkap at bawat tinga sa pamamagitan ng natatanging kaparaanan o sanhi, ganun din ay kaya Niya rin silang ilikha nang walang kahit anong sanhi o kaparaanan kailan man Niya gustuhin.

Ang taong naniniwala na ang mga nilalang ay hadith ay maniniwala din na ang mga ito ay masisira muli. Klarong-klaro na ang mga nilalang na nilikha na dating wala ay maaaring maging mawala ulit. Nakikita na

natin ngayon na maraming nilalang ang nawawala o kaya'y nababago ang anyo at dahil dito ay hindi na nila maapektuhan ang ating mga bahaging-pandama.

Ang pagiging Muslim ay nangangailangang maniwala sa katotohanan na ang mga sangkap at bagay at lahat ng nilalang ay nilikha mula sa wala, at mawawakas din ang kanilang pagkakaroon. Nakikita na natin na ang mga sangkap ay patuloy na isinisilang bagama't dati silang wala at bumabalik lang ito sa wala; ibig sabihin, ang kanilang mga hugis at katangian ay nawawala. Kapag ang bagay ay nawawala, ang kanilang sangkap ay naiiwan. Subalit, tulad ng ating ipinaliwanag sa itaas, ang mga sangkap na ito ay hindi rin walang mula't walang hanggan; sila'y nilikha dati pa ng Allahu ta'aala, at wawakasan din Niya kapag dumating na ang paggunaw ng mundo. Ang kaalamang siyentipiko ngayon ay nakakapalihis sa paniniwala natin sa katotohanang ito. Ang hindi maniwala dito ay nangangahulugang pagbatikos sa siyensa at tanda ng poot sa Islam. Ang Islam ay hindi umaayaw sa kaalamang siyentipiko. Inaayawan nito ang kawalan ng pag-aral ng kaalamang panrelihiyon at inaayawan din nito ang mga tungkulin ng pagsamba. Ang kaalamang siyentipko din ay umaayaw sa Islam. Bagkus ito'y sumasang-ayon dito at nagpapatunay dito.

Dahil ang 'alam ay hadith, nararapat na magkaroon ito ng tagapaglikhang lumikha dito mula sa wala dahil, tulad ng ating ipinaliwanag sa itaas, walang anumang pangyayari ang maaaring maganap na walang itong sanhi. Ngayon, libu-libong medisina, gamit pambahay,. Ari-arihang industryal at komersyal, kagamitang de koryente, at armas ay ginagawa sa mga pabrika. Karamihan dito ay ginagawa sa pamamagitan ng kumplikadong mga kalkulasyon at pagkatapos pa ng daang-daang pagsusuri. Sinasabi ba nila na ang bawat isa sa mga ito ay mag-isang nagkaroon? Hindi, bagkus ay sinasabi nila na ang mga ito ay sadya at maingat na ginawa at ang bawat isa dito ay nangangailangan ng tagapaglikha; ngunit sinasabi nila na milyung-milyung sangkap na may ugnayan sa may-buhay at walang buhay, ang mga bago lang nadiskubreng bagay, at pangyayari na hindi pa nalalaman ang mga istraktura, ay nilikha ang sarili na hindi sinasadya. Ano pa ito maliban sa pagbabalatkayo, katigasan ng ulo, o kaya'y pawang kabobohan? Napakaklaro na iisa lamang ang Tagapaglikha na Siyang

ginagawang posible ang pagkakaroon ng bawat sangkap at galaw. Ang tagapaglikhang ito ay ang **Wajibul wujud**, ibig sabihin ay ang Kaniyang pagkakaroon ay hindi naunahan ng pagiging wala; kinakailangan na ang Kaniyang pagkakaroon ay walang mula't walang hanggan. Hindi Siya nangangailangan ng kahit ano para sa Kaniyang pagkakaroon. Kung hindi walang mula't walang hanggan ang Kaniyang pagkakaroon, Siya'y magiging mumkin al-wujud o kaya'y hadith lamang, isang nilalang tulad ng 'alam; nilikha din. Siya'y ililikha mula sa wala o kaya'y, sa pamamagitan ng pagbago, mula sa ibang nilikha na ito rin ay kinailangan ilikha ng iba pang tagapaglikha, walang hanggang bilang ng mga tagapaglikha ang kinakailangan; kapag ang ating pag-isip ay tulad ng ipinaliwanag sa itaas na ang mga pagbabago sa mga nilikha ay hindi maaaring maging walang hanggan, maiintindihan na hindi maaaring magkaroon ng walang hanggan bilang ng tagapaglikha at ang paglikha sinimulan ng unang-una at walang katulad na tagapaglikha. Dahil, kung ang paglikha ng mga tagapaglikha sa isa't isa pagkatapos na pag-uwi ng isa sa walang mula't walang hanggan, sa simula palang ay wala nang tagapaglikha at hindi magkakaroon ng tagapaglikha. Samakatuwid, ang unang tagapaglikha na hindi nilikha ay ang Natatanging Tagapaglikha ng lahat ng nilalang. Palagi Siyang buhay. Kung Siya'y nawala ng kahit isang higlap, ang lahat ng nilikha ay mawawala din. Ang Wajib al-wujud ay hindi nangangailangan ng kahit ano. Ang Siyang tagapaglikha ng lupa, kalangitan, atomo, at ang iba pang may-buhay sa madalas at kalkuladong paghanay ay nararapat na maging makapangyarihan sa lahat, alam ang lahat, at kayang lumikha sa isang higlap ng kung ano man ang Kaniyang ninanais at nararapat na Siya'y nag-iisa lamang at walang anumang pagbabago ang maaaring mangyari sa Kaniya. Kung ang kapangyarihan Niya ay mayroong hangganan, kung Siya'y hindi batid ang lahat, hindi Niya makakayanang lumikha ng mga nilalang sa kalagayang maayos at tantiyado. Kung mayroong higit sa isang tagapaglikha, at kapag ang kanilang mga kagustuhan sa paglikha ng isang bagay ay hindi magkasundo, ang silang mga hindi natupad ang kagustuhan ay hindi totong tagapaglikha at ang mga bagay na ililikha sana ay magkakagulo. Para sa ganap pang impormasyon, mangyaring basahin ang komentaryo sa wikang Arabe at Turko sa **Qasidat al-Amali** ni 'Ali Ushi (yumao noong 575 A.H. [1180]).

Walang anumang pagbabago ang nagaganap sa Tagapaglikha. Bago nilikha ang kalawakan, Siya'y katulad lang ng Kaniyang sarili ngayon. Tulad ng paglikha Niya ng lahat mula sa wala, gayon din ay nililikha Niya parin at palagi ang lahat; kung hindi ay ang anumang pagbabago ay magpapahiwatig ng pagiging nilalang at nilikha mula sa wala. Naipaliwanag na natin sa itaas na ang kaniyang pagkakaroon ay walang tigil at hindi ito matitigil. Samakatuwid, walang pagbabago ang nagaganap sa Kaniya. Tulad ng pangangailangan ng mga nilikha sa Kaniya sa unang paglikha ay ganoon din ang pangangailangan nila sa Kaniya sa bawat sandali. Siya lamang ang lumilikha sa lahat, at nagpapabago ng lahat. Nililikha Niya ang lahat sa pamamagitan ng mga kaparaanan upang ang tao ay mabuhay at may kalinangan, at upang ang lahat ay mayroong kaayusan. Tulad ng paglikha Niya ng mga kaparaanan, Siya din ang lumilikha ng kapangyarihan, ang epekto sa mga kaparaanan. Ang tao ay walang kakayanan upang lumikha ng kahit ano. Ang tanging gawain ng tao ay maging tagapamagitan ng mga kaparaanan na umaapekto sa mga sangkap.

Ang pagkain kapang gutom, ang pag-inom ng medisina kapag may sakit, ang pagsindi ng posporo upang ilawan ang kandila, ang pagbuhos ng asido sa zinc upang makakiha ng hydrogen, ang paghalo ng lime at putik at pagpa-init ng halo upang makagawa ng semento, ang pagpakain sa baka upang ito'y magkaroon ng gatas, ang pagpagawa ng hydro-electric na istasyong pang-eketrisidad upang makagawa ng elektrisidad at paggawa ng kahit ano pang klase ng pabrika ay mga halimbawa ng pagkilos bilang tagapamagitan, na dumadaan sa mga kaparaanan, upang ang Allahu ta'aala ay lumikha ng mga bagong bagay. Ang kagustuhan ng tao at kapangyarihan din ay halimbawa ng mga kaparaanan na nilikha Niya. At ang tao ay mga kaparaanan ng paglikha ng Allahu ta'aala. Kagustuhan ng Allahu ta'aala na lumikha sa ganitong paraanan. Tulad ng nakikita, mangmang at walang katotohanan na salita at salungat sa lohika at siyensa ang magsabi na, "Si ano ang lumikha," o kaya'y "Kami ang lumikha."

Ang tao ay mahal na mahal ang Tagapaglikhang walang katulad na lumilikha sa kaniya, nagbubuhay sa kaniya at lumilikha, at nagpapadala ng mga bagay na kailangan nila. Nararapat na sila'y maging tagapaglingkod at mga alipin. Ibig sabihin ay ang bawat nilikha ay dapat sumamba, sumunod at rumespeto sa Kaniya. Ang katotohanang ito ay naisulat ng mahaba sa liham, sa panimula ng aklat na ito. Siya mismo ang nagdeklara na ang mga

Pangngalan ng Wajib al-Wujud ng Panginoong ito, ng Panginoong ito, na Siyang nag-iisa lamang, ay **Allah**. Ang mga tao ay walang karapatan na baguhin ang Kaniyang Pangngalan na Siya mismo ang nagpahiwatig. Ang isang gawain na maaaring maisagawa kahit walang karapat na gawin ito ay isang napakamali at kasuklam-suklam na gawain.

Ang mga Kristiyano at kanilang mga pari ay naniniwala na mayroong tatlong tagapaglikha. Ang mga pagpapaliwanag na ating inilahad sa itaas ay nagpapakita na iisa lang ang tagapaglikha at ang mga argumento na inilahad ng Kristiyanismo at ng mga pari ay hindi totoo at pawang erehe.

Kapag ang kaalaman ay wala, ang Islam ay mawawala din;
Sa gayon, mula sa kinapopootang ating tinatawag na kamangmangan,
Ating subukang ipalaya ang ating sarili, sa buong bansa.
Kulang pa ba ang sakunang naganap kamakailan lang bilang pangaral?
Kung naisip ninyo lang sana kung ano ang presyo ng balitang ito!
Matutunaw ang iyong utak, luha ang papalit sa laman nito!
Ano ang sinasabi ng mga nagdaang pangyayari, sana'y alam niyo!
Ang bansa ay mamamatay kung hindi sila magpalakas!
Dahil, isang pang pagyanig ay hindi na halos makakayanan.
Dahil, ang pagtulog ngayon ay parang kamatayan, at walang kabayaran!
Ayusin ang inyong asal, sumisid sa siyensiya;
Isang hukbong may bombang atomiko at mga manlalabang banal!
Pagsulong sa Islam at pandirigma dapat nila'y makamtan;
Itong dalawang pinagsanib, patungo sa kapayapaan ang bansa ay dadalhin

"SALAFIYYA"

Sasabihin natin sa simula pa lamang na ang mga aklat na isinulat ng mga iskolar ng Ahl As-Sunna 'rahmatullaahi ta'aala 'alayhim ajma'in' ay hindi nagsasabi na kahit ano tungkol sa pangngalang "Salafiyya" o kaya'y "Madhhab Salafiyya." Ang mga pangngalang ito na bago nalang inimbento ng mga la madhabi ay lumaganap sa mga Turko sa pamamagitan ng mga aklat ng mga la madhhabi na isinalin mula sa wikang Arabe patungong wikang Turko ng mga mangmang na tao ng relihiyon. Ayon sa kanila:

"Ang Salafiyya ay pangngalan ng madhhab na sinusunod ng lahat ng Sunni bago nagkaroon ng madhhab Ash'ariyya at Maturidiyya. Sila ang mga tagasunod ng Sahabah at ng Tabi'in. Ang madhhab Salafiyya ay ang madhhab ng mga Sahabah, Tabi'in, at Taba at-Tabi'in. Ang apat na dakilang imam ay kasapi sa madhhab na ito. Ang unang aklat na isinulat upang depensahan ang madhhab Salafiyya ay ang **Fiqh al-akbar** na isinulat ni al-Imam al-A'zam. Isinulat ni Al-Imam al-Ghazali sa kaniyang librong **Iljam al-'Awam 'ani-l-kalam** na ang madhhab Salafiyya ay mayroong pitong haligi. Ang 'ilm al-kalam ng muta-akhkhirin (mga silang nakahuli na ang dating) ay nagsimula kay al-Imam al-Ghazali. Dahil napag-aralan niya ang mga madhhab ng mga naunang 'ulama ng kalam at ang mga ideya ng mga pilosopong Islamiko, may mga binago si al-Imam al-Ghazali sa mga pamamaraan ng 'ilm al-kalam. Dinagdagan niya ng mga paksang pilosopiko ang 'ilm al-kalam sa layuning pabubulaanan ang mga ito. Si Ar-Radi at al-Amidi naman ay pinag-isa ang kalam at pilospiya at ginawa siyang isang sanga ng kaalaman. Si al-Baydawi naman ay ginawang di mapaghiwalay-hiwalay ang kalam at pilosopiya. Ang 'ilm al-kalam ng mga muta-akhkhirin ay pinigilan ang paglaganap ng madhhab Salafiyya. Si Ibn Taymiyya at ang kaniyang disipulo na si Ibn al-Qayyim al-Jawziyya ay sinubukang pasaganain ang madhhab Salafiyya na naghiwalay; ang sinaunang Salafi ay hindi pumasok sa mga detalye ng mga katangian ng Allahu ta'aala o kaya'y mga nass na mutashabih. Ang mga nakahuling Salafi ay interesado sa pagdetalye sa mga ito. Ito'y makikita na napakaklaro sa mga nakahuling Salafi tulad ni Ibn Taymiyya at Ibn al-Qayyim al-Jawziyya. Ang sinaunang Salafi at ang nakahuli ay tinatawag **Ahl as-Sunnat al-Khassa**. Ang mga tao ng kalam na kasapi sa Ahl as-Sunnah ay nagpaliwanag sa ibang mga nass, ngunit ang Salafiyya ay tumutol dito. Ang pagsabi na ang mukha ng

Allah at ang Kaniyang pagdating ay iba sa mukha ng tao at sa kanilang pagdating, ganito naiiba ang Salafiyya sa mga Mushabbihah."

Hindi tamang sabihin na ang mga madhhab ni **al-Ash'ari** at ni **al-Maturidi** ay nakahuhuling itinaguyod. Ang dalawang dakilang imam na ito ay ipinaliwanag ang kaalaman ng i'tiqad at iman na ipinabatid sa atin ng Salaf as-salihin, inayos ayon sa klase at inilathala ito, sa gayon ay ginawa nilang madaling intindihin para sa mga kabataan. Si Imam al-Ash'ari ay kasama sa pangkat ng mga disipulo ni Imam ash-Shafi'e. At si Imam al-Maturidi naman ay isang dakilang personalidad sa pangkat ng mga disipulo ni al-Imam al-A'zam Abu Hanifa. Si Al-Ash'ari at Al-Maturidi ay hindi lumabas sa madhhab ng kanilang mga guro; hindi sila gumawa ng mga bagong Madhhab. Ang dalawang ito at ang kanilang mga guro at ang mga imam ng apat na Madhhab ay iisa lang ang Madhhab; ang Madhhab sa pananampalataya na kilala sa pangngalan na **Ahl as-Sunnah wa-l-Jama'ah**. Ang mga haligi ng paniniwala na pinanghahawakan ng mga tao ng grupong ito ay kapareho ng haligi ng paniniwala ng pinanghahawakan ng mga Sahabat al-kiram, ng Tabi'in at ng Taba' at-Tabi'in. Ang nasabing aklat, **Fiqh al-Akbar**, na isinulat ng al-Imam al-A'zam Abu Hanifa ay dinedepensahan ang Madhhab ng Ahl as-Sunnah. Ang salitang 'Salafiyya' ay hindi mahahanap sa aklat na iyon o kaya'y sa aklat na **Iljam al-'Awam 'ani-l-kalam** ni al-Imam al-Ghazali. Ang dalawang aklat na ito at ang **Qawl al-fasl**,[85] isa sa mga komentaryo sa aklat na **Fiqh al-Akbar**, ay nagtuturo ng Madhhab ng Ahl as-Sunnah at isinasagot ang mga grupong erehe at mga pilosopo. Isinulat ni Al-Imam al-Ghazali sa kaniyang aklat na **Iljam al-'Awam:** "Sa aklat na ito ipapaalam ko na ang Madhhab ng Salaf ay ang wasto at tama. Ipapaliwanag ko na ang mga silang lumihis mula sa Madhhab na ito ay mga nagdadala ng bid'ah. Ang ibig sabihin ng Madhhab ng Salaf ay ang Madhhab na pinapanghawakan ng mga Sahabat al-kiram at ng mga Tabi'in. Ang haligi ng Madhhab na ito ay pito." Tulad ng nakikita, ang aklat na **Iljam** ay nagpapahayag ng pitong haligi ng Madhhab ng mga 'Salaf.' Ang sabihing ito'y haligi ng 'Salafiyya' ay pagbabaluktot ng kasulatan ng nasabing aklat at paninira sa puri ng al-Imam al-Ghazali. Tulad na lahat aklat ng Ahl as-Sunnah, nakasulat sa ilalim ng mga tala ng 'Salaf' at 'Khalaf' sa kabanata na tungkol sa "Pagsaksi" sa librong **Durr al-Mukhtar**, isang kapani-pakinabang na aklat ng Fiqh: "Ang

[85] Ang aklat na **Fiqh al-Akbar**, **Iljam**, at **Qawl al-Fasl** na inilimbag ng Hakikat Kitabevi sa Istanbul.

Salaf ay bansag sa mga Sahabah at Tabi'in. Sila ay tinatawag ding **Salaf as-Salihin**. At mga 'ulama' ng Ahl as-Sunnah na sumunod sa Salaf as-Salihin ay tinatawag na 'Khalaf'." Sina al-Imam al-Ghazali, al-Imam ar-Radi, at al-Imam al-Baydawi, na minahal at pinarangalan higit sa lahat ng mga 'ulama' ng Tafsir, ay kasapi sa Madhhab ng Salaf as-Salihin. Ang grupo ng bid'ah na sumulpot sa kapanahunan nila ay hinalo ang 'ilm al-kalam at pilosopiya. Sa katunayan ay itinatag nila ang kanilang iman sa pilosopiya. Ang aklat na **al-Milal wan-Nihal** ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa paniniwala na pinanghahawakan ng grupong erehe na yon. Habang dinedepensahan ang Madhhab ng Ahl as-Sunnah laban sa mga masasamang grupo at pinabubulaanan ang mga ideya nilang erehe, ang tatlong imam ay nagbigay ng malalawak na kasagutan sa kanilang pilosopiya. Ang pagbigay ng mga kasagutang ito ay hindi nangangahulugang paghahalo ng pilosopiya sa Madhhab ng Ahl as-Sunnah. Bagkos ay nilinisan nila ang kaalaman ng kalam mula sa mga ideyang pilosopo sa hinalo ditto. Walang ideyang pilosopo o kaya'y pamamaraang pilosopo na mahahanap sa gawa ni al-Baydawi o kaya'y sa tafsir ni **Shaikh-zada**, ang pinaka mahalaga sa mga anotasyon nito. Isang napakasamang paninirang-puri ang sabihin na ang mga marangal na imam na ito ay pumasok na sa pilosopiya. Ang kasamaang ito ay unang idinikit sa mga 'ulama' ng Ahl as-Sunnah ni Ibn Taymiyya sa kaniyang libro na **al-Wasita**. At saka, ang sabihin na si Ibn Taymiyya at kaniyang disipulo na si Ibn al-Qayyim al-Jawziyya ay sinubukang pagyamanin ang Madhhab Salaifyya ay pawang pagbunyag ng napaka importanteng suliranin na kung saan ang mga taong nasa tamang landas at ang mga silang lumihis at napunta sa mali ay magkakaroon ng pagkakaiba sa isa't isa. Bago pa ang dalawang taong iyon, walang madhhab na "Salafiyya." o kaya'y salitang 'Salafiyya'; paano nila nasabi na sinubukan nilang pagyamanin ito? Bago ang dalawang ito, iisang lang angtamang Madhhab, ang Madhhab ng Salaf as-Salihin, na siyang **Ahl as-Sunnah wa-l-Jama'ah**. Sinbukan ni Ibn Taymiyya na ibaluktot ang tamang Madhhab na ito at nagpasimuno ng maraming bid'ah. Ang pinagmulan ng mga aklat, salita, at ereheng ideya ng mga kasapi sa la-madhhabi at mga gustong ireporma ang relihiyon ay pawang mga bid'ah na inimbento ni Ibn Taymiyya. Upang ilinlang ang mga Muslim, at ilinlang ang kabataan na ang kanilang pamamaraang erehe ay ang tamang landas, ang mga heretikong ito ay gumawa ng isang karumaldumal na plano: ginawa nilan ang pangngalang "Salafiyya" mula sa salitang "Salaf as-Salihin"

upang pagtibayin ang mga bid'ah at masasamang ideya ni Ibn Taymiyyah at malinlang ang kabataan papunta sa kaniya; idinikit nila ang mantsa ng pilosopiya at bid'ah sa mga iskolar ng Islam na mga tagapagmana ng mga Salaf as-Salihin, at pinagbintangan sila na lumihis mula sa inimbento nilang pangngalan na Salafiyya; itinulak nila paunahan si Ibn Taymiyya bilang isang mujtahid, isang bayani na muling bumuhay sa Salafiyya. Sa katunayan, ang mga iskolar ng Ahl as-Sunnah 'rahmatullaahi ta'aala 'alayhim ajma'in', na mga tagapagmana ng mga iskolar na tinatawag na Salaf as-Salihin, ay dinedepensahan ang katuruan ng i'tiqad ng Ahl as-Sunnah, na Madhhab ng Salaf as-Salihin, at, sa mga libro na kanilang isinulat hanggan sa panahon natin, at isinusulat parin nila ngayon, sinasabi nila na si Ibn Taymiyyah, ash-Shawkani, at iba pa ay lumihis mula sa landas ng Salaf as-Salihin at patuloy na tinatangay ang mga Muslim patungo sa pagkawasak at Impyerno.

Ang mga taong nakabasa ng librong **at-Tawassuli bi-n-Nabi wa bi-s-Salihin**, **Ulama' al-Muslimin wal mukhalifun**, **Shifa' as-Siqam** at kaniyang paunang salita, at **Tathir al-Fuad min Danasi-l-i'tiqad,** ay malalaman na ang mga nag-imbento ng masasamang paniniwala na tinatawag na "Bagong Salafiyya" ay dinadala ang Muslim patungo sa pagkawasak at sinisira ang Islam mula sa loob.

Sa kasalukuyan, may mga bibig na madalas ginagamit ang pangngalan na 'Salafiyya.' Kailangan malaman ng bawat Muslim na sa Islam walang kahit ano ang may pangngalang madhhab ng Salafiyya subalit mayroon lamang Madhhab ng **Salaf as-Salihin**, na mga Muslim sa unang dalawang siglo ng Islam na ipinuri sa hadith sharif. Ang mga iskolar ng Islam na nabuhay sa ikatlo at ika-apat na siglo (ng Islam) ay tinatawag na **Khalaf as-Sadiqun**. Ang i'tiqad ng mga mararangal na taong ito ay tinatawag na **Ang Madhhab ng Ahl as-Sunnah wa-l-Jama'ah**. Ito ang Madhhab ng iman, haligi ng paniniwala. Ang iman na pinanghahawakan ng mga Sahabat al-Kiram at ng Tabi'in ay nagkakapareho. Walang pinagkaiba sa kanilang paniniwala. Ngayon karamihan ng Muslim sa mundo ay kasapi sa Madhhab ng Ahl as-Sunna. Ang lahat ng pitumpu at dalawang grupong erehe ay lumabas pagkatapos ng ikalawang siglo ng Islam. Ang mga nagtaguyod ng iba sa mga ito ay nabuhay ng mas maaga dito ngunit pagkatapos na ng mga Tabi'in isinulat ang kanilang mga libro at lumitaw silang grupo-grupo at sumalungat sa Ahl as-Sunnah.

Dinala ng Rasulullaah ‘sallAllahu ‘alayhi wasallam’ ang paniniwala ng Ahl as-Sunnah. Ang mga Sahabat al-Kiram ay kinuha ang mga katuruan ng iman na ito mula sa pinagmulan nito. At ang Tabi’in Izam naman ay natutunan ang mga katuruang ito mula sa mga Sahabat al-Kiram. At sa kanila naman natuto ang kanilang mga tagapagmana; sa gayon ang katuruan ng Ahl as-Sunnah ay umabot sa atin sa pamamagitan ng trasnmisyon at tawatur. Ang mga katuruang ito ay hindi maaaring tuklasin sa pamamagitan ng utak. Ang utak ay hindi maaaring ibahin ang mga ito at magagamit lamang sa pagintindi dito. Ibig sabihin, ang utak ay kailangan upang intindihin ang mga ito, upang malaman na tama ang mga ito at upang matuklasan ang kanilang halaga. Ang lahat ng iskolar ng Hadith ay paniniwala ng Ahl as-Sunnah ang pinanghahawakan. Ang mga imam ng apat na Madhhab sa kilos ay kasapi din sa Madhhab na ito. At saka si al-Maturidi, at al-Ash’ari, ang dalawang imam ng ating Madhhab sa paniniwala ay kasapi din sa Madhhab ng Ahl as-Sunnah. Ang dalawang imam na ito ay pinalaganap ang Madhhab na ito. Palagi nilang dinedepensahan ang Madhhab na ito mula sa mga heretiko at mula sa mga materyalista na nananatili pa rin sa lusak ng pilosopo ng sinaunang Griyego. Bagama’t sila’y magkapanahon, magkaiba ang bansang kinaroroonan nila at dahil dito ay nagkakaiba din ang pamamaraan ng pag-iisip at paghaharap sa mga may-salang nakakasalamuha nila, at sa gayon ang pamamaraan ng pagdepensa na ginamit at ang mga kasagutang ibinigay ng dalawang dakilang iskolar ng Ahl as-Sunna ay iba din. Ngunit hindi ibig sabihin na kasapi sila iba’t ibang Madhhab. Daan-daang libo ng mga ganap na iskolar at Awliya na nabuhay pagkatapos ng dalawang dalubhasa imam na ito ay inaral ang kanilang mga libro and nagkaisang nagpahayag na sila’y kasapi sa Madhhab ng Ahl as-Sunnah. Ang mga iskolar ng Ahl as-Sunna ay kinuha ang nass sa panlabas nitong kahulugan. Ibig sabihin ay binigyan nila ang mga ayat at hadith ng panlabas nitong kahulugan at hindi na nila pinaliwanag (ta’wil) ang nass o kaya’y binago ang mga kahulugan nito kung wala namang darura upang gawin ito. Pagkatapos ay hinding-hindi sila nagbago ng kahit ano gamit ang kanilang personal na kaalaman o opinyon. Ngunit ang mga tao na kasapi sa mga grupong heretiko at ang mga la-madhhabi ay hindi nag-alinlangan na ibahin ang mga katuruan ng iman at ‘ibadat ayon sa natutunan nila mula sa mga pilosopong Griyego at mula sa mga pekeng siyentista na kalaban ng Islam.

Noong naglaho ang estado ng Ottoman na tagapangalaga ng Islam at lingkod ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah dahil sa siglo-siglong masasamang balak na inilunsad ng mga mason, misyonero, at ng kasuklam-suklam na patakaran ng Imperyang British na pinakilos ang lahat ng kanilang materyal na puwersa, sinunggaban ng la-madhhabi ang oportunidad. Gamit ang malademonyong kasinungalingan at estratehiya, sinimulan nilang atakehin ang Ahl as-Sunna at sirain ang Islam mula sa loob lalong lalo na sa mga bansang tulad ng Saudi Arabia kung saan ang mga iskolar ng Ahl as-Sunnah ay hindi malayawang magsalita. Ang hindi mabilang halaga ng ginto na ikinalat ng mga Wahhabi ay nakatulong sa pagpalaganap ng agresyong ito sa buong mundo. Tulad ng naintindihan mula sa mga ulat na nanggaling sa Pakistan, India, at mga bansang Aprikano, ang iba sa mga taong may tungkulan sa relihiyon na kakaunti lang kaalaman sa relihiyon at walang takot sa Allah ay binigyan ng puwesto at bahay apartment kapalit ng pagtukod nila sa mga mananalakay na ito. Ang panlilinlang nila ng kabataan at pagpapalayo nila mula sa Madhhab ng Ahl as-Sunna ay siyang nagbigay ng kasuklam-suklam na mga kalamangang ito. Sa isa mga aklat na isinulat nila upang ilinlang ang mga mag-aaral sa mga madrasah at mga anak ng Muslim, sinabi ng may-akda: "Isinulat ko ang aklat na ito upang matanggal ang pagkapanatiko sa mga madhhab at matulungan ang lahat na mabuhay ng mapayapa sa kanilang mga madhhab." Ang ibig sabihin ng taong ito ay ang sagot sa pagtanggal ng pagkapanatiko sa mga madhhab ay ang pag-atake sa Ahl as-Sunna at pagmamaliit ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah. Sinaksak niya sa Islam ang kutsilyo at pagkatapos ay sasabihin niya na ito'y upang mamuhay ng mapayapa ang mga Muslim. Sa ibang bahagi ng aklat sinabi niya: "Kapag ang taong nag-iisip ay nakatama sa kaniyang pag-iisip ay gagantimpalaan siya ng maraming beses. Kapag nagkamali siya, isang gantimpala lang ang makukuha niya." Nang alinsunod, sinuman, kahit pa siya ay Kristiyano o kaya'y pagano, ay gagantimpalaan sa lahat ng kaniyang ideya; at makakakuha siya ng sampung thawab para sa kaniyang tamng ideya! Tingnan kung paano niya pinalitan ang hadith ash-sharif ng ating Propeta 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam', at kung paano siya nanglilinlang! Ang hadith ash-sharif ay nagsaad: **"Kapag ang mujtahid ay nakatama sa kaniyang paghanap ng batas mula sa isang ayat karima o kaya sa isang hadith-i-sharif, bibigyan siya ng sampung gantimpala. Kapag siya'y mali ay bibigyan siya ng isang gantimpala**

lamang." Ipinapakita ng hadith ash-sharif na ang mga thawab na ito ay hindi ibibigay sa kahit sinomang nag-iisip ngunit sa mga iskolar ng Islam na nakaabor ng antas ng ijtihad, at ibibigay ito hindi para sa bawat ideya subalit para lamang sa kaniyang pagsikap upang makakuha ng batas mula sa Nass. Dahil ang kaniyang trabaho ay 'ibadah. At tulad ng ibang 'ibadah, ito'y bibigyan ng thawab.

Sa panahon ng Salaf as-Salihin at ng mga iskolar na mujtahid, na tagapagmana nila, hanggang sa ikaapat na siglo ng Islam, sa tuwing mayroong makabagong suliranin na dala ng pagbago ng antas ng kabuhayan at kondisyon, ang mga iskolar na mujtahid ay nagsikap araw gabi at kinuha kung paano pakitunguhan ang suliraning ito mula sa apat na batayan na tinatawag na **al-adillat ash-Shar'iyyah**, at ang lahat ng Muslim ay inayon ang pakikitungo nila dito ayon sa deduksyon ng imam ng kanilang Madhhab. At ang mga dakilang iskolar na nagsukap ay binigyan ng sampung thawab o kaya'y isa lamang. Pagkatapos ng ikaapat na siglo, patuloy parin ang taon sa pagsunod sa mga deduksyon ng mga mujtahid. Sa paglipas ng mahabang panahon niisang Muslim ang nalilito o kaya'y nagdadalawang-isip kung paano kumilos. Sa paglipas ng panahon, wala nang iskolar o mufti ang naging dalubhasa upang maabot man lang ang ikapitong antas ng ijtihad; ibig sabihin, sa kasalukuyan, kailangan nating matuto mula sa isang Muslim na nakakabasa at nakakaintindi ng mga aklat ng isa sa mga iskolar ng isa sa apat na Madhhab, at mula sa kaniyang pagsasalin ay iayon ang 'ibadat at pangaraw-araw na gawain dito. Ipinahayag ng Allahu ta'aala sa Qur'an al-Karim ang batas ng lahat. Ang kaniyang marangal na Propeta Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam' naman ay ipinaliwanag ang lahat ng ito. At ang mga iskolar ng Ahl as-Sunnah, pagkatapos matuto mula Sahabat al-Kiram ay isinulat ang mga ito sa kanilang mga libro. Ang mga librong ito ay mahahanap sa buong mundo ngayon. Ang bawat bagong gawain na lalabas sa kahit anong bahagi ng mundo hanggang sa pagkagunaw ng mundo ay maaaring makita sa isa sa mga turo na matatagpuan sa loob ng mga librong ito. Ang pangyayaring ito ay isang **mu'jiza** ng Qur'an al-Karim at isang **karama** ng mga iskolar ng Islam. Ngunit labis na kailangang matuto sa pamamagitan ng pagtanong sa isang tunay na Muslim na Sunni. Kung tatanungnin mo ang isang la-madhhabi na kapatid sa relihiyon ay ililinlang ka niya sa pamamagitan ng pagbigay ng sagot na hindi sang-ayon sa mga aklat ng Fiqh.

Dati na natin naipaliwanag kung paano nalilinlang ang kabataan ng mga mangmang na la-madhhabi na tumira sa bansang Arabe ng ilang taon at natutong magsalit ng Arabe, sinayang ang oras sa buhay libangan, kasiyahan, at paggawa ng kasalanan, at pagkatapos makakuha ng tinatakang papel mula sa isang la-madhhabi na kalaban ng Ahl as-Sunna ay bumalik sa Pakistan o sa Indiya. Ang mga kabataang makakakita ng kanilang pekeng diploma at marinig silang magsalita ng Arabi ay iisipin na sila'y iskolar ng relihiyon. Subalit hindi man lang sila makaintindi ng isang libro ng Fiqhi. At wala silang alam sa kaalaman ng Fiqh na nasa libro. Sa katunayan ay hindi sila niniwala sa mga katuruang ito; tinatawag nilang pawang pagkapanatiko ang mga ito. Dati, tinitingnan ng mga iskolar ng Islam sa mga libro ang mga kasagutan sa mga tinatanong sa kanila at binibigyan nila ang mga nagtatanong ng mga nahahanap nilang kasagutang. Ngunit ang taong la-madhhabi, dahil hindi niya kaya ang magbasa o umintindi ng aklat sa Fiqh, ay ililigaw ang nagtanong sa pagsabi ng anumang dumarating sa kaniyang bobong ulo, at may-sirang utak, at sa gayon ay magiging rason sa pagpunta niya sa Impyerno. Ito ang dahilan kung bakit ang nagsabi ang ating Propeta 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam': **"Ang mabuting iskolar ay ang pinakamainam na tao. Ang masamang iskolar ay ang pinakamasahol na tao."** Ang hadith-i-sharif ay nagpapakita na ang iskolar ng Ahl as-Sunna ay ang pinakamainam na tao, at ang la-madhhabi ay ang pinakamasahol na tao, dahil ang una ang gumagabay sa tao patungo sa pagsunod sa Rasulullaah, ibig sabihin patungo sa Paraiso, at ang huli ay dinadala sila patungo isipan nilang erehe, ibig sabihin patungo sa Impyerno.

Si Ustad Ibn Khalifa Aliwi, isang gradwado ng Islamikong Unibersidad ng Jami' al-Azhar, ay nagsulat sa kaniyang libro na **Aqidat as-Salafi wa-l-khalaf:** "Tulad na sinulat ni 'Allaama Abu Zuhra sa kaniyang aklat na **Tarikh al-madhahibi-l-Islamiyya**, may mga taong tumaliwas sa Madhhab Hanbali noong ika-apat na siglo pagkatapos ng Hegira na tinatawag ang sarili na **Salafiyyin**. Si Abu-l-Faraj ibn Jawzi din at iba pang iskolar ng Madhhab Hanbali, sa pagpahayag na ang mga Salafi na iyon ay hindi tagasunod ng Salaf as-Salihin ngunit ay mga naniniwala sa bid'a at kasapi sa grupo ng Mujassima, ay hinadlangan ang paglaganap ng fitna na ito. Sa ika-pitong siglo inilunsad muli ni Ibn Taymiyya ang fitna na ito."[86]

[86] Sa aklat na iyon na 340 ang pahina, iilang bidáh ng mga Salafi at ng Wahabi, ang kanilang mga parating sa Ahl as-Sunna at ang mga sagot sa kanila ay detalyadong nakasulat. Inilimbag ito sa Damascus noong 1398 A.H. [1978 A.C.].

Ang la-madhhabi ay inangkin ang pangngalang 'Salafiyya' at binansagan si Ibn Taymiyya na 'Ang Dakilang Imam ng mga Salafi'. Ang salitang ito ay may katotohanan dahil ang pangngalang 'Salafi' ay hindi mahahanap noong hindi pa siya dumating. Mayroon nang mga Salaf as-Salihin na ang Madhhab ay Ahl as-Sunna. Ang mga ereheng paniniwala ni Ibn Taymiyya ay ang pinagmulan ng mga Wahhabi at iba pang taong la-madhhabi. Nakapag-aral si Ibn Taymiiya ng Madhhab Hanbali, ibig sabihin ay dati siyang Sunni. Subalit sa pagdami ng kaniyang kaalaman at pag-abot niya ng antas ng fatwa, naisip niya na kaya niya na mag-isa at higit na mataas siya sa mga iskolar ng Ahl as-Sunna. Ang pagdami ng kaniyang kaalaman ay sanhi ng kaniyang erehe. Nakalabas na siya ng Madhhab Hanbali dahil ang pagiging kasapi sa isa sa apat na Madhhab ay nangangailangan na panghawakan ang paniniwala ng Ahl as-Sunna. Ang taong walang paniniwala ng Ahl as-Sunna ay hindi pwedeng sabihin na siya'y kasapi sa Madhhab Hanbali.

Ang la-madhhabi ay susunggaban ang bawat oportunidad upang siraan ang Sunni na may katungkulang sa relihiyon doon sa sarili nilang bansa. Ginagamit nila ang lahat ng kanilang bala upang mapigilan ang pagbasa ng mga aklat ng Sunni at pag-aral ng mga katuruan ng Ahl as-Sunna. Halimbawa, ang taong la-madhhabi habang binabanggit ang pangngalan ng isang tunay na iskolar ay nagsabi: "Ano ang paki-alam ng parmasiyotiko o kaya'y kimiko sa kaalamang panrelihiyon? Nararapat naa siya'y magtrabaho nalang sa kaniyang linya at huwag nang manghimasok sa aming usapin." Isang mangmang at bobong badya! Iniisip niya na ang isang siyentista ay hindi pwedeng magkaroon ng kaalamang panrelihiyon. Hindi niya alam na ang mga siyentistang Muslim pinagmamasdan ang Paglikha ng Panginoon sa bawat sandali, napagtatantohan ang Perpektong mga Katangian ng Panginoon na makikita sa aklat ng Nilikha, at habang nakikita ang kahinaan ng nilikha kumpara sa Walang Sukdulang Kapangyarihan ng Allahu ta'aala, ay patuloy na nauunawaan na ang Allahu ta'aala ay walang katulad at malayo sa anumang depekto. Si Max Planck, isang pisista nuclear na Aleman ay ipinahiwatig ng mabuti sa kaniyang gawa na **Der Strom**. Ngunit ang la-madhhabing mangmang na ito, batay lang sa dokumentong nakuha niya mula sa isang heretiko tulad niya, sa puwestong binigay din mga heretiko, at dahil din nasilayan sa ningning ng ginto na ibinibigay mula ibang bansa, ay iniisip na ang kaalamang panrelihiyon ay tanging sa kaniya lamang. Nawa'y gabayan ng Allahu ta'aala ang kaawa-

awang tao na ito at pati narin tayong lahat. Nawa'y pangalagaan Niya rin ang mga inosenteng kabataan mula sa mga patibong ng itong mga tunay na magnanakaw ng relihiyon. Amin.

Sa katunayan, ang nasabing iskolar ay pinagsilbihan ang kaniyang bansa nang buong kababaang-loob nang higit sa tatlumpung taon sa larangan ng parmasya, at kemikal na pag-iinhinyero. Ngunit kasabay nito ay nag-aaral din siya ng edukasyong panrelihiyon at nagtatrabaho siya araw gabi nang pitong taon hanggat sa pinarangalan siya ng ijazah mula sa isang dakilang iskolar ng Islam. Habang nadudurog ng kadakilaan ng kaalamang siyentipiko at relihiyon ay napag-alaman niya ang kaniyang kahinaan. Sa pagtantong ito ay sinibukan niya maging alipin sa tunay na kahulugan niyo. Ang pinakamatindi sa kaniyang pinangangambahan ay ang maisip niya na siya'y autoridad sa mga paksang ito dahil sa kaniyang mga diploma at ijazah. Ang pagiging matindi ng kaniyang takot ay makikita sa lahat ng kaniyang libro. Hindi siya nagkaroon na magsulat ng kaniyang sariling idea o kaya'y opinyon sa kahit anong libro niyo. Palagi niyang inaalok sa kaniyang mas nakababatang kapatid ang ubod ng benepisyong mga kasulatan ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah na mahal ng mga taong nakakaintindi sa pamamagitan ng pagsalin dito mula wikang Arabe patungo sa wikang Persiya. At dahil sa tindi ng kaniyang takot ay hindi niya naisip na magsulat. Noong nakita niya ang hadith ash-sherif sa unang pahina ng **Sawaiq-ul Muhriqa, "Kapag lumaganap na ang fitna at ang siyang alam ang katotohanan ay dapat ipa-alam ito sa iba. Kung hindi niya ito gawin, nawa'y isumpa siya ng Allah at lahat ng tao!"** Sa gayon ay siya'y nagsimulang magisip. Sa isang dako, dahil napag-aralan niya ang kalamangan ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah sa kaalamang panrelihiyon at kaalamang siyentipka ng kaniyang panahon at dahil sa kanilang pagiging masigasig sa 'ibadat at taqwa, nakita niya ang sariling kababaan: laban sa karagatang kaalaman na taglay ng mga dakilang iskolar na iyon, inakala niyang parang isang tulo lang ang kaniyang kaalaman. Sa kabilang dako din, dahil paunti na ang mga taong nakakabasa at nakaka-intindi ng mga aklat na isinulat ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah at dahil nakihalubilo ang mga mangmang na heretiko sa mga taong may tungkulan sa relihiyon at nakasulat ng mga masasama at heretikong aklat, siya'y nalungkot; ang banta ng sumpang nabanggit sa hadith ash-sharif ay bumagabag sa kaniya. Ang awa at pakikiramay na naramdaman niya para sa kaniyang mga nakababatang kapatid na nag-udyok sa kaniya upang sila'y

paglingkuran, siya'y nagsalin at naglimbag ng kaniyang mga piling parte mula sa mga aklat ng mga iskolar ng Ahl as-Sunnah. Kasama ng hindi mabilang na dami ng liham pagbati at paghanga na kaniyang natanggap ay paminsan-minsan nakakatanggap din siya ng puna at bangis mula sa mga la-madhhabi. Dahil wala siyang anumang alinlangan tungkol sa kaniyang ikhlas at pagiging totoo sa kaniyang Tagapaglikha at sa kaniyang konsensya, tinitiwala ang kaniyang sarili sa Allahu ta'aala at nagtatawassul sa mabiyayang kaluluwa ng Kaniyang Sugo 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' at mga tapat na alipin Niya ay tinuloy niya ang kaniyang serbisyo. Nawa'y panatilihin ng Allahu ta'aala tayong lahat sa Tamang Landas na Kaniyang kinalulugdan! Amin.

Ang dakilang iskolar na Hanafi na si Muhammad Bahit al-Muti'i, isang propesor sa Unibersidad ng Jami' al-Azhar sa Egypt ay nagsulat kaniyang aklat na **Tathir al-Fuaad min Danisi-l-i'tiqad**:

"Sa lahat ng tao, ang mga Propeta 'alayhimus salaatu wassalaam' ang nagtataglay ng pinakamataas at pinakaganap na kaluluwa. Sila ay hindi naaapektohan ng bagay na tulad ng pagkakamali, pagkakasala, pagiging malingat, pagtataksil, pagkapanatiko, katigasan ng ulo, pagsunod sa nafs, pagtatanim ng sama ng loob, at pagkakaroon ng poot. Ang mga Propeta ay nagpalaganap at nagpaliwanag ng mga ipinadala sa kanila ng Allahu ta'aala. Ang mga katuruan ng Islam, mga kautusan at mga pinagbabawal na kanilang ipanalganap, lahat ay totoo. Ni-isa sa kanila ay nasa mali o masama. Pagkatapos ng mga Propeta, ang pinakamataas at pinakaganap na tao ay ang mga Sahaba (kasamahan) dahil sila'y natuto, naging ganap, at naging dalisay sa pagsasama nila sa Propeta. Palagi nilang inuulit at ipinapaliwanag ang kanilang naririnig mula sa Propeta. Ang lahat ng kanilang ipinahayag ay totoo at malayo sa mga bisyong nabanggit. Hindi nila sinasalungat ang isa't-isa nang dahil sa pagkapanatiko o kaya'y katigasan ng ulo, at hindi din nila sinunod ang kanilang nafs. Ang pagpapaliwanag ng as-Sahabat al-kiram ng mga ayat at hadith at pagijtihad nila sa pagpapalaganap ng relihiyon ng Allahu ta'aala sa Kaniyang mga alipin ay Kaniyang dakilang biyaya sa Umma (Muslims) na ito at Kaniyang habag sa Kaniyang mahal na Propeta, Muhammad 'alayhis salaatu wassalaam'. Ang Qur'an al-karim ay nagpahayag na ang mga Sahabat al-kiram ay matigas ang pakikitungo sa mga hindi nananampalataya ngunit malambot at mapagmahal sa isa't-isa, na masigasig sila sa pagsagawa ng salat, at inaasam nila ang lahat at ang

Paraiso mula sa Allahu ta'aala. Ang lahat ng kanilang ijtihad, na umabot sa ijma', ay tama. Ang bawat isa sa kanila ay gagantimpalaan dahil iisa lamang ang katotohanan.

"Ang pinakamataas na antas ng tao pagkatapos ng Sahabat al-kiram ang siyang mga Muslim na nakakita sa kanila at natuto sa pagsasama sa kanila. Ang tawag sila ay mga Tabi'in. Nakuha nila ang kanilang kaalamang panrelihiyon mula sa mga Sahabat al-kiram. Ang pinamataas na antas ng tao pagkatapos ng Tabi'in ay ang mga Muslim na nakakita sa kanila at natutuo sa pagsasama sa kanila. Sila ang tinatawag na **Taba' at-Tabi'in**. Mula sa mga taong darating siglo na ang nakalipas sa panahon nila hanggang sa Pagkagunaw ng Mundo, ang pinaka mataas na antas at pinakamabuti ay siyang mga inaayon ang sarili sa pamamaraan nila, inaaral ang kanilang katuruan, at sumusunod sa kanila. Sa mga taong mayroong tungkuling panrelihiyon na dumating pagkatapos ng Salaf as-Salihin, isang taong matalino at marunong na ang mga salita at gawain niya ay naaayon sa katuruan ng Rasulullaah at ng mga Salaf as-Salihin, hinding-hindi lumilihis mula sa kanilang daan pagdating sa paniniwala at gawain, at hindi lumalagpas sa limitasyon ng Islam, ay hindi matatakot sa panginginsulto ng iba. Hindi siya bibigay sa kanilang panlilinlang. Hindi siya makikinig sa mga salita ng mga mangmang. Gagamitin niya ang kaniyang utak at hindi siya lalabas sa apat na Madhhab ng mga mujtahid imam. Ang mga Muslim ay dapat maghanap ng ganitong klaseng iskolar, itanong siya at matutunan ang kung ano man ang hindi nila alam at sundin ang kaniyang payo sa lahat ng kanilang ginagawa dahil alam ng ganitong iskolar at ipapaalam din niya sa tao ang mga ispiritwal na gamot na nilikha ng Allahu ta'aala upang pangalagaan ang Kaniyang mga alipin mula sa pagkasala at upang palagi silang umaasal ng tama; ibig sabihin ay alam niya ang mga gamot sa kaluluwa. Gagamutin niya ang mga psychopath at mga mangmang. Ang iskolar na ito ay susundin ang Islam sa lahat ng kaniyang salita, gawain, at paniniwala. Ang kaniyang pagintindi ay palaging tama. Sasagutin niya ang bawat tanong ng tama. Kalulugdan ng Allahu ta'aala ang lahat ng kaniyang gawain. Bibigyan ng patnubay ng Allahu ta'aala ang mga taong hinahanap ang daan patungo sa Kaniyang pagmamahal. Pangangalagaan ng Allahu ta'aala ang mga taong may iman at ginagamapanan ang mga kasangkapan ng iman, laban sa pang-aapi at gulo. Ipapakamit Niya sa kanila ang nur, kaligayahan, at kaligtasan. Sa lahat ng kanilang gawain ay panatag ang

kalooban at komportable. Sa Araw ng Muling-Pagkabuhay, makakasama nila ang mga Propeta, Siddiq, Martir, at Salih (tapat) na Muslim.

"Sa kahit anumang siglo, kung ang taong mga katungkulan sa relihiyon ay hindi sumunod sa salita ng Propeta at ng kaniyang mga Sahabah, kung ang kaniyang mga salita, kilos at paniniwala ay hindi sang-ayon sa kanilang katuruan, kung ang sinusunod niya lamang ay ang kaniyang sariling idea at lumalagpas sa mga limitasyon ng Islam, kung lumalagpas siya sa apat na Madhhab sa mga siyensang hindi niya makayanang initindihin, hahatulan siyang isang masamang taong nagtataglay ng katungkulan sa relihiyon. Isasara ng Allahu ta'aala ang kaniyang puso. Ang kaniyang mata ay hindi makikita ang tamang landas. Ang kaniyang taynga ay hindi makakarining ng tamang salita. Magkakaroon ng masaklap na parusa para sa kaniya sa Kabilang-buhay. Hindi siya kalulugdan ng Allahu ta'aala. Ang mga taong ganito ay kalaban ng mga Propeta. Iniisip nila na nasa sila'y nasa tamang landas. Kinalulugdan nila ang kanilang asal. Subalit sila'y kampon ng Satanas. Napaka-unti lamang sa kanila ang nagigising at ipinaptuloy ang pagtahak ng tamang landas. Ang lahat ng kanilang salita ay mukhang mabait, puno ng saya, o kaya'y kapani-pakinabang, ngunit lahat na kanilang iniisip at ginugusto ay masama. Nililinlang nila ang mga inutil at dinadala patungong erehe at kapahamakan. Ang kanilang salita ay mukhang maaliwalas at walang dumi tulad ng snow, ngunit pagnatapat sa araw ng katotohanan ay natutunaw. Ang mga masasamang taong ito na may katungkulan sa relihiyon na mayroong mga pusong nangitim at nasarado na ng Allahu ta'aala ay tinatawag na **Ahl Bid'a** o kaya'y **taong la-madhhabi** na may katungkulan sa relihiyon. Sila ang mga taong hindi nababagay ang paniniwala at kilos sa Qur'an al-karim, sa hadith ash-sharif o kaya'y sa ijma' al-Umma. Sa paglihis nila mula sa tamang landas ay nililihis din nila ang mga Muslim mula dito. Ang mga taong sumusunod sa kanila ay mauuwi sa Impyerno. Maraming erehe sa panahon ng mga Salaf as-Salihin at sa mga panahon ng mga relihiyosong tao pagkatapos nila. Ang kaninilang pagkakaroon sa mga Muslim ay parang kanggrena [o kaya'y kanser] sa isa mga parte ng katawan. Hangga't maiwaksi ang sakit, ang mga malulusog na bahagi ay hindi ligtas mula sa pinsala. Sila ay parang mga taong natamaan ng nakakahawang sakit. Ang mga taong may-ugnayan sa kanila ay mapipinsala. Nararapat na layuan natin sila upang hindi matamaan ng pinsala mula sa kanila."

Mula sa masasamang taon erehe na may katungkulan sa relihiyon, si Ibn Taymiyya ay ang pinakamabagsik. Sa kaniyang mga aklat, lalo na sa **al-Wasita**, hindi siya sumang-ayon sa ijma' al-Muslimin, bumangga ng mga malilinaw na pahayagan ng Qur'an al-karim at hadith as-sharif, at hindi sumunod sa pamamaraan ng mga Salaf as-Salihin. Sa pagsunod niya ng kaniya may-sirang ulo at masasamang isip, ay lumihis siya papuntang erehya. Siya'y isang taong malawak ang kaalaman. Ginawa ng Allahu ta'aala ang kaniyang kaalaaman sanhi sa kaniyang erehya at kapahamakan. Sinunod niya ang mga kagustuhan ng kaniyang nafs. Sinubukan niyang ipalaganap ang mga masasama at ereheng idea sa ngalan ng katotohanan.

Ang dakilang iskolar na si Ibn Hajar al-Makki 'rahmatullaahi ta'aala 'alayhi' ay nagsulat sa kaniyang aklat na nagngangalang **Fatawa al-Hadithiyya**:

"Pinadanas ng Allahu ta'aala ang mahulog si Ibn Taymiyya sa erehya at kapahamakan. Ginawa Niya siyang bulag at pipi. Maraming mga iskolar na nagpaalam na ang kaniyang gawain ay masama at ang kaniyang mga wika ay mali at napatunayan nila ito gamit ang mga ebidensiya. Ang mga taong nagbabasa ng mga aklat ng dakilang iskolar ng Islam tulad ni Abu Hasan as-Subki, ang kaniyang anak na si Tajuddin as-Subki, at Imam al-'Izz ibn Jama'ah, at mga nagaaral ng mga salitang nasabi at nasulat sa kaniya ng mga iskolar ng Shafi'i, Maliki, at Hanafi na nabuhay sa kaniyang panahon, ay makikita na kami'y tama.

"Sinira ni Ibn Taymiyya ang puri ng mga iskolar ng Tasawwuf. Hindi siya nag alinlangang umatake kay Hadrat 'Umar at Hadrat 'Ali na silang pundasyon ng Islam. Ang kaniyang mga salita ay lumagpas na sa sukat ng tama at batas ng tamang pakikitungo, at pumana siya kahit sa matatarik na gilid ng bundok. Minantsahan niya ang mga iskolar ng tamang landas at sinabing nagdadala ng bid'a, sinabing erehe at mangmang ang mga ito.

"Sinabi niya: 'Ang mga masasamang idea ng Grekong pilospo na taliwas sa Islam ay inilagas sa loob mga aklat ng mga dakilang tao ng Tasawwuf,' at pinagsikapan niyang patunayan na mali ang mga ito, mga isipang erehe. Ang mga kabataan na hindi alam ang katotohanan ay maaaring malinlang dahil sa kaniyang marubdob at mapanlinlang na salita. Halimbawa, kaniyang sinabi:

‘Ang mga tao ng Tasawwuf ay nagsasabi na nakikita nila ang Lawh al-Mahfuz.[87] Ang iba sa mga pilosopo, tulad ni Ibn Sina (Avicenna), ay tinatawag itong an-nafs al-falakiyya. Sinasabi nila na kapang ang kaluluwa ng tao ay makamit ang pagiging perpekto, nagsasanib ang kaluluwa pati ng an-nafs al-falakiyya o kaya’y ang al-’aql al-fa’al habang gising o natutulog, at kapag magsanib ang kaluluwa ng tao sa dalawang ito, na siyang sanhi sa lahat ng nangyayari sa mundo, siya’y nagigng maalam tungkol sa mga bagay na namamalagi sa dalawang ito. Hindi ito nabanggit ng pilosoppong Greko. Sinabi ang mga ito nina Ibn Sina at mga katulad niya, na huli na dumating. At saka, si Imam Abu Hamid al-Ghazali, Muhyiddin ibn al-Arabic at ang pilospong mula sa Andalusia na si Qutb ad-Din Muhammad ibn Sa’bin ay bitaw din ng ganitong salita.Ito’y mga salita ng mga pilosopo. Ang mga ganitong bagay ay hindi mahahanap sa Islam. Sa pamamagitan ng ganitong klaseng katwiran ay lumihis na sila mula tamang landas. Sila naging mulhid tulad ng mga mulhid na iyon na tinatawag na Shi’a, Isma’iliyya, Qaramitis at Batini. Nilisan nila ang tamang landas na tinatahak ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna at sa pamamagitan ng mga iskolar sa (siyensang tinatawag na) Hadith at mga taong sufi tulad nina Fudayl ibn ‘Iyad. Habang sumisisid sa pilosopiya sa isang dako, nakikipagsapalaran din sila sa mga grupo tulad ng Mu’tazila at Kuramiyya sa kabilang dako. Mayroong tatlong grupo ng tao ng Tasawwuf: ang unang grupo ay mga tagasunod ng Hadith at Sunna. Ang pangalawa naman ay mge ereheng tulad ng Kuramiyya. Ang pangatlong grupo naman ay mga tagasunod ng aklat **Ikhwan as-Safa** at ng mga salita ni Abu-l Hayyan, Ibn al-’Arabi, Ibn Sa’bin at mga katulad niya ay kumuha ng mga pahayag ng pilosopo at ginawang mga salita ito ng mga taong Tasawwuf. Ang aklat ni Ibn Sina’ na **Akhir al-isharat ‘ala maqami-l-’arifin** ay naglalaman ng ganitong klaseng pahayag. At saka, si al-Imam al-Ghazali din ay nagbitiw ng ganitong klaseng salita sa iilan niyang mga aklat tulad ng **al-Kitab al-madnun** at **Mishkat al-anwar.** Sa katotohanan, ang kaniyang kaibigan na si Abu Bakr ibn al-’Arabi ay sinubukang iligtas siya mula dito sa pagsabi na pumasok na siya pilospiya ngunit nabigo. Sa kabilang dako naman, sinabi ni al-Imam al-Ghazali na mga hindi nananampalataya ang mga pilosopo. Patungo sa katapusan ng kaniyang buhay ay nabasa niya ang [**Sahih** ni] al-Bukhari. Mayroong mga

[87] Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa **Lawh al-mahfuz**, tignan ang kabanta 36 sa **Endless Bliss III**.

nagsabi na ito ang sanhi ng kaniyang paghinto sa mga ideang kaniyang sinulat dati. Ang iba naman ay nagsabi na ang mga salitang iyon na galing daw sa al-Imam al-Ghazali upang ipahiya siya. Mayroong iba't ibang pahayag tungkol sa al-Imam al-Ghazali tungkol dito. Si Muhammad Mazari, isang iskolar na Maliki na nag-aral sa Sicily, Turtushi, isang iskolar na Andalusian, Ibn al-Jawi, Ibn 'Uqail at iba ay marami ang sinabi.'

"Ang mga salaysay na nabanggit sa itaas na mula ka Ibn Taymiyya ay malinaw na ipinapakita ang kaniyang masamang palagay sa mga iskolar ng Ahl as-Sunna. Nagpakawala siya ng panira sa puri pati sa mga dakilang Sahabat al-kiram. Binansagan niya ang karamihan ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna bilang erehe. Sa kabila nito, habang sinisiraan niya ang dakilang Wali at ang **qutb al-'arifin** na si Hadrat Abu'l Hasan ash-Shadhili dahil sa kaniyang mga aklat na **Hizb al-Kabir** at **Hizb al-Bahr** at nagpakawala ng napakaruming paninira sa mga dakilang tao ng Tasawwuf tulad nina Muhyiddin Ibn al-'Arabi, 'Umar ibn al-Farid, Ibn Sab'in at Hallaj Husain ibn Mansur, ang mga iskolar ng kaniyang panahon ay sama-samang idineklara na siya'y makasalanan at erehe. Sa katotohanan, mayroong mga iskolar na nagpalabas ng fatwa na nagsasaad na siya'y isang hindi nananampalataya.[88] Isang liham na ipinadala kay Ibn Taymiyya noong 705 A.H. (1305 A.C.) ay nagsaad: 'O aking kapatid na Muslim, na itinuturing ang kaniyang sarili na dakilang iskolar at imam ng panahong ito! Minahal kita para sa Allah. Ako'y nagalit sa mga iskolar na kumakalaban sa iyo. Ngunit sa pagdinig ko ng iyong mga salita na mahirap mahalin, ako'y nalito. Nagdadalawang isip ba ang isang taong marunong na ang gabi ay nagsisimula sa paglubog ng araw? Sinabi mo na ika'y nasa tamang landas at ginagawa mo ang al-amru bil ma'ruf wan nahyi 'anil munkar. Alam ng Allahu ta'aala kung ano ang iyong mga layunin at intensyon. Ngunit ang iklas ng isang tao ay maiintindihan mula sa kaniyang kilos. Ang iyong mga gawain ay ipinunit ang takip mula sa iyong mga salita. Nalinlang ng mga taong sumusunod sa kanilang nafs at siyang mga salita ay hindi kapanipaniwala, hindi mo lang siniraan ang mga taong nabubuhay sa iyong panahon ngunit binansagan mo din ang mga silang yumaong na mga hindi

[88] Ang maalam na iskolar ng Islam na si 'Abd al-Ghani an-Nablusi ay nagsulat ng mga pangngalan ng mga pinuno ng Tasawwuf sa ika-363 at ika-373 na pahina ng kaniyang aklat na **al-Hadiqat an-nadiyya** at idinagdag niya na sila'y mga Awliya' at ang mga taong magsalita ng masama tungkol sa kaniya ay mga mangmang at walang-alam.

nananampalataya. Hindi nakuntento sa pag-arake ng mga tagapagmana ng mga Salaf as-salihin, siniraan mo din ang mga Sahabat al-kiram, lalo na ang mga dakila mula sa kanila. Hindi mo ba naiisip ang iyong kalagayan kapag ang mga dakilang taong ito ay hilingin ang kanilang karapatan sa Araw ng Pagkabangon? Sa minbar ng Jami' al-jabal sa ciudad ng Salihiyya, sinabi mo na si Hadrat 'Umar 'radiyAllahu ta'aala 'anhu' ay nagbitiw ng mga maling salita at sakuna. Anu-ano ang mga sakunang ito? Ilan ang mga sakunang ibinalita sa iyo ng mga Salaf as-Salihin? Sinabi mo na si Hadrat 'Ali 'radiyAllahu ta'aala 'anh' ay mayroong higit pa sa tatlong daang pagkakamali. Kung ito'y totoo para sa Hadrat 'Ali, maaari bang may isang beses na ika'y naging tama? Ngayon nagsimula na akong humakbang laban sa iyo. Susubukan ko'ng ipagtanggol ang mga Muslim mula sa iyong kataksilan, dahil sumusobra ka na. Ang iyong pagpahirap ay umabot na sa lahat ng nabubuhay at mga yumao na. Ang mga nananampalataya ay dapat ilagan ang iyong kasamaan.'

"Inilista ni Taj ad-din as-Subki ang mga bagay na pinagkaibahan ni Ibn Taymiyya sa mga Salaf as-Salihin:

1 – Sinabi niya: 'Ang talaq (paghihiwalay ng mag-asawa ayon sa Islam) ay hindi nagaganap; [sa pagkakataong ito'y mangyari] nararapat na magbayad ng kaffara (kasing dami ng ibinabayad) para sa sumpa.' Walang niisang sa mga iskolar ng Islam na nauna sa kaniya ay nagsabi na kailangan magbayad ng kaffara.[89]

2 – Sinabi niya: 'Ang talaq na ipinataw sa haid (nireregla) na babae ay hindi magaganap.'

3 – Sinabi niya: 'Hindi kinakailangan magqada' para sa salah na kusang iniwan.'

4 – Sinabi niya: 'Maaaring magtawaf ng Ka'bah ang babaing may haid. [Kung gawin niya ito, ay] Kailangan niya magbayad ng kaffara.'

5 – Sinabi niya: 'Ang isang talaq na inilatag para sa tatlong talaq ay mabibilang na isang talaq.' Ngunit, bago niya sinabi ito, paulit niyang sinasabi na ang ijma' ng mga Muslim ay hindi nagsaad ng ganito.

[89] Ang 'talaq' ay binigyan kahulugan at ipinaliwanag ng husto sa ika-15 na kabanata ng ika-anim na pasikulo, at ika-anim na kabanata ng ikalimang pasikulo ng **Endless Bliss.**

6 – Sinabi niya: 'Ang buwis na taliwas na Islam ay halal para sa mga humihingi nito.'

7 – 'Kapag ang buwis ay kinuha mula sa mangangalakal, itituring itong zakat kahit hindi zakat ang layunin dito,' sinabi niya.

8 – Sinabi niya: 'Ang tubig ay hindi nagiging najis kapag mamatay dito ang daga o katulad nito.

9 – Sinabi niya: 'Pinapahintulot ang taong junub na magsagawa ng karagdagang sala nang hindi magsagawa muna ng ghusl sa gabi.'

10 – Sinabi niya: 'Ang mga kondisyon na inilatag para **waqif** (ang siyang naglaan ng ari-arian bilang waqf) ay hindi isinasaalang-alang.'[90]

11 – Sinabi niya: 'Ang taong tumaliwas sa ijma' ng al-Umma ay hindi maitituring na walang pananampalataya o kaya'y makasalanan.'

12 – Sinabi niya: 'Ang Allahu ta'aala ay mahalli hawadith at ibinubuo ng mga materyang nagkukumpulan.'

13 – Sinabi niya: 'Ang Qur'an al-karim ay nilikha sa pagkasarili ng Allahu ta'aala.'

14 – Sinabi niya: 'Ang 'alam, ibig sabihin lahat ng nilikha ay walang mula't walang hanggan kasama ang kanilang mga kinabibilangan.'

15 – Sinabi niya: 'Ang Allahu ta'aala ay dapat maglikha ng mababuting bagay.'

16 – Sinabi niya: 'Ang Allahu ta'aala ay mayroong katawan at napapaloob sa direksyon; Iniiba-iba Niya ang Kaniyangg kinaroroonan.'

17 – Sinabi niya: 'Ang Impyerno ay hindi walang hanggan; ito'y mapupundi din sa huli.'

18 – Pinabulaanan niya ang pagiging walang kasalanan ng mga Propeta.'

19 – Sinabi niya: 'Ang Rasulullaah 'sallAllahu ta'aala 'alayhi wasallam' ay walang pinagkaiba sa ibang tao. Hindi maaaring magdasal at gamitin siya bilang tagapamagitan.'

20 – Sinabi niya: 'Makasalanan ang pagpunta ng Madina na may intensyong magbisita sa Rasulullaah.'

[90] Mangyaring tingnan ang ika-44 na kabanata ng ikalimang pasikulo ng **Endless Bliss** para sa 'waqf', 'waqif' at iba pa.

21 – Sinabi niya din: 'Haram ang pumunta doon at humingi ng shafa'a (pamamagitan).'

22 – Sinabi niya: 'Ang mga aklat na **Tawra** at **al-Injil** ay hindi nagkaiba sa mga salita. Nagkaiba sila sa kahulugan.'

"Mayroong iilang mga iskolar na nagsabi na karamihan sa mga nabanggit sa itaas na mga pahayag ay hindi nagmumula kay Ibn Taymiyya, ngunit walang niisang nagpabulaan sa kaniyang pagsabi na ang Allahu ta'aala ay napapaloob sa direskyon at binubuo ng mga materyang nagkumpulan. Ngunit, idineklara ng isang pagkakasundo that siya'y maraming 'ilm, jalala, at diyana. Ang taong may fiqh, kaalaman, katarungan, at utak ay dapat munang obserbahan ang isang bagay, at pagkatapos ay maingat na magdesisyon dito. Lalo na ang paghatol sa pagiging walang pananampalataya ng isang Muslim o kaya'y pagtalikod sa Islam o kaya'y erehya o kaya'y pagiging karapat-dapat niyang patayin ay nangangailangan ng napakatinding panunuri at walang mintis na pag-iingat."

Kamakailan lang ay naging uso ang paggaya kay Ibn Taymiyya. Ipinagtanggol nila ang kaniyang mga ereheng sulatin at pinaparami ang kaniyang mga libro, lalo na ang **al-Wasita**. Mula simula hanggang sa huli, ang aklat na ito ay punong-puno ng kaniyang mga idea na taliwas sa Qur'an al-karim, hadith ash-sharif, at ng ijma' ng mga Muslim. Bumubuo ng malaking fitna at paghihiwalay sa mga mambabasa at nagsasanhi ng pag-aaway ng magkakapatid. Ang mga Wahhabi ng Indiya at mga taong maykatungkulan sa relihiyon na nahuli ng kanilang patibong sa ibang bansang Muslim ay ginawang estandarte si Ibn Taymiyya para sa kanila at binasagan ng mga pangngalan tulad ng 'Dakilang Mujtahid' at 'Shaykh al-Islam.' Yinayakap nila ang kaniyang mga isipang erehya at masamang sulatin sa ngalan ng paniniwala at ng iman. Upang mahinto ang karumaldumal na alon na ito, na nagsasanhi ng pagkawatak-watak na mga Muslim at pahsira ng Islam mula sa loob, dapat nating basahin ang mga makabuluhang aklat ng mga iskolar ng Ahl as-Sunna nagpapabulaan at sumasagot sa mga ereheng ito gamit ang mga dokumento. Mula sa literaturang ito, ang aklat sa Arabe na **Shifa as-Siqam fi Ziyarati khayril anam** na isinulat ng dakilang imam at labis na maalam na iskolar na si Taqi' ad-Din as-Subki 'rahmatullaahi ta'aala 'alayh' ay sumisira sa mga ideayang erehya ni Ibn Taymiiya, inaalis ang kaniyang grupo, at ibinubunyag ang kaniyang pagmamatigas. Iniiwasan nito ang pagkalat ng kaniyang masasamang layunin at maling paniniwala.

GLOSSARY

Ang mga talang tungkol sa **Tasawwuf** ay mas mainam na matututunan mula **Maktubat** ni Hadrat Ahmad Faruqi as-Sirhindi.

-adillat ash-Shar'iyya: ang apat na batayan ng Islam: **al-Qur'an al-Karim**, **hadith ash-sharif**, ang **ijma' al-Umma** at ang **qiyas al-fuqaha'**.

Ahl: tao; **Ahl al-Bayt**, malapit na kamag-anak ng Propeta (ayon sa karamihan ng **iskolar ng Islam**): 'Ali (pinsang-buo at manugang), Fatima (anak na babae), Hasan at Husain (mga apo); **Ahl as-Sunna(t) wal Jama'ah**.

Aimmat al-madhahib: maramihan ng **imam al-madhahab**.

Allah: Allahu Akbar. Allahu ta'aala, Allah na siyang nagmamay-ari ng lahat ng kataasan.

Amin: (tungo sa **Allahu ta'aala**) "Tanggapin mo ang aking panalangin."

-amru bil ma'ruf (wan nahyu 'anil munkar: tungkulin na ituro ang mga kautusan ng **Allahu ta'aala** (at pigilan o kaya'y pigilan ang iba na gumawa ng Kaniyang pinagbabawalSinabi niya: 'Ang isang talaq na inilatag para sa tatlong talaq ay mabibilang na isang talaq.' Ngunit, bago niya sinabi ito, paulit niyang sinasabi na ang ijma' ng mga Muslim ay hindi nagsaad ng ganito).

-Ansar: Mga taga Madina na yumakap sa Islam bago pa nangyari ang pagsakop sa Makkah.

'aqaid: Paniniwala, haligi ng relihiyon, credo.

'Arafat: Ang puwang na espasyong 24 kilometro ang layo mula sa Makkah

Ang isang **'arif** at **'alim** alam kung ano ang maaaring malaman tungkol sa **ma'rifa**.

Tignan ang **'ma'riffa'**.

-'Arsh: ang dulo ng lahat ng materya na siyang bumabaybay sa pitong langit at ang **Kursi** na nasa labas ng ikapitong langit at sa loob ng 'Arsh.

As-hab al-kahf: ang pitong Mananampalataya (sa isang kweba sa Tarsus) na nakakamit ng mataas na estado dahil sa kanilang paglisan patungo sa ibang lugar upang hindi mawala ang kanilang pananampalataya noong nilusog ng mga hindi nananampalataya ang kanilang lupa.

-Basmala: ang salitang "Bismillaahir Rahmanir Rahim" (Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain).

Batini: tagasunod sa ereheng Batiniyya.

-Fadila, -Wasila: ang dalawang pinaka mataas na antas sa Paraiso.

faqih: (maramihan niya ay **fuqaha'**) isang iskolar na dalubahasa sa **Fiqh**; **fuqaha' as-sab'ah**.

fard: (gawain, ugali, salita) na inutos ng **Allahu ta'aala** sa **Qur'an al-karim.**

fatwa: i) **ijtihad** (ng **mujtahid**): ii) pasya (ng **mufti**) mula sa mga aklat ng **Fiqh** tungkol sa kung pinahihintulutan ba o hindiang isang bagay na ipinakita doon; sagot sa mga katanungang ukol sa relihiyon ng mga iskolar ng Islam.

Fiqh: kaalaman tungkol sa kung ano ang mga dapat at hindi dapat gawin mga Muslim; **'ibadah, a'mal**.

fitna: ang pagpakalat ng mga salita o gawain na ikapeperwisyo ng mga Muslim at ng Islam.

ghusl: paghugas ng buong katawan ayon sa **Fiqh**.

hadith (sharif): i) salita ng Propeta; **al-Hadith ash-Sharif**, ang kabuohan ng hadith; ii) ang siyensiya o kaya'y mga aklat ng mga Hadith; **hadith sahih**, isang hadith na mabuti ang pagkapasa, mapananaligan ayon sa mga kondisyon na inilaan ng mga iskolar ng Hadith.

Hadrat: titulong panggalang na ginagamit sa unahan ng mga pangngalan ng mga Propeta at mgag iskolar ng Islam.

halal: (gawain, bagay) na pinahihintulutan sa islam.

Hanafi: (tagasunod sa **Madhhab** ba pinatayo ni Abu Hanifa.

Hanbali: tagasunod sa **Madhhab** na ipinatayo ni Imam Ahmad ibn Hanbal.

haram: (gawain, bagay) na pinagbabawal sa Islam.

-Hijaz: ang bansang nasa gitna ng Tangway ng Arabia na nasa baybayin ng Red Sea kung saan matatagpuan ang Makkah at Madina.

ijaza: diploma na sumasaksi sa otoridad ng nagmamay-ari sa kaalaman ng Islam.

ijma' (**al-Umma, al-Muslimin**): ang pinagkasunduan ng **Sahabat al-Kiram** at ng **Tabi'un** sa isang bagay; ganoong klase ng pagkakaisa o pagkakasundo.

ijtihad: (kahulugan o pasya ng **mujtahid** na nakuha sa pamamagitan ng pagsikap upang maintindihan ang nakatagong kahulugan sa loob ng **ayat** o kaya'y **hadith**.

Ibahati: mga tao, parang Wahhabi, na sinasabing **'halal'** ang walang hustisyang pagpaslang o pagdakip ng Muslim na mga **haram**.

ikhlas: (katangian, intensyon, o kalagayan ng) paggawa ng lahat para sa **Allahu ta'aala**.

'ilm: (sanga ng) kaalaman; **'Ilm**; **'ilm al-hal**: (mga aklat ukol sa) katuruan ng Islam (ayon sa isang **Madhhab**) na dapat malaman ng bawat Muslim: **'ilm al-kalam**: ang kaalamang tungkol sa kaalaman ng **iman**; **al-'ilm al-ladunni**: kaalamang nilalagay ng **Allahu ta'aala** sa puso ng mga **'Awliya**'.

imam: i) dalubhasang **'alim**; tagapagtatag ng isang **Madhhab** (**imam al-madhhab, mujtahid imam**), **al-Imam al-a'zam**, ii) pinuno sa salah na mayroon jama'at, iii) caliph.

insha-Allah: "kung naisin ng **Allahu ta'aala**".

Istighar: paghingi ng kapatawaran mula sa Allahu ta'aala.

jalala: kadakilaan

jama'ah: komunidad, kabuohan ng mga Muslim (maliban sa **imam**) sa masjid; mga kasamahan; pagkakaisa; **salah sa jama'ah**.

junub: kalagayan ng isang Muslim na nangangailangan magsagawa ng **ghusl.**

-Ka'ba: ang pinakamalaking **mabiyayang** istraktura sa dakilang mosque sa Makka.

kalimat: salita o pahayag.

karama: (maramihan ay **-at**) isang miraglong ginawa ng **Allahu ta'aala** sa pamamagitan ng isang **Wali**.

Karim: Mapagbigay

khutba: ang sermon na binibigay sa pulpito ng **imam** sa panahon ng dasal ng Biyernes at mga piyesta ng Islam, na dapat ipahayag sa wikang Arabe sa anumang lupalop ng mundo (magkakasala kung ipahayag sa ibang wika).

-Kursi tignan ang **'Arsh**

-Madinat al-munawwara: ang nagliliwanagang ciudad ng Madina.

-Mahshar: ang Huling Hatol.

-Makkat al-Mukarrama: the pinarangalang ciudad ng Makkah.

makruh: (gawain, bagay) hindi wasto, hindi gusto, at iniiwasan ng Propeta.

Maliki: (kasapi sa) **Madhhab** na itinalaga ni Imam Malik.

mandub: (gawain, bagay na) nagdadala ng **thawab** kung gawin, ngunit walang sala kung hindi gawin, at hindi **kufr** paghindi gustuhin; **adab**, mustahab.

ma'rifa: kaalaman, inspirasyon sa puso ng mga **Awliya'**, tungkol sa **Dhat** at **Sifat** ng **Allahu ta'aala.**

Miladi: ng kapanahunan ng Kristiyanismo; ang kalendaryong Gregoryan.

minbar: mataas na pulpito sa mosque na inaakyat gamit ang hagdan, kung saan ipinapahayag ang **khutba.**

mu'amalat: bahagi ng **Fiqh**

mubah: (gawain, bagay) na hindi inutos at hindi pinagbawal; pinahihintulutan.

mudarris: propesor sa madrasa (paaralang Islamiko o unibersidad).

mufassir: expertong **'alim** sa **tafsir.**

mufti: dakilang **'alim** na may otoridad na magbigay ng **fatwa.**

-Muhajirun: Mga taga-Makkah na nagbalik-loob sa Islam bago ang pagsakop ng Makkah.

mu'jiza: miraglong ginawa ng **Allahu ta'aala** sa pamamagitan ng isang Propeta.

mujtahid: dakilang **'alim** na may kakayanang mag-**ijtihad; mujtahid imam, mujtahid mufti.**

munafiq: isang nagpapanggap na Muslim ngunit kinasusukalaman ang Islam, isang hipokrito.

Murshid: gabay, direktor.

mutashabih: (ng isang **ayat** o **hadith)** mayroong hindi maintindihan, nakatatagong kahulugan; **mutashabihat.**

-Mushabbiha: mga taong naniniwala na ang **Allahu ta'aala** ay isang nilalang na may materya

najs: isang bagay na madumi ayon sa relihiyon.

nafs: isang kapangyarihan sa loob ng tao na gusto siyang saktan sa mga bagay na pang relihiyon.

nass: (karaniwang tawag sa) **ayat** o **hadith**; ang **Nass.**

qada': pagsagawa, pagkatapos ng takdang oras, ng isang **'ibada** na hindi ginawa sa kaniyang nakatakdang panahon.

qibla: and direksyong hinaharap tuwing pagsalah (sa Islam, patungo ito sa **Ka'ba**).

qiyas (al-fuqaha'): analohiya; (pasyang nakukuha ng isang **mujtahid** sa pamamagitan ng) paghahalintulad o pagkumpara ng isang bagay na hindi klarong nabanggit sa **Nass** at **ijma'** sa isang kapareho na binanggit ng klaro; (isang estilo ng) **ijtihad.**

qutb al-'arifin: isang **Wali** na mayroong mataas na antas.

Rabb: **Allahu ta'aala**, ang Tagapaglikha, at "Tagapagsanay."

Ramadan: ang sagradong buwan ng sa kalendaryo ng mga Muslim.

rasul: (maramihan ay **rusul**), Sugo, Propeta; **Rasul-Allah**, Muhammad, and Propeta ng Allahu ta'aala.

riyada: ang hindi paggawa ng kagustuhan ng **nafs**; pagkamahigpit.

Sahaba: ang komunidad ng mga silang naniwala at nakakita sa isang Propeta; **as-Sahabat al-kiram**, Kasamahan ng **Rasulullah**.

salam: i) pagbati, kapayapaan, pagnanais ng mabuti; ii) ang katagang "Assalaamu 'alaykum wa rahmatullaah" na binibigkas sa katapusan ng **salat.**

salih: (maramihan. **Sulaha'**) relihiyoso at lumalayo sa mga kasalanan.

Shafi'i: (kasapi sa) **Madhhab** na itinalaga ng al-Imam ash-Shafi'e.

Shaikh al-Islam: Pinuno ng Opisina ng Suliraning Islamiko.

Siddiq: isang taos-pusong tapat sa Propeta; isang **Wali** na napakataas ang ranggo.

Sufi: mutasawwif, isang sinanay at naging perpekto habang kasapi sa isang grupo ng **Tasawwuf**.

suhba: pagsasama; pagsasama sa isang Propeta o kaya'y **Wali**.

sulaha': maramihan ng **salih.**

sunna: (gawain, bagay na) hindi pinagutos ng **Allahu ta'aala**, ginawa at ginusto ng Propeta bilang isang **'ibada** (mayroong **thawab** kung isagawa, ngunit walang kasalanan kung hindi gawin, ngunit magkakasala kung patuloy na hindi gawin at kufr kung kamuhian); ang **Sunna**: i) (kasama ang **fard**) ang kabuohan ng sunnah; ii) (kasama ang Aklat o kaya'y ang **Qur'an al-karim**) ang **Hadith ash-Sharif**; iii) **Fiqh**, Islam.

sura(t): isang kabanata ng **al-Qur'an al-karim**.

taqwa: takot sa **Allahu ta'aala**, paglayo sa mga **haram**.

Tasawwuf: kaalaman at (pagkatapos iayon ang sarili sa **Fiqh**) ang pagkopya ng asal ng Propeta na nakakapagtibay ng **iman**, nagagawang madali nag pagsagawa ng **Fiqh** at nakakapagtamo ng **ma'rifa**.

tawaf: ang **'ibada** ng paglibot-libot sa **Ka'ba** sa Makkah sa panahon ng **hajj**.

tawba: pagbabalik-loob; **pagsagawa ng tawba**: magmakaawa sa Allahu ta'aala dahil sa mga kasalanang nagawa, at ang pagpapangako sa Kaniya na hindi mga ito muling babalikan.

thawab: (bilang na) gantimpalang ipinangako at ibibigay sa kabilang buhay ng **Allahu ta'aala** bilang gantimpala sa paggawa at pagbigkas ng Kaniyang mga kinalulugdan.

'ulama': maramihan ng **'alim**.

umma: mga nananampalatayang sumunod sa isang Propeta; ang **Umma**, ang umma ng mga Muslim.

wahy: ang kaalamang ibinigay sa Propeta mula sa **Allahu ta'aala**.

wajib: (gawain, bagay na) hinding-hindi iniwan ng Propeta, halos magkasing obligado ng **fard** at hinding-hindi pwede iwan; **al-Wajib**, **Wajib al-wujud**: ang siyang kinakailangan ang pagkakaroon at ang kaniyang pagkawala ay imposible.

Wali: (maramihan ay **Awliya'**) isang minamahal ay protektado ng **Allahu ta'aala**.

Wilaya: ang kalagayan ng pagiging isang Wali.

zuhd:ang hindi paglalagay ng puso sa makamunduhang bagay; ang paglayo kahit pa sa mga **mubah**.